# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## Harold B. Lee



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# HAROLD B. LEE

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa Curriculum Planning, 50 East North Temple Street, Floor 24, Salt Lake City, UT 84150-3200 USA. E-mail: cur-development@ldschurch.org.

Mangyaring isulat ang inyong pangalan, tirahan, purok, at istaka. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kahusayan ng aklat at sa mga puntong maaari pa itong pagandahin.

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 5/00
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 5/00
Pagsasalin ng
*Teachings of the Church: Harold B. Lee*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Pamagat | | Pahina |
|---|---|---|
| Pambungad | | v |
| Buod Pangkasaysayan | | ix |
| Ang Ministeryo ni Harold B. Lee | | xiii |
| 1 | Daan Patungo sa Buhay na Walang Hanggan | 1 |
| 2 | Sino Ako? | 12 |
| 3 | Ang Kordero na Pinatay Buhat Noong Itatag ang Sanlibutan | 22 |
| 4 | Ang mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo | 32 |
| 5 | Pamumuhay sa Liwanag ng Patotoo | 44 |
| 6 | Upang Marinig ang Tinig ng Panginoon | 56 |
| 7 | Ang mga Banal na Kasulatan, "Malawak na Imbakan ng Espirituwal na Tubig" | 70 |
| 8 | Joseph Smith, Propeta ng Diyos na Buhay | 82 |
| 9 | Pakikinig sa Tunay na Sugo ni Jesucristo | 92 |
| 10 | Mapagmahal, Matapat na Paglilingkod ng Pagkasaserdote | 104 |
| 11 | Walang Katumbas na Kayamanan ng Banal na Templo | 117 |
| 12 | Ang Banal na Layunin ng Kasal | 129 |
| 13 | Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Tahanan | 140 |
| 14 | Pag-ibig sa Tahanan | 151 |
| 15 | Ang Mabuting Impluwensiya ng mga Ina | 163 |
| 16 | Pagkakaisa na Iligtas ang mga Kaluluwa | 172 |
| 17 | Pagbabahagi ng Ebanghelyo | 180 |
| 18 | Pagbibigay sa Paraan ng Panginoon | 193 |
| 19 | Mag-ukol ng Panahon Upang Maging Banal | 205 |
| 20 | Pamumuhay sa Batas ng Kalinisang-Puri | 217 |
| 21 | Pagsisikap na Maging Perpekto | 228 |
| 22 | Kapayapaan ay Mapasainyong Kaluluwa | 241 |

23 Ang Pagkabuhay na Mag-uli, Isang Angkla sa Kaluluwa . . . .253
24 Ligtas na Nakauwi sa Wakas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .263
Listahan ng mga Ipinintang Larawan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .273
Indese . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .274

# Pambungad

Si Harold B. Lee, na ikalabing-isang Pangulo ng Simbahan at Apostol sa loob ng mahigit tatlumpung taon, ay nagbigay ng hamak na patotoo mula sa kaibuturan ng kanyang puso na "buhay ang Diyos, na si Jesus ang Manunubos ng daigdig."[1] Sa tagal ng kanyang panunungkulan ay sinabi niyang, "Dalangin ko na nawa'y higit na maunawaan ng lahat ng tao sa lahat ng dako ang kahalagahan ng pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ng buong sangkatauhan, na nagbigay sa atin ng plano ng kaligtasan na aakay sa atin tungo sa buhay na walang hanggan, kung saan ang Diyos at si Cristo ay naninirahan."[2]

Ang paglalakbay pauwi sa ating Ama sa Langit ang pinakasentrong mensahe ng mga turo ni Pangulong Lee sa mga miyembro ng Simbahan. Hinimok niya ang bawat isa sa mga anak ng Ama sa Langit na "taglayin sa kanyang sarili ang di-natitinag na patotoo na maglalagay sa kanya sa landas na tiyak na patungo sa maluwalhating layunin ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan."[3]

"Ang pinakamahalagang mensahe na maibibigay ko sa inyo at sa buong mundo ay sundin ang mga kautusan ng Diyos," wika ni Pangulong Lee, "sapagkat sa paraang iyon kayo magiging karapat-dapat na tumanggap ng banal na patnubay habang nabubuhay kayo sa mundo, at magiging handa sa mundong darating upang makaharap ang inyong Manunubos, at matanggap ang inyong kadakilaan sa piling ng Ama at ng Anak."[4]

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* upang tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na mapalalim ang kanilang pagkakaunawa sa mga doktrina ng ebanghelyo at lalong mapalapit kay Jesucristo sa pamamagitan ng mga turo ng mga propeta sa dispensasyong ito. Ang aklat na ito ay kakikitaan ng mga turo ni Pangulong Harold B. Lee, na nagsabing:

"Ang mga batas ng Diyos na ibinigay sa sangkatauhan ay nakapaloob sa plano ng ebanghelyo, at ang Simbahan ni Jesucristo ang responsable sa pagtuturo ng mga batas na ito sa daigdig."[5]

"Nawa'y matanim na mabuti sa inyong mga puso ang mga aralin na patuloy na magtutuon sa inyong mga mata sa walang hanggang layunin, upang hindi kayo mabigo sa misyon sa buhay, nang sa gayon, kung maging maikli man o mahaba ang inyong buhay, ay maging handa kayo kapag dumating na ang araw na papasok kayo sa kinaroroonan Niya na ang pangalan ay inyong tinataglay bilang miyembro ng Simbahan ni Jesucristo nitong mga huling araw."[6]

Ang bawat kabanata sa aklat na ito ay kinabibilangan ng apat na bahagi: (1) isang tanong na maikling nagpapakilala sa paksa ng kabanata; (2) ang "Pambungad," na naglalarawan sa mga mensahe ng kabanata na may kasamang kuwento o payo mula kay Pangulong Lee; (3) "Mga Turo ni Harold B. Lee," na naglalahad ng mahahalagang doktrina mula sa marami niyang mensahe at sermon; at (4) "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan," na, sa pamamagitan ng mga tanong, ay naghihikayat ng personal na pagbabalik-aral at pag-aaral, karagdagang talakayan, at paggamit ng mga ito sa ating buhay.

---

## Paano Gamitin ang Aklat na Ito

*Para sa pansarili at pampamilyang pag-aaral.* Ang aklat na ito ay nilayon na makaragdag sa pagkakaunawa ng bawat miyembro sa mga alituntunin ng ebanghelyo na mahusay na itinuro ni Pangulong Harold B. Lee. Sa pamamagitan ng pagbabasa nang may panalangin at ng mapag-isip na pag-aaral, ang bawat miyembro ay makatatanggap ng sariling patotoo sa mga katotohanang ito. Makadaragdag din ang aklat na ito sa aklatang pang-ebanghelyo ng bawat miyembro at magsisilbing mahalagang mapagkukunan sa pagtuturo sa pamilya at pag-aaral sa tahanan.

*Para sa talakayan sa mga pulong sa araw ng Linggo.* Ang aklat na ito ang teksto para sa pulong sa araw ng Linggo ng korum ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at Samahang Damayan. Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks na ang mga aklat sa seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* ay naglalaman ng mga dok-

trina at alituntunin. Sagana at angkop ang mga ito sa mga pangangailangan ng ating panahon, at napakainam sa pagtuturo at talakayan. Dapat pagtuunan ng pansin ng mga guro ang nilalaman ng teksto at kaugnay na mga banal na kasulatan. Tulad ng ipinaliwanag ni Elder Oaks, "Ang guro ng ebanghelyo ay hindi tinawag upang pumili ng paksa ng aralin kundi upang ituro at talakayin kung ano ang nakasaad."[7]

Ang mga guro ay dapat sumangguni sa mga tanong sa hulihan ng kabanata upang makahimok ng talakayan sa klase. Ang pagrerepaso sa mga tanong bago pag-aralan ang mga salita ni Pangulong Lee ay maaaring magbigay ng karagdagang ideya sa kanyang mga pagtuturo.

Ang mga pulong sa araw ng Linggo ay dapat nakatuon sa mga alituntunin ng ebanghelyo, sariling karanasan na nagtuturo sa mga alituntuning ito, at patotoo sa katotohanan. Kung mapagpakumbabang hahangarin ng mga guro ang Espiritu sa paghahanda at pangangasiwa sa aralin, ang kaalaman sa katotohahan ng lahat ng makikibahagi ay mapalalakas. Dapat himukin ng mga pinuno at guro ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga kabanata bago talakayin ang mga ito sa mga pulong sa araw ng Linggo. Dapat nilang paalalahanan ang mga miyembro ng klase na dalhin ang kanilang mga aklat sa mga pulong at dapat nilang kilalanin ang paghahanda ng mga miyembro sa pamamagitan ng pagtuturo mula sa mga salita ni Pangulong Harold B. Lee. Kapag nabasa ng mga miyembro ng klase ang kabanata bago magklase, magiging handa silang magturo at mapalalakas ang bawat isa.

Hindi kinakailangan o iminumungkahi na bumili ang mga miyembro ng klase ng karagdagang mga teksto ng komentaryo o sanggunian upang suportahan ang mga materyal sa tekstong ito. Hinihikayat ang mga miyembro na basahin ang mga banal na kasulatan na iminungkahi para sa karagdagang pag-aaral ng doktrina.

Dahil ang tekstong ito ay nilayon para sa pansariling pag-aaral at sanggunian sa ebanghelyo, maraming kabanata ang naglalaman ng mas maraming materyal na hindi kayang ilahad nang buo sa mga pulong sa araw ng Linggo. Samakatwid, kailangan ang pag-aaral sa tahanan upang matanggap ang kabuuan ng mga turo ni Pangulong Lee.

Alam ng propetang ito ng Diyos ang daan pauwi sa ating Ama sa Langit, at nagbigay siya ng tagubilin sa lahat ng makikinig: "Kung makikinig kayo at gagawin ang narinig ninyo, aakayin kayo sa maluwalhating lugar na iyon na hindi lamang kaligayahan ang tawag kundi kagalakan. Ang ibig sabihin ng kagalakan ay kapag namuhay kayo sa paraan na handa na kayong pumasok sa kinaroroonan ng Panginoon."[8]

## *Mga Tala*

1. Talumpati sa paglalaan ng bahay-pulungan ng Westwood Ward, Los Angeles, California, ika-12 ng Abr. 1953, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
2. "To Ease the Aching Heart," *Ensign*, Abr. 1973, 5.
3. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 319.
4. Sa Conference Report, Mexico and Central America Area Conference 1972, 120.
5. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 19.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 627.
7. Sa Conference Report, Okt. 1999, 102; o *Ensign*, Nob. 1999, 80.
8. Talumpati sa komperensiya ng kabataan sa Billings, Montana, ika-10 ng Hunyo 1973, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 17.

# Buod Pangkasaysayan

Ang aklat na ito ay hindi kasaysayan, kundi kalipunan ng mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro ni Pangulong Harold B. Lee. Gayunman, upang mailagay ang mga turo sa angkop na mga pangyayaring pangkasaysayan, ang sumusunod na talaan ay inihanda upang makita ang buod ng mahahalagang pangyayari sa kanyang buhay na may pinakamalapit na kaugnayan sa kanyang mga turo.

| | |
|---|---|
| 1899, ika-28 ng Marso: | Isinilang si Harold Bingham Lee kina Samuel Marion at Louisa Emeline Bingham Lee, sa Clifton, Oneida County, Idaho. |
| 1907, ika-9 ng Hunyo: | Bininyagan ni Lester Bybee, sa Clifton, Idaho (8; ipinakikita ng bilang sa panaklong ang edad ni Harold B. Lee). |
| 1912, taglagas: | Pumasok sa Oneida Stake Academy, sa Preston, Idaho, kasama ang kamag-aral na si Ezra Taft Benson (13). |
| 1916, tag-araw: | Pumasok sa Albion State Normal School, sa Albion, Idaho (17). |
| 1916–17, taglamig: | Nagturo sa Silver Star School, malapit sa Weston, Idaho (17). |
| 1918–20: | Punong-guro ng distritong paaralan sa Oxford, Idaho (18–21). |
| 1920–22: | Misyonero, Western States Mission, sa Denver, Colorado (21–23). |

| | |
|---|---|
| 1923, tag-araw: | Nag-aral sa University of Utah. Sa huli ay natapos niya ang kanyang digri sa pamamagitan ng mga kurso sa korespondensiya at mga klase sa ibang lugar maliban sa unibersidad (24). |
| 1923, ika-14 ng Nobyembre: | Ikinasal kay Fern Lucinda Tanner sa Templo sa Salt Lake (24). |
| 1923–28: | Punong-guro ng Whittier and Woodrow Wilson Schools, sa Lungsod ng Salt Lake (24–29). |
| 1930, ika-26 ng Oktubre: | Itinalaga bilang pangulo ng Pioneer Stake, 1930–37 (31). |
| 1933, ika-7 ng Nobyembre: | Inihalal sa Salt Lake City Commission; naglingkod mula 1933–37 (34). |
| 1935, ika-20 ng Abril: | Inatasan ng Unang Panguluhan si Harold B. Lee na gumawa ng programa hinggil sa ikagiginhawa ng mga nangangailangan (36). |
| 1936, ika-18 ng Abril: | Tinawag bilang tagapangasiwang direktor ng plano sa seguridad ng Simbahan (sa dakong huli ay ginawang programang pangkapakanan ng Simbahan) (37). |
| 1939, ika-16 ng Abril: | Ang unang kamalig sa Welfare Square ay nakumpleto sa Lungsod ng Salt Lake (40). |
| 1941, ika-6 ng Abril: | Sinang-ayunan na miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol (42). Inordenan noong ika-10 ng Abril, 1941. |
| 1954: | Nagdaos ng mga komperensiya ng mga sundalo sa Japan, Korea, Okinawa, Pilipinas, at Guam (55). |

| | |
|---|---|
| 1958, Agosto: | Nilibot ang Timog Aprika at sa Banal na Lupain (59). |
| 1960, ika-27 ng Marso: | Binuo ang unang istaka sa Europa sa Manchester, England (60). |
| 1961, ika-30 ng Setyembre: | Sa pamamahala ng Unang Panguluhan, ibinalita ang plano sa pag-uugnay-ugnay sa lahat ng programa ng Simbahan (62). |
| 1962, ika-24 ng Setyembre: | Kamatayan ni Fern Lucinda Tanner, asawa ni Harold B. Lee (63). |
| 1963, ika-17 ng Hunyo: | Ikinasal kay Freda Joan Jensen sa Templo sa Salt Lake (64). |
| 1966, ika-27 ng Agosto: | Kamatayan ni Maurine Lee Wilkins, anak ni Harold B. Lee (67). |
| 1970, ika-23 ng Enero: | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at Unang Tagapayo kay Pangulong Joseph Fielding Smith (70). |
| 1972, ika-2 ng Hulyo: | Kamatayan ni Pangulong Joseph Fielding Smith (73). |
| 1972, ika-7 ng Hulyo: | Inordenan at itinalaga bilang Pangulo ng Simbahan (73). |
| 1972, ika-25–27 ng Agosto: | Pinamunuan ang pangkalahatang komperensiya ng pook sa Mexico City (73). |
| 1972, ika-20 ng Setyembre: | Binuo ang Jerusalem Branch sa Halamanang Libingan (73). |
| 1972, ika-5 ng Oktubre: | Ibinalita ang programa sa pangkapakanang paglilingkod sa buong mundo (73). |
| 1972, ika-6 ng Oktubre: | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan sa banal na pulong (73). |

| | |
|---|---|
| 1972, ika-14 ng Disyembre: | Binuo ang International Mission ng Simbahan (73). |
| 1973, ika-8 ng Marso: | Binuo ang unang istaka sa lupain ng Asya sa Seoul, Korea (73). |
| 1973, ika-24–26 ng Agosto: | Pinamunuan ang pangkalahatang komperensiya ng pook sa Munich, Germany (74). |
| 1973, ika-26 ng Disyembre: | Namatay si Pangulong Harold B. Lee sa Lungsod ng Salt Lake (74). |
| 1973, ika-31 ng Disyembre: | Istadistika sa pagtatapos ng taon: 3,321,556 na mga miyembro; 630 istaka; 4,580 purok; 108 misyon; 17,258 na mga misyonero; 15 templo. |

# Ang Ministeryo ni Harold B. Lee

Ang sumusunod na kuwento ng buhay ni Pangulong Harold B. Lee, na isinulat ni Elder Gordon B. Hinckley, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay inilathala sa *Ensign* noong Nobyembre 1972 ("President Harold B. Lee: An Appreciation," 2–11). Natulungan ng lathalain ang mga miyembro ng Simbahan na higit na makilala si Pangulong Lee, na kailan lamang naging Pangulo ng Simbahan.

"Ang kuwento tungkol kay Harold B. Lee, Pangulo ng Simbahan, ay maisasalaysay sa ilang linya: *Isinilang noong ika-28 ng Marso, 1899, sa Clifton, Idaho, anak nina Samuel Marion at Louisa Emeline Bingham Lee, isa sa anim na anak. Nag-aral sa lokal na paaralan, sa Oneida Academy na malapit sa Preston, sa Albion State Normal School sa Albion, Idaho, at sa huli sa University of Utah. Nagsimulang magturo sa edad na 17, naglingkod bilang punong-guro ng paaralan sa edad na 18, at sa huli bilang punong-guro ng dalawang paaralan sa Salt Lake County, Utah. Ikinasal kay Fern Lucinda Tanner noong ika-14 ng Nobyembre, 1923. Namatay si Lucinda noong ika-24 ng Setyembre, 1962. Ikinasal kay Freda Joan Jensen noong ika-17 ng Hunyo, 1963.*

*"Pinamahalaan ang Foundation Press, Inc., 1928–33. Naglingkod bilang Salt Lake City Commissioner 1933–37, nang siya'y naging tagapangasiwang direktor ng programang pangkapakanan ng Simbahan. Natawag na miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa noong ika-6 ng Abril, 1941, Pangulo ng Kapulungan ng Labindalawa at unang tagapayo sa Unang Panguluhan noong ika-23 ng Enero, 1970, at inordenan at itinalaga bilang Pangulo ng Simbahan noong ika-7 ng Hulyo, 1972.*

"Gayon ang mga simpleng katotohanan ng kanyang buhay. Ngunit ang buhay na iyon ay karapat-dapat na ikuwento nang detalye.

"Kung ihahambing sa mga bayan at lungsod, ang Clifton ay napakaliit, at hindi ito ang pangunahing daanan. Ngunit sa paglipas ng mga taon, mas kikilalanin ito bilang lugar na sinilangan ng ikalabing-isang Pangulo ng Simbahan.

"Ang ama ni Pangulong Lee, si Samuel Marion, ay dumating sa Clifton mula sa ibang bayan, sa Panaca, sa katimugang Nevada. Namatay ang ina ni Samuel (lola ni Pangulong Lee) noong siya ay walong araw pa lamang, at ang kulang sa buwan na sanggol ay napakaliit kung kaya maaaring isuot ang isang singsing sa kanyang kamay at sa kanyang mga bisig. Kinailangan siyang pakainin sa pamamagitan ng *eye dropper*. Sa Clifton nakatira ang kapatid na babae ng kanyang ina, at sa edad na 18, lumipat ang binatilyo sa hilaga upang mamuhay kasama ng kanyang pamilya.

"Doon niya nakilala ang itim ang buhok, at itim ang matang si Louisa Bingham. Ikinasal sila sa Logan Temple. Ang tahanang kanilang itinayo at kung saan isinilang ang kanilang anim na anak ay 'malayo sa daan, mga limang kilometro sa gawing hilaga ng tindahan.' Hindi sinasadya na ang tindahan ay ang nag-iisang bahay kalakalan ng bayan. Ang daan ay baku-bako—maalikabok sa tag-araw, puno ng niyebe sa taglamig, at maputik sa tagsibol at taglagas. . . .

"Dito lumaki ang nakayapak at nakasuot ng *overall* na si Harold, isang batang lalaking probinsiyano. May nagsisilangoy sa Dudley's Pond, ngunit hindi sa araw ng Linggo. Ang ama niya noon ay nasa obispado, ang ina ay nasa [samahan ng Mga Kabataang Babae]—at banal ang Linggo. Iyon din ang lawa, sa bukid ni Bybee, kung saan bininyagan si Harold B. Lee.

"Salat na salat sa salapi noong mga panahong iyon. Umaani sa bukid ngunit kakaunti ang kita sa butil at mga patatas. Nadaragdagan ng ama ang kita ng pamilya sa pamamagitan ng pagtanggap ng kontrata sa pagtatabas ng butil, pagtatayo ng poso, at paggawa ng mga patubig. Ngunit hindi alam ng mga anak na mahirap sila. Ang tahanan at Simbahan ay nagbibigay ng pagkakataon sa paglilibang. Ang pinakayaman ng bahay ay ang piano. Isang babaing taga Scotland, na namamalo ng buko ng kamay ng estudyante sa piano kapag mali ang notang natugtog, ang nagturo sa kanya kung paano maglaro.



Pangulong Harold B. Lee

"Si Harold ay lalong eksperto sa piano. Kapansin-pansin na ang pagmamahal sa musika, na nalinang noong mga panahong iyon, ay naipakita sa dakong huli nang maglingkod siya bilang tagapangulo ng Komite ng Simbahan sa Musika. . . .

"Isang maliit na bagon na hila-hila ng maliit na kabayo, na karaniwang pinatatakbo ng ina, ang naghahatid-sundo sa mga bata sa paaralan na mga 3 kilometro ang layo. Ito ay nagiging munting kanlungan kapag umiihip ang hangin ng Enero mula sa hilaga, at problema ang putik dahil sa pagkatunaw ng niyebe sa daan. Ngunit gayon talaga ang buhay sa Clifton. Tulad ng puna ni Pangulong Lee, 'Nasa amin ang lahat ng bagay na hindi mabibili ng salapi.' At pinupunan ng marami sa mga bagay na ito ang anumang kakulangan nila. Napakalinis ng hangin, at tila ang tamis nang samyo nito. Ang tubig ay tila umaalon na salamin at napakadaling maaninag ang makikinang na bato sa pusod ng sapa. Ang mga bituin sa gabi ay mistulang mga tao at hayop sa kalangitan—at sa paggamit ng imahinasyon ng isang bata ay nasasabi niya kung ano ang nakikita niya sa kalangitan. Ang ulan sa tag-araw ay tulad ng mana na bumagsak sa ilang, na nagbibigay buhay sa lupain. Dumating ang tagsibol at inilatag ang malawak na luntiang alpombra sa lupang inararo, na sinundan ng pagtatanim. Ang dumadagundong at umuusok na makina ang nagbibigay ng koryente sa mahabang hanay ng mga makinang panggapas na umaani ng saku-sakong trigo, obena (oats), at barley. . . .

"Nang matapos na ang pag-aaral sa lokal na paaralan, 'umalis na ng tahanan' ang mga batang lalaki upang mag-aral sa Oneida Academy, ang mataas na paaralang pag-aari ng Simbahan sa Preston na mga 24 na kilometro ang layo. Noon ay 13 taong gulang si Harold, at dito niya unang nakilala si Ezra Taft Benson [na naging ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan]. Sumunod dito ang Albion State Normal School, sa kabilang panig ng Idaho. Dito, sa edad na 17, natanggap ni Harold B. Lee ang kanyang sertipiko sa pagtuturo. Ipinagmamalaki niya at ng kanyang pamilya ang araw na iyon. Inalok siya ng lupong pang-edukasyon ng distrito ng trabaho bilang guro sa maliit na isang-silid na Silver Star School, sa pagitan ng Dayton at Weston, 'na nasa daan' papuntang Clifton. Ang sahod noon ay animnapung dolyar bawat bu-

wan. Umuuwi siya kapag Sabado at Linggo na sakay ng kabayo sa layong 16 na kilometro.

". . . Nang sumunod na taon, tinawag siya ng lupon upang maging punong-guro ng Oxford School na may apat na silid. Napakalaking oportunidad iyon para sa isang 18 taong gulang na binatilyo. Nag-uwian siya araw-araw sa layong 6 na kilometro na sakay ng kabayo, umulan man o umaraw, maganda o masungit man ang panahon. Taglay ang nalinang na talento sa musika at kakayahan sa larong basketbol, sumali siya sa mga aktibidad ng pamayanan sa kanyang bakanteng oras. Unang namasdan ni Harold B. Lee ang nakilala sa dakong huli na programang pangkapakanan ng Simbahan noong panahon na obispo ang kanyang ama. Tulad ng dati, pananagutan ng obispo ang pangalagaan ang mga nangangailangan. Pinatakbo ni Bishop Lee ang kanyang sariling kamalig at sa kanya mismo galing ang mga kalakal niyon. Sa gabi ay nakikita siya ng kanyang pamilya na kumukuha ng sako ng harina, hindi nila alam kung saan, dahil mahigpit na inililihim ang problema ng mga nangangailangan, upang hindi ito maging usap-usapan at magdulot ng kahihiyan sa mga taong nangangailangan.

"Tulad ng dati, tanging karapatan at responsibilidad ng obispo ang magrekomenda ng mga kabataang lalaki para magmisyon. Si Harold B. Lee ay 21 taong gulang na at apat na taon nang nakapagturo. Dumating ang tawag mula kay Pangulong Heber J. Grant na maglingkod sa Western States Mission.

"Matatagpuan sa nakakandadong salansan ng Departamento ng Misyonero ng Simbahan ang ulat sa Unang Panguluhan tungkol kay Elder Lee. Ito ay may petsang ika-30 ng Disyembre, 1922, at nilagdaan ni Pangulong John M. Knight. Nakasaad dito ang panahon ng kanyang paglilingkod— ika-11 ng Nobyembre, 1920, hanggang ika-18 ng Disyembre, 1922. Pagkatapos ay sinagot ang iba't ibang katanungan: 'Kuwalipikasyon—Bilang tagapagsalita, "Napakabuti." Bilang namumuno, "Mabuti." Marami ba siyang alam sa Ebanghelyo? "Napakabuti." Naging masigla ba siya? "Napaka." Maingat ba siya at mabuting impluwensiya?" "Oo." Mga puna: "Pinamunuan ni Elder Lee ang Denver Conference sa kakaibang paraan mula ika-8 ng Agosto, 1921 hanggang ika-18 ng Disyembre, 1922. Siya'y pambihirang misyonero."

"Noon ay mayroon din sa misyon na iyon na isang dalaga mula sa Lungsod ng Salt Lake, si Fern Lucinda Tanner. Itinuring siya ng kanyang mga kasama bilang matalino, maganda, at napakahusay sa mga banal na kasulatan. Nang makauwi na si Elder Lee, sandali siyang nagbalik sa Clifton at pagkatapos ay nagpunta sa Lungsod ng Salt Lake upang hanapin at ligawan ang babaing hinangaan niya sa misyon. Ikinasal sila sa Templo sa Salt Lake mga labing-isang buwan makaraan siyang bumalik.

"Sa pagsasama nila bilang mag-asawa ay isinilang ang dalawang magagandang anak na babae, sina Helen [sa huli'y naging Mrs. L. Brent Goates] at Maurine [sa huli'y naging Mrs. Ernest J. Wilkins]. Ang tahanan ng mga Lee ay lugar ng pagtitipon para sa mga kabataan sa pook na iyon. At kabaitan at kahusayan ni Sister Lee sa paglutas ng mahihirap na kalagayan ang hinahangaan ng lahat ng nakakikilala sa kanya. Minsan ay pinatahimik niya ang dalawang kilalang kalalakihan na bumabatikos sa isa sa kanilang mga kasamahan, na nagsasabing, 'Sa pagsisikap ninyong maging makatwiran, huwag ninyong kalimutan ang kabaitan.'. . .

"Ang mga katangiang taglay ni [Harold B. Lee] noong maging punong-guro siya ng dalawang paaralan sa edad na 18 ay muling kinilala. Sa kanyang karagdagang pag-aaral sa University of Utah, tinawag siyang maging punong-guro, una sa Whittier School at pagkatapos sa Woodrow Wilson School sa Salt Lake County. . . .

"Nanirahan siya sa Pioneer Stake matapos siyang makasal, kung saan siya nagkaroon ng iba't ibang katungkulan sa Simbahan. Noong 1929 ginawa siyang tagapayo sa panguluhan ng istaka. Nang sumunod na taon tinawag siyang maging pangulo ng istaka. Noon ay 31 taong gulang na siya, ang pinakabatang pangulo ng istaka sa Simbahan.

"Namayani ang kahirapan sa bansa at sa daigdig. Mabilis na bumaba ang presyo ng mga kalakal at bumagsak ito. Wala ring mautangan ng salapi. Nagsara ang mga bangko at milyun-milyong dolyar na naimpok ang nawala. Marami ang nawalan ng trabaho. Nang masira ang ilang taon nilang pinaghirapan, ang mga tao ay nagpakamatay na lamang. May mga lugar na nagpapakain ng mga taong nangangailangan at pila ng mga taong nanghihingi ng tinapay at iba pang pagkain. Nasiraan ng loob ang mga tao at

nagkaroon ng trahedya. Sa Pioneer Stake mahigit sa kalahati ng mga miyembro ang walang trabaho.

"Narito ang isang hamon, isang nakasisindak na hamon, sa batang pangulo ng istaka. Nag-alala, tumangis, at nanalangin siya habang nakikita niya ang mga tao na noon ay mapagmalaki at matagumpay na bumaba ang katayuan sa buhay dahil sa kawalan ng trabaho hanggang sa hindi na nila mapakain ang kanilang pamilya. Pagkatapos ay dumating ang inspirasyon na magtayo ng kamalig kung saan matitipon ang pagkain at mga kalakal at mula roon ay maipamahagi ito sa mga nangangailangan. Nagsagawa ng mga proyekto hindi lamang upang paunlarin ang pamayanan kundi, higit sa lahat, upang bigyan ng pagkakataon ang mga tao na mapagtrabahuan ang kanilang natatanggap. Giniba ang isang lumang gusaling pangnegosyo at ginamit ang mga materyal sa pagtatayo ng himnasyo (gymnasium) ng istaka upang may magamit na pasilidad ang mga tao sa kanilang pagtitipon at paglilibang.

"Nagkaroon ng gayunding mga proyekto ang iba pang mga istaka, at noong Abril 1936 ang mga ito ay pinag-ugnay-ugnay upang mabuo ang tinawag noon ni Pangulong Heber J. Grant na programa sa seguridad ng Simbahan, na ngayon ay kilala na bilang programang pangkapakanan ng Simbahan.

"Si Harold B. Lee, ang batang pinuno ng Pioneer Stake ay tinawag na mangasiwa sa bagong tatag na programa sa kabila ng mga kahirapan noong panahong iyon. Lubhang napakarami ng problema. Napakahirap tipunin ang mga ari-ariang bukirin upang magkaroon ng pagkain at lumikha ng mga pasilidad sa pagpoproseso at pag-iimbak. Ang lalo pang mahirap pakibagayan ay ang ugali ng mga taong pumupula sa ginagawa ng Simbahan at nag-aakalang ang bagay ukol sa pangkapakanan ay dapat sa loob lamang ng nasasakupang pinamamahalaan.

"Subalit sa pamamagitan ng panalangin at panghihikayat, pawis at hirap, at sa basbas ng itinuturing niyang propeta, naglakbay siya sa lahat ng mga istaka ng Sion, at ang programa ay napasimulan at lumago at umunlad.

"Ang malawak na pinagkukunan ng programang pangkapakanan sa ngayon—masaganang ani sa mga bukirin, planta sa pag-

poproseso at pagdedelata, matataas na gusaling imbakan at pabrika, at iba pang proyektong nagkalat sa buong Amerika—ay ang pinagbuti at kahanga-hangang pagpapatuloy ng mga naunang pagpupunyagi. Habang laging binabatikos ang mga programa ng pamahalaan sa kawanggawa, patuloy namang pinupuri ng mga tao sa buong mundo ang programa ng Simbahan. Naligtas sa pagbabayad ng milyun-milyong dolyar ang mga nagbabayad ng buwis dahil sa inaakong tungkulin ng Simbahan sa suliraning pangkapakanan. Nabigyan ng kapaki-pakinabang na trabaho ang libu-libong tao, kabilang na ang maraming may kapansanan na nabigyan ng pagkakataon na kumita ng salaping kailangan nila. Ang mga lumahok bilang tagatanggap ng programang ito ay naligtas sa 'sumpa ng katamaran at kasamaan ng panlilimos.' Napreserba ang kanilang dignidad at paggalang sa sarili. At ang sanlaksang kalalakihan at kababaihan na hindi direktang tumanggap, ngunit nakilahok sa pagtatanim at pagpoproseso ng pagkain at sa marami pang gawain ay nagbibigay patotoo sa kagalakang matatagpuan sa di-makasariling paglilingkod sa iba.

"Walang sinumang nakasasaksi sa programang ito sa malawak na pagkakaugnay nito at sa malaking ibubunga nito ang maaaring mag-alinlangan sa diwa ng paghahayag na nagpanimula dito at nakapagpalawak sa impluwensiya nito sa kabutihan. Si Pangulong Harold B. Lee, ang unang tagapangasiwang direktor nito at matagal nang tagapangulo ng Komiteng Pangkapakanan ng Simbahan, ay kailangang mapasalamatan sa inspiradong patnubay. Sa kanyang kapakumbabaan ay hindi niya tatanggapin iyon, at iyon ang tama, dahil ibibigay niya ang papuri sa Panginoon. Ang Panginoon, sa pagpapalaki sa kanyang lingkod, ay kinilala ang kanyang katapatan at kanyang pananampalataya. . . .

"Dahil sa nagdaan siya sa apoy ng pagsubok noong nagsisimula pa lamang ang programang pangkapakanan ng Simbahan, tinawag si Elder Lee ni Pangulong Heber J. Grant upang maging apostol at sinang-ayunan siya na miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa noong ika-6 ng Abril, 1941.

"Sa pagtatalagang iyon ay isinulat ito ni Elder John A. Widtsoe sa isang lathala sa magasin ng kanyang kasamahan: 'Puno siya ng

pananampalataya sa Panginoon; sagana sa pagmamahal sa kanyang kapwa-tao; tapat sa Simbahan at sa Estado; kinalilimutan ang sarili sa kanyang katapatan sa Ebanghelyo; pinagkalooban ng katalinuhan, lakas, at pagkukusa; at pinagkalooban ng kapangyarihan upang ituro ang salita at kalooban ng Diyos. Gagawin siyang mabisang kasangkapan ng Panginoon na hinihingan niya ng tulong sa pagsusulong ng walang hanggang plano ng kaligtasan ng tao. . . . Bibigyan siya ng lakas na higit kaysa naranasan niya, habang nakararating sa Panginoon ang mga dalangin ng mga tao para sa kanyang kapakanan.' (*Improvement Era*, Mayo 1941, p. 288.)

"Ang mga ito'y matatapat na salita ng papuri, at mga salita ng propesiya.

"Ang kanyang kuwento. . .ay tungkol sa katapatan sa dakila at sagradong katungkulan ng isang apostol, na ang partikular na tungkulin ay maging natatanging saksi 'ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig.' [D at T 107:23.]

"Sa paghahanap sa responsibilidad na iyon, naglakbay siya sa maraming panig ng mundo ayon sa inatas ng Unang Panguluhan, na ipinararating ang kanyang tinig, sa pagpapahayag sa kabanalan ng Manunubos sa sangkatauhan.

"Madalas ninyang binabanggit ang mga salita ni Pablo sa mga taga Corinto: 'Sapagka't kung ang pakakak ay tumunog na walang katiyakan, sino ang hahanda sa pakikibaka?' (I Corinto 14:8.) Walang hindi malinaw sa mensahe ni Harold B. Lee. Walang alinlangan, at sa katiyakan na nagmumula sa matibay na pananalig, nagpatotoo siya kapwa sa mayayaman at mahihirap ng mundo. . . . Hindi siya kailanman umatras sa kanyang responsibilidad bilang tagapaglingkod ng Diyos sa pagpapatotoo sa katotohanan. Ang mga misyonero ay nahikayat sa higit na masigasig na pagpupunyagi, ang mga miyembro ng Simbahan ay nagpasiya nang ipamuhay ang ebanghelyo, naantig rin ang puso ng mga nagsisiyasat sa pagbabahagi niya ng kanyang patotoo. Hindi niya inalintana ang kanyang sarili at sinunod niya ang mahigpit na iskedyul kahit na nanganib ang kanyang kalusugan. Nabatid ng mga taong malapit sa kanya na sa loob ng maraming buwan ay bihirang wala siyang dinaramdam. . . . Ang pagdanas niya ng

karamdaman ang nagpatalas sa kanyang pakiramdam sa pagdurusa ng iba. Siya ang taong naglakbay nang malayo at malapit upang himukin at pagpalain ang mga Banal. May mga tao sa maraming lupain na sa pasasalamat ay nagbibigay patotoo hinggil sa mahimalang kapangyarihan ng pagkasaserdote na ginamit para sa kanilang kapakanan ng lingkod na ito ng Panginoon.

"Naging sensitibo din siya sa kalungkutan, sa takot, sa mga hamon na nasasagupa ng mga tao na nasa serbisyo militar. Noong Ika-II Digmaang Pandaigdig, Digmaan sa Korea, at digmaan sa [Vietnam], pinangasiwaan niya ang programa ng Simbahan para sa mga sundalo. Palagi niyang ipinahihiwatig sa kanyang mga kasamahan na kailangang ibigay sa mga nasa serbisyo militar ang buong programa ng Simbahan, kaakibat ang lahat ng pagpapala at pagkakataon na dumadaloy mula rito. Naglakbay siya sa mga lupain at karagatan upang makaharap ang mga miyembro ng Simbahan na nasa serbisyo militar. Noong 1955, dinalaw niya ang Korea na noon ay malaking lugar na handa sa digmaan, na suot ang uniporme ng mga sundalo. . . . Hindi kailanman malilimutan ng mga taong nakakilala sa kanya ang kanyang kabaitan, kanyang pagmamalasakit, o kanyang patotoo tungkol sa nananaig na kapangyarihan ng Diyos sa mga gawain ng tao. Inaliw niya sila, binigyan sila ng katiyakan, iniligtas ang marami sa kanila sa mapanganib na kalagayan.

"Inaliw niya ang mga naulila. Mula sa sariling karanasan ay nalaman niya ang lungkot ng pagkawala ng mahal sa buhay. Nasa Salt Lake City siya at dumadalo sa komperensiya ng istaka nang mag-agaw buhay ang kanyang minamahal na kabiyak. Naglakbay siya nang gabi, nagmadaling nagpunta sa tabi ng kanyang higaan, upang makita lamang siyang pumanaw. Kahit paano ay nadama ng mga malapit sa kanya ang tindi ng kalungkutang nadama niya mga ilang araw matapos mamatay ang kanyang asawa. Nangyari iyon noong 1962. Noong 1966 kinuha ni kamatayan ang minamahal niyang anak na si Maurine habang nasa Hawaii si Elder Lee sa atas na gawain sa Simbahan. Nag-iwan siya ng apat na anak.

"Ang mapapait na karanasang ito, na mahirap dalhin, ay nakaragdag sa kanyang pagiging sensitibo sa mga pasanin ng iba. Ang mga nakaranas ng gayon ay nakakita sa kanya ng maunawaing

kaibigan at isang taong ang pananampalataya ay pinagmumulan ng kanilang kalakasan.

"Noong 1963 ay pinakasalan niya si Freda Joan Jensen, na nagbigay kaganapan sa kanyang buhay sa kahanga-hangang paraan. Dahil sa nakapag-aral at may kabutihang-asal, lumagi siya sa tahanan na siyang pinakamagandang samahan. Isa siyang babae na kakaiba ang mga nagawa. Dahil sinanay na maging guro, nagturo siya sa paaralan, at nagkaroon ng maraming katungkulang administratibo upang maglingkod bilang tagapamahala ng primaryang edukasyon sa Jordan School District ng Salt Lake County. Naglingkod sa pangkalahatang lupon ng Primary Association. Ang tahanang kanyang pinangasiwaan ay kanlungan ng kapayapaan para sa kanyang asawa at lugar ng kalugud-lugod na mabuting pagtanggap sa lahat ng nagkaroon ng pagkakataong makapasok dito.

"Sa pagkilala ni Pangulong David O. McKay sa malawak na kaalaman ni Elder Lee sa mga programa ng Simbahan at sa kanyang administratibong kakayahan na subok na, si Elder Lee ay hinirang na tagapangulo ng komite sa pag-uugnay-ugnay ng buong kurikulum ng Simbahan. Dito nagmula ang puspusang pagrerepaso ng mga kurso ng aralin na gamit sa loob ng maraming taon, kasama ang pagsusuri ng lahat ng mga samahan at pasilidad sa pagtuturo. Ang malawakang pagpupunyagi sa ilalim ng kanyang pamamahala ay nagbunga ng napag-ugnay-ugnay na kurikulum na binuo upang magbahagi ng kaalaman sa bawat yugto ng gawain at doktrina sa Simbahan at patatagin ang espirituwalidad ng mga miyembro. Ang lakas ng kanyang pamumuno ay makikita sa gawaing ito. Siya ay naging matatag, ang kanyang layunin ay malinaw na inilahad. Ang buong Simbahan ang nakinabang sa kanyang paglilingkod.

"Sa pagkamatay ni Pangulong McKay at sa paghalili sa panguluhan ni Joseph Fielding Smith, si Elder Lee ang naging Pangulo ng Kapulungan ng Labindalawa at pinili ni Pangulong Smith na maging kanyang unang tagapayo. Bagama't nangailangan ito ng pag-aalis sa kanya sa pagiging tagapangulo ng ilan sa kanyang mas naunang mga gawain, itinuloy pa rin ang dating mga layunin sa ilalim ng kanyang pangkalahatang pamumuno.

Pinasimulan ang mga programa upang pag-ibayuhin ang kasanayan ng mga guro sa buong Simbahan. Nagkaroon ng programa sa pagsasanay ng obispo. Pinalakas ang programang pangmisyonero sa buong daigdig. . . .

"Nang tahimik na lumisan si Pangulong Joseph Fielding Smith sa buhay na ito noong gabi ng ika-2 ng Hulyo, 1972, walang-alinlangan sa isipan ng mga miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa kung sino ang susunod sa kanya na magiging Pangulo ng Simbahan. Biyernes nang umaga, ika-7 ng Hulyo, nagpulong sila sa sagradong silid ng Salt Lake Temple. Sa tahimik at banal na lugar na iyon, bagbag ang mga pusong hinangad nila ang patnubay ng Espiritu. Lahat ng puso ay nagkaisa sa sagot sa patnubay na iyon. Si Harold Bingham Lee, na pinili ng Diyos at naturuan mula sa pagkabata ng mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo, pinadalisay at pinakintab sa loob ng tatlumpung taong paglilingkod bilang apostol, ay tinawag na maging Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at Propeta, Tagakita, at Tagapaghayag. Ipinatong sa kanyang ulo ang mga kamay ng lahat ng naroon, at inordenan siya bilang hinirang ng Panginoon sa mataas at di-mapapantayang katungkulang ito.

"Sa pagtataguyod ng pananampalataya at panalangin ng mga Banal sa buong mundo, siya ang tumatayong namumunong mataas na saserdote sa kaharian ng Diyos sa lupa."

Si Pangulong Harold B. Lee ay naglingkod bilang propeta ng Panginoon sa loob ng 17 buwan at 19 na araw. Sa panahong ito ng pagbabago at paglaganap, pinangasiwaan ni Pangulong Lee ang paglikha ng unang istaka sa Chile at sa lupain ng Asya sa Korea. Pinamunuan niya ang mga unang komperensiya ng pook na ginanap sa Mexico City Mexico, at Munich, Germany. Pinalaganap niya ang serbisyo ng programang pangkapakanan ng Simbahan sa buong mundo. Namatay siya noong ika-26 ng Disyembre 1973, sa edad na 74.

K A B A N A T A 1

# Daan Patungo sa Buhay na Walang Hanggan

*Paano natin makakamtan ang ating pinakamimithing layunin—ang makabalik sa Diyos na nagbigay-buhay sa atin?*

## Pambungad

Sa kabuuan ng kanyang paglilingkod, binigyang-diin ni Pangulong Harold B. Lee na ang pinakamalagang layunin ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ang tulungan tayong makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit. Madalas niyang ituro ang kahalagahan ng pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya hanggang sa marating natin ang ating makalangit na layunin.

Nataon ang paglilingkod ni Pangulong Lee sa pagsisimula ng magiting na paglalakbay sa kalawakan noong mga dekada 1960 at 1970. Nang mapilitang bumalik nang maaga sa mundo ang mga astronot ng sasakyang pangkalawakan na Apollo 13 dahil sa isang aksidente noong 1970, mula sa mga dako ng buwan, humanga si Pangulong Lee sa maingat na pagsunod sa mga direksiyon at tiyak na pagkilos na kinailangan upang ligtas na maibalik sa mundo ang mga kalalakihan na nasa loob ng sasakyang pangkalawakan. Nakita nita sa karanasang ito ang pagkakatulad nito sa pananampalataya at pagsunod na kinakailangan upang matapos ang ating paglalakbay sa buhay sa mundo patungong tahanan natin sa langit. Sa pananalita niya noong Oktubre 1970 sa pangkalahatang komperensiya, ginamit niya ang kuwento tungkol sa sasakyang pangkalawakan na Apollo 13, ang Aquarius, upang ilarawan ang kahalagahan ng pagtahak sa daan na itinakda para sa atin ng Panginoon.

Patuloy na binibigyang-diin ng mga mesahe ni Pangulong Lee na ang pinakamimithi nating layunin sa paglalakbay nating ito sa mortalidad ay ang makabalik sa ating Ama sa Langit.



Tinatawag ni Jesucristo sina Pedro at Andres. Kinailangan ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas upang gawing posible ang plano ng Ama tungkol sa kaligtasan. Sa pagsunod sa Tagapagligtas, ligtas na makukumpleto ng bawat tao ang kanyang "paglalakbay sa mortalidad patungo sa kanyang huling patutunguhan— ang pagbabalik sa Diyos na nagbigay sa kanya ng buhay."

Nakatutulong sa atin ang mga mensaheng ito na mapagsikapang tiyakin na ang "lahat ng kilos sa ating buhay, lahat na desisyong ginagawa natin ay upang makapamuhay tayo sa paraang magpapahintulot sa ating makapasok sa kinaroroonan ng Panginoon na ating Ama sa Langit."[1]

Binabalangkas ni Pangulong Lee sa kabanatang ito ang daan kung saan payapa at ligtas tayong makababalik sa kinaroroon ng ating Ama sa Langit.

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano tayo magagabayan tungo sa kaligtasan sa mga panahong ito ng kaguluhan?

Ilang buwan na ang nakalilipas, milyun-milyong tagapanood at tagapakinig sa buong mundo ang naghintay nang sabik at halos pigil ang hininga sa walang katiyakang paglipad ng Apollo 13. Waring iisa lamang ang ipinagdarasal ng buong mundo: ang ligtas na pagbabalik sa mundo ng tatlong magigiting na lalaki.

Nang ipahayag ng isa sa kanila nang may pigil na pagkabalisa ang nakabibiglang impormasyon, "Nagkaroon ng pagsabog!" pinagalaw ng mga nangangasiwa sa Houston ang lahat ng siyentipikong dalubhasa sa teknikal na aspeto ng sasakyang ito na sa loob ng ilang taon ay nagplano sa lahat ng maiisip na detalye tungkol sa paglalakbay na ito sa himpapawid.

Nakasalalay ngayon ang kaligtasan ng tatlo sa dalawang mahalagang kwalipikasyon: sa kasanayan at kaalaman ng mga tekniko na nasa sentro ng pangasiwaan sa misyon sa Houston, at sa ganap na pagsunod ng mga kalalakihan sa Aquarius sa bawat direksiyon mula sa mga tekniko, na dahil sa kanilang pag-unawa sa mga problema ng mga astronot, ay higit na kwalipikado na makakita ng mga kinakailangang solusyon. Dapat maging tama lahat ng desisyon ng mga tekniko kung hindi ay malilihis ang paglipad ng Aquarius ng libu-libong milya mula sa mundo.

Ang madamdaming tagpong ito ay waring kahalintulad ng [magulong] panahon natin ngayon. . . . Marami ang natatakot kapag nakakikita at nakaririnig sila ng di-kapani-paniwalang mga bagay na nagaganap sa buong mundo—mga intriga sa pulitika,

digmaan at alitan sa lahat ng dako, kabiguan ng mga magulang na nagsisikap na malutas ang mga problemang panlipunan na nagbabantang sisira sa kabanalan ng tahanan, ang kabiguan ng mga bata at kabataan sa pagharap nila sa mga hamon sa kanilang pananampalataya at kanilang kagandahang-asal.

Tanging kapag handa *kayong* makinig at sumunod, tulad ng mga astronot ng Aquarius, kayo magagabayan pati na ang inyong sambahayan tungo sa kaligtasan at katiyakan sa paraan ng Panginoon. . . .

Mula sa nangyari sa Apollo 13. . ., ibubuod ko ngayon, sa loob ng ilang sandali, ang kahanga-hangang naisip na plano. Sa pagsunod sa planong ito nakasalalay ang kaligtasan ng bawat kaluluwa sa kanyang paglalakbay sa mortalidad patungo sa kanyang huling patutunguhan—ang pagbabalik sa Diyos na nagbigay sa kanya ng buhay. . . .

---

**Ano ang mga layunin ng plano ng ating Ama sa Langit?**

Ang planong ito ay may pangalan, at ang pangunahing layunin nito'y malinaw na binanggit sa isang pahayag sa Simbahan sa pagsisimula ng dispensasyong ito ng ebanghelyo.

Mahigit na sa isang siglo ngayon nang ipahayag ng Panginoon:

"At sa gayon ay ipinadala ko ang aking walang hanggang tipan sa daigdig, upang maging ilaw ng sanlibutan, at maging pinakawatawat para sa aking mga tao, at para sa mga Gentil upang hanapin ito, at maging sugo sa harapan ko upang ihanda ang daan para sa aking pagparito." (D at T 45:6.)

Ang planong ito, kung gayon, ay magiging tipan, na nagpahiwatig ng kontrata na sasalihan ng mahigit sa isang tao. Magiging pamantayan ito para sa mga hinirang ng Panginoon at ng buong daigdig na makikinabang dito. Layunin nito ang tugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng tao at ihanda ang daigdig para sa ikalawang pagparito ng Panginoon.

Ang mga kalahok sa pagbuo ng planong ito sa daigdig bago pa ang buhay na ito ay ang lahat ng mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit. Ang ating pinakamatandang banal na kasulatan mula sa mga panulat ng mga sinaunang propeta na sina Abraham

at Jeremias, ay nagpapatunay din na naroon ang Diyos, o si Elohim; ang kanyang Panganay na Anak na si Jehova; si Abraham; Jeremias, at marami pang ibang mahahalagang tao ang naroon.

Ang mga katalinuhang binuo bago pa ang mundo, na naging mga espiritu, ay naroon, kabilang ang mga marangal at dakila na ang ginawa at ikinilos sa kalagayang iyon bago pa ang buhay na ito ang dahilan kung kaya naging karapat-dapat sila na maging mga mananakop at pinuno sa pagsasakatuparan ng walang hanggang planong ito. . . .

Sa ilalim ng tagubilin ng Ama at sa pamamahala ni Jehova, ang mundo at ang lahat ng may kaugnayan dito ay inayos at hinubog. "Inayos" nila, "binantayan" nila, at "inihanda" ang mundo. "Nagsanggunian sila sa isa't isa" tungkol sa pagdadala ng lahat ng uri ng buhay sa mundo at lahat ng bagay, kabilang na ang tao, at inihanda ito para sa pagsasakatuparan ng plano, na maihahalintulad natin sa balangkas, kung saan matuturuan at sasanayin ang lahat ng anak ng Diyos sa lahat ng bagay na kailangan para sa dakilang layunin na isakatuparan, "ang kaluwalhatian ng Diyos, ang pagkakataon ng bawat kaluluwa na magkaroon ng "kawalangkamatayan at buhay na walang hanggan." Ang ibig sabihin ng buhay na walang hanggan ay magkaroon ng buhay na walang katapusan sa selestiyal na kalagayan kung saan naninirahan ang Diyos at si Cristo, sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng bagay na ipinag-uutos sa atin. (Tingnan sa Abr. 3:25.)

---

### Ano ang mga batayang alituntunin ng plano ng kaligtasan?

Tatlong iba't ibang alituntunin ang nilalaman ng planong ito:

Una, ang pribilehiyong ibibigay sa bawat kaluluwa na makapili para sa kanyang sarili ng "kalayaan at buhay na walang hanggan" sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ng Diyos, o "pagkabihag at kamatayan" sa espirituwal na mga bagay dahil sa pagsuway. (Tingnan sa 2 Ne. 2:27.)

Pangalawa sa buhay mismo, ang kalayaan sa pagpili ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa sangkatauhan. Sa pamamagitan nito ay naibibigay sa mga anak ng Diyos ang pinakadakilang pagkakataon na sumulong sa ikalawang kalagayang ito sa mortali-

dad. Ipinaliwanag ito ng propetang-pinuno ng kontinenteng ito sa kanyang anak tulad ng nakatala sa sinaunang banal na kasulatan: na upang maisakatuparan ang mga ito, ang mga walang hanggang layunin ng Panginoon, kailangang magkaroon ng mga pagsalungat, panggaganyak ng mabuti sa isang panig at ng masama sa kabila, o sa wika ng mga banal na kasulatan, ". . .ang ipinagbabawal na bungang-kahoy na kasalungat ng punungkahoy ng buhay; ang isa ay matamis at ang isa ay mapait." Paliwanag pa ng amang ito, "Anupa't ipinagkaloob ng Panginoong Diyos sa tao na siya ay kumilos para sa kanyang sarili. Samakatwid, ang tao ay hindi makakikilos para sa kanyang sarili maliban kung siya ay nahikayat ng isa o ng iba." (2 Ne. 2:15–16.)

Ang ikalawang alituntunin sa banal na planong ito ay kinapalooban ng pangangailangan sa tagapagligtas na magbabayad-sala kung saan ang lubos na kinalulugdang Anak ng Diyos ang naging ating Tagapagligtas, tulad ng "Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan" (Apoc. 13:8), sang-ayon sa inihayag kay Juan sa Isla ng Patmos. Ipinaliwanag [ng propetang si Lehi] na ang misyon ng Anak ng Diyos ay ang "[mamagitan] para sa lahat ng anak ng tao; at sila na maniniwala sa kanya ay maliligtas." (2 Ne. 2:9.)

Marami tayong naririnig mula sa limitadong pang-unawa sa posibilidad na pagkaligtas ng isang tao sa pamamagitan ng awa lamang. Ngunit kailangan ang paliwanag ng isa pang propeta upang maunawaan ang tunay na doktrina ng awa tulad ng paliwanag niya sa makabuluhang mga salitang ito:

"Sapagkat," sabi ng propetang ito, "masigasig kaming gumagawa upang makasulat, upang hikayatin ang ating mga anak, at ang atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos; sapagkat nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa." (2 Nephi 25:3.) Tunay na tinubos tayo ng nagbabayad-salang dugo ng Tagapagligtas ng mundo, ngunit ito'y matapos lamang magawa ng bawat isa ang lahat ng kanyang magagawa hinggil sa kanyang sariling kaligtasan.

Ang ikatlong malaking kaibahan ng alituntunin ng plano ng kaligtasan ay ang pasubaling "ang buong sangkatauhan ay maa-

aring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo." (Saligan ng Pananampalataya 3.) Ang mga pangunahing batas at ordenansang ito na pinagmumulan ng kaligtasan ay malinaw na itinakda:

Una, pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

Ikalawa, pagsisisi mula sa kasalanan, na ang ibig sabihin ay ang pagtalikod mula sa mga kasalanan ng di-pagsunod sa mga batas ng Diyos at hindi na muling pagbaling pa sa mga kasalanang ito. Malinaw na nangusap ang Panginoon hinggil dito. Sabi Niya: ". . .humayo kayo sa inyong mga lakad at huwag magkasala pa; subalit sa yaong tao na nagkasala [na mangyari pa ang ibig sabihin ay pagbabalik sa kasalanan na pinagsisihan na niya] ay mababalik ang dating kasalanan, wika ng Panginoon ninyong Diyos." (D at T 82:7.)

Ikatlo, pagbibinyag sa tubig at Espiritu, at tanging sa mga ordenansang ito lamang, tulad ng itinuro ng Guro kay Nicodemo, makikita o mapapasok ng isang tao ang kaharian ng Diyos. (Tingnan sa Juan 3:4–5.)

Ang turong ito ay sapilitan ding ipinaunawa ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas sa mga banal sa kontinenteng ito, na tila kanyang huling mensahe sa kanyang mga disipulo. Tinuruan ng Guro ang kanyang matatapat na banal na "walang maruming bagay ang makapapasok sa kanyang kaharian; anupa't walang makapapasok sa kanyang kapahingahan maliban sa mga yaong nahugasan ang kanilang mga kasuotan ng aking dugo, dahil sa kanilang pananampalataya, at sa pagsisisi ng lahat ng kanilang mga kasalanan, at sa kanilang katapatan hanggang sa wakas.

"Ngayon, ito ang kautusan: "Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo, upang kayo ay makatayong walang bahid-dungis sa aking harapan sa huling araw.

"Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ito ang aking ebanghelyo. . . ." (3 Ne. 27:19–21.)

**Anu-ano ang pagpapalang ipinangako sa matatapat?**

Kung ang mga anak ng Panginoon, na kinabibilangan ng lahat ng nasa mundong ito, anuman ang nasyonalidad, kulay, o relihiyon, ay makikinig sa tawag ng tunay na sugo ng ebanghelyo ni Jesucristo, tulad ng ginawa ng tatlong astronot sa Aquarius sa mga dalubhasang tekniko na nasa Mission Control noong oras na sila'y nasa panganib, makikita ng bawat isa sa takdang panahon ang Panginoon at malalaman na siya nga, tulad ng pangako ng Panginoon. . . .

Ang pangakong ito ng kaluwalhatian na para sa mga matapat hanggang sa wakas ay maliwanag na inilarawan sa talinghaga ng Guro tungkol sa Alibughang Anak. Sa anak na naging matapat at hindi nilustay ang kanyang pagkapanganay, ang ama, na sa aral ng Guro ay ang ating Ama at ating Diyos, ay nangako sa kanyang matapat na anak: "Anak, ikaw ay palaging nasa akin, at iyo ang lahat ng akin." (Lucas 15:31.)

Sa isang paghahayag sa makabagong propeta, nangangako ang Panginoon sa matatapat at masunurin sa ngayon: ". . .lahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa kanya." (D at T 84:38.)

O magiging katulad ba tayo ng mga hangal na nasa ilog sa itaas ng Niagara Falls na papalapit sa mapanganib na mabibilis na agos ng tubig? Sa kabila ng mga babala ng tanod sa ilog na magpunta sa ligtas na lugar bago mahuli ang lahat, at sa pagbale-wala sa mga babala, nagtawanan sila, nagsayawan, nag-inuman, nanuya, at sila'y nangamatay.

Gayundin sana ang sinapit ng tatlong astronot ng Aquarius kung tumanggi silang makinig hanggang sa kaliit-liitang tagubilin mula sa Houston Control. Ang buhay nila'y nakasalalay sa mga pangunahing batas na sumasakop at pumipigil sa mga puwersa ng sansinukob.

Umiyak si Jesus nang makita niya ang daigdig sa kanyang paligid noong kanyang kapanahunan na tila nasiraan na ng bait, at patuloy na kumukutya sa kanyang samo na lumapit sila sa kanya sa "makipot at makitid na landas," na malinaw na tinandaan sa walang hanggang plano ng Diyos ukol sa kaligtasan.

Kung maririnig lamang natin muli ang kanyang samo sa ngayon na tulad ng isinisigaw niya noon: "Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinusugo sa kaniya! makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ay ayaw kayo!" (Mat. 23:37.)

Na sana'y makita ng daigdig sa isa pang talinghaga kay Juan na Tagahayag ang sagradong katauhan ng Guro na tumatawag sa atin ngayon tulad ng ginawa niya noon sa mga nasa Jerusalem:

Wika ng Guro, "Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko.

"Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan." (Apoc. 3:20–21.)

Narito, kung gayon, ang plano ng kaligtasan na itinuro ng tunay na simbahan, na itinatag sa mga apostol at propeta, na si Cristo, ang Panginoon, ang pangunahing batong panulok (Efeso 2:20), na tanging sa pamamagitan niya darating ang kapayapaan, hindi tulad ng pagbibigay ng mundo, kundi tulad ng pagbibigay ng Panginoon sa mga nagtagumpay sa mga bagay ng daigdig, tulad ng ginawa ng Guro.

"At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." (Mga Gawa 4:12.). . .

---

**Paano makatutulong ang ating mga kilos sa araw-araw na pagsulong natin sa buhay na walang hanggan?**

Sa isang pulong kamakailan ay nakinig ako sa makabagbagdamdaming patotoo ng isang batang babae. Ang kanyang ama ay may sakit na ayon sa mga doktor ay wala nang lunas. Matapos ang magdamag na sakit at paghihirap, buong pagmamahal na sinabi ng maysakit na lalaking ito sa kanyang asawa isang umaga,

"Lubos ang pasasalamat ko sa araw na ito." "Para saan?" tanong ng babae. Sumagot ang lalaki, "Sa pagbibigay sa akin ng Diyos ng isa pang araw sa piling mo."

Sa araw na ito hangad ng puso ko na lahat ng naabot ng pagsasahimpapawid na ito ay magpasalamat din sa Diyos para sa isa pang araw! Para saan? Sa pagkakataong tapusin ang ilang ditapos na gawain. Upang magsisi; upang ituwid ang ilang pagkakamali; upang impluwensiyahan sa kabutihan ang ilang suwail na anak; upang tulungan ang taong nangangailangan—sa madaling salita, pasalamatan ang Diyos para sa isa pang araw ng paghahanda sa pagharap sa Diyos.

Huwag ninyong masyadong isipin ang mga susunod na araw. Maghanap ng kalakasan upang malutas ang mga problema ngayon. Sa kanyang Sermon sa Bundok, nanghikayat ang Guro na: "Kaya't huwag ninyong ikabalisa ang sa araw ng bukas: sapagka't ang araw ng bukas ay mababalisa sa kaniyang sarili. Sukat na sa kaarawan ang kaniyang kasamaan." (Mat. 6:34.)

Gawin ang lahat ng makakaya mong gawin at ipaubaya ang iba sa Diyos, na Ama nating lahat. Hindi sapat ang sabihing gagawin ko ang lahat, sa halip, gagawin ko ang lahat sa abot ng aking makakaya; gagawin ko ang lahat ng kinakailangan.[2]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Sa anu-anong paraan ipinakikita ng plano ng kaligtasan ng ating Ama ang Kanyang dakilang pagmamahal sa atin?
- Paano nagdudulot ng kapayapaan sa inyong buhay ang pagkaunawa sa plano ng kaligtasan?
- Bakit kailangan ang pagpili sa pagbabalik natin sa Diyos? Bakit kailangan ang Pagbabayad-sala? Bakit kailangan tayong sumunod sa mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo?
- Ano ang maaaring ilan sa mga ibubunga ng paglihis sa landas na ibinigay ng Ama sa Langit para ating sundan?
- Ano ang mga bagay na minsan ay dahilan kung bakit naaalis ang pansin ng mga tao sa layuning makabalik sa kinaroroonan

ng Ama sa Langit? Anong payo ang maibibigay natin sa mga miyembro ng pamilya at sa iba pa na naliligaw ng landas?

- Bakit mahalagang maglingkod sa araw-araw? magpahiwatig ng pasasalamat sa bawat araw? magsisi at magsikap na mapaglabanan ang ating mga kahinaan? Paano makatutulong sa ating paghahanda sa pagharap sa Diyos ang paggawa sa bawat isa sa mga bagay na ito?

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1946, 145.
2. Sa Conference Report, Okt. 1970, 113–17; o *Improvement Era*, Dis. 1970, 28–30.

K A B A N A T A 2

# Sino Ako?

*Paano nakatutulong sa pagtanggap natin ng buhay na walang hanggan ang kaalaman kung sino tayo?*

## Pambungad

"Isang araw ay lumapit ang isang batang guro sa Panlinggong Paaralan upang itanong ang isang tanong mula sa kanyang klase noong nagdaang Linggo," sabi ni Pangulong Harold B. Lee sa kongregasyon ng mga Banal. "Ipinaliwanag niya na pinag-uusapan nila ang tungkol sa buhay bago ang buhay na ito, ang buhay dito sa lupa, at ang kabilang buhay, at nagtanong ang isang batang estudyante ng Panlinggong Paaralan, "Ang buhay bago ang buhay na ito ay nagwakas nang isilang tayo sa mundo; ang buhay na ito'y nagwawakas kapag dumanas tayo ng mortal na kamatayan; ano naman ang magiging katapusan ng kabilang buhay? Kalilimutan na lamang ba iyon?" Sumagot ang batang guro ng Panlinggong Paaralan, 'Wala akong maisasagot diyan.'

"Dahil dito napansin kong may kaluwagan ang gamit nating mga salita kapag binabanggit natin ang 'buhay bago ang buhay na ito, ang buhay dito sa lupa, at ang kabilang buhay,' kaya tila pusa tayo na siyam ang buhay, samantalang ang katotohanan, iisa lang naman ang ating buhay. Ang buhay na ito na pinag-uusapan natin ay hindi nagsimula sa mortal na pagsilang. Ang buhay na ito'y hindi nagwawakas sa mortal na kamatayan. May bagay na hindi nalilikha o nagagawa. Tinawag ito ng mga Banal na Kasulatan na 'katalinuhan,' na sa partikular na kalagayan sa buhay bago ang buhay na ito ay binuo at naging isang 'espiritu.' Nang marating ng espiritung iyon ang partikular na laki binigyan iyon ng pagkakataon ng matalinong Ama na makapunta sa isa pang kalagayan para sa pag-unlad nito. Ito ay nadagdagan, at matapos mamuhay sa mundo at makamtan ang layunin nito sa mor-

talidad, may isa pang pagbabagong naganap. Pumupunta tayo, hindi naman talagang sa isa pang buhay, kundi sa isa pang kalagayan ng buhay ding ito. May bagay na hindi nilikha o ginawa, at isang bagay na di-namamatay, at ang bagay na iyon ay mabubuhay magpakailanman."[1]

Tinatalakay ng kabanatang ito ang ating walang hanggang kasarinlan at kung paano nakaaapekto sa ating buhay ang ating kaalaman sa kasarinlang ito.

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano tayo napagpapala ng kaalaman na tayo ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit?

Sino tayo?. . . Isinulat ni Apostol Pablo: "Bukod dito, tayo'y nangagkaroon ng mga ama ng ating laman upang tayo'y parusahan, at sila'y ating iginagalang: hindi baga lalong tayo'y pasasakop sa Ama ng mga espiritu, at tayo'y mabubuhay?" [Hebreo 12:9] na nagmumungkahi na lahat ng nabubuhay sa lupa na may mga ama sa laman ay mayroon ding ama sa kanilang mga espiritu. . . . Kina Moises at Aaron. . .sinabi ng Panginoon, "Humiwalay kayo sa gitna ng kapisanang ito, upang aking lipulin sila sa isang sangdali." Nagalit Siya sa masasamang tao, ngunit nagpatirapa sina Moises at Aaron at nagsabing, "Oh Dios, na Dios ng mga diwa ng lahat ng laman, sa pagkakasala ba ng isang tao ay magagalit ka sa buong kapisanan?" [Mga Bilang 16:21–22.] Napansin ba ninyo kung ano ang tawag nila sa Kanya? Ang Diyos ng mga diwa ng lahat ng laman. . . .

Ang isa sa mga pinakamatandang banal na kasulatan natin ay natanggap natin sa mahimalang paraan—tinatawag natin itong Mahalagang Perlas. Ang isa sa mga dakilang aklat ng mahalagang banal na kasulatang iyan ay kilala bilang aklat ni Abraham. Sa aklat na iyan. . .natin ito matatagpuan:

"Ngayon ipinakita ng Panginoon sa akin, si Abraham, ang mga katalinuhang binuo bago pa ang mundo; at sa lahat ng ito ay marami ang marangal at dakila;

"At nakita ng Diyos ang mga kaluluwang ito na sila ay mabubuti, at siya ay tumayo sa gitna nila, at kanyang sinabi: Ang mga

ito ang gagawin kong mga tagapamahala; sapagkat siya ay nakatayo sa mga espiritung yaon, at kanyang nakita na sila ay mabubuti; at kanyang sinabi sa akin: Abraham, isa ka sa kanila; ikaw ay pinili bago ka pa man isinilang.

"At may isang nakatayo sa kanila na tulad ng Diyos, at kanyang sinabi sa mga yaong kasama niya: Bababa tayo, sapagkat may puwang doon, at tayo ay magdadala ng mga sangkap na ito, at tayo ay lilikha ng mundo kung saan sila makapaninirahan;

"At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos;

"At sila na mga nakapanatili sa kanilang unang kalagayan ay madaragdagan; at sila na mga hindi nakapanatili sa kanilang unang kalagayan ay hindi magtatamo ng kaluwalhatian sa yaon ding kaharian na kasama ng mga yaong nakapanatili sa kanilang unang kalagayan; at sila na mga nakapanatili sa kanilang ikalawang kalagayan ay magtatamo ng kaluwalhatiang idaragdag sa kanilang mga ulo magpakailanman at walang katapusan." [Abraham 3:22–26.]

May ilang mahahalagang katotohanan na matatagpuan sa banal na kasulatang iyan. Una sa lahat, kaunti lamang ang alam natin, alaala lamang ng kung ano ang espiritu. Ang espiritu, narinig ba ninyong sinabi ni Abraham, ay binuong katalinuhan. Ito ang unang panimula sa ating pang-unawa ng kung ano ang espiritu. Ito ay isang binuong katalinuhan na namuhay bilang espiritu bago pa nilalang ang daigdig na ito. Ngayon ano naman ang hitsura ng espiritu? Anong uri ng ideya ang mayroon kayo tungkol sa espiritung iyon? Mangyari pa, nagbigay ang Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ng inspiradong sagot, na ang bahagi ay mababasa nang ganito: "Na siyang espirituwal sa anyo ng yaong temporal; at yaong temporal sa anyo ng yaong espirituwal." Ngayon makinig, "ang espiritu ng tao sa anyo ng kanyang katauhan, at gayun din ang espiritu ng hayop, at ng lahat ng iba pang kinapal na nilalang ng Diyos." [D at T 77:2.]

Ngayon naman, nakikita ninyo ako dito bilang pisikal na taong husto na sa kaisipan. May bahagi ang aking pagkatao na hindi nakikita ng inyong pisikal na mga mata—ang espirituwal na bahagi

ng aking pagkatao na nakakakita sa pamamagitan ng aking mga mata at nagbibigay sa akin ng lakas upang gumalaw, at nagbibigay sa akin ng dunong at katalinuhan. . . .

Iyan ngayon ang unang katotohanan na ating natutuhan—na mayroong binuong katalinuhan na tinawag na. . .espiritu. Dito ang Panginoon [Jehova], na dakila at bantog na espiritu na tulad ng Diyos [ang Ama], ay nagpunta sa mga binuong katalinuhan na tinatawag na mga espiritu, at sinabi Niya sa kanila, Lilikha tayo ng mundo kung saan kayo makapananahanan bilang mga espiritu, at kayong mamumuhay nang karapat-dapat dito sa daigdig ng mga espiritu ay maaaring manaog sa lupa at madaragdagan. Kaya ang mga espiritu na napanatili ang kanilang pananampalataya, na masasabi kong naging karapat-dapat, ay pinayagang manaog sa lupa at idinagdag sa kanilang espirituwal na katawan ang katawang pisikal dito sa lupa. . . . Ang katunayan na narito tayo sa mundo na may katawang pisikal ay ebidensiya na kabilang tayo sa mga nakapagpanatili ng ating unang kalagayan; naipasa natin ang pagsusulit at pinayagan tayong pumarito. Kung hindi tayo nakapasa hindi tayo mapupunta rito; maaaring naroon tayo sa ibaba kasama si Satanas na nagsisikap na tuksuhin ang mga taong nagkaroon ng katawan. . . .

---

**Bakit kailangan tayong maging matapat upang makumpleto ang ating misyon sa lupa na inordena noon pa?**

Sa pagkakaroon ng kaalaman ng ating kasarinlan sa buhay bago ang buhay na ito, kung sino tayo—mga anak ng isang Diyos bago pa nalikha ang mundo, na siyang Ama ng espiritu ng lahat ng tao na nabubuhay sa laman dito sa mundo—handa na tayong magpatuloy sa susunod na sagot sa katanungan. Sa binasa ko sa inyo mula sa aklat ni Abraham sa ika-23 talata ay narinig ninyong sinasabihan si Abraham na inordenan o hinirang siya bago pa siya isinilang. Iniisip ko kung naisip ninyo iyon. Gayundin ang sinabi kay Moises. . . .

"At nananawagan sa pangalan ng Diyos, namasdan niyang [ni Moises] muli ang kanyang kaluwalhatian, sapagkat ito ay napasakanya; at siya ay nakarinig ng isang tinig, sinasabing: Pinagpala ka, Moises, sapagkat ako, ang Pinakamakapangyarihan, ay pinili

ka, at ikaw ay palalakasin kaysa sa maraming tubig; sapagkat kanilang susundin ang iyong utos na tila baga ikaw ang Diyos." [Moises 1:25.] Iyon ang kanyang magiging misyon upang maging dakila at makapangyarihang pinuno. Gayundin kay Jeremias, sinabi ng Panginoon, "Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa." [Jeremias 1:5.] Si Joseph Smith, sa pagliliwanag dito, ay nagsabi sa atin: "Bawat tao na tinawag upang mangasiwa sa mga naninirahan sa mundo ay inordena sa layuning iyon sa Dakilang Kapulungan sa langit bago pa nilikha ang mundong ito." Pagkatapos ay sinabi niya, "Sa palagay ko'y inordena ako sa katungkulang ito sa Dakilang Kapulungang iyon." [*History of the Church*, 6:364.]

Narito ang isang pagbabanta. Sa kabila ng pagtawag na iyon, inilagay ito ng Panginoon sa isipan ng Propetang Joseph Smith at isinulat niya ito. . ., "Masdan, marami ang tinawag, subalit iilan ang napili." Sa madaling salita,. . . dahil maaari tayong pumili dito, marami ang inordena noon pa sa dakilang gawain na hindi gaanong nakapaghanda ng kanilang sarili sa gagawin nila dito. Ngayon sabi niya, "At bakit sila hindi napili?" Sa gayon ay nagbigay siya ng dalawang dahilan kung bakit nabibigo ang mga tao sa kanilang pagkahirang. Una, "sapagkat ang kanilang mga puso ay labis na nakatuon sa mga bagay ng daigdig na ito," at pangalawa, sila ay "naghahangad ng mga parangal ng tao, kaya hindi nila natutuhan ang isang aral na ito—Na ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit." [D at T 121:34–36.][2]

Huwag ninyong ipagkamali na ang gayong pagtawag at gayong pag-oordena noon pa ang magsasabi kung ano ang kailangan ninyong gawin. Isang propeta sa kanluraning kontinenteng ito ang malinaw na nagsalita tungkol sa paksang ito: "Tinawag at inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig alinsunod sa kaalaman ng Diyos sa mula't mula pa, dahil sa kanilang labis na pananampalataya at mabubuting gawa; sa simula pa ay hinayaang mamili sa mabuti o masama." (Alma 13:3.). . . Maaaring tumawag at pumili ang Diyos ng mga tao sa daigdig ng mga espiritu o sa kanilang unang kalagayan upang gawin ang partikular na gawain, ngunit ang pagtanggap nila dito sa katungku-


lang iyon at pagganap na mabuti sa pamamagitan ng matapat na paglilingkod at mabubuting gawa habang nasa mortalidad ay kanilang karapatan at pribilehiyo upang magamit ang kanilang kalayaan sa pagpili ng mabuti o masama.[3]

---

### Paano nakaiimpluwensiya sa ating paggamit ng kalayaan sa pagpili ang pagkakaalam kung sino tayo?

Ano pa ang sinabi tungkol sa kung sino tayo? Malaya tayong pumili at iniisip ng ilang tao na malaya ding gawin ang nais natin, ngunit tila hindi iyan tumpak. Totoong may kalayaan tayong pumili, ngunit hayaan ninyong basahin ko sa inyo ang tungkol diyan. Markahan nga ninyo ang 2 Nephi, ika-2 kabanata, mga talata 15–16. Sinasabi ko sa inyo na sa palagay ko ay malaking pakikipagsapalaran ang ginawa ng ating Ama sa pagpapadala sa atin dito na taglay ang pribilehiyong makapili. Ngayon upang makapili tayo at sa gayo'y tanggapin ang ating mga walang hanggang gantimpala, may isang bagay na nangyari sa atin. Pansinin ninyo—narito ang isang ama na ipinaliliwanag ito sa kanyang anak na lalaki: "At upang maisagawa ang kanyang mga walang hanggang layunin sa kahihinatnan ng tao, matapos na kanyang malikha ang ating mga unang magulang, at ang mga hayop sa parang at ang mga ibon sa himpapawid, at sa lalong maliwanag, lahat ng bagay na nilikha, at talagang kinakailangan na may isang pagsalungat; maging ang ipinagbabawal na bungang-kahoy na kasalungat ng punungkahoy ng buhay; ang isa ay matamis at ang isa ay mapait." [2 Nephi 2:15.]

Iyan ang madalas na nangyayari, na ang mga bagay na ipinagbabawal ay ang mga bagay na lubos na kanais-nais, at minsan, tulad ng sinasabi natin, ang mga bagay na tama para sa atin ay tila mapapait na gamot na kailangang inumin upang tayo'y gumaling. Ngayon, upang bigyan ang tao ng pagkakataong pumili, "Anupa't ipinagkaloob ng Panginoong Diyos sa tao na siya ay kumilos para sa kanyang sarili. Samakatwid, ang tao ay hindi makakikilos para sa kanyang sarili maliban kung siya ay nahikayat ng isa o ng iba." [2 Nephi 2:16.] Kung gayon upang malayang makapag-isip bilang indibiduwal, hindi lamang ang mabuti ang ating kailangan kundi kailangan din natin ang masama upang makapamili tayo sa dalawa. Isipin ninyo iyan sandali. Kung ang




Si Jesucristo kasama ang maraming bata sa buong mundo. Tayong lahat ay mga espiritung anak ng Ama sa Langit. Kung tatanggapin natin ang buong pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, makapamumuhay tayong muli sa piling ng ating Ama at ng ating Tagapagligtas.

lahat ng bagay sa mundo ay mabuti at walang masama, may mapipili pa ba kayo maliban sa mabuti? Kung lahat ng bagay sa daigdig ay masama, kung walang anumang mabuting mapipili, may mapipili pa ba kayo maliban sa masama? Kung iisipin ninyo kahit sandali lang, ang tanging paraan upang magkaroon ng kala-

yaang pumili ang mga indibiduwal na nabubuhay dito sa mundo ay ang magkaroon ng mabuti at masama at bigyan ng pagkakataon ang bawat isa sa atin na makapili para sa ating sarili. . . . Alam ninyo, may kahalong pakikipagsapalaran sa kalayaang pumili. Handang ipakipagsapalaran iyan ng Panginoon upang makalakad tayo nang may pananampalataya, at, bilang malayang kinatawan, mapili ang tama.[4]

---

**Ano ang ating walang hanggang potensiyal bilang mga anak ng Diyos?**

Ang layunin ng buhay ay ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan. Kung gayon, ang ibig sabihin ng kawalang-kamatayan ay pagkakaroon sa huli ng katawan na hindi na daranas pa ng sakit ng mortalidad, hindi na daranas pa ng isa pang mortal na kamatayan, at hindi na masisira, na ang mga bagay nang una ay naparam na. Ang pagkakaroon ng buhay na walang hanggan ay ang karapatang mabuhay sa piling ng Walang Hanggang Nilalang, maging ng Diyos, ang ating Amang Walang Hanggan, at ng Kanyang Anak, si Jesucristo. Ito ang dalawang layunin kung bakit inilagay tayong lahat sa lupa.[5]

Narito tayo ngayon na naghahanda para sa kawalang-kamatayan, "isang walang katapusang panahon na siyang tunay na buhay ng tao." Tayong lahat ay mga dakilang kaluluwa, dahil nagmula tayo sa magiting na angkan. May karapatan tayong maging mga hari at pinuno dahil sa papel na ginampanan natin sa daigdig ng mga espiritu bago tayo naparito. Pinili tayong mabuhay sa panahong ito, at nakatadhana tayo sa kawalang-kamatayan tulad ng lahat ng kabataan ng simbahang ito. Dapat din nating "matuklasan na napakaikli ng lahat ng bagay na di magtatagal sa kawalang-hanggan at napakaliit ng lahat ng bagay na may hangganan" para ibaba ang ating sarili sa mga bagay na iyon.[6]

Hayaan ninyong magbasa ako ngayon mula sa ika-132 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan. . . . "At muli, katotohanang sinasabi ko sa iyo, kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae sa pamamagitan ng aking salita, na siyang aking batas, at sa pamamagitan ng bago at walang hanggang tipan, at ito ay ibinuklod sa kanila ng Banal na Espiritu ng pangako," at lalaktawan ko

ang ilang salita upang ibigay sa inyo ang kahulugan, "magagawa sa kanila sa lahat ng bagay anuman ang ipataw sa kanila ng aking tagapaglingkod, sa panahon, at sa lahat ng kawalang-hanggan; at magkakaroon ng buong bisa kapag sila ay wala na sa daigdig; at sila ay makararaan sa mga anghel, at sa mga diyos, na inilagay roon, tungo sa kanilang kadakilaan at kaluwalhatian." Ngayon pakinggan ninyo ito: at magkakaroon ng "pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan." [D at T 132:19.]

Sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang kahulugan nito ay iyong mga ikinasal sa bago at walang hanggang tipan at naging tapat sa kanilang mga tipan, na matapos silang mabuhay na mag-uli ay muli silang mabubuhay na magkasama bilang mag-asawa at magkakaroon ng tinatawag niya dito na pagpapatuloy ng mga binhi. Ano ngayon ang ibig sabihin niyan? Hayaan ninyong basahin ko sa inyo ang mula sa isa pang banal na kasulatan:. . .

"Sa selestiyal na kaluwalhatian ay may tatlong kalangitan o antas;

"At upang matamo ang pinakamataas, ang isang tao ay kailangang pumasok sa orden na ito ng pagkasaserdote [ibig sabihin ang bago at walang hanggang tipan ng kasal];

"At kung hindi niya gagawin, hindi niya ito matatamo.

"Maaari siyang pumasok sa iba, subalit iyon na ang katapusan ng kanyang kaharian; hindi siya magkakaroon ng pag-unlad." [D at T 131:1–4.]

Pag-unlad ng ano? Pag-unlad ng inapo. Sa madaling salita, sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang banal na utos, tayo rito na mga tao ay binigyan ng kapangyarihang makipagtulungan sa Diyos sa paglikha ng kaluluwa ng tao dito, at pagkatapos sa kabilang buhay ay magkaroon ng walang hanggang pag-unlad sa ugnayan ng pamilya matapos magawa ng mundo ang gawain nito.

. . .Tungkol naman sa mga nabuhay na mag-uling nilalang na tumupad sa tipan ng banal na kasal at naibuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako: "Pagkatapos sila ay magiging mga diyos, sapagkat sila ay walang katapusan; samakatwid sila ay magiging mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, sapagkat sila ay magpapatuloy; sa gayon sila ay mangingibabaw sa lahat, sapagkat lahat ng bagay ay saklaw nila. Sa gayon sila ay na-

giging mga diyos, sapagkat taglay nila ang lahat ng kapangyarihan, at ang mga anghel ay saklaw nila." [D at T 132:20.]. . .

. . .Nawa'y mamuhay tayo nang sa gayon ang lahat ng kasama natin ay hindi tayo ang makita kundi ang banal na nagmula sa Diyos, at sa pananaw ng kung ano tayo at ano maaari nating maabot, ay matanggap natin ang kalakasan upang makaakyat nang mas mataas at pataas, tungo sa dakilang layuning iyon ng buhay na walang hanggan, ang aba kong dalangin sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen.[7]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang nagpatatag sa inyong patotoo na ang Diyos ang inyong Ama?
- Bakit kung minsan ay nabibigong gampanan ng mga tao ang gawain nila dito sa lupa na inordena sa kanila noon pa?
- Ano ang pagpili? Bakit kailangan ang pagsalungat sa paggamit ng ating kalayaan sa pagpili?
- Paano naiimpluwensiyahan ang ating pag-uugali sa araw-araw ng ating kaalaman tungkol sa ating walang hanggang potensiyal?
- Ano ang nagbigay sa inyo ng lakas habang hinahangad ninyong "makaakyat nang mas mataas at pataas, tungo sa dakilang layuning iyon ng buhay na walang hanggan"?

### *Mga Tala*

1. Talumpati sa libing ni Edwin Marcellus Clark, ika-5 ng Abr. 1955, Harold Bingham Lee Addresses (1939–73), Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 11.
2. "Who Am I?" talumpati sa Grant Stake Senior Aaronic School, ika-18 ng Peb. 1957, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4–7.
3. *Decisions for Successful Living* (1973), 168–69.
4. "Who Am I?" 9–10.
5. *The Teachings of Harold B. Lee,* inedit ni Clyde J. Williams (1996), 30.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 73.
7. "Who Am I?" 11–12, 14.

# Ang Kordero na Pinatay Buhat Noong Itatag ang Sanlibutan


*Paano napagtagumpayan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang Pagkahulog ni Adan at napangyari sa ating makabalik sa kinaroroonan ng Ama?*

## Pambungad

Itinuro sa atin ni Pangulong Harold B. Lee na dapat nating maunawaan ang Pagkahulog na ito upang maunawaan natin ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, na napagtagumpayan ang mga epekto ng Pagkahulog at ginawang posible ang buhay na walang hanggan. Sinabi niya, "Napakahalagang…maunawaan ang Pagkahulog, na dahilan kung bakit kinailangan ang Pagbabayad-sala…na siyang misyon ng Panginoong Jesucristo."[1]

Si Pangulong Lee ay madalas na magpatotoo sa banal na misyon ng Tagapagligtas, na siyang nagpangyari na mailigtas tayo mula sa kamatayan at kasalanan. Ipinahayag niya: "Ang Anak ng Diyos. . .ay may kapangyarihang lumikha ng mga daigdig, at pangasiwaan ang mga ito. Pumarito Siya bilang Bugtong na Anak upang isakatuparan ang isang misyon, upang maging Kordero na pinatay bago itinatag ang sanlibutan, upang magdala ng kaligtasan sa buong sangkatauhan. Sa pag-aalay ng Kanyang buhay binuksan Niya ang pinto ng pagkabuhay na mag-uli at nagturo sa paraang matatamo natin ang buhay na walang hanggan, na ang ibig sabihin ay pagbalik sa kinaroroonan ng Ama at ng Anak. Iyan si Jesus sa lahat Niyang kadakilaan."[2]

Tinatalakay ng kabanatang ito ang Pagkahulog nina Adan at Eva, ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na nagtagumpay laban sa mga epekto ng Pagkahulog, at ang ating mga pananagutan kung tatanggapin natin ang buong pagpapala ng Pagbabayad-sala.



Ang ipinintang larawan ng Tagapagligtas ay paborito ni Pangulong Harold B. Lee
at nakasabit sa kanyang opisina.

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano nagawang posible ng Pagkahulog nina Adan at Eva ang mga biyaya ng mortalidad?

Sa sarili nilang kagustuhan at sa pagpili nila, kinain nina Adan at Eva ang bunga, na ipinagbawal sa kanilang kainin; kung kaya napasailalim sila sa batas ni Satanas. Sa pagsuway na iyon, malaya na ang Diyos na hatulan sila. Nalaman nila na maliban sa pagiging maawaing Ama ng Diyos, siya rin ay makatarungang Ama, at nang labagin nila ang batas, kinailangang tanggapin nila ang kaparusahan, kung kaya pinalayas sila sa magandang halamanan. Dinanas nila ang lahat ng malaking pagbabago na dumating sa tao magmula noon. Nalaman nila na dahil sa kanilang pagsuway ay natanggap nila ang kaparusahan ng makatarungang paghatol. Napilitan silang magtrabaho at magpawis upang may makain, sapagkat sila ay mga mortal na.

. . .Dalamhati, kalungkutan, kamatayan ang naging bunga nito, ngunit kasama ng dalamhating iyon na tulad ng sarili nating mga karanasan mula noon hanggang ngayon ay ang kaalaman at pang-unawa na hindi sana kailanman natamo kung walang pagdadalamhati. . . .

. . .Hindi lamang sina Adan at Eva ang naapektuhan ng pagbabagong dulot ng Pagkahulog, naapektuhan ng pagbabagong iyon ang buong kalikasan ng tao, ang lahat ng likas na nilikha, lahat ng hayop, halaman—lahat ng klase ng buhay ay nabago. Maging ang mundo ay napasailalim sa kamatayan. . . . Walang sinuman ang makapagpaliwanag kung paano nangyari iyon, at sinumang magtatangkang magpaliwanag ay lalampas sa anumang bagay na nasabi na sa atin ng Panginoon. Ngunit ang pagbabago ay lumaganap sa buong kaanyuan ng paglikha, na nang panahong iyon ay hindi pa napasailalim sa kamatayan. Mula noon ang lahat ng likas na nilikha ay unti-unting nanghina hanggang sa oras ng kamatayan nito, kung kailan kailangan ang pagpapanumbalik sa kalagayan na pagkabuhay na mag-uli. . . .

. . .Ang isa sa mga pinakadakilang pangangaral, isa sa pinakamaiiksing pangangaral na naibigay ng tao sa palagay ko, ay ibinigay ni Inang Eva. . . .

"Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga binhi, at kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkakatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin." [Moises 5:11.]

Kaya dapat lang na tulad ni Eva ay magalak tayo sa Pagkahulog, na nagpahintulot sa pagdating ng kaalaman ng mabuti at masama, na nagpahintulot sa pagparito ng mga tao sa mortalidad, na nagpahintulot ng kagalakan at pagtubos at buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat.

At si Adan na pinagpala ng kaloob ng Espiritu Santo ay, "pinapurihan ang Diyos at napuspos, at nagsimulang magpropesiya hinggil sa lahat ng mag-anak sa mundo, nagsasabing: Purihin ang pangalan ng Diyos, sapagkat dahil sa paglabag ko ang aking mga mata ay namulat, at sa buhay na ito ako ay makatatamo ng kagalakan, at muli sa laman aking makikita ang Diyos." [Moises 5:10.]. . .

Nawa'y ibigay sa atin ng Panginoon ang Kanyang pang-unawa sa dakilang biyayang dumating sa atin, at bigyang-karangalan natin sa ating mga isipan ang dakilang pamanang ibinigay sa atin nina Adan at Eva, na sa pamamagitan ng kanilang karanasang pumili sa sarili nilang kalooban, ay kinain nila ang bunga na nagbigay sa kanila ng mga binhi ng buhay na mortal at ibinigay sa atin, na kanilang mga inapo sa paglipas ng salinlahi, ang dakilang biyayang iyon kung saan tayo rin ay makatatanggap ng kagalakan sa ating pagkatubos, at sa ating laman ay makikita ang Diyos at magkakaroon ng buhay na walang hanggan.[3]

---

## Paano napagtatagumpayan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang mga epekto ng Pagkahulog?

Pinalayas ng Panginoong Diyos si Adan mula sa Halamanan ng Eden dahil sa kanyang pagsuway. Dumanas siya ng espirituwal na kamatayan. . . . Subalit masdan sinasabi Ko sa inyo na ipinangako ng Panginoong Diyos kay Adan na siya ay hindi mamamatay sa temporal na kamatayan hanggang sa Siya ay magpadala ng mga anghel upang magpahayag ng pagsisisi sa pangalan ng Kanyang Bugtong na Anak nang sa pamamagitan ng Kanyang ka-

matayan ay maibangon siya sa buhay na walang hanggan [tingnan sa D at T 29:41–43]. . . . Nang mapalayas si Adan sa Halamanan ng Eden, dumanas siya ng espirituwal na kamatayan, na pagkawalay sa malapit na kaugnayan sa kinaroroonan ng Panginoon.[4]

Bakit ipinadala ang Tagapagligtas sa sanlibutan? Sinagot mismo ng Panginoon ang tanong na iyon noong Kanyang ministeryo nang sabihin niyang: "Sapagkat hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanlibutan upang hatulan ng sanlibutan; kundi upang ang sanlibutan ay maligtas sa pamamagitan niya" [Juan 3:17]. . . .

Maligtas mula sa ano? Matubos mula sa ano? Una, maligtas mula sa kamatayang mortal sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli mula sa kamatayan. Ngunit sa isang banda nailigtas din tayo ng kanyang nakapagbabayad-salang sakripisyo. Naligtas tayo mula sa kasalanan.[5]

Sa Banal sa mga Huling Araw, ang kaligtasan ay nangangahulugan ng paglaya mula sa pagkaalipin at mga bunga ng kasalanan dahil sa banal na kalayaan, kaligtasan mula sa kasalanan at walang hanggang kaparusahan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Sa palagay ko wala ng iba pang lugar kung saan magkakaroon tayo ng mas mainam na talakayan ng plano ng Pagbabayad-sala maliban sa isinulat ni Jacob, tulad ng matatagpuan sa Aklat ni Mormon, 2 Nephi, ika-9 na kabanata. Dahil dito tinatawagan ko ang inyong pansin at hinihimok kayong paulit-ulit na basahing mabuti ang napakahalagang paliwanag na iyon:. . .

"O ang kadakilaan ng awa ng ating Diyos, ang Banal ng Israel! Sapagkat iniligtas niya ang kanyang mga banal mula sa kakila-kilabot na halimaw, ang diyablo, at kamatayan, at impiyerno, at doon sa lawa ng apoy at asupre, na walang katapusang pagdurusa.

"O kay dakila ng kabanalan ng ating Diyos! Sapagkat nalalaman niya ang lahat ng bagay, at walang anumang bagay na hindi niya alam.

"At siya ay paparito sa sanlibutan upang mailigtas ang lahat ng tao kung sila ay makikinig sa kanyang tinig; sapagkat masdan,

kanyang titiisin ang sakit ng lahat ng tao, oo, ang sakit ng bawat nilalang kapwa lalaki, babae, at mga bata, na kabilang sa maganak ni Adan.

"At titiisin niya ito upang ang pagkabuhay na mag-uli ay maganap sa lahat ng tao, upang ang lahat ay tumayo sa harapan niya sa dakila at araw ng paghuhukom.

"At kanyang inutusan ang lahat ng tao na kailangang sila'y magsisi, at mabinyagan sa kanyang pangalan, na may ganap na pananampalataya sa Banal ng Israel, o sila ay hindi maaaring maligtas sa kaharian ng Diyos.

"At kung hindi sila magsisisi at maniniwala sa kanyang pangalan, at mabibinyagan sa kanyang pangalan, at magtitiis hanggang wakas, sila ay tiyak na isusumpa; sapagkat ang Panginoong Diyos, ang Banal ng Israel, ang nagsalita nito." [2 Nephi 9:19–24.]. . .

Dito'y isinaad. . .ang pansariling kaligtasan, na dumarating sa bawat tao, na nakasalalay sa kanyang sariling pagkilos at sariling buhay. Ngunit tayo ay mayroon [ding] tinatawag na "pangkalahatang" [kaligtasan], na dumarating sa lahat ng tao, sila man ay mabuti o masama, mayaman o mahirap, noong nabubuhay pa sila—walang pagbabasbas. Ang lahat ay may mga pagpapala ng Pagbabayad-sala at mga pagpapala ng pagkabuhay na mag-uli na ibinigay sa kanila bilang libreng handog dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapaligtas. . . .

Ang mga pangunahing aral na ito, samakatwid, ay malinaw na nagsasaad na sa pamamagitan ng nakapagbabayad-salang kapangyarihan ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sapagkat—kung paanong kay Adan ang lahat ay nangamatay, gayundin naman kay Cristo ang lahat ay mabubuhay na walang itinatangi. Maging ang mga anak na lalaki ng kapahamakan na nakagawa ng walang kapatawarang kasalanan ay mabubuhay na mag-uli kasama ng iba pang mga inapo ni Adan. . . . Mayroon tayong pagpapahayag na ganyan sa Mga Saligan ng Pananampalataya: "Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo." [Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.][6]

**Paano nagpapahintulot sa atin ang pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at pagiging masunurin na tanggapin ang ganap na mga pagpapala ng Pagbabayad-sala?**

Ang katotohanan na ang kaalaman tungkol sa Tagapagligtas at sa kanyang banal na misyon ay napakahalaga ay binigyang-diin ng Panginoon sa isang pangyayari nang sabihin niya sa mga Fariseo na nakapalibot sa kanya, na lagi nilang ginagawa upang subuking ipahiya o linlangin siya, "Ano ang akala ninyo kay Cristo?" [Mateo 22:42.]. . .

Sa kanyang pagmiministeryo may mga [taong] hindi nananampalataya na nagpahayag tungkol sa Panginoon. Sa kanyang bayang-tinubuan sa Nasaret sinabi nila nang pakutya:

"Hindi baga ito ang anak ng karpintero? Hindi baga tinatawag na Maria ang kanyang ina? At sina Santiago, at Jose, at Simon, at Judas ang kanyang mga kapatid?. . . At sila ay nagalit sa kanya." [Mateo 13:55, 57.]. . .

Kasalungat nito,. . . ang kanyang matatapat na tagasunod gaya ni Pedro, ang namumuno sa mga apostol ay nagpahayag: "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos" (Mateo 16:16)—at mula sa kanyang matapat na si Marta, "Oo, Panginoon: sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos, na siyang paparito sa sanlibutan" (Juan 11:27). At mula sa isa pa niyang disipulo matapos na makita at mahawakan niya ang Nagbangong Panginoon, ginamit ni Tomas ang mga simpleng salitang ito upang ipahayag ang kanyang patotoo: "Aking Panginoon at aking Diyos"! [Juan 20:28.]. . .

Iniisip ko ngayon ang dalawang magkasalungat na pangyayari. Isang kaibigan ko ang nakatanggap ng isa sa mga nakapanlulumong balita: "Ikinalulungkot naming sabihin sa inyo na napatay sa digmaan ang inyong anak. Pumunta ako sa tahanan niya, at nakita ko roon ang nagdadalamhating mag-anak, nag-aangkin ng lahat ng bagay na mabibili ng salapi—kayamanan, katayuan, mga bagay na tinatawag ng sanlibutan na marangal, ngunit naroon sila na napapalibutan ng mga wasak na pag-asa at pangarap, naghahagilap ng isang bagay na hindi nila pinagsikapang matamo at mula sa sandaling iyon, ay tila hindi natamo. Ang kaaliwang nalaman sana nila noon ay wala roon.

Inihambing ko iyon sa tagpong nasaksihan ko sa LDS Hospital mga anim na buwan na ang nakalipas kung kailan isa sa mga minamahal naming matapat na pangulo ng misyon ay unti-unting naghihirap. Labis ang sakit na nadarama niya ngunit may galak sa puso niya sapagkat alam niya na madalas, ay sa paghihirap natututuhan ng mga tao ang pagsunod, at ang karapatan ng pakikipag-ugnayan sa kanya na nagdusa nang higit pa sa pagdurusang maaaring danasin ng sinuman sa atin. Nalalaman din niya ang kapangyarihan ng nagbangong Panginoon.

Ngayon dapat nating tanungin mismo ang ating sarili, bilang sagot sa itinanong ng Panginoon sa mga taong iyon noong kanyang kapanahunan, "Ano ang akala natin kay Cristo?" at sunod ay gawin nating mas personal at itanong, "Ano ang akala ko kay Cristo?" Iniisip ko ba siya bilang Manunubos ng aking kaluluwa? Iniisip ko ba nang walang pag-aalinlangan na siya ang nagpakita sa Propetang Joseph Smith? Naniniwala ba ako na itinatag niya ang Simbahang ito sa lupa? Tinatanggap ko ba siya bilang Tagapagligtas ng sanlibutan? Tapat ba ako sa aking mga tipan, na noon sa tubig ng pagbibinyag, kung aking nauunawaan, ay nangangahulugan na ako ay tatayo bilang saksi niya sa lahat ng panahon, at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar, saan man ako pumaroon, maging hanggang sa kamatayan?[7]

Bibiyayaan tayo ng Panginoon sa antas din ng pagsunod natin sa Kanyang mga kautusan. Sinabi ni Nephi:

"Sapagkat masigasig kaming gumagawa upang makasulat, upang hikayatin ang ating mga anak, at ang atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos; sapagkat nalalaman naming sa pamamagitan ng biyaya tayo maliligtas, sa kabila ng lahat ng ating magagawa." (2 Nephi 25:23.)

Maililigtas tayo ng dugo ng Tagapagligtas, ng Kanyang Pagbabayad-sala, ngunit pagkatapos lamang na magawa nating lahat sa abot ng ating makakaya na iligtas ang ating sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Ang lahat ng mga alituntunin ng ebanghelyo ay mga alituntunin na may pangako kung saan naipahayag sa atin ang mga plano ng Makapangyarihan.[8]

Dapat gawin ng bawat isa ang lahat ng makakaya niya upang iligtas ang kanyang sarili mula sa kasalanan; pagkatapos maaari na siyang umasa sa mga pagpapala ng pagkatubos sa pamamagitan ng Banal ng Israel, nang ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo.

Nagbayad-sala rin si Jesus hindi lamang para sa mga paglabag ni Adan kundi para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan. Ngunit ang pagkatubos mula sa kani-kanyang kasalanan ay nakasalalay din sa kani-kanyang pagsisikap, kung saan bawat isa ay hinahatulan alinsunod sa kanyang mga ginawa.

Nilinaw ng mga banal na kasulatan na bagaman mararanasan ng lahat ang pagkabuhay na mag-uli, yaon lamang sumusunod kay Cristo ang makatatanggap ng pinalawak na biyaya ng walang hanggang kaligtasan. Nagsasalita tungkol kay Jesus, ipinaliwanag ni Pablo sa mga Hebreo na "siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan ng lahat ng mga sumusunod sa kanya." (Mga Hebreo 5:9.). . .

Mapagkumbaba kong idinadalangin na higit na mauunawaang ganap ng mga tao saan man ang pagbabayad-sala ng Tagapagligtas para sa buong sangkatauhan, na nagbigay sa atin ng plano ng kaligtasan na aakay sa atin sa buhay na walang hanggan, kung saan ang Diyos at si Cristo ay nananahanan.[9]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Paano ninyo sasagutin ang tanong na "Ano ang akala ninyo kay Cristo?"
- Bakit tinukoy ang Tagaligtas bilang "Kordero na pinatay buhat nang itatag ang sanlibutan"? (Apocalipsis 13:8).
- Sa anu-anong paraan maituturing na kapwa biyaya at pagsubok ang Pagkahulog para kina Adan at Eva? Paano rin ito pinagmumulan ng kapwa kagalakan at kalungkutan para sa atin?
- Anu-anong uri ng kaalaman at pang-unawa ang matatamo lamang sa pamamagitan ng pagtitiis ng mga pagsubok at pakikibaka sa mortalidad?

- Ano ang espirituwal na kamatayan? Paano napagtagumpayan ang espirituwal na kamatayan?
- Anu-anong mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ang dumarating sa buong sangkatauhan bilang libreng handog? Ano ang dapat gawin ng bawat isa sa atin upang tamasahin ang lahat ng mga pagpapala ng Pagbabayad-sala?
- Ano ang itinuturo ng dalawang kuwento ni Pangulong Lee tungkol sa mga taong humarap sa kamatayan hinggil sa kahalagahan ng pananampalataya kay Jesucristo?
- Anu-anong karanasan sa buhay ninyo ang nakapagpalakas ng inyong patotoo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?
- Paano "umaakay sa atin sa buhay na walang hanggan, kung saan ang Diyos at si Cristo ay nananahanan" ang Pagbabayad-sala?

## *Mga Tala*

1. "Fall of Man," talumpati sa mga kawani sa seminary ar institute sa Brigham Young University, ika-23 ng Hunyo 1954, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 6.
2. Talumpating ibinigay sa debosyonal ng mga kabataan sa Long Beach, California, ika-29 ng Abr. 1973, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 24.
3. "Fall of Man," 15, 17, 19–20.
4. Talumpati sa kombensiyon ng seminary sa Jordan, ika-26 ng Peb. 1947, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
5. Sa Conference Report, Okt. 1956, 61.
6. "The Plan of Salvation," talumpati sa mga kawani sa seminary at institute sa Brigham Young University, ika-1 ng Hulyo 1954, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4–6.
7. Sa Conference Report, Okt. 1955, 54–56.
8. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 246.
9. "To Ease the Aching Heart," *Ensign*, Abr. 1973, 5.

# Ang mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo

*Paano tayo higit na mamumuhay nang tapat sa pagsunod sa mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo at magtitiis hanggang wakas?*

## Pambungad

Ang maging dalisay at banal sa buhay at pagkatao ay ang hangarin ng lahat ng tapat na Banal sa mga Huling Araw. Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee na ang daan sa kadalisayan at kabanalan ay ang pagtanggap sa pangunahing apat na alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo—pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, pagbibinyag, at pagtanggap ng kaloob ng Espiritu Santo—at kasunod ang pagtitiis hanggang wakas sa pagsunod sa lahat ng mga kautusan ng Diyos. Sabi niya:

"Ang mga batas ng Diyos na ibinigay sa sangkatauhan ay nakapaloob sa plano ng ebanghelyo, at ang Simbahan ni Jesucristo ang may pananagutan na ituro ang mga batas na ito sa sanlibutan. Ibinigay ito ng ating Ama sa Langit para sa isa lang layunin, na kayong pinamamahalaan ng batas ay mangyaring mapangalagaan din ng batas at gawing ganap at pabanalin ng gayon din (tingnan sa D at T 88:34). Ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos sa atin ay ang kaloob na kaligtasan sa Kanyang kaharian."[1]

Itinuro rin niya, "Ang kaalaman tungkol sa Diyos at kay Jesus, na Kanyang Anak, ay mahalaga sa buhay na walang hanggan, ngunit ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ay dapat mauna bago ang pagtatamo ng kaalaman o karunungang iyan."[2]

Ang kabanatang ito ay magtuturo rin kung paano ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo at ang pagti-

tiis hanggang sa wakas sa pamamagitan ng kabanalan ay magaakay sa atin tungo sa buhay na walang hanggan.

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Ano ang pananampalataya, at paano tayo ginagabayan nito sa pagsisikap nating matanggap ang buhay na walang hanggan?

Ang pananampalatayang isinasagawa sa relihiyon ay ang saligang alituntunin nito at tunay na pinagmumulan ng lahat ng kabutihan na gumagabay sa tao sa kanyang pagsisikap na matamo ang buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Nakasentro ito sa Diyos na sa pamamagitan ng pananampalataya ay kinikilala bilang pinagmumulan ng lahat ng kapangyarihan at lahat ng karunungan sa sansinukob at siyang karunungang namamahala sa "lahat ng bagay na nakikita o hindi nakikita na naglalarawan ng kanyang karunungan." Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos kung gayon, kayo rin. . .ay makaaayon sa Walang Hanggan at sa pamamagitan ng kapangyarihan at karunungang natamo, mula sa inyong Ama sa Langit magagamit ninyo ang mga kapangyarihan ng sansinukob upang matulungan kayo nito sa paglutas ng mga suliraning napakabigat para sa inyong lakas o pang-unawa.

Paano [tayo] magkakaroon ng ganitong pananampalataya? Ang kasagutan ay sa pamamagitan ng pag-aaral, pagtatrabaho at pananalangin. Itinanong ito ni Apostol Pablo, "Paano silang magsisisampalataya sa kanya na hindi nila napakinggan? at paano sila makikinig na walang tagapangaral?" (Roma 10:14.) Dapat natin isagot na hindi nila kaya. Kung gayon dumarating lang ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagdinig sa salita ng Diyos mula sa mga mangangaral ng katotohanan. Ang pangangaral ng katotohanan hinggil sa Diyos at sa kanyang mga layunin ay inihahambing sa pagtatanim ng binhi. Upang magsimulang sumibol at tumubo ang isang mabuting binhi sa inyong puso, kailangan ang mga kondisyong ito: Una, ito ay nakatanim sa mayaman, matabang lupa ng katapatan at tunay na hangarin; pangalawa, ito ay binubungkal sa pamamagitaan ng masigasig na pag-aaral at pagsasaliksik; at pangatlo, ito ay magiliw na dinidili-

gan ng espirituwal na "hamog" at pinaiinitan ng mga sinag ng inspirasyon na nagmumula sa mapagkumbabang panalangin. Ang pag-ani mula sa gayong pagtatanim ay dumarating lang sa taong kumikilos ayon sa mga katotohanang natutuhan niya at binabago ang kanyang buhay na makasalanan at pinupuno ang kanyang mga araw nang may layuning sundin ang mga kautusan ng Diyos na kanyang sinasampalatayanan, at paglingkuran ang kanyang kapwa.[3]

Sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga kautusan ng dekalogo mula sa Bundok ng Sinai ay nabago mula sa pagiging bukambibig lang ng isang pilosopo tungo sa pagiging isang umuugong na tinig ng kapangyarihan mula sa itaas, at ang mga turo ng mga propeta ay naging ipinahayag na salita ng Diyos na gagabay sa atin patungo sa ating tahanang Selestiyal. . . . Sa pamamagitan ng pananampalataya mauunawaan natin na anumang bagay sa buhay na nakapag-aambag sa pamantayan ni Jesus na "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal" [Mateo 5:48] ay para sa ating kabutihan at walang hanggang kapakinabangan kahit na nga ang paghubog na iyon ay maaaring samahan ng matinding parusa ng pinakamarunong na Diyos, "Sapagkat pinarurusahan ng Panginoon ang kanyang iniibig, at pinahihirapan ang bawat tinatanggap na anak." [Mga Hebreo 12:6.][4]

Dapat matutuhan ng bawat anak na ang sapat na pananampalataya na makapagpapakasakdal ay matatamo lamang sa pamamagitan ng sakripisyo at kung hindi niya matututuhang isakripisyo ang kanyang mga hilig at [pisikal] na hangarin upang makasunod sa mga batas ng Ebanghelyo, hindi siya mapapabanal at madadakila sa harapan ng Panginoon.[5]

---

### Bakit kailangan ang araw-araw na pagsisisi?

Upang mapalago ang kabutihan dapat na linangin at gamitin ito palagi, at upang tunay na maging mabuti kinakailangan ang araw-araw na pagputol ng paglaki ng kasamaan sa ating pagkatao sa pamamagitan ng araw-araw na pagsisisi mula sa kasalanan. . . .

Ngayon anu-anong hakbang ang dapat gawin sa pagtahak sa landas ng pagsisisi nang sa gayon ay maging karapat-dapat sa kapatawaran ng Diyos, sa pamamagitan ng pagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoon, at ang mga pribilehiyo ng buhay na walang hanggan sa darating na daigdig? Ang pinakamarunong na Ama, na nakita na noon pa man na may ilang magkakasala at kakailanganin ng lahat na magsisi, ay ibinilang sa mga turo ng kanyang ebanghelyo at sa pamamagitan ng kanyang Simbahan ang plano ng kaligtasan na nagsasaad ng malinaw na landas ng pagsisisi.

Una, yaong mga nagkasala ay dapat aminin ito. "Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon." (D at T 58:43.) Ang pag-aming iyan ay dapat munang gawin sa kanya na siyang nasaktan nang labis sa iyong ginawa. Ang matapat na pag-amin ay hindi lamang pag-amin ng kasalanan matapos na maihayag na ang katibayan. Kung ikaw ay "nagkasala sa marami nang lantaran," ang pag-amin mo ay dapat gawin nang lantaran at sa harapan ng iyong pinagkasalanan upang maipakita mo ang iyong kahihiyan at kapakumbabaan at kahandaang tumanggap ng nararapat na kaparusahan. Kung ang ginawa mo ay palihim at nagdulot ng kapinsalaan sa iyo at wala ng iba, dapat na umamin ka nang palihim, nang ang iyong Ama na nakikinig sa iyo nang lihim ay bukas kang gagantimpalaan. Ang mga hakbang na maaaring makaapekto sa katayuan mo sa Simbahan, o sa iyong mga karapatan at pribilehiyo o pagsulong sa Simbahan, ay dapat aminin kaagad sa obispo na siyang hinirang ng Panginoon bilang pastol sa bawat kawan at inatasang maging pangkalahatang hukom ng Israel. Maaaring dinggin niya ang gayong pag-amin nang palihim at suriin ito nang may katarungan at awa, ayon sa hinihingi ng bawat pagkakataon. . . . Kasunod ng pag-amin, dapat ipakita ng nagkasala ang mga bunga ng kanyang pagsisisi sa pamamagitan ng mabuting gawa na makahihigit sa masasamang gawa. Dapat niyang gawin ang nararapat na pagsasauli hanggang sa abot ng kanyang makakaya upang maibalik yaong nawala o ayusin ang pinsalang kanyang nagawa. Siya na nagsisisi ng kanyang mga kasalanan at

tatalikdan ang mga ito, at hindi na gagawin pang muli ang mga ito, ay may karapatan sa pangako ng kapatawaran ng kanyang mga kasalanan, kung hindi siya nakagawa ng walang kapatawarang kasalanan, tulad ng ipinahayag ng Propetang Isaias, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay tila matingkad na pula, ang mga ito ay magiging kasingputi ng niyebe; bagaman ang mga ito ay tila pula kagaya ng krimson, ang mga ito ay magiging tila balahibo ng tupa." (Isaias 1:18.)[6]

Aminin natin ito. Lahat tayo ay nakagawa ng isang bagay na hindi natin dapat ginawa, o hindi natin nagawa ang mga bagay na dapat sana nating ginawa. Kung gayon lahat tayo ay nakagagawa ng mga pagkakamali, at lahat tayo ay kailangang magsisi. Pinapaniwala sa inyo ng matandang diyablo na kung nakagawa kayo ng isang kasalanan, bakit hindi na lang kayo magpatuloy sa paggawa ng kasalanan? Iyan si Satanas na pinipilit sabihin sa inyo na walang pagkakataong makabalik. Ngunit dapat ninyong ibaling ang inyong sarili sa tama, at sa pamamagitan ng pagsisisi ay iwasan ang maling bagay na ginawa ninyo at huwag nang balikan pa ito. Sinabi ng Panginoon, "Humayo [kayo sa inyong mga lakad] at huwag nang magkasala pang muli; subalit sa yaong kaluluwa na nagkasala [nangangahulugang muli] ay magbabalik ang dating kasalanan, wika ng Panginoong iyong Diyos" (D at T 82:7).[7]

Ngayon, kung may nagawa kayong mga pagkakamali, simulan ninyo ngayon ang pagbabago sa inyong mga buhay. Iwasan ang maling bagay na ginagawa ninyo. Ang pinakamahalaga sa lahat ng mga kautusan ng Diyos ay yaong pinakamahirap ninyong masunod ngayon. Kung ito ay ang di pagiging tapat, kung ito ay kawalan ng kalinisang-puri, kung ito ay panlilinlang, hindi pagsasabi ng katotohanan, ngayon ang araw na dapat ninyong iwasan iyan hanggang sa tuluyan ninyong mapaglabanan ang kahinaang iyon. Gawin iyan nang wasto, at pagkatapos ay simulan ninyo ang susunod na pinakamahirap ninyong masunod. Iyan ang paraan ng pagpapakabanal sa inyong sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.[8]

### Bakit ang pagbibinyag ay kinakailangang paghahanda sa pagharap sa Diyos?

Nang lumusong tayo sa tubig ng pagbibinyag, tayo ay nakipagtipan sa Panginoon na gagawin natin ang lahat ng ating makakaya upang masunod ang mga kautusan ng Diyos, na may pag-uunawa na ibibigay sa atin ng Panginoon ang mga pangako at ang Kanyang kaluwalhatian ay idaragdag sa atin magpakailanman, at ating pahihintulutan na maisaayos ang ating mga buhay upang tayo ay magsisilbing mga saksi ng Diyos sa lahat ng lugar hanggang sa kamatayan. [Tingnan sa Mosias 18:8–10.] Iyan ang tipan na ginawa natin noong tayo ay mabinyagang miyembro ng Simbahang ito.[9]

Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan. . .ay para sa taong sumapit na sa gulang ng pananagutan, isang kinakailangang paghahanda para sa pagharap sa Diyos. Sa pamamagitan nito kayo nagiging" mga anak ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo. Sapagkat ang lahat na sa inyo na nabinyagan kay Cristo ay napagtagumpayan si Cristo," (Galacia 3:26–27) o sa ibang salita sa pamamagitan ng pagbibinyag ay natanggap ang "kapangyarihang maging mga anak na lalaki at babae ng Diyos." [Tingnan sa Mosias 5:7.] Sa pamamagitan ng paraang ito ninyo maiaangkop ang inyong sarili sa nagbayad-salang dugo ni Cristo, upang makatanggap kayo ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan, at mapadalisay ang inyong puso. [Tingnan sa Mosias 4:2.] Upang maging karapat-dapat sa kapatawarang iyon matapos mabinyagan, dapat kayong magpakumbaba at tumawag sa Panginoon araw-araw at lumakad nang masigasig sang-ayon sa mga itinuturo ng ebanghelyo. . . .

. . .Tanging ang mga nagsisisi at nabinyagan para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan ang makaaasa ng ganap na biyaya ng mapantubos na dugo ng kanyang pagbabayad-sala.

Ang Tagapagligtas mismo ay bininyagan ni Juan Bautista, tulad nang sinabi Niya, "upang tuparin ang lahat ng kabanalan." (Mateo 3:15.) Kung ito ay nararapat sa Kanya, ano naman ang sa

atin? Sinabi kay Nicodemo: "Maliban na ang tao ay ipanganak sa tubig at sa Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos." (Juan 3:5.) Malinaw na ipinahiwatig ng Panginoon ang dahilan kung bakit dapat ang pagbibinyag na Kanyang itinuro.

"At walang maruming bagay ang makakapasok sa kanyang kaharian; anupa't walang makakapasok sa kanyang kapahingahan maliban sa mga yaong nahugasan ang kanilang mga kasuotan ng aking dugo, dahil sa kanilang pananampalataya, at sa pagsisisi ng lahat ng kanilang mga kasalanan, at sa kanilang katapatan hanggang sa wakas." (3 Nephi 27:19.)

Iyan ang dahilan kung bakit pinayuhan ni Pedro ang mga nakikinig sa kanya, "Mangagsisi, at magpabinyag ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." (Mga Gawa 2:38.) Sapagkat sa pamamagitan ng pagbibinyag ng isang nagtataglay ng karapatan, tunay ngang ang tumatanggap ay masasabing naghugas ng kanyang kasuotan sa dugo ng Anak ng Diyos, na nagbayad-sala sa mga kasalanan ng lahat ng tatanggap sa Kanya at pumapasok sa pintuan ng pastol ng mga tupa, sa pamamagitan ng pagbibinyag. "Subalit kung sila ay hindi magsisisi," ang malinaw na pahayag ng Tagapagligtas, "sila ay kinakailangang magdusa kagaya Ko." (D at T 19:17.)[11]

---

## Paano tayo ginagabayan ng Espiritu Santo tungo sa kinaroroonan ng Panginoon?

Bawat nabinyagang miyembro ay napatungan na ng mga kamay at ang mga elder, matapos na mapagtibay siya bilang miyembro ng Simbahan, ay sinasabing, "Tanggapin ang Espiritu Santo." Pagkatapos marahil ay inuulit nila ang mga salitang binigkas ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo nang sabihin Niya sa mga ito ang tungkol sa Taga-aliw o Espiritu Santo, na darating: Magpapaalala ito sa inyo ng lahat ng bagay. Magtuturo ito sa inyo ng lahat ng bagay. Magpapakita ito sa inyo ng lahat ng bagay na darating. [Tingnan sa Juan 14:26;16:13.] Kaya kung kayo ay pinagtitibay ko bilang miyembro ng Simbahan, igagawad ko sa inyo ang kaloob na Espiritu Santo, na magiging lampara sa in-

yong mga paa at gabay sa inyong landas, na magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay, at magpapaalala sa inyo ng lahat ng bagay at magpapakita sa inyo ng mga bagay na darating.[12]

Sinabi ng Panginoon: "At ito ang aking ebanghelyo—pagsisisi at pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig, at pagkatapos ay darating ang pagbibinyag ng apoy at Espiritu Santo, maging ang Tagaaliw, na nagpapakita ng lahat ng bagay, at nagtuturo ng mga mapayapang bagay ng kaharian." (D at T 39:6.)

Kapag nasa isang tao ang kaloob ng Espiritu Santo, nasa kanya ang kinakailangan upang ipahayag sa kanya ang bawat alituntunin at ordenansa ng kaligtasan na patungkol sa tao rito sa mundo.[13]

Naaangkop na sabihin na kapag ang isang tao ay nabinyagan ng tubig at tinatanggap ang mga pagpapala ng Espiritu sa pamamagitan ng papapatong ng mga kamay, na ito ay isang bagong pagsilang. Ito ay isang bagong pagsilang sapagkat siya ay kinuha mula sa espirituwal na kamatayang iyon patungo sa kinaroroonan ng isa sa Panguluhang Diyos, maging ang Espiritu Santo. Kaya nga sinasabi namin sa inyo "Tanggapin ang Espiritu Santo" noong kayo ay pinagtibay. Ang kaloob na iyon ay ibinibigay sa matapat na naniniwala at umaasang matamo ang pagpapalang iyon, ang karapatang makasama ang isa sa Panguluhang Diyos upang mapagtagumpayan ang espirituwal na kamatayang iyon.[14]

Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog ay sumasagisag sa kamatayan at paglilibing ng makasalanang tao; at ang pagahon mula sa tubig, ay ang pagkabuhay na mag-uli sa isang bagong espirituwal na buhay. Pagkatapos ng pagbibinyag, ang mga kamay ay ipinapatong sa ulo ng naniniwalang nabinyagan, at siya ay binasbasan upang matanggap ang Espiritu Santo. Sa gayon natatanggap ng bininyagan ang pangako o kaloob ng Espiritu Santo, o ang pribilehiyong maibalik na muli sa kinaroroonan ng isa sa Panguluhang-Diyos; sa pamamagitan ng pagsunod at sa kanyang katapatan, ang isang lubos na pinagpala ay maaaring makatanggap ng paggabay at patnubay ng Espiritu Santo sa araw-araw niyang paglakad at pagsasalita, tulad din noong nakasama at nakausap ni Adan ang Diyos sa Halamanan ng Eden, ang kanyang Ama sa Langit. Ang makatanggap ng gayong

paggabay at tagubilin mula sa Espiritu Santo ay tulad ng pagiging espirituwal na isinilang muli.[15]

Sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo—pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag, at pagtanggap ng Espiritu Santo, kung saan ang lahat ng kapangyarihan ay maihahayag— masisimulan nating maunawaan kung ano ang maaaring gustong sabihin ni Propetang Joseph Smith nang sa isang pagkakataon ay tinanong siya kung bakit kakaiba ang simbahang ito sa ibang simbahan—sapagkat mayroon tayong Espiritu Santo. [Tingnan sa *History of the Church*, 4:42.] Dahil nasa atin ang kapangyarihan kung saan ang lahat ng bagay ay maihahayag, naririto ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay maitatatag.[16]

---

### Paano tayo makapagtitiis hanggang sa wakas?

Anu-ano ang mga batas at ang paraan na matatanggap natin [ang pagpapala ng selestiyal na kaluwalhatian]? Una, mayroon tayong pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo—pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag, at ang Espiritu Santo; at sa kaharian ng Diyos ay may mga batas na nagtuturo sa atin ng landas patungo sa pagiging perpekto. Sinumang miyembro ng Simbahan na natutuhang ipamuhay nang perpekto ang bawat isa sa mga batas na ito na nasa kaharian ay natututuhan ang landas patungo sa pagiging perpekto. Walang miyembro ng Simbahang ito ang hindi makapamumuhay ng batas, sa perpektong paraan. Matututo tayong lahat na makipag-usap sa Diyos sa panalangin. Matututuhan nating lahat na ganap na ipamuhay ang Salita ng Karunungan. Matututuhan nating lahat na mapanatiling banal ang araw ng Pangilin, nang perpekto. Matututuhan nating lahat na ganap na tuparin ang batas ng pag-aayuno. Alam natin kung paano ganap na masusunod ang batas ng kalinisang-puri. Ngayon habang pinag-aaralan nating masunod nang perpekto ang isa sa mga batas na ito tayo mismo ay nasa landas na ng pagiging perpekto.[17]

Maaaring tanungin ninyo ako, paano pinapabanal ng isang tao ang kanyang sarili, at gagawing dakila ang kanyang sarili upang maging handa siya na lumakad sa kinaroroonan ng

Panginoon?. . . Sinasabi ito ng Panginoon, "At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na yaong pinamamahalaan ng batas, ay pinangangalagaan din ng batas at ginagawang ganap at pinapabanal ng gayon din" (D at T 88:34). Anong batas? Ang mga batas ng Panginoon tulad nang nakapaloob sa ebanghelyo ni Jesucristo, kung saan ang pagsunod sa mga batas at ordenansang ito ay ang paraan upang tayo ay mapadalisay at mapabanal. Ang pagsunod sa bawat batas na ibinigay sa atin ng Panginoon ay isang hakbang palapit sa pagtanggap ng karapatang makapasok balang-araw sa kinaroroonan ng Panginoon.

Ibinibigay niya sa atin sa isa pang pahayag ang pormula kung saan maihahanda natin ang ating sarili sa paglipas ng mga taon. "Katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon: Ito ay mangyayari na ang bawat kaluluwa na tatalikod sa kanyang mga kasalanan at lalapit sa akin, at tatawag sa aking pangalan, at susunod sa aking tinig, at susunod sa aking mga kautusan, ay makikita ang aking mukha at malalaman na ako na nga" (D at T 93:1) Simple, di ba? Ngunit makinig muli. Ang dapat lamang ninyong gawin ay talikuran ang inyong mga kasalanan, lumapit sa Kanya, tumawag sa Kanyang pangalan, sundin ang Kanyang tinig, at tuparin ang Kanyang mga kautusan, at pagkatapos ay makikita ninyong muli ang Kanyang mukha at makikilala na Siya nga.[18]

Ito ang gawain ng Panginoon at kapag nagbibigay siya ng kautusan sa mga anak ng tao, naghahanda siya ng paraan upang maisagawa ang kautusang iyan. Kung gagawin ng kanyang mga anak ang lahat ng makakaya nila upang tulungan ang kanilang sarili, sa gayon pagpapalain ng Panginoon ang kanilang mga pagsisikap.

. . .Inaasahan ng Panginoon na gagawin natin ang lahat upang iligtas ang ating sarili, at. . .matapos na magawa natin ang lahat upang iligtas ang ating sarili, ay maaari na tayong makaasa sa mga awa ng biyaya ng ating Ama sa Langit. Ibinigay niya ang kanyang Anak upang sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo ay maaari nating matamo ang ating kaligtasan, ngunit ito ay mangyayari lamang kapag nagawa na nating lahat ang makakaya natin para sa ating mga sarili.[19]

Binibigyan tayo ng Panginoon, ang bawat isa, ng madadalang lampara, ngunit kung may langis man o wala sa ating mga lampara ay nakasalalay na sa bawat isa sa atin. Sundin man natin o hindi ang mga kautusan at maglagay ng kinakailangang langis upang ilawan ang ating landas at gabayan tayo sa ating landas ay nakasalalay na sa bawat isa sa atin. Hindi natin mahihiram ang pagiging miyembro ng Simbahan. Hindi natin mahihiram ang isang tanyag na ninuno. May langis man tayo o wala sa ating mga lampara, inuulit ko, nakasalalay ito sa bawat isa sa atin; ito ay masusukat sa katapatan natin sa pagsunod sa mga kautusan ng Buhay na Diyos.[20]

Lahat ng alituntunin ng ebanghelyo at lahat ng ordenansa ng ebanghelyo ay mga paanyaya lamang na matutuhan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga turo nito. Ganyan ang mga ito—mga paanyaya na lumapit at isagawa ito upang malaman ninyo. . . . Tila malinaw na sa akin na masasabi nating mabuti, na kailanman ay hindi natin tunay na malalaman ang alinman sa mga turo ng ebanghelyo hangga't hindi natin nararanasan ng bawat isa sa ating ang mga ito sa pamamagitan ng pamumuhay sa mga ito. Sa madaling salita, natutuhan natin ang ebanghelyo sa pamumuhay nito.[21]

Ang pinakadakilang mensahe ng isang taong nasa katayuang ito na maibibigay sa mga miyembro ng Simbahan ay ang sundin ang mga kautusan ng Diyos, sapagkat dito nakasalalay ang kaligtasan ng Simbahan at ang kaligtasan ng indibiduwal. Sundin ang mga kautusan. Wala na akong ibang masasabi na higit na makapangyarihan o mahalagang mensahe ngayon.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Paano tayo magkakaroon ng mas matibay na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo? Paano nakatutulong sa atin ang pananampalataya na ipamuhay ang mga kautusan sa halip na di ito gaanong pahalagahan? Kailan nakatulong sa inyo ang pananampalataya sa Diyos na harapin ninyo ang "mga suliraning napakabigat para sa inyong lakas o talino"?

- Bakit mahalaga ang pagtatapat sa proseso ng pagsisisi? Bakit kailangan nating simulan ngayon na magsisi ng ating mga kasalanan at baguhin ang ating buhay, sa halip na maghintay pa ng ibang araw?
- Paano natin "mailalarawan ang paghugas ng [ating] mga kasuotan sa dugo ng Anak ng Diyos"?
- Sang-ayon kay Pangulong Lee, paano nakakatulong sa atin ang pagtanggap ng kaloob ng Espiritu Santo sa pagtatagumpay sa espirituwal na kamatayan? Ano ang magagawa natin upang higit na mapasaatin ang patnubay ng Espiritu Santo sa ating "araw-araw na paglalakad at pananalita"?
- Ano ang itinuturo ng Doktrina at mga Tipan 93:1 tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa mga kautusan hanggang sa wakas?
- Paano nakatutulong ang pamumuhay sa isang partikular na turo ng ebanghelyo upang inyong malaman na ito ay totoo?

## *Mga Tala*

1. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 19.
2. " 'And This Is Life Eternal,' " *Relief Society Magazine*, Abr. 1950, 225.
3. *Decisions for Successful Living* (1973), 75–76.
4. " 'Put on the Whole Armor of God,' " *Church News*, Ika-30 ng Mayo 1942, 8.
5. "For Every Child, His Spiritual and Cultural Heritage," *Children's Friend*, Ago. 1943, 373.
6. *Decisions for Successful Living*, 94, 98–99.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 115.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 82.
9. Talumpati sa Mutual Improvement Association, 1948, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 5.
10. *Decisions for Successful Living*, 116, 118.
11. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 316–17.
12. Talumpati sa kumperensiya ng kabataan sa Billings, Montana, ika-10 ng Hunyo 1973, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4.
13. *Stand Ye in Holy Places*, 51.
14. Talumpati sa kombensyon ng seminary, ika-26 ng Peb. 1947, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mg Huling Araw, 5.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 95.
16. Talumpati sa seminar ng mga bagong pangulo ng misyon, ika-29–30 ng Hunyo 1972, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mg Huling Araw, 5.
17. Talumpati sa komperensiya ng distrito sa Lima, Peru, ika-1 ng Nob. 1959, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mg Huling Araw, 6– 7.
18. *The Teachings of Harold B. Lee*, 166; idinagdag na talata.
19. Sa Conference Report, Munich Germany Area Conference 1973, 7.
20. Sa Conference Report, Okt. 1951, 30.
21. "Learning the Gospel by Living It," talumpati sa ika-52 taunang komperensiya ng Primary, ika-3 ng Abr. 1958, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mg Huling Araw, 3.
22. *Ensign*, Ago. 1972, pabalat sa likod.

# Pamumuhay sa Liwanag ng Patotoo

*Paano natin mapaniningning ang liwanag ng ating patotoo tungo sa "tiyak na kaliwanagan"?*

## Pambungad

Sa loob ng mahigit na 32 taon, si Pangulong Harold B. Lee ay isang natatanging saksi ng Tagapagligtas na si Jesucristo. Nagpatotoo siya, "Nang buong kataimtiman, at nang buo kong kaluluwa, nagpapatotoo ako sa inyo na alam ko na si Jesus ay buhay, na siya ang Tagapagligtas ng sanlibutan."[1]

Sa kanyang pagsasalita tungkol sa paraan ng pagkakaroon ng patotoo, sinabi niya:

"Dinalaw ako minsan ng isang batang paring Katoliko na dumating kasama ang isang misyonero ng istaka mula sa Colorado. Tinanong ko kung bakit siya pumunta, at sumagot siya, 'Pumunta ako upang makita ka.'

" 'Bakit?' tanong ko.

"Sabi niya, 'Matagal na akong nagsasaliksik tungkol sa ilang konsepto na hindi ko matagpuan. Pero palagay ko nakikita ko na ito ngayon sa komunidad ng Mormon.'

"Humantong iyon sa kalahating oras na pag-uusap. Sabi ko sa kanya, 'Padre, kapag nagsimulang sabihin sa iyo ng puso mo ang mga bagay na hindi alam ng isip mo, samakatwid napapasaiyo ang Espiritu ng Panginoon.'

"Ngumiti siya at nagsabing, 'Palagay ko nangyayari na iyan sa akin.'

"Kung gayon huwag mo nang patagalin pa,' ang sabi ko sa kanya.

"Ilang linggo pagkalipas noon nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula sa kanya. Sabi niya,' Sa susunod na Sabado ay bi-

binyagan na ako bilang miyembro ng Simbahan, dahil nagsabi sa akin ang puso ko ng mga bagay na hindi alam ng isip ko.'

"Siya ay nagbalik-loob. Nakita niya ang dapat niyang makita. Narinig niya ang dapat niyang marinig. Naunawaan niya ang dapat niyang maunawaan, at mayroon siyang ginagawa ukol dito. Mayroon siyang patotoo."[2]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Ano ang Patotoo?

Ang patotoo ay simple lang ipaliwanag. Ito'y banal na paghahayag sa taong may pananampalataya. Binanggit din ng mang-aawit (psalmist) ang gayong kaisipan: ". . .ang patotoo ng Panginoon ay tunay. . . ." (Mga Awit 19:7.) Ipinahayag ni Apostol Pablo, ". . .walang sinumang makapagsasabi [ o makaaalam] na si Jesus ay ang Panginoon, kundi sa pamamagitan ng Espiritu Santo." [1 Corinto 12:3.] Itinuro pa ng mga propeta na kung kayo ay "magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. At sa pamamagitan ng Espiritu Santo malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay." (Moroni 10:4–5.). . .

Buhay ang Diyos! Si Jesus ang Tagapagligtas ng sanlibutan! Ang ebanghelyo ni Jesucristo tulad nang nakapaloob sa kabuuan ng mga sinauna at makabagong kasulatan ay totoo! Nalalaman ko ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagsaksi ng Espiritu sa aking espiritu.[3]

Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang isa kong karanasan sa isa sa aming tagapangasiwa sa negosyo. Ang asawa niya at mga anak ay miyembro, ngunit siya'y hindi. . . Sinabi niya sa akin, "hindi ako makakasapi sa Simbahan hangga't wala akong patotoo." Sabi ko sa kanya, "Sa susunod na pumunta ka sa Salt Lake, tumuloy ka at dalawin mo ako." Sa aming pag-uusap pagkaraan ng aming pagpupulong sa negosyo ilang linggo pagkaraan noon ay sinabi ko sa kanya, "Ewan ko kung natatanto mo kung may patotoo ka o wala; o kung alam mo kung ano ang patotoo." Kung kaya't ninais niyang malaman kung ano ang pa-

totoo. Sinagot ko siya nang ganito, "Kapag dumating na ang panahon na sinasabi ng puso mo ang mga bagay na hindi alam ng isip mo, iyan ang Espiritu ng Panginoon na nagdidikta sa iyo." At pagkatapos sinabi ko, "Sa pagkakakilala ko sa iyo, may mga bagay na alam mo sa puso mo na totoo." Walang anghel na tatapik sa balikat mo at magsasabi sa iyo na ito ay totoo." Ang Espiritu ng Panginoon ayon na rin sa sinabi ng Guro ay: "Umiihip ang hangin kung saan niya ibig, at maririnig mo ang kanyang tunog, ngunit hindi mo masasabi kung saan ito nanggagaling at kung saan ito paroroon; gayon din ang bawat isa na ipinanganak ng Espiritu" (Juan 3:8). Kaya sinabi ko sa kaibigan kong tagapangasiwa ng negosyo: "Ngayon, tandaan mo, hindi darating sa kagilagilalas na paraan ang iyong patotoo, ngunit kapag dumating ito, babasain ng mga luha ng kagalakan ang iyong unan sa gabi. Malalaman mo, mahal kong kaibigan, kapag dumating ang patotoong iyon."[4]

Pinatototohanan ko sa inyo na alam kong buhay ang Tagapagligtas, na ang pinakamabisang saksi na mapapasainyo na Siya ay buhay ay darating kapag nagbigay saksi ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa iyong kaluluwa na tunay ngang Siya ay buhay. Higit pang makapangyarihan kaysa sa paningin, mas makapangyarihan kaysa sa paglakad at pagkausap sa Kanya, ay ang pagsaksi ng Espiritu kung saan kayo ay hahatulan kung kayo ay babaling sa Kanya. Ngunit ito ay sa pananagutan ninyong lahat, at pananagutan ko rin, na mapatibay ang patotoong iyan. Madalas tayong tinatanong, paano ba talaga nakatatanggap ng paghahayag ang isang tao? Sinabi ng Panginoon sa isang paghahayag sa mga sinaunang pinuno, "Sasabihin ko sa inyo sa inyong isipan at sa inyong puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ito ay mananahanan sa inyong puso. Ito ang paghahayag kung paano nadala ni Moises ang mga anak ng Israel patawid sa Pulang Dagat at sa kabila nito." [Tingnan sa D at T 8:2–3.] Kapag ang Espiritung iyan ay sumaksi sa ating espiritu, iyan ay paghahayag mula sa Makapangyarihang Diyos.[5]

[Nang namatay si Lazaro, ipinahayag ng Tagapagligtas kay Marta,] "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at ang buhay: siya na naniniwala sa akin, bagama't siya'y patay, gayon ma'y mabubuhay siya: "At ang sinumang buhay at naniniwala sa akin ay hindi

mamamatay magpakailanman." Pagkatapos ay tumingin Siya kay Marta at sinabi Niya, "Pinaniniwalaan mo ba ito?" At mula sa kaibuturan ng mapagkumbabang babaing ito, ay may napukaw na damdamin at sinabi niya sa gayon ding pananalig na sinabi ni Pedro, "Oo, Panginoon: naniniwala ako na ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos, na siyang paparito sa sanlibutan." [Juan 11:25–27.]

Saan niya nakuha iyon? Hindi iyon nagmula sa pagbabasa ng mga aklat. Hindi iyon nagmula sa pag-aaral ng teolohiya o agham o pilosopiya. Siya ay nagkaroon ng saksi sa kanyang puso, tulad din nang kay Pedro. Kung sumagot ang Guro, marahil ang sinabi Niya, "Mapalad ka Marta, sapagkat hindi ipinahayag ito sa iyo ng laman at dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit. Ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay na mapapasaiyo ay ang magkaroon ng saksi sa iyong puso na ang mga bagay na ito ay totoo.[6]

Marami ang hindi nakakita sa Tagapagligtas nang harapan sa mortalidad, ngunit lahat tayo na nabiyayaang makatanggap ng kaloob na Espiritu Santo matapos ang pagbibinyag ay magkakaroon ng ganap na katiyakan na Siya ay buhay. Tunay nga, na kung tayo ay may pananampalataya sa katotohanan na Siya ay buhay, kahit na hindi natin nakita, tulad ng ipinahiwatig ng pahayag na iyan ng Guro kay Tomas, higit na malaki ang biyaya ng "yaong mga hindi nakakita, at gayon ma'y naniwala" (Juan 20:29), sapagkat "tayo ay lumalakad sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin" (II Corinto 5:7). Bagama't hindi nakikita, gayon pa ma'y naniniwala, tayo'y nalulugod sa kagalakang di-mabikas sa pagtanggap ng bunga ng ating pananampalataya, maging ng kaligtasan ng ating mga kaluluwa (tingnan sa 1 Pedro 1:8–9).[7]

Maibubuod ba natin ito at masasabi pagkatapos, na sinumang tao na nakatanggap ng tunay na patotoo ay nakatanggap ng paghahayag mula sa buhay na Diyos, o kung hindi ay hindi niya matatamo ang patotoo? Ang sinumang may patotoo, kung gayon, ay nagtatamasa ng kaloob na propesiya, nasa kanya ang espiritu ng paghahayag. Nasa kanya ang kaloob kung saan ang mga propeta ay nakapagsasalita ng mga bagay tungkol sa kanilang mga pananagutan. . . .

Tinutulungan tayong lahat ng Panginoon na pagsikapang matamo ang patotong iyon na pinakamahalaga sa ating paghahanda na makaalam. Kapag sa wakas ay makamit na natin ang dakilang kaisipang iyon na si Joseph Smith ay isang propeta at ang ebanghelyo ay totoo, ang lahat ng iba pang mahihirap maunawaan ay parang matigas na yelo na matutunaw sa harap ng papasikat na araw.

---

## Paano natin inihahanda ang ating sarili sa pagtanggap ng patotoo?

[Ang Tagapagligtas ay] naitalang nagsabi na ". . .ang kaharian ng Diyos ay nasa loob ninyo." (Lucas 17:21.) Marahil ang mas wastong pagsasalin ay magsasabing, "Ang kaharian ng Diyos ay nasa sa inyo o nasa gitna ninyo," ngunit habang iniisip ko ang pahayag na iyon, "Ang kaharian ng Diyos ay nasa loob ninyo," naalala ko ang karanasan ko sa isang grupo ng mga estudyante sa Brigham Young University. . .doon sa Lion House, at doon ang labing-anim na kinatawan mula sa labing-anim na dayuhang mga bansa ay hinilingang tumayo at isalaysay kung paano nila nalaman ang tungkol sa ebanghelyo at tinanggap ito,. . . at magbigay ng kanilang mga patotoo. Isa itong lubos na nakapupukaw na gabi. Napakinggan namin ang mga kabataang lalaki at babae mula sa Mexico, Argentina, Brazil, mga bansang Scandinavia, France at England. Pare-pareho ang kuwento. Nang simulan nilang ikuwento kung paano nila natagpuan ang ebanghelyo, ito iyon: Naghahangad sila ng katotohanan. Naghahanap sila ng liwanag. Hindi sila kuntento, at sa gitna ng pagsasaliksik nila, may nagdala sa kanila ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Ipinanalangin nila ito at hinanap ang Panginoon nang buong sigasig, buong taimtim, ng kanilang buong puso, at natanggap ang dakilang patotoo kung saan nalaman nila na ito ang ebanghelyo ni Jesucristo. . . . Kaya sa puso ng bawat isa, bawat matapat na naghahanap ng katotohanan, kung siya ay may hangarin na makaalam, at pinag-aaralan ito nang mataimtim at may pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, ang kaharian ng Diyos ay maaaring nasa puso niya, o sa madaling salita, ang kapangyarihan na matanggap ito ay nasa kanya.

Sa ugat ng bawat pansariling patotoo ay dapat may matwid at dalisay na buhay, kung hindi ang Espiritu ay hindi makasasaksi sa kabanalan ng misyon ng Panginoon o gawaing ito sa ating panahon.[10]

Ang unang pinakamahalaga. . .sa pagtamo ng patotoo ay ang tiyakin na ang pansariling espirituwal na "katayuan" ng isang tao ay nasa ayos na kalagayan. Kailangang malinis ang kanyang isipan at katawan kung nais niyang tamasahin ang nakapananahanang kaloob ng Espiritu Santo kung saan malalaman niya ang katiyakan ng mga espirituwal na bagay.[11]

Ang pagbabalik-loob ay dapat mangahulugan nang higit pa kaysa sa pagiging "tagadala ng kard" lamang na miyembro ng Simbahan na may resibo ng ikapu, kard ng pagiging miyembro, rekomendasyon sa templo, atbp. Nangangahulugan ito ng pagsupil sa mga pagkahilig na mamintas at patuloy na pagsisikap na pagbutihin ang mga panloob na kahinaan at hindi lang mga panlabas na kaanyuan.[12]

Ngayon kapag lumalabas ang ating mga misyonero, sinasabi natin sa kanilang mga tinuturuan, "Hindi namin hinihinging sumapi kayo sa Simbahan para lamang mailagay ang inyong pangalan sa talaan. Hindi iyan ang layunin namin. Lumalapit kami sa inyo upang ihandog ang pinakadakilang kaloob na maibibigay ng sanlibutan, ang kaloob ng kaharian ng Diyos. Ito ay narito sa inyo kung tatanggapin at paniniwalaan lamang ninyo." Ito ngayon ang aming hamon sa sanlibutan. "Maituturo namin sa inyo ang mga doktrina ng Simbahan ni Jesucristo at mapapatotohanan sa inyo ang kadakilaan ng gawaing ito, subalit ang saksi sa katotohanan na aming ituturo ay dapat manggaling sa inyong sariling pagsasaliksik."

Sinasabi natin sa mga taong ating tinuturuan, "Ngayon, tanungin ninyo ang Panginoon. Mag-aral, magsikap, at manalangin." Ito ang proseso kung paano nadadala ang mga tao sa Simbahan, at iyon din ang paraan mula sa simula kung paanong ang matatapat ang puso saan man ay nadala sa Simbahan.[13]

Sa pagtingala ni Jesus sa panalangin habang "[dumarating] na ang kanyang oras," [tingnan sa Juan 17:1] nagpahayag siya ng malalim na katotohanan na dapat maging puno ng kahulugan sa

bawat tao: "At ito ang buhay na walang hanggan, na makikilala ka nila ang nag-iisang tunay na Diyos, at Jesucristo, na siyang iyong isinugo." (Juan 17:3.) Bagamat ang pahayag na ito ay may mas malalim na kahulugan kaysa sa tatalakayin ko rito, nais kong talakayin ang isang kaisipan mula rito. Paano ninyo makikilala ang Ama at ang Anak?. . . Sinisimulan nating matamo ang kaalamang iyon sa pamamagitan ng pag-aaral. Ipinayo sa atin ng Tagapagligtas na "Saliksikin ang mga kasulatan; sapagkat sa mga ito isipin ninyo ay mayroon kayong buhay na walang hanggan: at ang mga ito ay siyang nagpapatotoo sa akin." (Juan 5:39.) Sa loob nito ay matatagpuan ang kasaysayan ng mga pakikitungo ng Diyos sa sangkatauhan sa bawat dispensasyon at ang mga gawain at salita ng mga propeta at ng Tagapagligtas na ibinigay mismo, "sa pamamagitan ng inspirasyon ng Diyos," tulad ng sinabi ni Apostol Pablo, "at mapapakinabangan din sa doktrina, sa panunumbat, sa pagwawasto, sa pagtuturo sa kabanalan: upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, tunay na kinakitaan ng lahat ng mabubuting gawain." (II Timoteo 3:16–17.) Hindi dapat palampasin ng mga kabataan ang maghapon nang hindi nagbabasa mula sa mga sagradong aklat na ito.

Ngunit hindi sapat na pag-aralan lamang ang kanyang buhay at mga gawain sa pamamagitan ng pag-aaral. Ang Guro mismo ang sumagot sa tanong kung paano ang isang tao ay makikilala siya at ang kanyang doktrina: "Kung sinomang tao ay gagawa ng kanyang kalooban, malalaman niya." (Juan 7:17.) Sa palagay ba ninyo magiging awtoridad sa agham ang isang taong hindi pa kailanman nag-eksperimento sa isang laboratoryo? Pakikinggan ba ninyo nang husto ang komentaryo ng isang kritiko sa musika na walang-alam sa musika o kritiko sa sining na hindi marunong magpinta? Kaya nga, ang isang tulad ninyo na gustong "makilala ang Diyos" ay dapat na siyang gumagawa ng kanyang kalooban at sumusunod sa kanyang mga kautusan at ipinamumuhay ang mga kagandahang-asal na ipinamuhay ni Jesus.[14]

Ang pagtatamo ng kaalaman sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi madaling daan patungo sa pagkatuto. Kinakailangan nito ang matinding pagsisikap at patuloy na pagsusumigasig sa pananampalataya. . . .

Sa madaling salita, ang pag-aaral sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi madali para sa isang tamad na tao. May nagsabi, sa katunayan, na ang ganoong proseso ay nangangailangan ng paghubog ng buong kaluluwa, ang pagpukaw sa pinakamalalim na kaisipan ng tao at pag-uugnay nito sa Diyos—ang tamang pagdurugtong ay dapat mabuo. Doon lamang darating ang "kaalaman sa pamamagitan ng pananampalataya."[15]

---

**Ano ang magagawa natin upang mapalakas ang ating mga patotoo?**

[Sinabi nga Panginoon kay Pedro] "Hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maligalig niyang gaya ng trigo: Datapwa't ikaw ay ipinamanhik ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya; at ikaw kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid" (Lucas 22:31-32). Ngayon, pansinin ninyo, sinasabi Niya iyon sa pinakapinuno sa Labindalawa. Ipinananalangin ko kayo; ngayon humayo kayo at magbalik-loob at kapag kayo ay nakapagbalik-loob na, ay humayo kayo at papagtibayin ninyo ang inyong kapatid. Ang ibig sabihin [maaari tayong] hindi makapagbalik-loob tulad din naman na maaari tayong magbalik-loob. Ang inyong patotoo ay isang bagay na maaaring mayroon kayo ngayon subalit maaaring hindi laging mayroon kayo nito.[16]

Ang patotoo ay kasing-ilap ng hamog; kasing rupok ito ng orkidyas; kinakailangang lagi ninyo itong angkinin, muli at muli, sa bawat umaga ng inyong buhay. Kailangang panatilihin ninyo ito sa pamamagitan ng pag-aaral, at pananampalataya, at panalangin. Kung pahihintulutan ninyong magalit ang inyong sariling, pahihintulutan ninyo ang inyong sarili na mapasama sa maling samahan, makikinig kayo sa maling uri ng mga kuwento, kayo ay mag-aaral ng maling uri ng mga paksa; kayo ay abala sa mga maling gawa, wala nang higit na nakapanlulumo kaysa iwanan kayo ng Espiritu ng Panginoon hanggang sa tila ba lumayo kayo mula sa maliwanag na silid sa pag-alis ninyo sa gusaling ito, na para bang nagtungo kayo sa kadiliman.[17]

Ang taglay mo ngayong patotoo ay maaaring mawala sa iyo bukas maliban kung mayroon kang gagawin ukol dito. Ang

iyong patotoo ay maaaring maragdagan o kaya'y mabawasan, depende sa iyo. Kung gayon, aalalahanin mo ba ang iyong pananagutan? Sinabi ng Panginoon "Kung ang sinomang tao ay gagawa ng kanyang kalooban, ay malalaman niya ang doktrina, kung ito ay sa Diyos, o kung ako ay nagsasalita na mula sa aking sarili" (Juan 7:17).[18]

Walang tunay na nagbalik-loob na Banal sa mga Huling araw ang maaaring maging imoral. Walang tunay na nagbalik-loob na Banal sa mga Huling araw ang maaaring maging mapanlinlang, o sinungaling, o magnanakaw. Ibig sabihin niyan na maaaring ang isang tao ay may patotoo sa ngayon, subalit sa sandaling pababain niya ang kanyang pagkatao sa paggawa ng mga bagay na salungat sa mga batas ng Diyos, ito ay dahil sa nawala niya ang kanyang patotoo at kailangan siyang magpunyagi upang mabawi itong muli. Ang patotoo ay hindi isang bagay na nasa iyo ngayon at nasa iyo palagi. Ang patotoo ay maaaring patuloy na magningning hanggang sa tiyak na kaliwanagan, o ito ay maaaring patuloy na mabawasan hanggang sa tuluyan nang mawala, depende sa kung ano ang gagawin natin tungkol dito. Masasabi ko, na ang patotoong inaangkin natin araw-araw ay ang bagay na magliligtas sa atin mula sa mga patibong ng kaaway.[19]

---

### Paano nagiging angkla sa kaluluwa ang patotoo?

May pangyayari noong ministeryo ni [Cristo] kung saan taimtim na ipinahayag ng Kanyang punong apostol, si Pedro, ang kanyang patotoo at pananampalataya sa kabanalan ng misyon ng Guro: "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos." Sumagot ang Panginoon kay Pedro sa pamamagitan ng paghahayag na, ". . .hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit" at sa yaong "bato"—o sa madaling salita, ang ipinahayag na patotoo ng Espiritu Santo, ang paghahayag na si Jesus ay ang Cristo—ang Kanyang simbahan ay itinatag, at "ang tarangkahan ng impiyerno ay hindi papanig laban dito." (Mateo16:16–18.)[20]

Parating na ang panahon at nakaharap na sa iyo ngayon. . .kung kailan maliban na kayo ay may tiyak na patotoo na ang mga bagay na ito [ang ebanghelyo, ang Simbahan, at iba

pa] ay totoo ay hindi ninyo makakayang tiisin ang mga pagsubok na hahampas sa inyo at pipiliting muli na wasakin kayo mula sa mga pinagkakanlungan ninyo ngayon. Subalit kung nalalaman ninyo nang buong kaluluwa na ang mga bagay na ito ay totoo. . ., malalaman ninyo na si Jesus ang inyong Tagapagligtas at ang Diyos na inyong Ama; malalaman ninyo ang impluwensiya ng Espiritu Santo. Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na iyon magsisilbi kayong angkla laban sa lahat ng unos na hahampas sa inyong bahay, tulad ng inilarawan ng talinghaga ng Guro. Yaong nakikinig sa Kanyang mga salita at sumusunod sa Kanyang mga kautusan ay matutulad sa bahay na itinayo sa bato, at nang dumating ang unos at hinampas ng baha ang bahay na iyon at umihip ang hangin, hindi ito bumagsak, sapagkat nakatayo ito sa bato. "At ang bawat isang nakakarinig ng aking mga salitang ito, at hindi ginagawa, ay matutulad sa isang taong mangmang, na nagtayo ng kanyang bahay sa buhangin: At bumagsak ang ulan, at dumating ang baha, at umihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at ito ay bumagsak: at napakalakas ng kanyang pagbagsak" (Mateo 7:26–27).

Sinabi ng Guro, at sinasabi ko ito sa inyo ngayon, na ang mga ulan ng kapahamakan, ang mga ulan ng paghihirap, ang mga baha at hangin ng matitinding pagsubok ay hahampas sa bahay ng bawat isa sa inyo. Tutuksuhin kayo na magkasala, magkakaroon kayo ng paghihirap, may mga suliranin kayong haharapin sa buhay ninyo. Ang mga taong hindi babagsak kapag dumating ang mga pagsubok na iyon ay ang mga taong ang bahay ay nakatayo sa bato ng patotoo. Malalaman ninyo na anuman ang mangyari; hindi ninyo makakayang tumayo sa hiram na liwanag. Makatatayo lamang kayo sa liwanag na nasa inyo sa pamamagitan ng pagsaksi ng Espiritu na karapatan ninyong lahat na matanggap.[21]

Hindi sapat na sundin lamang nating mga Banal sa mga Huling Araw ang ating mga pinuno at tanggapin ang kanilang payo. Nasa atin ang mas malaking obligasyon na matamo para sa ating sarili ang di-natitinag na patotoo ng banal na pagkahirang ng mga taong ito at ang saksi na ang sinabi nila sa atin ay kalooban ng ating Ama sa Langit.[22]

Nagsasalita ako sa inyo ngayon bilang natatanging saksi na higit sa lahat ay may pananagutang ibahagi ang patotoong iyan.

May mga lubos na personal na pangyayari kung kaya't nalaman ko ito nang may katiyakan. Noong hinahangad ko ang Espiritu upang makapagbigay ng pananalita tungkol sa paksang Pasko ng Pagkabuhay, ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon, nagkulong ako sa kuwarto, binasa ang apat na ebanghelyo, lalung-lalo na ang tungkol sa Pagpapako sa Krus, ang Pagkabuhay na Mag-uli, at may nangyari sa akin. Habang nagbabasa ako, para bang binubuhay kong muli, halos, ang mismong pangyayari, at hindi isang kuwento lamang. At pagkatapos ay ibinigay ko ang aking mensahe at nagpatotoo na ngayon, bilang isa sa pinakahamak sa aking mga kapatid, ako ay nagkaroon rin ng pansariling saksi sa kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ng ating Panginoon at Guro. Bakit? Sapagkat may nag-aalab sa aking puso kung kaya nakapagsasalita ako nang may katiyakan at walang-alinlangan. Gayon din kayo. At ang lubos na nakasisiyang bagay sa buong sanlibutan, ang pinakamahusay na angkla sa inyong kaluluwa, sa oras ng kaguluhan, sa oras ng tukso, sa oras ng karamdaman, sa oras ng pag-aalinlangan, sa oras ng inyong mga pakikibaka at pagpupunyagi, [ay ang] malaman ninyo nang may katiyakang dadaig sa lahat ng pag-aalinlangan na ang Diyos ay buhay.[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit ang paghahayag mula sa Espiritu Santo "ang pinakamabisang saksi na mapapasainyo" na ang Tagapagligtas ay buhay?
- Anong payo ang ibinigay ni Pangulong Lee tungkol sa kung paano makatatanggap ng patotoo ng ebanghelyo? Ano ang nakatulong sa inyo upang matanggap ang inyong patotoo?
- Paano natin makikilala ang Ama sa Langit at si Jesucristo?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Lee nang sabihin niyang, "Ang patotoo ay kasing-ilap ng hamog;. . . kailangang lagi ninyo itong angkining muli at muli bawat umaga ng inyong buhay"?
- Ano ang maaaring maging dahilan para mabawasan o mamatay ang ating mga patotoo? Ano ang dapat nating gawin upang ang liwanag ng ating mga patotoo ay "magningning hanggang sa tiyak na kaliwanagan"?

- Sa sandaling magtamo tayo ng patotoo, paano natin matutulungan ang iba na palakasin ang kanilang mga patotoo?
- Sa anu-anong paraan nagiging angkla sa ating mga kaluluwa sa oras ng kaguluhan ang kaalaman na buhay ang Diyos? Kailan pinagmumulan ng inyong ng lakas ang patotoo ninyo tungkol sa Tagapagligtas?

## *Mga Tala*

1. " 'But Arise and Stand upon Thy Feet'—and I Will Speak with Thee," talumpating ibinigay sa Brigham Young University, ika-7 ng Peb.1956, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 2.
2. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 92–93.
3. *Stand Ye in Holy Places*, 193, 196.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 140–41.
5. Talumpating ibinigay sa komperensiya ng Lausanne Switzerland, ika-26 ng Set. 1972, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 8.
6. Talumpating ibinigay sa Pocatello, Idaho, ika-9 ng Mar. 1973, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 93.
8. "Church and Divine Revelation," 1954, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 17, 23.
9. Sa Conference Report, Okt.1953, 26–27.
10. *The Teachings of Harold B. Lee*, 133.
11. *The Teachings of Harold B. Lee*, 137.
12. Sa Conference Report, Abr. 1971, 92; o *Ensign*, Hunyo 1971, 8.
13. *The Teachings of Harold B. Lee*, 135–36.
14. *Decisions for Successful Living* (1973), 39–40; idinagdag na talata.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 331.
16. *The Teachings of Harold B. Lee*, 138.
17. *The Teachings of Harold B. Lee*, 139.
18. *The Teachings of Harold B. Lee*, 135.
19. *The Teachings of Harold B. Lee*, 139.
20. *Stand Ye in Holy Places*, 40.
21. *The Teachings of Harold B. Lee*, 140.
22. *The Teachings of Harold B. Lee*, 133.
23. *Education for Eternity*, "The Last Message" lektyur na ibinigay sa Salt Lake Institute of Religion, ika-15 ng Ene. 1971, 11.

# Upang Marinig ang Tinig ng Panginoon

*Paano tayo makatatanggap ng pansariling paghahayag mula sa Panginoon?*

## Pambungad

Sinabi minsan ni Pangulong Harold B. Lee: "Mayroon akong mapaniwalang puso na nagsimula sa isang simpleng patotoo na dumating noong ako ay bata pa —palagay ko ay mga sampu o labing-isang taong gulang pa lang ako noon. Kasama ko ang aking ama sa bukid na malayo sa aming tahanan, sinikap kong gawing abala ang sarili ko hanggang sa handa nang umuwi ang aking ama. Sa kabilang bakod mula sa lugar namin ay may ilang nakahilerang troso na nakakaakit sa sinumang usiserong bata, at ako ay mapagsapalaran. Nagsimula akong umakyat sa bakod, at narinig ko ang isang tinig na kasinglinaw nang pagkakarinig ninyo sa tinig ko ngayon, na tinatawag ako sa aking pangalan at sinasabing, 'Huwag kang pumunta diyan!' Lumingon ako sa aking ama upang tingnan kung kinakausap niya ako, subalit naroon siya sa kabilang dulo pa ng bukid. Walang ibang tao sa paligid. Natanto ko noon, bilang isang bata, na may mga taong hindi ko nakikita, sapagkat walang-alinlangang nakarinig ako ng tinig. Simula noon, kapag nakakarinig o nakakabasa ako ng mga kuwento ni Propetang Joseph Smith, alam ko rin kung ano ang kahulugan ng makarinig ng tinig, dahil naranasan ko iyon."[1]

Bagaman maaaring hindi malinaw na nakikipag-usap sa atin ang Panginoon, habang natututuhan nating makipag-usap sa Kanya at napapansin ang paraan ng pakikipag-usap Niya sa atin, unti-unti na natin Siyang nakikilala. Sinabi ni Pangulong Harold B. Lee na "upang makilala ang Diyos at si Jesucristo na Kanyang sinugo (tingnan sa Juan 17:3), gaya nang sinabi ng Guro sa kan-



Hinanap ng propetang si Enos ang Panginoon sa taimtim na panalangin. Kailangan din nating masigasig na hangaring "makipag-usap sa. . .ating Ama sa Langit, at makatanggap ng kasagutan sa ating katanungan at kalakasan sa ating mga araw."

yang mga disipulo, ay ang magsimula sa tiyak na daan na humahantong sa buhay na walang hanggan sa kinaroroonan ng mga niluwalhating nilalang na ito."[2]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Sa anu-anong paraan nakikipag-usap ang Ama sa Langit sa Kanyang mga anak?

Nakinig ako sa isang inspiradong sermon na ibinigay sa Brigham Young University ni Pangulong [J. Reuben] Clark. . . . Sinuri niya ang lahat ng uri ng paghahayag na dumating. Una niyang tinalakay ang pagpapamalas ng Maykapal (theopany), na inilarawan bilang isang pangyayari kung saan ang Ama o ang Anak o silang dalawa ay personal na nagpakita o nakipag-usap nang tuwiran sa tao. Si Moises ay nakipag-usap nang harap-harapan sa Panginoon [tingnan sa Moises 1:1–4]; Si Daniel ay nakaranas ng pagpapamalas ng Maykapal, o personal na pagpapakita [tingnan sa Daniel 10]. Nang magpunta ang Guro kay Juan Bautista upang magpabinyag iyong matatandaang may tinig na nagsalita mula sa langit at nagsabing, "Ito ang minamahal kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan." [Mateo 3:17.] Sa pagbabalik-loob ni Pablo,. . . mayroon ding personal na pagpapakita, at isang malinaw na tinig ang narinig [tingnan sa Mga Gawa 9:1– 6]. Sa pagbabagong-anyo (transfiguration), kung kailan sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagtungo sa Guro sa mataas na bundok kung saan sina Moises at Elias ay nagpakita sa kanila, isang tinig ang muling narinig na nagsasalita mula sa mga kalangitan, nagsasabing, "Ito ang aking minamahal na Anak, na siya kong kinalulugdan. . . ." (Mateo 17:5.)

Marahil ang kamangha-mangha sa lahat ng mga personal na pagpapakita ng ating panahon ay ang pagpapakita ng Ama at ng Anak sa Propetang si Joseph Smith sa kakahuyan [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–17]. Sumunod diyan ang ilan pang pagpapakita, isa na rito ay nakatala sa ika-110 bahagi ng Doktrina at mga Tipan, kung saan nagpakita ang Tagapagligtas kina Joseph at Oliver. . . .

Isa pang paraan kung paano tayo nakakatanggap ng paghahayag ay binanggit ni propetang Enos. Isinulat niya itong pinaka-

makahulugang pahayag sa kanyang talaan sa Aklat ni Mormon: "At samantalang ako ay nasa gayong pagpupunyagi sa espiritu, masdan, ang tinig ng Panginoon ay sumaisip kong muli. . . ." [Enos 1:10.]

Sa madaling salita, minsan naririnig natin ang tinig ng Panginoon na sumasagi sa ating mga isipan, at kapag ito ay dumating, ang impresyon ay singlakas ng tila ba Siya ay nagtutrumpeta sa ating tainga. . . .

Sa isang kuwento sa Aklat ni Mormon, pinagsabihan ni Nephi ang kanyang mga kapatid, tinatawag sila upang magsisi, at nagpahayag din ng gayong kaisipan nang sabihin niya: ". . .at siya ay nangusap sa inyo sa isang marahan at banayad na tinig, datapwat kayo ay manhid, kung kaya't hindi ninyo madama ang kanyang mga salita. . . ." (1 Nephi 17:45.)

Kung kaya ang Panginoon, sa pamamagitan ng paghahayag, ay naghahatid ng mga kaisipan sa ating mga isipan na para bang isang tinig na nagsasalita. Maaari bang magbahagi ako ng hamak na patotoo sa katotohanang ito? Minsan ay nasa isang sitwasyon ako kung saan nangangailangan ako ng tulong. Alam ng Panginoon na nangangailangan ako ng tulong, dahil ako ay nasa isang mahalagang misyon. Nagising ako sa alanganing oras ng umaga at itinuwid ang isang bagay na plano kong gawin sa ibang paraan, at ang paraan ay malinaw na ibinalangkas sa akin habang nakahiga ako nang umagang iyon, na para bang may isang taong nakaupo sa dulo ng aking higaan at sinasabi kung ano ang dapat kong gawin. Oo, ang tinig ng Panginoon ay sumagi sa aking isipan at sa gayon tayo ay magagabayan.

Nakakatanggap din tayo ng paghahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Sinabi ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith noong katatatag pa lang ng Simbahan, "Oo, masdan, sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na. . .mananahanan sa iyong puso. Ngayon, masdan, ito ang espiritu ng paghahayag. . . ." (D at T 8:2–3.) Inalo ng Guro ang Kanyang mga disipulo, kung natatandaan ninyo, bago ang pagpapako sa Kanya sa krus nang sabihin Niya, ". . .kung hindi ako yayaon, ang Taga-aliw ay hindi paparito sa inyo. . . . Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu

ng katotohanan [o ang Espiritu Santo], ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa lahat ng katotohanan; . . .kanyang ipapakita sa inyo ang mga bagay na darating" (Juan 16:7, 13), "at magpapaalala ng lahat ng bagay sa inyo. . . ." (Juan 14:26.) Sa gayon nakikita natin ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang Propetang si Joseph Smith ay nagsalita tungkol dito, "Walang sinumang makatatanggap ng Espiritu Santo nang hindi tumatanggap ng mga paghahayag. Ang Espiritu Santo ay tagapagpahayag." (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, p. 328.)

Maaari bang baguhin ko iyan. . .at sabihin, Sinumang Banal sa mga Huling Araw na nabinyagan at napatungan ng mga kamay ng mga taong nangangasiwa, na inutusang tanggapin ang Espiritu Santo, at hindi nakatanggap ng paghahayag ng diwa ng Espiritu Santo, ay hindi pa nakatatanggap ng kaloob na Espiritu Santo na karapatan niyang mapasakanya. Dito nakasalalay ang napakahalagang bagay. Hayaan ninyong tukuyin ko ang sinabi ni Propetang Joseph Smith tungkol sa paghahayag:

"Maaaring ang isang tao ay makinabang sa pamamagitan ng pagpansin sa unang pagpapadama ng espiritu ng paghahayag: halimbawa, kapag naramdaman ninyo ang pagdaloy ng dalisay na karunungan sa inyo maaari itong magbigay sa inyo ng biglang pagdating ng mga ideya, kung kaya sa pagpansin ninyo rito, maaaring makita ninyong natupad ito nang araw ding yaon o kaya'y mayamaya; (hal.) ang mga bagay na inilahad sa isipan ninyo ng Espiritu ng Diyos, ay mangyayari; at samaktuwid sa pamamagitan ng pag-aaral ng Espiritu ng Diyos at pag-unawa rito, maaaring umunlad kayo sa alituntunin ng paghahayag, hanggang sa maging ganap kayo kay Jesucristo." [*History of the Church*, 3:381.]

Sa anong mga dahilan kayo maaaring makatanggap ng paghahayag? Nakakagulat bang marinig na kayong lahat na mga miyembro ng Simbahan na nakatanggap ng Espiritu Santo—ay maaaring makatanggap ng paghahayag? Hindi para sa pangulo ng Simbahan, hindi upang malaman kung paano pangangasiwaan ang mga gawain ukol sa purok, istaka, o misyon kung saan kayo nakatira; subalit bawat indibiduwal ay may karapatang makatanggap ng paghahayag ng Espiritu Santo para sa sarili niyang kalagayan. . . .

Bawat tao ay may karapatang gamitin ang mga kaloob na ito at mga pribilehiyong ito sa pangangasiwa ng sarili niyang kapakanan; sa pagpapalaki sa kanyang mga anak sa landas na kanilang dapat tahakin; sa pamamahala ng sarili niyang kalakal, o anuman ang ginagawa niya. Karapatan niyang tamasahin ang espiritu ng paghahayag at ang inspirasyon na gawin ang tamang bagay, na maging matalino at masinop, makatarungan at mabuti, sa lahat ng ginagawa niya. Alam ko na iyan ay tunay na alituntunin, at iyan ang bagay na nais kong malaman ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kung gayon, dapat nating pagsikapang lahat na magpunyagi at makinig sa biglaang pagdating ng mga ideya sa atin, at kung tayo ay makikinig sa mga ito at pagsisikapang marinig ang mga panghihikayat na ito tayo rin—bawat isa sa atin—ay maaaring umunlad sa espiritu ng paghahayag.

Ngayon may isa pang paraan ng pagdating ng paghahayag, at iyan ay sa pamamagitan ng mga panaginip. Ah, hindi ko sinasabi sa inyo na ang bawat panaginip ninyo ay tuwirang paghahayag mula sa Panginoon. . . . Subalit natatakot ako na sa maunlad na panahong ito ay may ilan sa atin na madaling magpasiya na lahat ng mga panaginip ay walang layunin, at walang halaga. Bagamat sa buong banal na kasulatan ay nakatala ang mga pangyayari kung saan tinatagubilinan ng Panginoon ang Kanyang mga tao. . . .

Ang bagay na dapat pagsikapan nating lahat ay ang mamuhay na sinusunod ang mga kautusan ng Panginoon, upang Kanyang sagutin ang ating mga panalangin, ang mga panalangin ng ating mga minamahal, ang mga panalangin ng mga Pangkalahatang Awtoridad, para sa atin. Lagi tayong nananalangin para sa mga miyembro ng Simbahan, at pinasasalamatan natin ang Diyos kapag nalalaman nating ipinananalangin nila tayo. Kung mamumuhay tayo nang karapat-dapat, gagabayan tayo ng Panginoon—sa pamamagitan ng personal na pagpapakita, o sa mismong tinig Niya, o sa Kanyang tinig na sumasagi sa ating isipan, o sa pagpapadama sa ating puso at kaluluwa. At tunay na dapat tayong magpasalamat sa Panginoon kung bibigyan Niya tayo ng isang panaginip kung saan ipahahayag sa atin ang mga kagandahan ng kawalang-hanggan o kaya'y isang babala at direksiyon para sa ating natatanging kaaliwan. Oo, kung mamu-

muhay tayo nang gayon, gagabayan tayo ng Panginoon para sa ating kaligtasan at sa ating kapakinabangan.

Bilang isa sa mga pinakahamak sa inyo, at gumaganap sa tungkuling ginagawa ko, nais kong ibahagi sa inyo ang aking hamak na patotoo na natanggap ko sa pamamagitan ng tinig at ng kapangyarihan ng paghahayag ang kaalaman at pang-unawa hinggil sa Diyos. . . .

Taimtim kong pinatototohanan sa inyo na ang Simbahan ngayon ay ginagabayan sa pamamagitan ng paghahayag. Bawat kaluluwa na naririto na nabiyayaang makatanggap ng Espiritu Santo ay may kapangyarihang tumanggap ng paghahayag. Nawa'y tulungan kayo at ako ng Diyos na lagi sanang mamuhay upang masagot ng Panginoon ang mga panalangin ng matatapat sa pamamagitan natin.[3]

---

## Paano tayo mananalangin sa ating Ama sa Langit upang magabayan Niya tayo?

Malaki ang kaibahan ng pag-usal ng panalangin at pakikipag-usap sa Diyos. May ilan akong narinig na nanalangin na talagang nakipag-usap sa Diyos, isa na rito ang yumaong si [Elder] Charles A. Callis. Hindi ko siya naririnig na nananalangin sa banal na mga altar ng templo, hindi ko siya naririnig kapag lumuluhod kaming magkasabay sa panalangin noong kami ay nasa isang mahirap na misyon subalit siya ay tila, sa kanyang pagsasalita, nakararating sa daungan ng banal na tahanan ng ating Ama, at siya ay nakikipag-usap sa mga banal na nilalang. Huwag kayong umusal lamang ng mga panalangin, huwag kayong magbasa ng mga panalangin, kundi pag-aralan ninyong makipag-usap sa Diyos at ang pakikipag-usap sa Diyos ay ang uri ng panalangin na sa palagay ko ay tinutukoy ni Moroni noong isulat niya sa katapusang kabanata sa ating Aklat ni Mormon. . .:

"Ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo." [Moroni 10:4.]

. . .Ito ang pagkakaunawa ko sa panalangin na may pananampalataya,. . . pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesucristo at kung wala nito ay walang taong maaaring makipausap sa Diyos.[4]

Nalaman ko ang isang karanasan ng ating minamahal na si Richard Evans [ng Korum ng Labindalawa] sa isa sa kanyang mga paglalakbay. . . . Katabi niya ang isang lalaki sa isang hapunan ilang gabi na ang nakakaraan, isang tanyag na mangangalakal, na nagsabi sa kanya sa ilang simpleng pangungusap kung paano niya hinarap ang mabibigat na pagsubok sa kanyang buhay at kung paano niya ginawa ang mga pagpapasiya sa bawat araw. "Tuwing babangon ako sa umaga," aniya, "madalas na nararamdaman kong hindi ko ito kayang harapin, pero kapag lumuhod ako at simpleng nagsabing, 'Diyos ko, tulungan mo po akong gawin ang dapat kong gawin ngayon,' lumalakas ako, at nararamdaman kong kaya ko na ito. At iniisip ko lang Siya bilang aking ama at nakikipag-usap ako sa Kanya sa simple at tuwirang paraan tulad nang pakikipag-usap ko sa aking ama noong naririto pa siya sa lupa.". . .

[Paggunita pa ni Elder Evans:] "Ako ay napahinahon at napakumbaba ng isang tapat at simpleng kaibigang nakatabi ko nang gabing iyon. Hindi ko siya ka-relihiyon, subalit [ito ay] aking lubos na pinaniniwalaan na hindi niya magagawang makipag-usap sa Diyos nang may ganoon katinding kasiyahan at katiyakan kung inisip lang niya Siya bilang isa lamang lakas, o bilang dimailarawang nilalang, na ang katangian at layunin ay hindi niya alam, o kaya'y ng anumang bagay na magbibigay sa kanya ng katiyakan na sa katunayan ay nakikipag-usap siya sa kanyang ama.". . .

Tulad ng sinabi ni Jacob sa kanyang mag-anak. . ., "O kay dakila ng kabanalan ng ating Diyos! Sapagkat nalalaman niya ang lahat ng bagay, at walang anumang bagay na hindi niya alam." (2 Nephi 9:20.) Ngayon, kung inyo lamang tatandaan iyan sa inyong isipan mayroon na kayong pagsisimulan, mayroon na kayong kaugnayan sa Kanya. Tayo ay Kanyang mga anak na lalaki at anak na babae. Kilala Niya tayo. Alam Niya ang mga bagay at ang mga panahong itinakda, at ang lugar kung saan tayo mananahan,

at ang mga panahon kung kailan tayo mabubuhay. Kaya sa Kanya lamang natin maibibigay ang buong pagtitiwala.[5]

Ang isa sa pinakamahahalagang pag-aari na maaangkin natin o natatanging kaalaman na makakamit natin ay ang pakikinig at pagsagot ng Panginoon sa mga panalangin—o sa madaling salita, na matututuhan nating makipag-usap sa Diyos. Ang pananalangin ay hindi lang pagsasalita, tulad ng itinuturo ng ilang simbahan, kundi ang pagkilala na ang Diyos, ang ating Ama sa Langit, at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, ay buhay, tunay na mga katauhan at sa pamamagitan ng ministeryo ng isa pang miyembro ng Panguluhang-Diyos, ang Banal na Espiritu o Espiritu Santo, maaari tayong makipag-usap sa Kanya, sa ating Ama sa Langit, at makatatanggap ng kasagutan sa ating katanungan at kalakasan sa ating mga araw.[6]

Sa kapakumbabaan maghandang sabihin ito tulad ni Pablo, "Panginoon, ano ang nais ninyong gawin ko?" (Mga Gawa 9:6). At buong katapangang sabihin tulad ng batang si Samuel, "Magsalita ka, Panginoon; sapagkat nakikinig ang iyong lingkod" (1 Samuel 3:9). Maging mapagkumbaba, maging madasalin, at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, katulad ng



Tulad ng batang si Samuel, dapat ay handa tayong magsabi na, "Magsalita ka, Panginoon; sapagkat nakikinig ang iyong lingkod" (1 Samuel 3:9) at pagkatapos ay kumilos sa kasagutan sa ating panalangin nang may lakas ng loob.

dati, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin [tingnan sa D at T 112:10].[7]

Itinuro ito sa amin ni Pangulong [David O.] Mckay sa templo isang araw". . . "May nais akong sabihin sa inyo: Kapag sinasabi ng Panginoon ang dapat ninyong gawin, kailangang magkaroon kayo ng lakas ng loob na gawin iyon, kundi'y mas mabuti pang huwag na lang ninyo siyang tanungin muli." Natutuhan ko rin ang aral na ito. Minsan sa kalagitnaan ng gabi nagising ako at hindi na makatulog hanggang sa bumangon ako sa higaan at isinulat ang bagay na gumugulo sa aking isipan. Subalit kailangan talaga ang lakas ng loob upang makakilos kapag inuutusan bilang sagot sa mga panalangin.[8]

Mag-ayuno ng dalawang kainan sa unang Linggo ng buwan at bayaran ang buong halaga ng dalawang pagkaing iyon na hindi ninyo kinain.... Sinabi ng Panginoon kay Isaias na ang mga mag-aayuno at magbabahagi ng kanilang tinapay sa nagugutom, ay makakatawag at sasagutin ng Panginoon, makadaraing at ang Panginoon ay magsasabi, "Narito Ako" [tingnan sa Isaias 58:6–9.] Iyan ang isang paraan upang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa Panginoon. Subukan ninyo ito ngayong taon. Ipamuhay nang ganap ang batas ng pag-aayuno.[9]

Kapag kailangan tayong pumili sa dalawang desisyon, tandaan natin ang sinabi ng Panginoon na dapat nating gawin: Pag-aralan ang kabuuan nito sa ating isipan hanggang sa makapagpasiya; bago kumilos, tanungin ang Panginoon kung tama ba ito; at ituon ang ating sarili sa espirituwal na tugon—alin sa dalawa, mag-aalab ang ating dibdib upang malaman na tama ang ating pasiya, o magkaroon ng pagkatuliro ng pag-iisip na magiging dahilan upang malimutan natin ang bagay na ito kung ito ay mali [tingnan sa D at T 9:7–9.] Pagkatapos, tulad nang ipinangako ng Panginoon," . . .ang Espiritu ay ibibigay sa [atin] sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya." (D at T 42:14.). . .

Kung taimtim tayong maghahangad, maaabot natin ang espirituwal na dimensyon para sa mga kasagutang magbibigay katiyakan sa atin na hindi lamang maraming biyaya, kundi pati dakilang saksi sa ating mga puso na ang ating mga kilos, ating buhay, at ating mga paggawa ay may tatak ng pagsang-ayon ng Panginoon at Tagapagligtas nating lahat.[10]

**Ano ang maaari nating gawin upang makatanggap ng pansariling paghahayag mula sa Panginoon?**

Ang pinakamahalagang bagay na magagawa ninyo ay ang pagaralang makipag-usap sa Diyos. Kausapin ninyo Siya na tulad ng pakikipag-usap ninyo sa inyong ama, sapagkat Siya ang inyong Ama, at nais Niyang makipag-usap kayo sa Kanya. Nais Niyang sanayin ninyo ang inyong mga tainga sa pakikinig, kapag ibinibigay Niya sa inyo ang impresyon ng Espiritu upang sabihin sa inyo ang dapat gawin. Kapag natutuhan ninyong makinig sa mga biglaang pagdating ng mga ideya sa inyong mga isipan, makikita ninyo na darating ang mga bagay na iyon sa mismong oras ng inyong pangangailangan. Kung sasanayin ninyo ang inyong mga tainga sa pakikinig ng mga panghihikayat na ito, matututuhan ninyo kung paano lumakad sa pamamagitan ng espiritu ng paghahayag."

Paano natin mapauunlad ang katangiang espirituwal sa ating likas na pagkatao upang higit na matupad nang ganap ang misyon natin dito sa lupa at sa gayon ay makaaayon sa walang hanggang kapangyarihan ng [Diyos]. . .?

Sinagot ni Ammon ang tanong na iyan nang bahagya: "Oo, siya na nagsisisi at pinaiiral ang pananampalataya, at gumagawa ng mabubuting gawa, at patuloy na nananalangin nang walang hinto—sa kanya ay ipinagkakaloob na malaman ang mga hiwaga ng Diyos. . . ." (Alma 26:22.). . .

Si David, ang mang-aawit, ay natutuhan kahit noong bata pa lang ang pinagmumulan ng espirituwal na kapangyarihan. Ibinulong ng espiritu, "Kayo'y magsitigil at kilalanin ninyo ako ang Diyos. . . . Ang Diyos ni Jacob ay ating kanlungan." (Mga Awit 46:10–11.)

Natututuhan ng mga sinaunang propeta, tulad ng dapat matutuhan ng lahat, kung paano makipag-usap sa Panginoon sa pamamagitan ng panalangin, ang makipag-usap at pagkatapos ay makatanggap ng mga kasagutan sa sariling pamamaraan ng Panginoon. . . .

Sinabi ng Panginoon kay Elias, ang propeta: "Ikaw ay yumaon, at tumayo ka sa ibabaw ng bundok sa harap ng Panginoon. At narito ang Panginoon ay nagdaan, at bumuka ang mga bundok sa

pamamagitan ng isang malaki at malakas na hangin at pinagputol-putol ang mga bato sa harap ng Panginoon; ngunit ang Panginoon ay wala sa hangin: at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; ngunit ang Panginoon ay wala sa lindol:

"At pagkatapos ng lindol ay apoy; ngunit ang Panginoon ay wala sa apoy: at pagkatapos ng apoy ay isang marahang bulong na tinig.

"At nangyari, nang marinig ni Elias, ay tinakpan niya nag kanyang mukha ng balabal, at lumabas, at tumayo sa pasukan ng yungib. . . ." (1 Mga Hari 19:11–13.)

Kadalasan kapag nagsasalita ang Diyos sa marahan at banayad na tinig na ito, tulad ng ginawa niya kay Elias sa yungib, maaaring hindi ito malinaw sa pisikal nating pandinig sapagkat, tulad ng sirang radyo, marahil ay hindi tayo nakatono sa walang hanggan.

. . .Kadalasan ngayon, napakalayo na ng pamumuhay ng kalalakihan at kababaihan sa espirituwal na bagay kaya kapag nagsasalita ang Panginoon sa pisikal nilang pandinig, sa isipan nila nang walang-ingay, o sa kanila sa pamamagitan ng kanyang mga tagapaglingkod na binigyang-karapatan, na kung tinatagubilinan ng Espiritu, na tulad ng kanyang sariling tinig, ay tanging ingay lamang ang kanilang naririnig tulad ng mga nasa Jerusalem. Gayundin, hindi sila nakatatanggap ng inspiradong karunungan, o katiyakan sa kalooban, na ang isipan ng Panginoon ay nagsalita sa pamamagitan ng kanyang mga propetang pinuno.

. . .Ipinauunawa ni Enos na apo ni Lehi kung bakit nakatatanggap ang ilan ng kaalaman ng mga bagay ng Diyos samantalang ang iba ay hindi. Isinalaysay muli ni Enos ang kanyang pagpupunyaging matamo ang kapatawaran ng kanyang mga kasalanan upang siya ay maging karapat-dapat sa kanyang mataas na tungkulin.

Sa huli ay ipinahayag niya: "At samantalang ako ay nasa gayong pagpupunyagi sa espiritu, masdan, ang tinig ng Panginoon ay sumaisip kong muli, sinasabing: Ako ay dadalaw sa iyong mga kapatid alinsunod sa kanilang pagsusumigasig sa pagsunod sa aking mga kautusan. . . ." [Enos 1:10.]

Hayan at nasa inyo na, sa simpleng salita, ang isang dakilang alituntunin: Hindi ang Panginoon ang naglalayo ng kanyang sa-

rili sa atin. Tayo ang naglalayo ng ating sarili sa kanya dahil sa pagkukulang nating masunod ang kanyang mga kautusan.[12]

Kapag dumudulog tayo sa Panginoon para humingi ng pagpapala nais nating makatiyak na inilalagay natin ang ating sarili sa kalagayan ng pagiging karapat-dapat upang matanggap natin ang bagay na ating ipinananalangin.[13]

Hindi ba ninyo nanaising mamuhay sa paraan na kapag nakipag-usap ang Panginoon sa inyo ay maririnig ninyo ito, o upang maging karapat-dapat sa pagdalaw ng isang anghel, o marahil maging handa sa pagpunta sa kinaroroonan ng Panginoon? Sinabi ng Panginoon kung paano tayo magiging handa. Sa isang dakilang paghahayag sinabi Niya ang mga salitang ito: "Katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon: Ito ay mangyayari na ang bawat kaluluwa na tatalikod sa kanyang mga kasalanan at lalapit sa akin, at mananawagan sa aking pangalan, at tutupad sa aking tinig, at susunod sa aking mga kautusan, ay makikita ang aking mukha at malalaman na ako na nga" (D at T 93:1).

Nang dumating ang tinig mula sa kalangitan sa mga tao sa lupaing Masagana hindi nila ito narinig. Para sa kanila ito ay tila nakalilitong mga ingay lang, at nang ituon nila ang kanilang mga puso narinig nila ang mga salita ngunit hindi nila maunawaan; subalit nang ituon nilang mabuti ang kanilang mga puso at isipan dito, sa gayon ay naunawaan nila ang tinig. (Tingnan sa 3 Nephi 11:3–5.)[14]

Nawa'y ipagkaloob ng Diyos na ang bawat isa sa atin ay mamuhay nang sa gayo'y matamasa natin ang pakikipag-usap na iyon sa Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at malaman nang walang-alinlangan na siya ay tunay na nabubuhay, at maging handa balang-araw na pumasok sa Kanyang kinaroroonan.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Sa anu-anong dahilan tayo maaaring makatanggap ng paghahayag? Paano natin mapag-iibayo ang kakayahan nating marinig ang tinig ng Panginoon at "umunlad sa alituntunin ng paghahayag"?

- Ano ang ilang paraan na makatatanggap tayo ng paghahayag sa pamamagitan ng marahan at banayad na tinig ng Espiritu?
- Anu-ano ang kaibahan ng pag-usal ng panalangin at pakikipag-usap sa Diyos? Ano ang ibig sabihin ng manalangin "na may tunay na layunin"? (Moroni 10:4.)
- Paano nakaaapekto ang kaalaman na ikaw ay anak ng Diyos sa paraan ng pagdulog mo sa Kanya sa panalangin? Paano ka natutulungan ng kaalamang iyan na magtiwala sa Kanya?
- Kapag nahaharap ka sa mahahalagang pagpapasiya, ano ang dapat mong gawin upang makatanggap ng patnubay mula sa Panginoon? Bakit kailangan ang lakas ng loob upang makatugon sa mga paghihikayat ng Espiritu?
- Paano natin minsan "inilalayo ang ating sarili" sa Ama sa Langit? Paano tayo patuloy na lalapit sa Kanya sa ating sariling buhay at sa ating mga pamilya?

## *Mga Tala*


1. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 139.
2. Sa Conference Report, Okt. 1966, 115; o *Improvement Era*, Dis. 1966, 1142.
3. *Stand Ye in Holy Places*, 42, 144–45.
4. "How Primary Teachers Can Strengthen Their Testimonies," talumpati sa ika-47 taunang komperensiya sa Primarya, ika-3 ng Abril 1953, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 6–7.
5. "To Be on Speaking Terms with God," debosyonal sa Salt Lake Institute of Religion, ika-12 ng Oktubre 1973, salansan sa Historical Library, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4–5, 7.
6. Talumpati sa komperensiya sa Lausanne Switzerland, ika-26 ng Set. 1972, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 2.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 126.
8. "Qualities of Leadership," talumpati sa kombensyon ng LDSSA, Ago. 1970, 5.
9. "Cram for Life's Final Examination," talumpating ibinigay sa Brigham Young University, ika-5 ng Ene. 1954, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 9.
10. *Ye Are the Light of the World* (1974), 115, 120.
11. *The Teachings of Harold B. Lee*, 130.
12. Sa Conference Report, Okt. 1966, 115–17; o *Improvement Era*, Dis.1966, 1142–43.
13. *The Teachings of Harold B. Lee*, 129.
14. *The Teachings of Harold B. Lee*, 429.
15. Sa Conference Report, Okt. 1966, 119; o *Improvement Era*, Dis.1966, 1144.

# Ang mga Banal na Kasulatan, "Malawak na Imbakan ng Espirituwal na Tubig"

*Paano nakadaragdag sa ating espirituwalidad at umaakay sa atin patungo sa buhay na walang hanggan ang masigasig na pag-aaral ng mga banal na kasulatan?*

## Pambungad

Si Pangulong Harold B. Lee at ang kanyang asawang si Freda Joan Lee, ay naglakbay sa Europa at sa Banal na Lupain noong 1972, nagturo sa mga misyonero at miyembro ng mga doktrina ng ebanghelyo. Sina Elder Gordon B. Hinckley at ang kanyang asawang si Marjorie Pay Hinckley, ay kasama nila. Ginunita ni Sister Hinckley: "Nakatutuwang pagmasdan kung paano kumilos si Pangulong Lee sa isang sitwasyon. Kapag nakikipagpulong kami sa mga misyonero kadalasang ito ay sa umaga sa kapilyang puno ng *full-time* at *part-time* na lokal na mga misyonero. Sa pagtayo niya upang magsalita sa kanila, bibihira siyang magsimula sa pagbati o pang-unang pananalita, sa halip ay binubuksan niya ang mga banal na kasulatan at nagsisimulang magsalita. Walang kahirap-hirap niyang binabanggit ang mga banal na kasulatan kung kaya minsan ay mahirap malaman kung kailan siya gumagamit ng sarili niyang salita at kung kailan siya bumabanggit mula sa banal na kasulatan. Pagkatapos ng isa sa mga pulong na iyon, tinanong ko siya kung paano niya nasaulo ang mga banal na kasulatan. . . . Nag-isip siya sandali at pagkatapos ay nagsabing, 'Wala akong matandaan na talagang isinaulo ko ang mga banal na kasulatan. Palagay ko talaga lang pinag-aralan ko sila nang husto kung kaya naging bahagi na sila ng buhay ko at ng aking bokabularyo.' "[1]



Mahal ni Pangulong Harold B. Lee ang mga banal na kasulatan at ginamit ito upang turuan ang mga Banal. Sinulat niya, "Kung hindi tayo nagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw, hihina ang ating mga patotoo, hindi lalalim ang ating espirituwalidad."

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Bakit dapat nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan?

Tulad din na ang tubig ay mahalaga noon at ngayon sa pisikal na buhay. . ., gayon din naman na mahalga ang ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo sa espirituwal na buhay ng mga anak ng Diyos. Ang pagkakatulad na iyan ay ipinahiwatig sa mga salita ng Tagapagligtas sa babae sa tabi ng balon ng Samaria, nang sabihin Niya: ". . .sinumang umiinom ng tubig na sa kanya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan." [Juan 4:14.]

Ang malalawak na imbakan ng espirituwal na tubig, na tinatawag na mga banal na kasulatan, ay inilaan sa panahong ito at pinag-ingatan upang ang lahat ay makasalo at espirituwal na mapakain, at nang sila ay hindi na mauhaw. Ang kahalagahan ng banal na kasulatang ito ay tinukoy sa mga salita ng Tagapagligtas, "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan; sapagkat iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan: at ang mga ito ay siyang nangagpatotoo tungkol sa akin" (Juan 5:39); at ang karanasan ng mga Nephita na pinabalik upang kunin ang mga laminang tanso na naglalaman ng mga kasulatang napakahalaga sa kapakanan ng mga tao. Ang paggamit ng mga banal na kasulatang iyon ay isinaad sa pahayag ni Nephi nang sabihin niya, ". . .sapagkat inihahalintulad ko sa amin ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa aming kapakinabangan at kaalaman." (1 Nephi 19:23.) Sa mga salinlahing ito ang mga mensahe mula sa ating Ama ay naitabi at napag-ingatang mabuti, at mapapansin din ninyo na sa panahong ito ang mga banal na kasulatan ang pinakadalisay sa kanilang pinagmumulan, tulad din ng ang tubig ay pinakadalisay sa bundok na pinagmumulan ng bukal nito; ang pinakadalisay na salita ng Diyos, at marahil ang hindi marurumihan, ay ang nagmumula sa mga labi ng mga buhay na propetang itinalaga upang gabayan ang Israel sa atin mismong araw at panahon.[2]

Ang ating Ama sa bawat dispensasyon ay nagbigay sa atin, na Kanyang mga anak, ng mga banal na kasulatan na Kanyang bi-

nigyang-inspirasyon upang gawin tayong matalino sa pagdaig sa tukso sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya. Ang mga banal na kasulatang ito ay "mapapakinabangan sa doktrina, sa panunumbat, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katwiran. Upang ang tao ng Diyos ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawaing mabuti." (II Timoteo 3:16–17.) Dahil napakahalaga ng mga banal na kasulatan sa plano ng kaligtasan ng Ama kung kaya itinala ang mga pangyayaring iyon kung saan iniutos ng Diyos ang pagkitil ng buhay upang maangkin ang mahahalagang kasulatan dahil kung wala ang mga ito ang Kanyang mga anak ay magpapahapay-hapay at mabubulagan sa kadiliman ng sanlibutan [tingnan sa 1 Nephi 4:13].[3]

Sa ngayon mas binibigyang-pansin natin ang pagbabasa ng mga komentaryo tungkol sa mga banal na kasulatan. Subalit wala nang mas mahalaga pa kaysa sa hawakan ng ating mga kamay ang mga banal na kasulatang iyon at basahin ang mga ito. . . . [M]ayroong bagay na higit na nakakapukaw, higit na espirituwal, bagay na higit na makahulugan kapag binabasa ko ang mismong banal na kasulatan. . . . Wala nang mas mahalaga, lubos na kailangan ngayon, kundi ang ikintal sa inyong mga anak ang pagmamahal ding yaon sa mga banal na kasulatan.[4]

Pinayuhan tayo ng Guro na saliksikin ang mga banal na kasulatan, sapagkat dito natin matatagpuan ang landas patungo sa buhay na walang hanggan, sapagkat pinatototohanan nila ang landas na dapat tahakin ng mga tao upang magtamo ng buhay na walang hanggan na kasama Niya at ng "Ama na nagsugo sa [Kanya]" (Juan 5:30).[5]

---

**Paano nakakatulong ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon sa ating pagpapaunlad at pagpapanatili ng ating espirituwalidad?**

Lagi nang sumasaisip ko ang mga salita ni Propetang Joseph Smith sa pakikipagpulong niya sa mga kapatid na kalalakihan, ikinintal sa kanila ang kahalagahan ng Aklat ni Mormon, may higit na kahulugan kaysa sa iniisip ng marami sa atin. Ang pahayag niya ay: "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ay ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang

bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat" (*History of the Church*, 4:461).

Para sa akin nangangahulugan ito na hindi lamang sa daming ito ng mga banal na kasulatan natin nailalarawan ang mga naaangkop na katotohanan ng ebanghelyo, kundi sa pamamagitan din ng pangalawang saksing ito ay maaari nating malaman nang may higit na katiyakan ang kahulugan ng mga turo ng mga sinaunang propeta at, sa katunayan, maging ng Guro at ng Kanyang mga disipulo noong sila ay namuhay at nagturo sa mga tao.[6]

Kung nais ng isang taong mapalapit sa Diyos, magagawa niya ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng Aklat ni Mormon.[7]

Kayo…ay wala nang magagawa pa upang mapag-ibayo ang inyong espirituwal na pagkahilig at mapanatili ang inyong espirituwal na sigla maliban sa pagbabasang muli taun-taon ng mahahalagang bagay na itinuro sa Aklat ni Mormon. Ibinigay ito sa atin, ang kabuuan ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Anghel Moroni upang ipangaral sa tao. Nagkaroon tayo, halimbawa, ng kuwentong isinalaysay sa atin ni Pangulong German E. Ellsworth, na nagbahagi ng kanyang patotoo sa templo sa harap ng ibang pangulo ng misyon. Sinabi niya na maraming taon na ang nakalipas habang pinamumunuan niya ang Northern States Mission ay nagkaroon siya ng panaginip o pangitain kung saan dinadalaw niya ang Burol ng Cumora at napuno ang kanyang isipan ng mga pangyayaring naganap sa sagradong lugar na iyon. Doo'y dumating sa kanya ang hindi mapag-aalinlanganang hamon: "Ipangaral sa sanlibutan ang Aklat ni Mormon. Aakayin nito ang sanlibutan kay Cristo."[8]

Kung nais ninyong patatagin ang mga estudyante laban sa…mga taliwas na turo, ang tinatawag na mga nakatataas na kritiko na humahamon sa pananampalataya nila sa Biblia, bigyan ninyo sila ng pangunahing kaalaman sa mga turo ng Aklat ni Mormon. Paulit-ulit na repasuhin ito.

Gaano na ba katagal mula nang mabasa ninyo ang Aklat ni Mormon? Nagulat ako kani-kanina lamang nang makapanayam ang dalawang kalalakihan na kabilang dati sa ating sistema ng se-

minary maraming taon na ang lumipas at kapwa sila ngayon humahawak ng ibang tungkulin sa pagtuturo, nagtamo na ng kanilang pagkadalubhasa. Lumayo sila sa mga katotohanan ng ebanghelyo at ngayon ay hinahamon at sinasalungat at pilit na winawasak at pinupulaan ang mga turo ng Simbahan.

Nakausap ko silang dalawa, at nang tanungin ko tungkol sa pagbabasa nila ng Aklat ni Mormon, sinabi sa akin ng isa sa kanila: "Labing-apat na taon na ang nakalipas mula nang may mabasa ako sa Aklat ni Mormon."

Sinabi ng isa pa, "Hindi ko na matandaan pa kung kailan ako huling nagbasa ng Aklat ni Mormon." Gayundin ang maaaring mangyari sa atin, kung hindi natin ipagpapatuloy na ilubog ang ating sarili sa mga turo ng napakahalagang aklat na ito na ibinigay sa atin ng Panginoon para sa isang layunin–at iyan ay, ang itama ang lahat ng pagkakamali at pagtatalu-talong ito sa ating panahon tulad nang ipinangako Niya na gagawin sa ibang panahon.[9]

Nakipag-usap ako sa isang taong kilala sa aming pamantasan. . . . Bagamat miyembro ng Simbahan, tuso siyang nag-uudyok at pinalalala ang mga pag-aalinlangan sa hangaring wasakin ang pananampalataya ng mga kabataang ito. Sabi niya, "Pero hindi ko na ito ginagawa nitong huling tatlong buwan, Kapatid na Lee."

Nang tanungin ko, "Ano ang nagpabago sa iyo?" nakatutuwa niyang inamin:

"Sa loob ng dalawampung taon kahit kailan ay hindi ko binasa ang Aklat ni Mormon, pero nabigyan ako ng takdang-gawain sa Simbahan. Ang takdang-gawaing iyon ay nagtulak sa aking pag-aralan ang Aklat ni Mormon at ang ebanghelyo, at nakiisa akong muli sa Simbahan sa loob ng ilang buwan. Ngayon kapag lumalapit ang mga estudyante ko sa akin, na balisa dahil sa mga turo ng pilosopiya, sinasabi ko sa kanila nang sarilinan, 'Ngayon, huwag na kayong mabalisa. Alam mo at alam ko na totoo ang ebanghelyo at tama ang Simbahan.' "[10]

### Sa anu-anong paraan nakapagbibigay ng pamantayan ng katotohanan ang mga banal na kasulatan?

Ang mga nakalipas na taon ay nagpasimula sa mga teoriyang pang-edukasyon at pilosopiya na nag-alinlangan sa lahat ng lumang pamantayan ng relihiyon, moralidad, at ugnayang pampamilya. Ang mga makabagong ikonoklasta ay abala. . .upang wasakin ang pananampalataya sa dati at pinagkakatiwalaang makapangyarihang turo ng mga banal na kasulatan at upang [palitan ang mga ito] ng mga hindi inspirado at doktrinang etikal na gawa ng tao na pabagu-bago ayon sa panahon at lugar.[11]

Sinasabi ko na kailangang turuan natin ang ating mga tao na makahanap ng mga sagot sa banal na kasulatan. Kung magiging sapat lamang ang kaalaman ng bawat isa sa atin para masabi na hindi natin masasagot ang anumang tanong maliban kung makakakita tayo ng doktrinal na sagot sa mga banal na kasulatan! At kung maririnig nating nagtuturo ang isang tao na salungat sa nasa mga banal na kasulatan, malalaman ng bawat isa sa atin kung ang mga bagay na binabanggit ay mali—ganoon lang kasimple iyon. Subalit ang nakakalungkot ay marami sa atin ang hindi nagbabasa ng mga banal na kasulatan. Hindi natin alam kung ano ang nasa loob nito, at dahil doon nagmumuni-muni tayo sa mga bagay na dapat sana nating natagpuan sa mga banal na kasulatan. Sa palagay ko iyan ang isa sa pinakamatinding panganib sa ngayon.

Kapag nakikipagpulong ako sa ating mga misyonero at nagtatanong sila tungkol sa mga bagay tungkol sa templo, sinasabi ko sa kanila, kapag tinatapos ko ang talakayan, "Hindi ako mangangahas sumagot sa anuman sa inyong mga katanungan maliban kung makahahanap ako ng kasagutan mula sa mga pamantayang aklat o sa tunay na mga pagpapahayag ng mga Pangulo ng Simbahan."

Ibinigay sa atin ng Panginoon sa mga pamantayang aklat ang mga paraan kung paano natin dapat sukatin ang katotohanan at di-katotohanan. Nawa'y pakinggan nating lahat ang kanyang salita: "Inyong kukunin ang mga bagay na inyong natanggap, na ibinigay sa inyo sa aking mga banal na kasulatan bilang isang ba-

tas, upang maging batas ko upang pamahalaan ang aking simbahan" (D at T 42:59).[12]

Laging nariyan ang tukso na lumagpas pa sa ipinahayag ng Panginoon at nagtangkang gumamit ng imahinasyon sa ilang pagkakataon o maghaka-haka tungkol sa mga turong ito. Nais kong tandaan ninyo iyan. Huwag kayong mangahas na lumagpas pa sa ipinahayag ng Panginoon. Kung hindi ninyo alam, sabihin ninyong hindi ninyo alam; subalit huwag ninyong sabihing hindi ninyo alam kapag dapat ay inyong alam, sapagkat kayo ay dapat maging mga mag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang mga katanungan tungkol sa mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo ay dapat masagot, hangga't maaari, mula sa mga banal na kasulatan.[13]

Mayroon tayo na wala ang ibang simbahan: apat na kagila-gilalas na mga aklat, ang katotohanan nito kung babasahin nating lahat, ay napakalinaw kung kaya't walang dahilan upang magkamali tayo. Halimbawa, kapag gusto nating malaman ang tungkol sa pakahulugan ng talinghaga ng agingay ayon sa ibig sabihin ng Panginoon dito, ang dapat lamang nating gawin ay basahin ang paghahayag na kilala bilang ika-86 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan at nasa atin na ang pakahulugan ng Panginoon. Kung nais nating malaman ang tungkol sa nilalaman ng mga turo ng Mga Pagpapala o ng Panalangin ng Panginoon, mababasa natin ang mas wastong bersyon sa Pangatlong Nephi. Maraming konsepto na hindi maliwanag ang nabigyang-linaw at katiyakan sa ating mga isipan.[14]

---

## Bakit dapat nating gamitin ang mga banal na kasulatan kapag nagtuturo tayo ng ebanghelyo?

Pananagutan ng mga nagtuturo sa Kanyang mga anak ang ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Hindi tayo itinalaga upang magturo ng mga kuru-kuro o hula-hula sa katotohanan. Hindi tayo itinalaga upang magturo ng mga pilosopiya o agham ng sanlibutan. Itinalaga tayo upang magturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo tulad nang makikita sa apat na pamantayang aklat—ang Biblia, ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas.

Kapag inisip natin iyan bilang ating limitasyon, pribilehiyo nating malaman ang mga katotohanang iyon at ang magkaroon ng pinakakumpletong pamantayan ng mga banal na kasulatan na kilala sa sanlibutan. Tanging mga miyembro lamang ng Simbahan ang may pribilehiyong gayon.[15]

Naniniwala kami na ang ating mga miyembro ay gutom sa ebanghelyo, na hindi malabnaw, at sagana sa katotohanan, at kabatiran. . . . [H]uwag tayong magkamali na bagutin [ang ating mga miyembro]…sa ating mga tahanan o klase sa Simbahan sa pagbibigay sa kanila ng malabnaw na paghigop ng ebanghelyo gayong makaiinom sila ng pamatid-uhaw sa balon ng buhay na tubig!… Tila may mga taong nakakalimot na ang pinakamakapangyarihang sandatang ibinigay sa atin ng Panginoon laban sa lahat ng kasamaan, ay ayon na rin sa sarili Niyang mga pagpapahayag, ang mga payak at simpleng doktrina ng kaligtasan na matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Nagulat kami nang aming marinig na ilan sa ating mga kapatid na kalalakihan sa tinatawag na mauunlad na komunidad…ay piniling bale-walain ang nakabalangkas na kurso ng pag-aaral bilang kapalit ng iba't ibang makukulay na pagtalakay sa mga paksang kakaunti lamang ang pagkakatulad sa mga pangunahing katotohanan ng ebanghelyo.[16]

Lahat ng itinuturo natin sa Simbahang ito ay dapat nakabatay sa mga banal na kasulatan. . . . Kailangang piliin natin ang ating mga paksa mula sa mga banal na kasulatan, at sa tuwing may paglalarawan kayo sa mga banal na kasulatan o paghahayag sa Aklat ni Mormon, gamitin ito, at huwag kumuha sa ibang mapagkukunan kung makikita naman ninyo ito sa mga aklat na ito. Tinatawag natin itong mga pamantayang aklat ng Simbahan sapagkat sukatan ang mga ito. Kung nais ninyong sukatin ang katotohanan, sukatin ito sa pamamagitan ng apat na pamantayang aklat ng Simbahan. . . . Kung wala ito sa mga pamantayang aklat, maaaring ipalagay ninyo ito bilang isang haka-haka. Ito ay sariling opinyon ng tao, sa madaling salita; at kung sumalungat ito sa mga nasa banal na kasulatan, malalaman ninyo sa ganoon ding palatandaan na ito ay hindi totoo. Ito ang pamantayan kung paano ninyo masusukat ang katotohanan. Subalit kung hindi ninyo alam ang mga pamantayan, wala kayong sapat na panukat.[17]

Naaalala ko. . .kung paano itinuro sa akin ang mga banal na kasulatan noong ako ay nasa Primarya pa lamang. . . . Tandaan, dumarating ang pananampalataya sa pakikinig sa salita ng Diyos, tulad ng sinabi ni Pablo [tingnan sa Mga Taga Roma 10:17]. . . .Sa klase ko sa Primarya, mayroon akong mahusay na guro—hindi mahusay dahil sa nakapag-aral siya sa paaralan at nakatanggap ng pagkadalubhasa sa agham ng pagtuturo, sining ng pagtuturo, kundi dahil may paraan siya ng paniniwala. . .na upang magkaroon siya ng sampalataya sa amin kailangang ituro niya sa amin ang mga banal na kasulatan.[18]

---

**Umuunlad ba tayo sa patotoo at espirituwalidad sa masigasig na pag-aaral ng mga banal na kasulatan?**

Patuloy ba ninyong. . .pinag-iibayo ang inyong patotoo sa masigasig na pag-aaral ng mga banal na kasulatan? Nakaugalian na ba ninyong magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw? Kung hindi tayo nagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw, hihina nang hihina ang ating patotoo, hindi lalalim ang ating espirituwalidad. Tayo, mismo, ay dapat mag-aral ng mga banal na kasulatan at ugaliin ito araw-araw.[19]

Ang paraan ng pagtatatag ng espirituwalidad [ay] sa pamamagitan ng pag-aaral ng ebanghelyo.[20]

Sikapin sa inyong mga tahanan, at turuan ang iba, na gumugol ng panahon bawat araw na magkaroon ng tahimik na sandali, magnilay-nilay. Pag-aaralan ang mga banal na kasulatan, kahit tatlumpung minuto bawat araw. Sa umagang-umaga, o sa kalaliman ng gabi, anuman ang angkop sa inyong iskedyul, bigyan ang inyong sarili ng isang oras ng mapanalanging pagninilay-nilay kung kailan maitutuon ninyo nang husto ang inyong sarili sa Diyos at talakayin sa Kanya ang mga suliraning labis-labis para sa pangunawa ng tao, na hindi kaya ng lakas ng tao.[21]

Huwag palampasin ang isang araw nang hindi nagbabasa mula sa mga sagradong aklat na ito. Subalit hindi sapat na matutuhan lang ang Kanyang buhay at gawa sa pamamagitan ng pag-aaral. Ang Guro mismo ay tumugon sa katanungan kung paano Siya makikilala ng tao at ang Kanyang doktrina: “Kung ang sinumang tao ay gagawa ng Kanyang kalooban, ay malalaman niya” (Juan

7:17). Sa palagay ba ninyo magiging awtoridad sa agham ang isang taong hindi pa kailanman nag-eksperimento sa isang laboratoryo? Pakikinggan ba ninyo nang husto ang komentaryo ng isang kritiko sa musika na walang alam sa musika. . .? Kaya nga, ang tulad ninyo na gustong "makilala ang Diyos" ay dapat na gumagawa ng Kanyang kalooban at sumusunod sa Kanyang mga kautusan at ipinamumuhay ang mga kagandahang-asal na ipinamuhay ni Jesus.[22]

Tayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon. May karapatan tayo sa espirituwal na gabay, kung mamumuhay tayo nang karapat-dapat. Ipinagkaloob ng Diyos na mamuhay tayo at pag-aralan ang mga banal na kasulatan, at gawin itong pang-araw-araw na kaugaliang magbasa upang hindi tayo bumagsak sa matataas na tungkuling itinalaga sa atin sa kaharian ng Ama.[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Sa anu-anong paraan nagiging mahalaga ang mga banal na kasulatan sa ating espirituwal na buhay tulad ng kahalagahan ng tubig sa ating pisikal na buhay? Paano nakatutulong sa atin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan na mapaglabanan ang tukso?
- Sa anong paraan tayo naaakay ng Aklat ni Mormon tungo kay Jesucristo? Paano tayo natutulungan ng Aklat ni Mormon na matukoy ang kaibahan ng katotohanan sa kamalian? Paano naimpluwensiyahan ng inyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon ang inyong buhay?
- Anu-anong karanasan ang naganap sa inyo sa paghahanap ng mga kasagutan sa inyong mga katanungan sa banal na kasulatan?
- Kapag nagtuturo tayo, bakit mahalagang umasa sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta?
- Paano ninyo nagawang i-priyoridad ang pag-aaral ng banal na kasulatan sa inyong buhay? Paano ninyo nahikayat ang inyong mga anak o ibang miyembro ng mag-anak na mag-aral ng mga banal na kasulatan?

- Paano nadagdagan ang ating kakayahan sa ating pag-aaral ng mga banal na kasulatan upang matupad ang "matataas na tungkuling itinalaga sa atin sa kaharian ng Ama?"

## *Mga Tala*


1. *Glimpses into the Life and Heart of Marjorie Pay Hinckley*, inedit ni Virginia H. Pearce (1999), 21.
2. Sa Conference Report, Okt. 1943, 101.
3. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 370.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 152–53.
5. *The Teachings of Harold B. Lee*, 150.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 154.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 155.
8. "Restoration of the Gospel," 1954, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 19–20.
9. *The Teachings of Harold B. Lee*, 157.
10. *Ye Are the Light of the World*, (1974) 105.
11. *Decisions for Successful Living* (1973), 11.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 153.
13. *The Teachings of Harold B. Lee*, 154.
14. *Ye Are the Light of the World*, (1974) 109.
15. *Ye Are the Light of the World*, (1974) 96.
16. *The Teachings of Harold B. Lee*, 450–51.
17. *The Teachings of Harold B. Lee*, 148–49.
18. "How Primary Teachers Can Strengthen Their Testimonies," ika-47 taunang komperensiya ng Primarya, ika-3 ng Abr. 1953, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 9.
19. Seminar ng mga kinatawan ng rehiyon, ika-12 ng Dis. 1970, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 10.
20. Paglalaan ng Southern California, Region welfare ranch, ika-6 ng Hulyo 1950, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
21. *The Teachings of Harold B. Lee*, 152.
22. *The Teachings of Harold B. Lee*, 150.
23. *The Teachings of Harold B. Lee*, 152.


# Joseph Smith, Propeta ng Diyos na Buhay

*Bakit mahalaga sa ating patotoo tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo ang patotoo hinggil sa misyon ni Joseph Smith bilang propeta?*

## Pambungad

May malakas na patotoo si Pangulong Harold B. Lee sa Propetang Joseph Smith at kadalasan ay gamit niya ang mga salita ng Propeta habang nagtuturo siya ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Alam niyang ang patotoo sa misyon ng Propetang Joseph Smith ay mahalaga sa patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo. Nakasalamuha niya ang maraming tao na hindi nagbahagi ng patotoong ito tungkol sa Propeta. Ang isa'y kaibigan na nakabasa sa Aklat ni Mormon at nagsalita tungkol sa kanyang "pagpipitagan sa mga turo nito." Tinanong siya ni Pangulong Lee, "Bakit wala kang ginagawa tungkol dito?. . . Bakit di ka sumapi sa Simbahan?" Nag-iisip ang lalaki na tumugon: "Palagay ko ang dahilan ay sapagkat napakalapit ni Joseph Smith sa akin. Kung nabuhay siya noong mga dalawang libong taon, marahil maniniwala ako. Ngunit dahil napakalapit niya, palagay ko, 'yan ang dahilan kung bakit di ko matanggap." Ang sabi ni Pangulong Lee sa sagot ng kanyang kaibigan, "Narito ang isang taong nagsasabing, 'Naniniwala ako sa nangamatay na mga propeta na nabuhay libu-libong taon na ang nakalilipas, ngunit nahihirapan akong paniwalaan ang isang buhay na propeta.' "[1]

Sa isa pang pagkakataon ay sinabi ng isang babae, "Alam mo, madali kong matatanggap ang lahat sa Simbahan maliban sa isang bagay. . . . Hindi ko matanggap ang katotohanang si Joseph Smith ay Propeta ng Diyos." Puna ni Pangulong Lee, "Kung paano matatanggap ng isang tao ang Ebanghelyo nang di tinatang-



Nagpatotoo si Pangulong Harold B. Lee: "Alam. . .kong si Joseph Smith ay propeta ng Diyos na buhay. Alam kong nabuhay siya at namatay upang ibigay sa salinlahing ito ang paraan kung paano makakamit ang kaligtasan."

gap ang taong naging kasangkapan sa pagpapanumbalik nito ay di ko kailanman mauunawaan."[2]

Isinaad ni Pangulong Lee: "Kailangan nating malaman nang may katiyakan sa ating mga puso at isipan na si Jesus ang Cristo, ang Tagapagligtas ng daigdig. Kailangan nating malaman na ito ang tunay na Simbahan ni Jesucristo, ang kaharian ng Diyos sa mundo sa mga huling araw na ito; at sa huli'y kailangan tayong magkaroon ng patotoo na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos."[3]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Bakit kailangan tayong magkaroon ng patotoo kay Joseph Smith bilang propeta ng Diyos?

Ano nga ba ang katangian ng totoong Propeta ng Diyos? Una, siya ang tagapagsalita ng Diyos sa panahong iyon at sa mga taong pinangangasiwaan niya. Ikalawa, binibigkas niyang muli ang mga sinaunang katotohanan at naghahangad na sundin ng mga tao ang di-nagbabagong mga batas ng ebanghelyo. Ikatlo, nakatatanggap siya ng karagdagang mga paghahayag mula sa Panginoon upang matugunan ang mga problema ng sumusulong na inihahayag na plano. Ang gayong mga bagong katotohanan na nagmumula sa Maykapal ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Propeta ng panahong iyon. Gayon si Joseph Smith, Propeta ng Diyos sa bawat diwa. Oo, totoong tulad ng sinabi ni Propetang Amos, "Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta." [Amos 3:7.][4]

Mula sa kaibuturan ng aking kaluluwa. . .alam kong si Joseph Smith ay propeta ng Diyos na buhay. Alam kong nabuhay siya at namatay upang ibigay sa salinlahing ito ang paraan upang makamit ang kaligtasan. Alam kong mataas ang kanyang kinaluluklukan at taglay niya ang mga susi sa huling dispensasyong ito. Alam kong para doon sa mga sumusunod sa kanya at nakikinig sa kanyang mga aral at tumatanggap sa kanya bilang totoong propeta ng Diyos at sa kanyang mga paghahayag at aral bilang mga salita ng Diyos, ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa kanila. [Tingnan sa D at T 21:4–6.][5]

Dapat nating tanggapin ang banal na misyon ng Propetang Joseph Smith bilang paraan sa panunumbalik ng ebanghelyo at pagkakabuo ng Simbahan ni Jesucristo. Bawat miyembro ng Simbahan, upang maging handa sa 1,000-taong pamamahala ni Cristo sa lupa, ay kailangang tumanggap ng kani-kanyang patotoo tungkol sa kabanalan ng gawaing itinatag ni Joseph Smith. Ito ang buong kapayakang itinuro ng mga Banal matapos pumarito ang Tagapagligtas sa lupa. Binanggit ito muli ng isa sa mga pinuno ng ating panahon, nang sabihin niya, palagay ko bilang pagtukoy sa talinghaga ng limang hangal at limang matatalinong dalaga sa talinghaga ng Guro [tingnan sa Mateo 25:1–3], "Darating ang panahon na walang sinumang lalaki ni babae na makatatagal sa hiram na liwanag. Bawat isa'y kakailanganing magabayan ng liwanag na nagmumula sa kanyang sarili." [Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball* (1945), 450.][6]

Kayo na nagsaliksik na mabuti sa mga banal na kasulatan, kayo na naghangad na magkaroon ng patotoo ng banal na pagsaksi ng Espiritu na karapatan ng bawat isa sa inyo na tanggapin sa pamamagitan ng pagpapatotoo ng Espiritu Santo, maaaring taglay ninyo. . .ang isa sa lubos na kapana-panabik na karanasan na maaaring dumating sa inyo kapag sinabi ninyo sa inyong puso, "Alam ko nang buong kaluluwa ko ngayon higit kailanman na si Jesus ang Panginoon, ang Tagapagligtas ng daigdig, at si Joseph Smith, ang martir, ay ang propeta ginamit ng Panginoon upang pairalin ang Kanyang Simbahan sa panahong ito."[7]

---

**Paano inihanda si Joseph Smith para sa kanyang tungkulin bilang Propeta ng Pagpapanumbalik?**

Si Joseph Smith ang inalagaan ng Panginoon mula pagkabata at pinagkalooban ng banal na awtoridad at tinuruan ng mga bagay na kailangan niya upang malaman at makamtan ang pagkasaserdote at mailatag ang pundasyon para sa kaharian ng Diyos sa mga huling araw na ito.[8]

Batay sa kasaysayan, ang mga pinunong propeta ay pinipili mula sa karaniwang kalakaran ng buhay, hindi mula sa mga taong sinanay sa teolohiya sa mga seminaryo. Tingnan natin ang

maraming propeta. Nais kong balikan ang kasaysayan: si Eliseo ay isang maunlad na magsasaka; si Amos ay pastol sa Judea; ang propetang si Isaias ay mamamayan sa Jerusalem; si Mikas ay mula sa nayon ng Judea; si Jeremias ay isang binatilyong mula sa angkan ng mga saserdote; si Ezekiel ay saserdote sa templo; sina Pedro, Andres, Santiago, at Juan ay mga mangingisda; si Jesus at ang kanyang amang si Jose ay mga karpintero. Marahil ito ang magpapaliwanag kung bakit pinili ng Panginoon [ang Propetang Joseph Smith bilang] pinunong propeta ng dispensasyong ito. . . . Pinili Niya ang taong magiging matalino sa mga bagay na ukol sa Diyos— mga bagay na malamang na maging kahangalan sa mga naturuan lamang sa mga bagay na ukol sa daigdig.[9]

Sa buhay ng batang propetang si Joseph Smith, bago ipagkaloob sa kanya ang dalawa sa mga dakilang paghahayag na naibigay sa tao, ay may naunang pagpapamalas ng kapangyarihan ng masama sa kapwa paghahayag na ito—sa Sagradong Kakahuyan, at sa Burol ng Cumora. Tila kinailangang maunawaan ng Propeta ang katangian at kapangyarihan ng puwersang iyon upang maging handa siya sa matagumpay na pakikipaglaban dito.[10]

Ang isang propeta ay hindi nagiging espirituwal na pinuno sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga aklat tungkol sa relihiyon, ni hindi siya nagiging propeta sa pagdalo sa seminaryong nagtuturo tungkol sa Diyos. . . . Ang isang tao'y nagiging propeta o pinuno ng relihiyon sa pamamagitan ng tunay na karanasang espirituwal. Sa gayon ang totoong dalubhasa sa espirituwal ay tumatanggap mismo ng diploma mula sa Diyos.[11]

---

**Anong mga dakilang bagay ang itinatag ng Panginoon sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith?**

Ang misyon ng Propetang Joseph Smith ay batid na. . .2,400 taon pa man bago siya isilang. Ang mga propesiya. . .hinggil kina Moises at Joseph ay nakatala sa laminang tanso at nakuha mula kay Laban ng mga anak ni Lehi, kung natatandaan ninyo. Doon matatagpuan ang propesiyang ito na walang ibang tinutukoy kundi ang Propetang Joseph Smith:

"Oo, tunay na sinabi ni Jose [walang alinlangang tumutukoy kay Jose na ipinagbili sa Egipto]: Ganito ang winika ng



Dahil sa Unang Pangitain, ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon ay napasimulan sa pamamagitan ng "paghahayag ng katangian ng Diyos Ama at ng Anak" sa hinirang na propeta ng Panginoon.

Panginoon sa akin: Isang piling tagakita ang ibabangon ko mula sa bunga ng iyong balakang;. . .at sa kanya ay ipagkakaloob ko ang kapangyarihang isiwalat ang aking salita sa mga binhi ng iyong balakang—at hindi lamang sa pagdadala ng salita ko, wika ng Panginoon, kundi upang mapapaniwala sila sa aking salita, na napasakanila na. . . . Masdan ang tagakitang yaon ay pagpapalain ng Panginoon; at sila na nagnanais na siya ay pinsalain ay malilito. . . . At ang kanyang pangalan ay tatawagin sa pangalan ko; at ito ay isusunod sa pangalan ng kanyang ama. At siya ay magiging katulad ko; sapagkat ang bagay na isisiwalat ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga kamay, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon ay magdadala sa aking mga tao sa kaligtasan." [Tingnan sa 2 Nephi 3:7, 11, 14–15.][12]

Sa dispensasyong ito, tulad ng nangyari sa lahat ng nakaraang mga dispensasyon ng ebanghelyo sa mundo, ay ibinigay sa ma-

kabagong propetang si Joseph Smith ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos at sa Kanyang Anak, na ating Tagapagligtas. Noon, bilang niluwalhating mga nilalang na nakapagsasalita at nakikita ng tao, ay nakipag-usap sila sa kanya, na tila ipinamamalas ang kanilang katunayan, habang pinasisimulan ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, bilang paghahanda sa ikalawang pagparito ng Panginoon upang maghari bilang Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari sa pagsisimula ng milenyo.[13]

Sa tuwing nababawasan ang ating pananampalataya at kaalaman ay ibinabalik ng Panginoon, sa Kanyang awa, ang higit na kumpletong kaalaman tungkol sa Diyos at sa Kanyang Anak. At sa tuwing magkakaroon ng pagbuhos ng banal na kaalaman hinggil sa Ama at sa Anak ay sinasabi nating mayroon tayong bagong dispensasyon. Gayundin noong panahon ni Adan; gayundin noong panahon ni Abraham; noong panahon ni Moises; nang Siya'y magpunta sa mga Nephita; sa mga tao ni Enoc; at kung kaya dumating ang Tagapagligtas sa mga tao upang ituro sa kanila ang kaugnayan ng Diyos at ng Anak ng Diyos. . . .

Makabuluhan kung gayon, upang masimulan ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, kung ano ang nagpasimula nito? Ang paghahayag sa katauhan ng Diyos Ama at ng Anak sa batang propetang si Joseph Smith.[14]

"Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay" (D at T 135:3). Ngayon, maaaring isipin ng ilan na labis naman ang pahayag na ito, ngunit [hindi] kapag inisip natin ang ibinigay Niya sa atin sa pamamagitan ng kahanga-hangang binatilyong ito na, sa loob lamang ng dalawang taon ay napalitaw ang malaking tomo ng banal na kasulatan na siyang ikalawang saksi sa misyon ng Panginoon, ang Aklat ni Mormon. . . . Ang binatilyong ito, bagaman di nakapag-aral, ay pinakilos ng kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos, isinalin ang tala na mula sa di-kilalang wika tungo sa wikang nasa atin sa ngayon, at dito natin matatagpuan ang kaganapan ng walang-katapusang ebanghelyo.[15]

Si Joseph Smith, ang binatilyong di nakapag-aral ng mga teolohiya ng ating panahon, di nakapag-aral sa matataas na paaralan noong kanyang kapanahunan. . .[ay] maaaring magpakumbaba sa mga aral at bulong ng Espiritu. Kung hindi ay di niya naitayo ang simbahang ito. Hindi niya sana naihatid ang gawain ng Panginoon, ang Aklat ni Mormon. Maaari nilang hamakin ang Propetang Joseph Smith bilang isang tao. Maaari nilang batikusin kung paano nagsimula ang simbahang ito, ngunit narito ang tumatayong bantayog—ang Aklat ni Mormon mismo. Hindi sana ito magagawa ng taong si Joseph, ngunit dahil naganyak ng kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos, nakaya at nagawa ni Joseph ang mahimalang paglilingkod na maipakita mula sa pagkakatago at mula sa kadiliman ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.[16]

Ibinalita [ni Moroni] sa Propeta. . .na panahon na upang mabisang ipangaral sa lahat ng bansa ang kabuuan ng ebanghelyo. Ito'y bilang katuparan ng ipinangako ni Juan na lilipad ang anghel sa gitna ng langit, "na may [kaganapan ng] mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa" (Apocalipsis 14:6). Ang pagpapanumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ay naisakatuparan nang ang Aklat ni Mormon, na ipinahayag na talaan na naglalaman ng kaganapan ng ebanghelyo, ay naipanumbalik sa daigdig sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith.[17]

Noong ika-21 ng Setyembre, 1823 [nagpakita si Moroni kay Joseph Smith at ipinahayag ang bahaging ito,] "na ang gawain ng paghahanda para sa ikalawang pagparito ng Mesiyas ay mabilis na magsisimula; na sumapit na ang oras para ipangaral nang may kapangyarihan ang kabuuan ng Ebanghelyo, sa lahat ng bansa. . .upang maihanda ang isang grupo ng mga tao para sa paghahari sa Milenyo," na ang ibig sabihin ay ang pagdating ng Panginoon (*History of the Church*, 4:537). Sa madaling salita, ang pangunahing layunin ng pagpapanumbalik ng ebanghelyo ay ihanda ang isang grupo ng mga tao na makatatayo sa harapan ng Panginoon kapag Siya ay dumating; kung hindi,. . .di natin matatagalan ang Kanyang presensiya.[18]

Ngayon ang gawain ng kaharian ng Diyos sa lupa ay isang bantayog sa pangalan ng Propetang Joseph Smith. Milyun-milyon na

ang lubusang tumanggap sa kaluwalhatian ng kanyang misyon, tulad ng pagkahayag at pangangasiwa niya rito sa buong mundo. Tayo ang mga tagapagmana ng walang katumbas na mahalagang perlas na iyon, ang ebanghelyo ni Jesucristo, na ipinanumbalik sa pamamagitan niya na naging kasangkapan ng Panginoon, upang tulungan tayong mamuhay, at mamatay kung kinakailangan, upang sa tamang oras ay maging handa tayo sa paghahaharing iyon sa Milenyo. Hindi natin ito dapat kalimutan kailanman. Ito ang panahon upang tayo, habang may panahon pa, ay maging handa sa pagharap sa ating Diyos.[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Paano mapatatatag ng bawat isa sa atin ang ating patotoo tungkol sa misyon ng Propetang Joseph Smith? Ano ang nakapagpatatag sa inyong patotoo tungkol sa Propeta?
- Paano natin masusundan ang halimbawa ng Propetang Joseph upang dagdagan ang sarili nating karunungan at espirituwalidad? Anong mga katangian ni Cristo ang makikita sa buhay ng Propetang Joseph Smith?
- Ano ang ilan sa mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo na inihayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith?
- Ano ang nagawa ni Joseph Smith para sa kaligtasan ng lahat ng anak ng Diyos? Sa anong mga paraan naging kaiba ang iyong buhay dahil sa mga paghahayag na natanggap ni Propetang Joseph Smith?
- Paano ninyo maibabahagi sa iba ang inyong patotoo tungkol sa Propetang Joseph Smith?

### *Mga Tala*

1. "The Place of the Living Prophet, Seer, and Revelator," talumpati sa mga guro ng seminary at institute ng relihiyon, Brigham Young University, ika-8 ng Hulyo, 1964, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 2–3.
2. "He Lived Great, Died Great in Eyes of God and His People," *Church News*, ika-10 ng Dis. 1955, 4.
3. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 371.
4. "He Lived Great," 14.
5. *The Teachings of Harold B. Lee*, 371.

6. Sa Conference Report, Okt. 1956, 62.
7. "Two Great Commemorations," Pamaskong mensahe sa mga empleyado sa Gusaling Tanggapan ng Simbahan, ika-14 ng Dis. 1972, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 6.
8. Sa Conference Report, Okt. 1972, 18; o *Ensign*, Ene. 1973, 23.
9. "A Man among Men—A Man of Inspiration," talumpating ibinigay sa Fourth Annual David O. McKay Honor Day, ika-29 ng Set. 1968, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 12.
10. *The Teachings of Harold B. Lee*, 372.
11. "He Lived Great," 5.
12. "He Lived Great," 5.
13. Sa Conference Report, Abr. 1969, 132–33; o *Improvement Era*, Hunyo 1969, 105.
14. *The Teachings of Harold B. Lee*, 373–74.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 372.
16. *The Teachings of Harold B. Lee*, 372.
17. *The Teachings of Harold B. Lee*, 374.
18. *The Teachings of Harold B. Lee*, 375.
19. Sa Conference Report, Munich Germany Area Conference, 1973, 7.

# Pakikinig sa Tunay na Sugo ni Jesucristo


*Paano tayo mas matapat na makasusunod sa buhay na propeta?*

## Pambungad

Si Harold B. Lee ang naging ikalabing-isang Pangulo ng Simbahan sa pagkamatay ni Pangulong Joseph Fielding Smith noong Hulyo 1972. Kasunod niyon, dinalaw ni Pangulong Lee ang silid sa Salt Lake Temple kung saan nakasabit ang mga larawan ng sampung nauna sa kanya. "Doon, sa mapanalanging pagmumuni-muni," paggunita niya, "Tiningnan ko ang mga ipinintang larawan ng mga kalalakihang ito ng Diyos—tunay, dalisay na kalalakihan, magigiting na kalalakihan ng Diyos—na nauna sa akin sa tungkulin ding ito." Pinagbulay-bulay niya ang katangian at mga nagawa ng bawat isa sa mga propeta ng huling dispensasyong ito at sa huli'y dumating sa huling larawan. "Naroon si Pangulong Joseph Fielding Smith na nakangiti, ang mahal kong propetang-pinuno na hindi inilagay sa kompromiso ang katotohanan. . . . Sa maikling sandaling iyon ay tila ipinapasa niya sa akin, ang setro ng kabutihan na tila sinasabi sa aking, 'Humayo ka, at gayon din ang gawin mo.'. . .

"Alam ko, nang may patotoong na higit na mabisa kaysa nakikita ng tao, na tulad ng ipinahayag ng Panginoon, 'Ang mga susi ng kaharian ng Diyos ay ipinagkatiwala sa tao sa mundo [mula sa Propetang Joseph Smith tungo sa mga sumunod sa kanya hanggang sa kasalukuyan], at mula rito ang ebanghelyo ay lalaganap hanggang sa mga dulo ng mundo.' " [D at T 65:2.][1]

Ang Pangulo ng Simbahan ang tanging tao sa mundo na binigyang karapatan upang gamitin ang lahat ng susi ng pagkasaserdote. Itinuro ng isang propeta sa huling araw na: "Kapag ang



Ipinakikita ng larawang ito ang pagsang-ayon ng Unang Panguluhan kay Pangulong Harold B. Lee bilang Pangulo ng Simbahan, sa kapita-pitagang kapulungan noong ika-6 ng Oktubre, 1972. Si Pangulong N. Eldon Tanner ang nasa podyum, at si Pangulong Marion G. Romney ang nasa kanan ni Pangulong Lee.

Pangulo ng Simbahan ay maysakit o hindi kayang gampanan nang lubusan ang lahat ng tungkulin sa kanyang katungkulan, ang dalawa niyang Tagapayo, na kasama niyang bumubuo sa Korum ng Unang Panguluhan, ang gumagawa sa katungkulan ng Panguluhan. Ang anumang mahalagang katanungan, patakaran, programa, o doktrina ay may panalanging isinasaalang-alang sa lupon ng mga Tagapayo sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Walang desisyong manggagaling sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa kung walang lubos na pagkakaisa ang lahat ng kinauukulan. Sa pagsunod sa inspiradong huwarang ito, ang Simbahan ay susulong nang walang sagabal."[2]

Bilang mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon, maaari tayong magtiwala nang lubusan sa patnubay ng buhay na propeta, na tinawag ni Pangulong Lee na "tunay na sugo" ng Panginoon. Itinuro ni Pangulong Lee na "kung ang mga anak ng Panginoon, na kinabibilangan ng lahat ng nasa mundo, anuman ang nasyonalidad, kulay, o paniniwala, ay makikinig sa tawag ng tunay na sugo ng ebanghelyo ni Jesucristo,. . .darating ang panahon na makikita ng bawat isa ang Panginoon at malalaman na Siya nga iyon."[3]

Sa pagsunod sa propeta ng Panginoon, ligtas tayong makararating sa ating talagang patutunguhan—ang kinaroroonan ng ating Ama sa Langit.

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Sa anu-anong paraan nagiging tagapangalaga ng kaharian ng Panginoon ang Pangulo ng Simbahan?

Laging tandaan na ang pinuno ng simbahang ito ay hindi ang Pangulo ng Simbahan. Ang pinuno ng simbahang ito ay ang Panginoon at Guro, si Jesucristo, na naghahari at namumuno. . . . Sa lahat ng kaguluhang ito ay makatitiyak tayo na Siya ang papatnubay, [sinasabi ko iyan] upang di natin malimutan.[4]

"[Si Jesus] ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga'y ng iglesia: na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng bagay, ay magkaroon siya ng kadakilaan." (Colosas 1:18.) Gayunma'y totoo na sa bawat dispensasyon na nasa lupa

ang kanyang ebanghelyo at nakatatag ang kanyang Simbahan, inaatasan at binigyang-karapatan ng Panginoon ang isang tao sa bawat dispensasyong tulad nito at siya'y tinatawag na pangulo ng Simbahan, o propeta, tagakita at tagapaghayag sa Simbahan. Ang gayong mga titulo, o ang pagkakaloob ng gayong awtoridad, ay hindi sanhi ng pagiging "Pinuno ng Simbahan" ng isang tao. Ito ay titulo ni Jesucristo. Gayunman, dahil dito siya'y nagiging tagapagsalita ng Diyos at siya ang kumikilos para sa Diyos. Sa kanya ipinararaan ng Diyos ang pakikipag-usap Niya sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng tagubilin, upang magbigay o magkait ng mga alituntunin at ordenansa, o magbigay babala sa mga kahatulan. . . .

. . .Ang pangulong Simbahan ang tagapangalaga ng Bahay o Kaharian ng Panginoon. Nasa kanyang mga kamay ang lahat ng susi. Sa utos ng Panginoon ay nagbibigay siya ng mga susi ng awtoridad sa iba pang mga miyembro ng Simbahan upang magbinyag, ipangaral ang ebanghelyo, ipatong ang mga kamay sa ulo ng maysakit, mamuno o magturo sa maraming katungkulan. Iilan lamang ang binibigyan niya ng awtoridad na magsagawa ng mga ordenansa sa mga templo o kaya'y magsagawa ng kasal sa loob nito upang "anumang. . .talian sa lupa ay tatalian sa langit."[5]

Ang propeta ay inspirado at banal na inatasang tagapaghayag at tagapagsalin ng kaisipan at kalooban ng Diyos. Hawak niya ang mga susi sa kaharian ng Diyos sa ating panahon, tulad ng mga ibinigay kay Pedro na siyang pinuno ng Simbahan sa lupa noong kanyang kapanahunan.[6]

Hayaan ninyong basahin ko ang isang bagay na isinulat [ni Pangulong J. Reuben Clark Jr.] para sa isa pang okasyon: "Dapat nating tandaan. . .na tanging ang Pangulo ng Simbahan, na Namumunong Mataas na Saserdote,. . .ang may karapatang tumanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan, maging ito ma'y bago o kaya'y iwawasto, o upang magbigay ng may karapatang pakahulugan ng mga banal na kasulatan na may bisa sa Simbahan. . . . Siya ang tanging tagapagsalita ng Diyos sa lupa para sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang tanging totoong Simbahan. Siya lamang ang makapagpapahayag sa isip at kalooban ng Diyos tungkol sa kanyang mga tao. Walang sinumang pinuno ng alinmang Simbahan sa daigdig

ang nagtataglay ng mataas at dakila at tanging karapatan na ito." [*Church News*, ika-31 ng Hulyo, 1954, 10.][7]

Ang tanging binigyan ng karapatan na maghatid ng anumang bagong doktrina ay ang Pangulo ng Simbahan, na, kapag ginawa niya ang gayon, ay ipapahayag ito bilang paghahayag mula sa Diyos. Ito ay tatanggaping gayon nga ng Kapulungan ng Labindalawa at sasang-ayunan ng mga miyembro ng Simbahan.[8]

---

**Paano pinipili ang Pangulo ng Simbahan?**

Sa mga nagtatanong: Paano pinipili o inihahalal ang Pangulo ng Simbahan? ang tama at simpleng sagot ay ang pagbanggit sa ikalimang saligan ng pananampalataya: "Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon."

Ang umpisa ng tungkulin ng isang magiging Pangulo ng Simbahan ay nagsisimula kapag siya ay tinawag, inordenan, at itinalaga na upang maging miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang gayong tawag sa pamamagitan ng propesiya, o sa madaling salita, ng inspirasyon ng Panginoon sa isang nagtataglay ng mga susi ng panguluhan, at ang kasunod na ordenasyon at pagtatalaga sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng awtoridad ding yon, ay naglalagay sa bawat Apostol sa korum ng pagkasaserdote na may labindalawang kalalakihang nagtataglay ng pagka-apostol.

Ang bawat Apostol na naordenan nang gayon sa ilalim ng kamay ng Pangulo ng Simbahan, na natataglay ng mga susi ng kaharian ng Diyos kasama ang lahat ng iba pang inordenang mga Apostol, ay pinagkalooban ng awtoridad ng pagkasaserdote. Ito'y kailangan upang mahawakan ang bawat posisyon sa Simbahan, maging ang posisyon ng panguluhan sa Simbahan kung tatawagin siya ng namumunong awtoridad at sasang-ayunan ng boto ng bumubuong kapulungan ng mga miyembro ng Simbahan.

. . . Kasunod ng pagkamatay ng isang Pangulo, ang kasunod na pangkat, ang Korum ng Labindalawang Apostol, ang nagiging na-

mumunong awtoridad, at ang Pangulo ng Labindalawa ang kagyat na nagiging gumaganap na Pangulo ng Simbahan hanggang sa opisyal na maordenan at maitalaga ang Pangulo ng Simbahan sa kanyang katungkulan. . . .

Lahat ng miyembro ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa ay regular na sinasang-ayunan bilang "mga propeta, tagakita, at tagapaghayag." . . . Ibig sabihin nito ang sinumang Apostol, na hinirang at inordenan, ay makapamumuno sa Simbahan kung siya ay "pinili ng pangkat [na pinapakahulugang tumutukoy sa buong Korum ng Labindalawa], itinalaga at inordenan sa tungkuling yaon, at pinagtibay ng pagtitiwala, pananampalataya, at panalangin ng simbahan." Ito'y bilang pagbanggit sa paghahayag tungkol sa paksang ito, sa isang kondisyon, at ito'y ang kanyang pagiging pinakamatagal na nanunungkulan na miyembro, o Pangulo, ng pangkat na iyon (tingnan sa D at T 107:22).[9]

Nang maupo ako bilang nakababatang miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa, ang unang muling pagsasaayos ng Simbahan na napahintulutan akong makilahok ay noong mamatay si Pangulong [Heber J.] Grant. . . . Nang banggitin ng [bagong] Pangulo ang pangalan ng kanyang mga tagapayo at maupo na sila sa kanilang puwesto sa uluhan ng silid, sa kalooban ko'y nagkaroon ako ng patotoo na ang kalalakihang ito ang nais ng Panginoon na maging Panguluhan ng Simbahan. Dumating ito sa akin nang may matibay na paniniwala na tila ba isinisigaw ang katotohanan sa aking tainga.

. . . Hangga't walang matibay na paniniwala ang mga miyembro ng simbahang ito na sila ay inaakay sa tamang landas, at hangga't wala silang matibay na paniniwala na ang kalalakihang ito ng Diyos ay kalalakihang binigyang-inspirasyon at hinirang ng kamay ng Diyos, sila ay hindi tunay na nagbalik-loob.[10]

Inihahayag [ng Panginoon] ang batas at hinihirang, pinipili, o inaatasan Niya ang mga pinuno at may karapatan Siyang pagalitan, itama, o kaya'y alisin sila ayon sa Kanyang kagustuhan. Kung kaya kailangan ang palagiang [komunikasyon] sa pamamagitan ng tuwirang paghahayag sa pagitan Niya at ng Kanyang Simbahan. Bilang pamarisan ng nabanggit na katotohanan, tingnan natin ang mga halimbawa ng lahat ng kapanahunan na na-

katala sa mga banal na kasulatan. Ang kaayusang ito ng pamamahala ay nagsimula sa Eden. Inatasan ng Diyos si Adan na pamahalaan ang mundo at binigyan siya ng batas. Ipinagpatuloy ito sa regular na paghalili mula kay Adan hanggang kay Noe at mula kay Noe hanggang kina Melquisedec, Abraham, Isaac, Jacob, Jose, Moises, Samuel na propeta, Juan, Jesus, at Kanyang mga Apostol, lahat at bawat isa sa kanila ay hinirang ng Panginoon at hindi ng mga tao.

Totoo na ang mga tao ay may tinig sa pamamahala ng kaharian ng Diyos, ngunit una sa lahat ay hindi sila ang naggagawad ng awtoridad, ni hindi nila mababawi ito. Halimbawa: Hindi inihalal ng mga tao ang labindalawang Apostol ni Jesucristo, ni hindi rin nila maipagkakait sa kanila ang pagka-apostol sa pamamagitan ng maramihang boto. Dahil umiral noong sinauna ang pamamahala sa kaharian, kung kaya ipinanumbalik ito ngayon. Hindi pinili ng mga tao ang dakilang makabagong Propeta at Apostol na si Joseph Smith, kundi ang Diyos ang pumili sa kanya, sa karaniwang paraan ng pagpili Niya sa iba na nauna kay Joseph—sa pamamagitan ng pangitain at sa Kanyang sariling tinig mula sa mga kalangitan.[11]

Batid ko dahil pinag-iisipan ko ang responsibilidad na ito [bilang propeta] at sa pagiging malapit sa mga Kapatid sa paglipas ng mga taon, na ang taong nasa ganitong posisyon ay palaging minamatyagan Niya na ating pinaglilingkuran. Hindi Niya kailanman papayagan ang sinumang nasa posisyon na iligaw ang simbahang ito. Makatitiyak kayo diyan. Kapag iniisip ko ang proseso ng kung paano nagkakaroon ng pamumuno ang isang tao sa Simbahan, naiisip ko ang sarili kong karanasan sa loob ng tatlumpu't isa't kalahating taon, at ang lahat ng mga situwasyong naranasan ko sa aking buhay—ito'y kagila-gilalas na programa sa pagsasanay! Nang magkaroon ng pagbabago sa Unang Panguluhan, inihambing ko ito sa paraan ng pagluluklok ng mga partido sa pulitika sa pangulo ng Estados Unidos, o ang pasinaya ng isang hari, upang makita kung paano, sa plano ng Panginoon, nagagawa ang mga pagbabagong ito nang walang matinding hinanakit at walang awayan. Nakatakda ang plano at hindi nagkakamali ang Panginoon, gayon ang sabi Niya sa atin.[12]

**Bakit kailangan nating sundin ang propeta?**

Ngayon, nawa'y ito na ang araw upang pag-isipan nating mabuti, na alalahanin ang sinabi na sa atin ng Panginoon. Ang Kanyang propeta ay nasa lupa sa ngayon, at kung nais ninyong malaman ang huling paghahayag na dumating sa mga taong ito, kuhanin ninyo ang huling ulat sa komperensiya at basahing mabuti lalo na ang sinabi ng Unang Panguluhan. . . . Mapapasainyo ang pinakamainam at pinakahuling salitang ibinigay mula sa ating Ama sa Langit. Hindi tayo dapat umasa na lamang sa nakasaad sa mga pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan. Bilang karagdagan sa sinabi sa atin ng mga banal na kasulatan, nasa atin din ang sinasabi ngayon dito ng mga propeta sa panahong ito. Tayo ang magpapasiya kung nais nating maligtas sa burol ng Sion, kapag dumating ang mga panganib na ito, na makinig at sumunod.[13]

Kadalasan ngayon kapag naririnig nating nagsasalita nang may kapangyarihan ang mga kapatid, may ilan sa atin na tumatayo upang maghamon at sabihing, "Ngayon, saan naman ako makahahanap ng mapagtatanungan tungkol sa sinasabi mo?" Natutukso tayong magsabing, "Basahin mo ulit ang talumpati ng kasalukuyang pinuno ng Simbahan tungkol sa paksang ito, at siya ang awtoridad na hinahanap mo, dahil ito ang paraan ng Panginoon. Narito ang Kanyang propeta, at ang paghahayag ay kailangang-kailangan at katibayan ito tulad din ng ibang kapanahunan ng alinmang dispensasyon ng ebanghelyo sa lupa."[14]

Ang tanging kaligtasan natin ngayon bilang mga miyembro ng simbahang ito ay ang gawin mismo ang sinabi ng Panginoon sa Simbahan noong araw na itatag ang Simbahan. Kailangan tayong matutong makinig sa mga salita at kautusan na ibibigay ng Panginoon sa Kanyang propeta, "tuwing siya ay tatanggap ng mga ito, naglalakad nang buong kabanalan sa harapan ko;. . . na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya" (D at T 21:4–5). May ilang bagay na mangangailangan ng pagtitiis at pananampalataya. Maaaring hindi ninyo magustuhan ang nagmumula sa awtoridad ng Simbahan. Maaaring salungat ito sa pananaw ninyo sa pulitika. Maaaring salungat ito sa pananaw ninyo sa lipunan. Maaaring humadlang ito

sa inyong pakikisalamuha. Ngunit kung pakikinggan ninyo ang mga bagay na ito, na tila nagmula mismo sa bibig ng Panginoon, nang may pagtitiis at pananampalataya, ang pangako ay "ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo; oo, at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti, at sa ikaluluwalhati ng kanyang pangalan" (D at T 21:6).[15]

Sa inyong mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako, ang pangakong iyan [sa D at T 21:4–6] ay mapapasainyo kung susundin ninyo ang pamunuan na inilagay ng Panginoon sa Simbahan, na nakikinig sa kanilang payo nang may pagtitiis at pananampalataya.[16]

Umasa sa Pangulo ng Simbahan na magtatagubilin sa inyo. Kung mayroon mang di-pagkakasundo, makinig at sumunod sa Pangulo kung nais ninyong lumakad sa liwanag.[17]

Kung nais ng ating mga tao na ligtas na magabayan sa mga sandaling ito ng [kaguluhan] ng panlilinlang at maling paratang, dapat silang sumunod sa kanilang mga pinuno at hangarin ang patnubay ng Espiritu ng Panginoon upang maiwasang mabihag ng mga tusong nagmamanipula, na may katalinuhang naghahangad na makakuha ng pansin at magkaroon ng tagasunod na magbibigay-daan sa kanilang sariling kuru-kuro at minsa'y masasamang balak.[18]

Maraming tao noong kapanahunan ng Guro ang hindi tumanggap sa Kanya bilang Anak ng Diyos. May ilan na nagsabing, "Eh, anak lang Siya ni Jose, na karpintero." Sabi ng iba, "Siya ay Prinsipe ni Beelzebub," na ibig sabihin ay anak ng demonyo. Nang gawin Niya ang ilan sa mga himalang ito ay sinabi nilang, "Siya ay manginginom ng alak," na ibig sabihin ay umiinom siya ng matapang na alak. Kakaunti lamang ang nakapagsabing, "Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Dios na buhay." (Mateo 16:16.) Bakit hindi Siya makita ng lahat bilang Anak ng Diyos?

Inaawit natin na, "Ninanais ko na ako'y makasama, Nang tawagin ang mga bata." [Tingnan ang "Sa T'wing Mababasa ang Kuwento," *Aklat ng mga Awiting Pambata.*] Marami sa ating mga tao ang hindi makatatanggap sa Kanya tulad ng di nila pag-

tanggap sa mga doktrina na nagmumula sa mga guro ng kabutihan na binigyang-inspirasyon ng Tagapagligtas ding iyon. Kung hindi natin matanggap ang mga kumakatawan sa Kanya dito, hindi magiging madaling tanggapin ang Guro mismo, kung sakaling magpakita Siya. . . .

Noong nasa misyon pa ako, sumama minsan ang grupo naming mga misyonero sa aming pangulo ng misyon sa Carthage Jail. Sa pagkamangha sa kapaligiran kung saan namatay bilang martir ang Propeta at ang kanyang kapatid na si Hyrum, hiniling naming isalaysay niya muli ang mga pangyayaring humantong sa pagmamartir. Labis akong humanga nang sabihin ito ng pangulo ng misyon: "Nang mamatay ang Propetang Joseph Smith, marami ang espirituwal na namatay kasama niya. Gayundin sa bawat pagbabago ng pamamahala sa kaharian ng Diyos. Noong mamatay si Brigham Young, marami ang espirituwal na namatay kasama niya, at gayundin kay John Taylor, at sa pagpanaw ng bawat Pangulo ng Simbahan.". . .

Minsan tayo'y espirituwal na namamatay at inihihiwalay natin ang ating sarili sa dalisay na espirituwal na liwanag at nalilimutan na ngayon, dito at sa kasalukuyan, ay mayroon tayong propeta.[19]

Ang katayuan ng mga sugong ito na pinagkalooban ng langit na kumakatawan sa Panginoon sa bawat dispensasyon ng ebanghelyo sa lupa ay mailalarawan sa pamamagitan ng pangyayaring may kinalaman sa isang manlalakbay sa hilagang Europa. Ang ating manlalakbay ay paalis na sakay ng barko mula Stockholm, Sweden, na maglalakbay palabas sa Baltic Sea. Upang magawa ito, kailangang dumaan ang barko sa libu-libo o marami pang isla. Habang nakatayo sa itaas na palapag ng barko, natagpuan ng manlalakbay ang kanyang sarili na nawawalan na ng pasensiya dahil para sa kanya ay tila di ligtas ang landas. Bakit di dumaan sa malapit sa islang ito o sa isa pa at mas kawili-wili kaysa sa pinili ng piloto? Halos pagalit na niyang nasasabi sa kanyang sarili na, "Ano ba'ng problema ng pilotong ito? Hindi ba niya alam kung saan pupunta?" Walang anu-ano'y nakita niya ang mga palatandaan sa itinakdang landas na tila mga hawakan ng walis na nakalutang sa tubig. May taong maingat na gumalugad sa mga daanan na ito at itinakda ang pinakaligtas na landas na daraanan

ng mga barko. Gayundin sa landas ng buhay patungo sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan: ang mga "inhinyero ng Diyos," sa pagsunod sa balangkas na ginawa sa langit, ang nagtakda ng landas na pinakaligtas at pinakamasayang daanan at nagbigay babala sa atin kung alin ang mga mapanganib na lugar.[20]

Bibigyang inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang mga tagapaglingkod upang akayin sa tama ang Kanyang simbahan. Matatanggap ng Kanyang mga propeta ang inspirasyon ng Panginoon upang sabihin sa mga miyembro ng Simbahan, "Ito ang daan, lakaran ninyo" (Isaias 30:21). Maging sa mga oras ng krisis na dumarating sa ating kapanahunan, tulad ng inilarawan sa makabagong paghahayag, ang larawang nais ng Panginoon na makita natin ay ang katatagan at pagkakaisa. Naaalala ninyo ang sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo, "Subalit ang aking mga disipulo ay tatayo sa mga banal na lugar, at hindi matitinag" (D at T 45:32).[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Sino ang tunay na Pinuno ng Simbahan? Sa pamamagitan nino nagbibigay ang Panginoon ng direksiyon at tagubilin sa Kanyang Simbahan?
- Paano lumilitaw ang bagong doktrina sa Simbahan?
- Paano nakapaghahanda ang Pangulo ng Simbahan sa kanyang malaking tungkulin? Paano pinangangasiwaan ng Panginoon ang pagpili ng mga Pangulo ng Kanyang Simbahan?
- Anong payo na ibinigay ng buhay na propeta ang lalong nagpala sa inyong buhay?
- Bakit sa palagay ninyo iginagalang ng ilang tao ang mga propeta ng nakaraan ngunit nabibigong igalang ang buhay na propeta? Ano ang mga ibubunga ng hindi pakikinig sa mga salita ng buhay na propeta o ng paghamon sa kanyang awtoridad?
- Anong mga pangako ang ibinigay sa mga nakikinig sa mga salita at kautusan ng buhay na propeta?

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1972, 18–20; o *Ensign*, Ene. 1973, 23–25.
2. Howard W. Hunter, sa Conference Report, Okt. 1994, 6–7; o *Ensign*, Nob. 1994, 7.
3. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 522.
4. *The Teachings of Harold B. Lee,* 527.
5. *Decisions for Successful Living*, (1973), 103, 105.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 531.
7. Talumpati sa komperensiya sa Cambridge Institute, ika-10 ng Mayo 1970, salansan ng Historical Library, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 8.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 543–44.
9. *The Teachings of Harold B. Lee*, 534–35.
10. *The Teachings of Harold B. Lee*, 542–43.
11. *The Teachings of Harold B. Lee*, 547–48; idinagdag ang paggawa ng talata.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 535–36.
13. *The Teachings of Harold B. Lee*, 471.
14. *The Teachings of Harold B. Lee*, 428–29.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 525–26.
16. *The Teachings of Harold B. Lee*, 529.
17. *The Teachings of Harold B. Lee*, 532.
18. *The Teachings of Harold B. Lee*, 437.
19. *Ye Are the Light of the World* (1974), 31, 34–35.
20. *The Teachings of Harold B. Lee*, 534.
21. *The Teachings of Harold B. Lee*, 545.


# Mapagmahal, Matapat na Paglilingkod ng Pagkasaserdote

*Paano mapagpapala ng mapagmahal at matapat na paglilingkod ng pagkasaserdote ang lahat ng miyembro ng Simbahan?*

## Pambungad

Isinalaysay ni Pangulong Harold B. Lee ang sumusunod na kuwento tungkol sa Salt Lake Temple: "Noong kasalukuyang ginagawa ang plano ng Salt Lake Temple, si Truman O. Angell, ang arkitekto, ay hinilingang sumulat ng isang lathalain. . .at bigyan ang mga tao ng Simbahan ng ideya kung ano ang magiging hitsura ng templo, kapag nayari na ito. . . . Kabilang sa mga ito, tinukoy niya ang isang bagay na makikita mo sa gawing kanluran ng templo. . . . Sa ilalim ng gitnang tore sa dulong kanluran, malapit sa tabernakulo, matatagpuan mo ang tinutukoy sa konstelasyon ng mga bituin na Dipper (Panabo). Mapapansin mo na ang mga panturo ng Dipper ay nakatingala sa isang maliwanag na bituin na karaniwan nating tinatawag na Bituin sa Hilaga (North Star). Nang ilarawan ni Truman O. Angell kung ano ang matatagpuan sa lugar na iyo, ang sabi niya, "Ipinahihiwatig nito na sa pamamagitan ng pagkasaserdote ay matatagpuan ng mga nawala ang kanilang landas.' "

Sa gayo'y binigyang-diin ni Pangulong Lee na, "Sa pamamagitan ng pagkasaserdote at tanging sa pagkasaserdote lamang natin maaaring, bilang mga anak ng Diyos, matagpuan ang ating landas pauwi."[1]



Pinayuhan ni Pangulong Harold B. Lee ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote na, "Ihanda ang inyong sarili bilang malilinis at dalisay na nagtataglay ng pagkasaserdote upang maipamalas ang kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos sa pamamagitan ninyo habang nangangasiwa kayo sa sagradong mga ordenansa ng pagkasaserdote."

# Mga Turo ni Harold B. Lee

## Ano ang pagkasaserdote?

Sa paglipas ng mga taon ay dalawang konsepto ang ipinahiwatig sa pagbibigay kahulugan sa pagkasaserdote. Ang isa pang pagkasaserdote ang awtoridad na ibinigay ng ating Ama sa Langit sa tao upang bigyan siya ng karapatan na mangasiwa sa lahat ng bagay na may kinalaman sa kaligtasan ng sangkatauhan sa lupa. Ang ikalawang konsepto ay inilarawan sa pamamagitan ng isa pang makahulugang ideya na ang pagkasaserdote ang kapangyarihan kung saan kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng tao.[2]

Narito ang pagkasaserdote ng Diyos at ipinasa-pasa ito simula noong ipanumbalik ang Simbahan sa pamamagitan ng mga sugo na ipinadala upang ipanumbalik ang awtoridad nang sa gayon ang mga ordenansa ng kaligtasan ay maaaring maigawad sa lahat ng matatapat sa lupa. Taglay ng pagkasaserdote ng Diyos ang mga susi ng kaligtasan.[3]

Sinabi ng Guro kay Pedro at sa iba pang mga apostol ang tungkol sa isang kapangyarihang higit pa sa kapangyarihan ng tao na tinawag niyang "mga susi ng kaharian ng langit," at sinabi niyang sa kapangyarihang ito, "Anoman ang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit." (Mat. 16:19.) Ang kapangyarihan at awtoridad na iyon, kung saan naisasagawa ang mga banal na ordenansa, ay kilala bilang banal na pagkasaserdote at palaging matatagpuan sa Simbahan ni Jesucristo sa bawat dispensasyon ng ebanghelyo sa lupa.[4]

[Ang pagkasaserdote] ay ang karapatan na mangasiwa sa mga ordenansa batay sa huwarang inihayag ng [Panginoon]. Ang kapangyarihang ito. . .ay ang karapatang itinalaga ng Panginoon sa tao upang kumilos sa Kanyang pangalan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao. . . .

Ang isa sa mga layunin ng nakatataas na pagkasaserdote ay ang mangasiwa sa mga ordenansa, na ibigay sa sangkatauhan ang kalaaman tungkol sa Diyos na ipinahayag ng Guro na kailangan at sinabi ni Apostol Pablo, sa pagsasalita sa organisasyon ng Simbahan, na kailangan upang marating "ang pagkakilala sa

Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao." [Efeso 4:13.] At muli nariyan ang kapangyarihan ng nakabababang pagkasaserdote na mangasiwa sa iba pang mga ordenansa, gaya ng mga kabataang lalaking ito na nangangasiwa at nagpapasa ng sakramento sa gabing ito. Ang Pagkasaserdoteng Aaron, sabi ng Panginoon, ay ang pagkasaserdote na "may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan," [D at T 13:1] at ang batas ng makalupang mga kautusan. Kung kaya. . .ang pagkasaserdote [ay] kailangan sa hayag na layuning bigyan ng kapangyarihan ang mga tinawag upang mangasiwa sa mga ordenansang kailangan para makamit ang kaligtasang nilayon ng Panginoon para sa Kanyang layunin.[5]

Ang Panginoon ang siyang tunay na naghahari sa gitna ng kanyang mga Banal sa pamamagitan ng kanyang pagkasaserdote, na ipinapakatawan niya sa tao.[6]

---

**Paano dapat gamitin ang pagkasaserdote?**

Sa dakilang paghahayag na kilala natin bilang ika-121 bahagi ng Doktrina at mga Tipan, na ibinigay sa pamamagitan ng inspirasyon ng Panginoon sa Propetang Joseph Smith, binanggit ng Panginoon ang ilang napakahahalagang bagay. Sabi Niya ang pagkasaserdote ay makokontrol lamang sa pamamagitan ng mga alituntin ng kabutihan, at kung gagamitin natin ang katungkulan sa pagkasaserdote sa di-wastong paraan upang "pagtakpan ang ating mga kasalanan, o bigyang-kasiyahan ang ating kapalaluan, ang ating walang kabuluhang adhikain, o gumamit ng lakas o kapangyarihan o pamimilit. . .ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati." (Tingnan sa D at T 121:37.). . .

Ang kaparusahan kung gagamitin natin ang ating pagkasaserdote sa kasamaan ay, ang kalangitan ay lalayo at ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati. Kapag nawala na sa atin ang Espiritu, ang ating awtoridad ng pagkasaserdote ay babawiin sa atin at maiiwan tayong mag-isa "upang sumikad sa mga tinik," kapag naiinis tayo sa mga panghihikayat at tagubilin ng ating

mga pinuno. Sa gayo'y sisimulan nating usigin ang mga banal, na ibig sabihin ay mambabatikos, at sa huli'y lalaban sa Diyos, at magagapi tayo ng kapangyarihan ng kadiliman kung di tayo magsisisi at tatalikod sa masamang landas na iyon. [Tingnan sa D at T 121:37–38.]

Ang mga katangian ng katanggap-tanggap na pamumuno ng pagkasaserdote ay buong ingat ding binigyang kahulugan sa paghahayag na ito. Ang isang tao ay dapat mamuno sa Simbahan nang may tiyaga at mahabang pagtitiis, kahinahunan at kaamuan, at hindi pakunwaring pag-ibig. Kung ang isang tao ay didisiplina at magagalit nang may kataliman, kailangan niyang gawin ito kapag pinakikilos ng Espiritu Santo at pagkatapos ay magpapakita ng dagdag na pagmamahal, dahil baka ituring siyang kaaway ng kanyang pinagsabihan. [Tingnan sa D at T 121:41–43.] Sa lahat ng ating katungkulan sa pagkasaserdote dapat ay di natin malimutan na ang gawain ng simbahan at ng kaharian ng Diyos ay ang iligtas ang mga kaluluwa, at ang lahat ng pinamumunuan natin ay mga anak ng ating Ama, at tutulungan Niya tayo sa ating pagsisikap na iligtas ang bawat isa.

May magandang halimbawa ng kung paano nanaisin ng Panginoon na mangasiwa tayo sa mga nangangailangan ng ating tulong. Noong lapitan nina Pedro at Juan, ayon sa nakatala sa aklat ng Mga Gawa ng mga Apostol, ang isang lalaki na hindi kailanman nakalakad at nasa pintuan ng templo na namamalimos, sa halip na bigyan siya ng salapi, sinabi sa kanya ng apostol na si Pedro, kung natatandaan ninyo, "Pilak at ginto ay wala ako; datapuwa't ang nasa akin, ay siya kong ibinibigay sa iyo: Sa pangalan ni Jesucristong taga Nazaret, lumakad ka." (Mga Gawa 3:6.)

Kasunod niyon ang mahalagang pangungusap na naitala ukol sa pangyayaring iyon. Hinawakan siya ni Pedro sa kanang kamay at siya'y itinindig. [Tingnan sa Mga Gawa 3:7.] Tandaan na hindi sapat na inutusan siya ni Pedro na lumakad; pagkatapos niyon ay hinawakan niya ang kamay ng tao at itinindig ito.

Gayundin naman tayo, sa pakikitungo sa nanghihina nating mga banal, ay di maging mga nagtataglay ng pagkasaserdote na bumabatikos, nagagalit, at humahatol lamang. Kailangan nating, tulad ng apostol na si Pedro, hawakan sila sa kamay, himukin

sila, at ipadama sa kanila ang kaligtasan at paggalang sa sarili hanggang sa makabangon sila sa kanilang mga kahirapan at makatayo sa sarili nilang mga paa.

Iyan ang paraan na makapagdudulot ang pagkasaserdote ng Diyos ng kaligtasan at pagkakaibigan sa mahihina, upang sila ay maging malakas.[7]

Bahagi ng tagumpay natin. . .ay masusukat sa ating kakayahang mahalin ang mga ninanais nating pamunuan at paglingkuran. Kapag tunay nating minamahal ang iba mapapawi nito ang masasamang layunin na kadalasang namamayani sa mga ugnayan ng tao. Kapag tunay nating minamahal ang iba, gagawin natin ang mga bagay na makatutulong sa kanila sa kawalang-hanggan at hindi natin bibigyang-kasiyahan ang paghahangad natin ng sariling kaligayahan.[8]

---

**Paano "[maglulumagak] sa bahay ng [kanilang] Ama" ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote?**

Noong labindalawang taong gulang si Jesus, matapos matagpuan sa templo nina Jose at Maria, bilang tugon sa kanilang katanungan ay nagtanong din naman siya: "Di baga talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama?" (Lucas 2:49.) Ano ang ibig niyang sabihin sa bahay ng Kanyang Ama?

Sa isa pang paghahayag binigyan ng Panginoon ng kahulugan ang tanong na iyon ng batang lalaki. Sa mga elder ng Simbahan na nagtitipon sa Kirtland, Ohio, ikinintal Niya sa kanilang isipan ang malaking responsibilidad nila bilang mga nagtataglay ng sagradong katungkulan ng elder sa pagkasaserdote. "Dahil dito," sabi niya, "yayamang kayo ay mga kinatawan, kayo ay nasa paglilingkod sa Panginoon; at anuman ang inyong gagawin alinsunod sa kalooban ng Panginoon ay gawain ng Panginoon." (D at T 64:29.)

Kapag ang isang lalaki ay nagtaglay ng pagkasaserdote, siya'y nagiging kinatawan ng Panginoon. Dapat niyang isipin ang kanyang katungkulan na tila ba nasa paglilingkod siya ng Panginoon. Iyan ang ibig sabihin ng gampanang mabuti ang pagkasaserdote. Isipin na tinatanong ng Guro ang bawat isa sa inyo, tulad ng gi-



Ang bawat nagtataglay ng pagkasaserdote ay dapat "isipin ang kanyang katungkulan na tila ba nasa paglilingkod siya ng Panginoon. Iyan ang ibig sabihin ng gampanang mabuti ang pagkasaserdote."

nawa ng batang lalalaking ito kina Jose at Maria, Di baga talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama? Anuman ang inyong gawin alinsunod sa kalooban ng Panginoon ay gawain ng Panginoon.[9]

Kapag kumikilos tayo sa pangalan ng Panginoon, bilang mga nagtataglay ng pagkasaserdote, ginagawa natin ito sa pangalan at kapakanan ng ating Ama sa Langit. Ang pagkasaserdote ang kapangyarihan kung saan kumikilos ang ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng mga tao. . . .

. . .Natatakot ako na baka di nauunawaan ng ilan sa ating mga elder ang bagay na ito, na kapag kumikilos sila bilang mga elder ng Simbahan. . .o bilang mga mataas na saserdote, sa pagsasagawa nila ng ordenansa ay para na ring ang Panginoon ang kumikilos sa pamamagitan nila sa uluhan ng mga taong kanilang pinangangasiwaan. Madalas kong naiisip na ang isa sa mga dahilan kung bakit di natin ginagampanang mabuti ang ating pagkasaserdote ay dahil hindi natin nauunawaan na bilang mga

nagtataglay ng pagkasaserdote, Siya ay kumikilos sa pamamagitan natin sa kapangyarihan ng banal na pagkasaserdote. At nais kong taglayin nating lahat ang damdaming iyon, at sa gayo'y ituro sa ating kabataan ang ibig sabihin ng taglayin ang pagkasaserdote at gampanan itong mabuti.[10]

Ano ang ibig sabihin ng maipatong ang mga kamay sa inyong ulo? Hayaan ninyong ibaling ko kayo sa ikatatlumpu't anim na bahagi ng Doktrina at mga Tipan at basahin sa inyo ang isang talata na maaaring nabasa ninyo nang pahapyaw at di nakita ang kahalagahan nito. Ito ay paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith kay Edward Partridge, ang unang Namumunong Obispo. Ito ang sabi ng Panginoon: "At aking ipapatong ang aking kamay sa iyo sa pamamagitan ng kamay ng aking tagapaglingkod na si Sidney Rigdon, at iyong matatanggap ang aking Espiritu Santo, maging ang Mang-aaliw, na siyang magtuturo sa iyo ng mga mapayapang bagay ng kaharian" (D at T 36:2).

Nakikita ba ninyo ang Kanyang sinasabi—na tuwing maglilingkod kayo sa pamamagitan ng awtoridad ng inyong pagkasaserdote ay tila ipinapatong ng Panginoon ang Kanyang kamay sa taong iyon sa pamamagitan ng inyong kamay upang maigawad ninyo ang mga pagpapala ng buhay, ng kalusugan, ng pagkasaserdote, o maging anuman ito. At tuwing gagamitin natin ang ating pagkasaserdote, ginagawa natin ito na tila kasama natin ang Panginoon, at sa pamamagitan natin, tinutulungan tayong isagawa ang ordenansa.[11]

Ngayon, kayong mga lalaking miyembro ng Simbahan: May karapatan kayong taglayin ang tinatawag na pagkasaserdote ng Diyos. . . . Ang ilan ay pinatungan ng kamay sa kanilang ulo upang matanggap ang kapangyarihan at awtoridad na ito, ngunit di ito kailanman natanggap. At bakit di nila ito matanggap? May dalawang bagay na sinabi ang Panginoon: sapagkat ang kanilang mga puso ay labis na nakatuon sa mga bagay ng daigdig na ito, at ikalawa, naghahangad sila ng mga parangal ng tao (tingnan sa D at T 121:35). Isipin nga ninyo muli ang inyong mga kakilala at tingnan kung bakit ang ilan ay nagiging di-aktibo sa espirituwal na mga bagay, at makikita ninyo ang sagot sa isa sa dalawang bagay na ito. Maaaring ang puso nila'y labis na nakatuon sa mga ba-

gay ng daigdig na ito—ito ba'y salapi? ito ba'y katayuan sa lipunan? mga bagay ba ito ukol sa larangan ng edukasyon?—o naghahangad ba sila nang labis na parangal ng tao kung kaya di sila magambala ng mga bagay sa Simbahan. Oo, kung magiging mga pinuno kayo sa Simbahan at tataglayin. . .ang mga pribilehiyong ito, kailangan ninyong pagbayaran ang halaga.[12]

Mga kapatid, nakasalalay sa inyong mga kamay ang dakilang pagtitiwala hindi lamang upang taglayin ang awtoridad na kumilos sa pangalan ng Panginoon, kundi upang ihanda ang inyong sarili bilang malilinis at dalisay na nagtataglay ng pagkasaserdote upang maipamalas ang kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos sa pamamagitan ninyo habang nangangasiwa kayo sa sagradong mga ordenansa ng pagkasaserdote. Huwag kailanman dalhin ang inyong pagkasaserdote sa mga lugar na mahihiya kayong makita ng Pangulo ng Simbahan.[13]

Kailangan nating sabihin, "Dahil nagtataglay ako ng pagkasaserdote ng Diyos na buhay, ako ay kinatawan ng ating Ama sa Langit at taglay ko ang pagkasaserdote kung saan maaari siyang kumilos sa pamamagitan ko; hindi ko magagawang ibaba ang aking sarili upang gawin ang mga bagay na maaaring di ko gawin dahil sa aking kapatiran sa pagkasaserdote ng Diyos.". . .

Mga kapatid, umaasa kami na gagampanan ninyong mabuti ang banal na pagkasaserdote ng Diyos. . . . Ituon natin ang ating mga mata sa walang hanggang kahalagahan ng mga bagay, na may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos. Sabihin ng bawat isa sa kanyang sarili, na "mula ngayon, sa tulong ng Diyos, hindi ako gagawa ng anumang gawain maliban na makatutulong ito sa akin na isulong ang aking sarili sa mithiin ng buhay na walang hanggan, upang sa dakong huli'y makabalik sa kinaroroonan ng aking Ama sa Langit."[14]

Mga kapatid ng pagkasaserdote, kapag natawag kayo sa mga katungkulan, kayong mga ama sa tahanan, may karapatan kayong tumanggap ng pagbabasbas ng pagkasaserdote, at may karapatan kayong tumanggap ng mga paghahayag ng Espiritu upang gabayan at akayin kayo kung ayos ang inyong pamumuhay. Upang mabuksan ng Panginoon ang mga durungawan ng langit sa inyo at bigyan kayo ng patnubay sa partikular na mga

tungkulin kung saan kayo tinawag. Mga kapatid, para matanggap iyan, kailangan mamuhay kayo para dito. Kailangang maging karapat-dapat kayo.[15]

Alalahanin ang mga kagila-gilalas na pangako ng Panginoon sa inyo kung mapupuspos kayo ng pag-ibig sa kapwa-tao at "puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisp nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at ang doktrina ng pagkasaserdote ay magpapadalisay sa iyong kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit.

"Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan; at ang iyong pamamahala ay magiging walang hanggang pamamahala, at sa walang sapilitang pamamaraan ito ay dadaloy sa iyo magpakailanman at walang katapusan." (D at T 121:45–46.)

Ang mga inspiradong salitang iyon ay mula sa Panginoon, at inuulit ko ang mga ito upang ipaalala sa bawat isa sa inyo ang mga responsibilidad ninyo bilang mga nagtataglay ng pagkasaserdote at ang mga dakilang pagpapala na mapapasainyo kung gagampanan ninyong mabuti ang iyong mga tungkulin bilang mga tagapaglingkod ng Kataastaasang Diyos.[16]

---

## Paano napagpapala ang lahat ng mga miyembro ng Simbahan kapag naglilingkod sa kabutihan ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote?

Sa katunayan ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote ang bantay sa mga tore ng Sion. Kayo ang mga itinalaga upang mamuno sa alinmang sangay ng Simbahan at upang maging handa sa mga panganib na nakapaligid sa daigdig, kapwa ang nakikita at di-nakikita. Ilan lamang kayo sa mga nagtataglay ng pagkasaserdote na tila mga pastol ng kawan, mga kawan ng mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako. Marami kayong responsibilidad. Kailangan ninyong kaibiganin ang mga bagong miyembro sa pagsapi nila sa Simbahan; hanapin ang matatapat na nagsasaliksik ng katotohanan at ipakilala sila sa mga misyonero; patuloy na alalahanin ang mga pangangailangan ng mga ulila at balo. Lalo na, upang gawin iyon at panatilihing walang bahid-dungis ang

inyong sarili sa mundo, tulad ng sinabi ng apostol na si Santiago, "ang dalisay na relihiyon at walang dungis." (Santiago 1:27.) Dapat ninyong tiyakin na di lalaganap ang kasamaan at tiyakin na lahat ng miyembro ay nahikayat na maging aktibo sa Simbahan. Dapat ninyong ituro ang mga tamang alituntunin upang malaman ng mga miyembro, pinuno, at guro kung paano pamamahalaan ang kanilang sarili. . . .

Kayong mga namumunong awtoridad ay inatasan ng tungkulin sa kawan, o sa mga sangay, distrito, purok, o istaka na inyong pinamumunuan. Dapat kayong maging mga ama, buong ingat at patuloy na itinuturo sa mga ama na pangalagaan at turuan ang kanilang sariling pamilya at maglingkod kapag tinawag sa iba't ibang katungkulan sa Simbahan, upang maging tagapagtanggol ng pananampalataya.[17]

Ang tunay na lakas ng simbahang ito'y nakasalalay sa kapangyarihan at awtoridad ng banal na pagkasaserdote na ibinigay sa atin ng ating Ama sa Langit sa panahong ito. Kung gagamitin natin nang wasto ang kapangyarihang iyon at gagampanang mabuti ang ating tungkulin sa pagkasaserdote, titiyakin natin na susulong ang gawaing misyonero, na babayaran ang ikapu, na uunlad ang planong pangkapakanan, na magiging ligtas ang ating mga tahanan, at na maiingatan ang moralidad sa mga kabataan ng Israel.[18]

Ilang taon na ang nakalilipas nang magpunta ako sa komperensiya ng istaka kung saan matatagpuan ang Manti Temple sa gawing ibaba ng katimugang Utah. Madilim at maunos ang gabing iyon at umuulan ng niyebe. Nang iwanan namin ang pulong at magpunta sa tahanan ng pangulo ng istaka, tumigil kami sa sasakyan at tumingala sa templo na nasa taas ng burol. Habang nakaupo kami't humahanga sa tanawin ng nagliliwanag na templong iyon na nailawan nang maganda sa kabila ng maniyebe at madilim na gabi, may sinabi sa akin ang pangulo ng istaka na lubhang makahulugan. Sabi niya, "Ang templong iyan, bagaman naiilawan, ay higit na maganda kapag may unos o kapag may makapal na hamog." Upang maunawaan ang kahalagahan niyon, hayaan ninyong sabihin ko sa inyo na lalong mahalaga ang ebanghelyo ni Jesucristo kapag may unos o kapag nahihirapan

kayong mabuti. Ang kapangyarihan ng pagkasaserdote na inyong taglay ay higit na kahanga-hanga kapag may krisis sa inyong tahanan, may mabigat na karamdaman, o may ilang malalaking desisyon na kailangang gawin, o may malaking panganib ng anumang uri ng pagbaha, o sunog, o taggutom. Nakapaloob sa kapangyarihan ng pagkasaserdote, na siyang kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos, ang kapangyarihang gumawa ng mga himala kung kalooban ng Diyos ang gayon, ngunit upang magamit natin ang pagkasaserdoteng iyon, kailangang karapat-dapat tayo na gamitin ito. Ang kabiguang maunawaan ang alituntuning ito ay kabiguang tumanggap ng mga pagpapala ng pagtataglay ng dakilang pagkasaserdoteng iyon.[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Paano tayo tinutulungan ng pagkasaserdote na "mahanap ang ating landas pauwi" sa ating Ama sa Langit?
- Bakit mahalaga para sa mga nagtataglay ng pagkasaserdote na tandaan na ang pagkasaserdote ay dapat gamitin upang magligtas ng mga kaluluwa at pangasiwaan ang mga nangangailangan? Sa pangyayaring matatagpuan sa Mga Gawa 3:1–9, paano nagpakita sina Pedro at Juan ng halimbawa ng mabuting paggamit ng kapangyarihan ng pagkasaserdote?
- Ano ang matututuhan natin mula sa Doktrina at mga Tipan 121:41–44 tungkol sa kung paano dapat gamitin ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote ang pagkasaserdote?
- Bakit kailangang maging matwid ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote kung magbibigay sila ng matapat na paglilingkod ng pagkasaserdote? Sang-ayon kay Pangulong Lee, ano ang kaparusahan ng pagkabigong gamitin nang matwid ang pagkasaserdote?
- Bilang nagtataglay ng pagkasaserdote, paano kayo matutulungan ng kaalaman na kayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon sa pagganap na mabuti ng inyong mga tungkulin sa pagkasaserdote?

- Paano matutulungan ng mga kapatid na babae ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote na magampanan nilang mabuti ang kanilang mga tungkulin sa pagkasaserdote?
- Ano ang ilang partikular na paraan kung saan napagpala ng kapangyarihan ng pagkasaserdote ang inyong buhay?

## *Mga Tala*

1. *Be Loyal to the Royal within You*, Brigham Young University Speeches of the Year (ika-20 ng Okt. 1957), 1–2.
2. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 251–52.
3. Sa Conference Report, Munich Germany Area Conference 1973, 8.
4. *Decisions for Successful Living* (1973), 123.
5. Talumpati sa Mutual Improvement Association, 1948, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 2.
6. Sa Conference Report, Okt. 1972, 64; o *Ensign*, Ene. 1973, 63.
7. *Stand Ye in Holy Places*, 253–55.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 481.
9. *Stand Ye in Holy Places*, 255.
10. Sa Conference Report, Abr. 1973, 129; o *Ensign*, Hulyo 1973, 98.
11. *The Teachings of Harold B. Lee*, 487–88.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 487.
13. *The Teachings of Harold B. Lee*, 501.
14. Sa Conference Report, Okt. 1973, 115, 120; o *Ensign*, Ene. 1974, 97, 100–101.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 488.
16. *Stand Ye in Holy Places*, 256–57.
17. Sa Conference Report, Munich Germany Area Conference 1973, 68.
18. *The Teachings of Harold B. Lee*, 486–87.
19. *The Teachings of Harold B. Lee*, 488.

# Walang Katumbas na Kayamanan ng Banal na Templo

*Paano natin higit na maihahanda ang ating sarili na tanggapin ang mga pagpapala ng templo at ibigay ang mga pagpapalang ito sa iba?*

## Pambungad

Noong Marso 1956, sa paglalaan ng Templo sa Los Angeles California, binanggit muli ni Pangulong Harold B. Lee ang kuwento ng isang ama na may anak na naatasang lumipad sa mga mapanganib na misyon sa digmaan.

"Sinabi [ng] ama sa kanya, 'Anak, paano ka nakabalik nang ligtas sa base na iyong pinanggalingan. . .?' Sabi ng anak, 'E, madali lang po, Itay, basta lumipad ako ayon sa hudyat ng radyo.' Ngunit nagpatuloy ang ama sa pagtatanong, 'Halimbawang nawala ang hudyat at nagkaroon ng sira ang radyong iyon na siyang gabay sa paglipad ng piloto.' 'E,' sabi niya, 'Gagamitin ko po ang kompas ko.' 'Halimbawang nasira naman ang kompas; paano na?'

"[Nag-isip] na mabuti ang anak at pagkatapos ay sinabi niyang, 'Itay, sisimulang kong paliparin ang aking eroplano nang mataas na mataas at lampas sa usok at hamog at alikabok ng mundo hanggang sa makita ko ang mga bituin at kapag ganoon na kataas ang aking lipad, malalaman ko ang daan sa pamamagitan ng mga bituin. Hindi pa po iyan nabigo at palagi kong mahahanap ang landas pabalik.' "

Patuloy ni Pangulong Lee: "Dito sa mundo sa labas ng Kanyang sagradong kinaroroonan ay nariyan ang mga bagay na nabibili ng salapi, nariyan ang mga bagay na tinatawag nating papuri ng tao at ang mga bagay na pinagsisikapan nating abutin at

tila iniisip na pinakamahalaga. Ngunit [ang templo] ay ang lugar kung saan tayo umaakyat pataas at lampas sa usok at hamog ng mga makalupang bagay na ito at natututuhan nating tahakin sa pamamagitan ng mga walang hanggang bituin ng Diyos ang landas na ligtas na aakay sa atin pauwi."[1]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Anu-anong pagpapala ang matatanggap natin sa bahay ng Panginoon?

Nagpupunta tayo [sa templo], tulad ng iniisip ko, upang tanggapin ang kabuuan ng mga pagpapala ng Pagkasaserdote. . . .

Nagpupunta tayo sa Banal na Bahay na ito upang matuto, malaman kung sino talaga ang Diyos, at kung paano makakamtan ng bawat isa sa atin, para sa ating sarili, ang kadakilaan sa kanyang kinaroroonan. . . .

Dito natin sinisimulang ilatag ang batong pundasyon ng isang walang hanggan at makalangit na tahanan, dahil nasa Simbahang ito ang kapangyarihang magbuklod sa lupa upang iyon ay mabuklod sa Langit.[2]

Kahit paano'y kailangan nating maiparating ang katotohanang iyan sa lahat ng ating mga tao, sa bata at matanda, na sa ating mga banal na templo ang endowment sa templo ang tiyak na gabay sa kaligayahan dito at sa buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.[3]

Kapag pumasok kayo sa banal na templo, sa gayong landas ay nagkakaroon kayo ng pakikipagkapatiran sa mga Banal sa walang hanggang kaharian ng Diyos, kung saan walang hanggan ang panahon. Sa mga templo ng inyong Diyos kayo'y pinagkalooban hindi ng marangyang pamana ng mga kayamanan ng daigdig, kundi ng kasaganaan ng mga walang hanggang kayamanan na di-matutumbasan ang halaga.

Ang mga seremonya sa templo ay nilayon ng matalinong Ama sa Langit na naghayag ng mga ito sa atin sa mga huling araw na ito bilang gabay at proteksiyon sa buong buhay natin, upang ikaw at ako ay hindi mabigo na magkamit ng kadakilaan sa kahariang selestiyal, kung saan ang Diyos at si Cristo ay nananahanan.



Habang naghahanda tayo sa pagdalo sa templo, dapat nating tandaan ang payo ni Pangulong Harold B. Lee: "Nawa kayo na nagpupunta dito ay magpunta na may banal na puso, na may mga mata at isipan at puso na nakatuon sa Diyos upang madama ninyo ang Kanyang presensiya."

Nawa'y masigasig kayong magsikap at magabayan sa paghahanda ng inyong sarili upang makamtan ang mga walang kapantay na kayamanang ito sa bahay ng Panginoon.[4]

Tayo'y may dalawang uri ng paghahayag: May mga paghahayag na masasabing nagbubukas ng mga paghahayag, tulad ng mga nakasulat sa Doktrina at mga Tipan at sa iba pang dako, na maaaring ibigay sa daigdig. At mayroon din tayo ng maaari nating sabihing mga saradong paghahayag. Ang mga ito'y ibubunyag at ibibigay lamang sa mga sagradong lugar na inihanda para sa paghahayag ng mga pinakamataas na ordenansa na nakapailalim sa mga Pagkasaserdoteng Aaron at Melquisedec, at ang mga ordenansang iyon ay nasa bahay ng Panginoon.[5]

Noon pa mang 1841, inihayag na ng Diyos kay Joseph Smith na "walang dako na matatagpuan sa mundo na siya ay maaaring magtungo at ibalik muli yaong nawala sa inyo, o yaong kanyang kinuha, maging ang kaganapan ng pagkasaserdote. . . .

"Sapagkat minarapat ko na ihayag sa aking simbahan ang mga bagay na pinanatiling nakatago bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, mga bagay na nauukol sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon." (D at T 124:28, 41.)

Ang mga paghahayag na ito, na inilaan para sa at itinuro lamang sa matatapat na miyembro ng Simbahan sa mga sagradong templo, ang bumubuo ng tinatawag nating "mga hiwaga ng Kabanalan." Sinabi ng Panginoon na ipinagkaloob Niya kay Joseph "ang mga susi ng mga hiwaga, at ang mga paghahayag na tinatakan. . . ." (D at T 28:7.) Bilang gantimpala sa matatapat, ipinangako ng Panginoon na: "At sa kanila aking ipahahayag ang lahat ng hiwaga, oo, lahat ng nakakubling hiwaga ng aking kaharian mula noong una. . . ." (D at T 76:7.). . .

Sa mga isinulat ni Propetang Joseph Smith ay matatagpuan ang paliwanag sa tinatawag na mga hiwagang ito na bumubuo sa sinasabi ng Propeta na banal na endowment. Bahagi ito ng sinabi niya:

"Ginugol ko ang maghapon sa gawing itaas ng tindahan, sa sarili kong tanggapan. . .na nakikipagpulong [kasunod ay binanggit niya ang mga pangalan ng ilan sa mga pinuno noong una]. Tinuruan ko sila sa mga alituntunin at orden ng Pagkasaserdote,

nangangasiwa sa mga paghuhugas, pagpapahid ng langis, endowment at komunikasyon ng mga susi na may kinalaman sa Pagkasaserdoteng Aaron. Gayundin sa mas mataas na orden ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, na itinatakda ang orden na may kinalaman sa Matanda ng mga Araw, at sa lahat ng mga plano at alituntunin na nagbibigay-daan upang makamit ng isang tao ang mga pagpapalang iyon na inihanda para sa Simbahan ng Panganay, at magbangon at mamuhay sa piling ni Elohim sa mga walang hanggang daigdig." (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, p. 237.)

Idinagdag ni Pangulong Brigham Young, sa paglalatag ng panulok na bato para sa Templo sa Salt Lake, ang paliwanag na ito sa kahulugan ng endowment at ang layunin ng pagtatayo ng templo na kaugnay nito:

". . .Ang inyong endowment ay, tanggapin ang lahat ng ordenansa sa bahay ng Panginoon, na kinakailangan ninyo, matapos na lisanin ninyo ang buhay na ito, upang makabalik kayo muli sa piling ng ama, na daraanan ang mga anghel na tumatayo bilang mga bantay,. . . at tanggapin ang inyong walang hanggang kadakilaan sa kabila ng lupa at impiyerno." [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young*, kabanata 41, talata 2, pahina 339.][6]

---

## Paano tayo makapaglilingkod bilang "mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion" para doon sa mga namatay na?

Kung ang pagtanggap sa ebanghelyo ay napakahalaga sa kapakanan ng walang hanggang kaluluwa ng tao, maaari ninyong itanong kung ano ang mangyayari sa milyun-milyong nangamatay na walang kaalaman ng ebanghelyo o ng plano ng Panginoon, na siyang daan upang maisagawa ang kabuuang epekto ng kanyang pagbabayad-sala. Kung ang gawaing misyonero ay limitado lamang sa mortalidad, maraming kaluluwa ang mahahatulan nang hindi nalilitis. Bawat isa, mabuti man o masama, dahil sa pagbabayad-sala, ay mabubuhay na mag-uli, dahil, "Kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin." (I Corinto 15:22.) Ngunit tanging ang mga nagsisi at nabinyagan para sa kapatawaran ng kanilang mga

kasalanan ang lubos na mabibiyayaan ng mapagtubos na dugo ng kanyang pagbabayad-sala. . . . Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, ang tanging paraan kung saan matatanggap ng tao ang ebanghelyo. Ito ay makalupang ordenansa, kung kaya sa Plano ng Kaligtasan, ang ating Ama, na pantay-pantay ang pagtingin sa lahat ng Kanyang mga anak, ay naglaan ng paraan upang ang lahat ng miyembro ng kanyang Simbahan at Kaharian sa mundo ay maging "mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion. Ito ay sa pamamagitan ng paggawa ng gawain para sa kapakanan ng mga nasa daigdig ng mga espiritu, "ang bilangguan," na hindi nila magagawa para sa kanilang sarili.

Ang gawaing ito para sa mga patay na isinasagawa ng mga miyembro ng Simbahan sa mga banal na templo ang tunay na paraan kung saan ang mga gumagawa ng gawaing ito ay nagiging "mga tagapagligtas" ng mga namatay nang walang kaalaman sa ebanghelyo. Sa pamamagitan nito'y mapapasakanila ang kumpletong kaloob ng Tagapagligtas na ipinangako sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng kanyang pagbabayad-sala. Ang pagtukoy sa paglilingkod na maaaring ibigay sa mga nasa daigdig ng espiritu, na walang-alinlangang isinagawa ng mga banal noong kapanahunan ni Apostol Pablo at magagawa na rin natin para sa ating mga namatay, ay ibinigay niya bilang paliwanag sa katunayan ng pagkabuhay na mag-uli. Sabi niya: "Anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay? Kung ang mga patay ay tunay na hindi muling binubuhay, bakit nga sila'y binabautismuhan dahil sa kanila?" (I Corinto 15:29.) Ang mga templo sa panahong ito'y itinayo dahil dito maaaring isagawa muli ang napakahalagang gawain ng pagliligtas.[7]

Sinabi [ng Panginoon] na ang mga pintuan ng impiyerno ay di mananaig laban sa simbahan ni Cristo (Mateo 16:18). Ngayon, ang mga pintuan ng impiyerno ay mananaig sana laban sa gawain ng Panginoon kung hindi naibigay ang mga ordenansa na may kinalaman sa kaligtasan ng mga nangamatay. Noong mga panahong iyon na wala sa lupa ang pagkasaserdoteng magsasagawa ng mga ordenansa ng ebanghelyo ay milyun-milyon ang nabuhay, marami sa kanila ay matatapat na kaluluwa. Kundi nagkaroon ng paraan ng pagsasagawa ng nakapagliligtas na ordenansa

ng ebanghelyo para sa mga namatay ng walang kaalaman sa ebanghelyo, ang mga pintuan ng impiyerno ay maaaring manaig sana laban sa plano ng kaligtasan ng ating Ama.[8]

[Sa ating pagsasaliksik ng talaangkanan] hindi bubuksan ng Panginoon ang anumang pinto hangga't hindi natin nagagawa ang dapat nating gawin sa ating sarili. Kailangan nating lumapit sa dingding na iyon at magkaroon ng sapat na pananampalataya na hilingin sa Panginoon na tumulong na gumawa ng lagusan upang magawa natin ang kasunod na hakbang. At maaaring may ibigay sa inyong impormasyon mula sa mga pinagmumulan na naghahayag ng katotohanan na ang langit at lupa ay hindi magkalayo.

Marami sa inyo ang nagkaroon ng pagkakataon kung saan ay pumanaw ang inyong minamahal sa buhay. Nagkaroon kayo ng katiyakan ng pagiging malapit, kung minsan, ng mga naging malapit sa inyo. At minsan sila'y nakapagbigay ng impormasyon sa inyo na hindi ninyo matatanggap kundi sa pamamagitan nila.[9]

Mayroon akong matibay na paniniwala mula sa munting karanasan na patototohanan ko na may mga puwersa sa kabilang buhay na nakikipagtulungan sa atin. . . .

Nananampalataya ako na kapag ginawa ninyo ang lahat sa abot ng inyong makakaya, nagsaliksik hanggang sa huling pagkakataon, tutulungan kayo ng Panginoon na buksan ang mga pinto upang madagdagan pa ang inyong mga talaangkanan, at natitiyak kong makikipagtulungan ang langit.[10]

Kung nagkakaisa tayo sa ating gawain sa templo at sa gawain sa pagsasaliksik ng talaangkanan, hindi sapat sa atin ang kasalukuyang mga templo lamang, kundi magkakaroon tayo ng sapat na gawain para sa mga templo sa hinaharap, tungo sa pagbubukas ng mga pintuan ng oportunidad sa mga kamag-anak natin mismo na nasa kabilang buhay, at tayo rin ay magiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion. Ang pagkabigo nating magkaisa ay magiging kabiguan din natin na ipagpatuloy ang tahanan ng ating pamilya sa kawalang-hanggan.[11]

**Paano natin mas mabuting maihahanda ang ating sarili sa pakikilahok sa mga pagpapala ng templo?**

Sa paggawa nating mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion sa gawaing ito para sa mga patay, nais ng Panginoon na gawin ito hangga't maaari ng mga taong walang batik ang pagkatao. Kung paano niya ninais na ang pag-aalay ng hayop ay mula sa mga hayop na walang batik, gayundin naman na nais niyang magpunta tayo rito nang dalisay at malinis at nararapat sa gawain, ang gawain para sa mga patay, bilang mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion.

Kung kaya pinayuhan namin ang ating mga obispo at pangulo ng istaka na maging napakaingat sa paghahanda sa kanilang mga tao sa pagtanggap nila ng rekomendasyon at huwag payagang magpunta dito ang mga hindi nagsisi ng kanilang mga kasalanan, ang mga nakagawa ng pagkakamali, na magpunta dito nang hindi nagsisisi, at sa gayo'y dungisan ang banal na bahay na ito. Palagay ko'y wala nang iba pang impiyerno sa lupa maliban sa pagpunta ng isang tao dito sa halos kinaroroonan na ng ating Ama habang may kasalanan at marumi ang taong iyon. Ito'y nakasisira at nakapanlulumong karanasan.[12]

Marahil ang pinakasagradong lugar sa lupa na pinakamalapit sa langit ay ang ating templo, kung pupunta tayo doon nang malinis at kung buong ingat na susuriin ng ating mga obispo at pangulo ng istaka ang lahat ng humihingi ng rekomendasyon upang matiyak, hangga't maaari, na ipinamumuhay nila ang mga tiyak na pamantayan [upang hindi sila magpunta] doon na mayroong anumang uri ng karumihan na durungis sa espiritu na nais nating lumagi roon.

Tandaan ninyo iyan ngayon. Tandaan ang ating mga sagradong responsibilidad at ating pag-asa upang tayo mismo ang makapagsimula na tiyakin na tuwing pupunta tayo ay nagpupunta tayo na may malilinis na kamay at may malilinis na puso at itinuturo natin ito sa iba. [Tingnan sa Mga Awit 24:3–4.][13]

May ilang tao na nais magpunta sa templo kaagad pagkatapos nilang mabinyagan. Matagal na ang patakaran. . .na nagsasabing dapat *kahit paano* ay isang taon. . . . Ang dahilan kung bakit si-

nasabi nating kahit paano isang taon ay sa pag-asang buong ingat na kakapanayam ang mga obispo at pangulo ng istaka. Ito ay para matiyak na sapat na ang panahong inilagi nila sa Simbahan upang makatayo sa sarili nilang paa at na alam nila ang mga pangunahing doktrina ng Simbahan bago natin asahan na mauunawaan nila ang mas mataas na mga ordenansa, ang mga ordenansa sa templo. Kung gayon, ang mga tanong sa mga pupunta sa templo ay hindi lamang tungkol sa pagiging karapat-dapat kundi maging sa pagiging handang tanggapin ang mga ordenansa ng templo.[14]

Ang pagtanggap ng endowment ay nangangailangan ng pagtanggap ng mga obligasyon sa pamamagitan ng mga tipan na sa katunayan ay sagisag o pagbubunyag ng mga tipan na dapat sana'y inako ng bawat tao sa pagbibinyag, gaya ng ipinaliwanag ng propetang si Alma na kung 'kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan; Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan" (Mosias 18:8–9). Ang sinumang [tao] na handang akuin ang mga pananagutang binanggit ni Alma at "nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos. . .at humarap nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu. . .at pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Jesucristo, na may matibay na hangaring paglingkuran siya hanggang wakas" (D at T 20:37), ay di dapat mag-atubiling magpunta sa banal na templo at tumanggap, kaugnay ng mga tipan na kanilang ginawa, ng mga pangako ng mga dakilang pagpapala sa pagtupad nila sa mga tipang iyon.[15]

Paano tayo dapat maghanda [na pumasok sa templo]? Isinulat ng isang manlililok sa mga pinto ng Templo sa Cardston Alberta ang pag-amin at kaisipan ng yumaong si Elder Orson F. Whitney na dapat nating isaisip. Isinulat niya:

"Kailangang dalisay ang pusong papasok,
Sa bulwagan kung saan ang piging ay idinaraos.
Malayang makibahagi, pagka't bigay ito ng Diyos
Upang kagalakan sa langit ay malubos.
Dito'y kilalanin Siya na sa libinga'y nagtagumpay,
At sa tao ang susi ng Kaharian ay ibinigay;
Nakalipas at kasalukuyan dito pinagbubuklod ng kapangyarihan
Upang buhay at patay, magkamit ng kadakilaan."

Nalaman ni Pangulong Joseph F. Smith ang sikreto ng kadakilaang iyon nang sabihin niyang: "Hindi madali para sa tao ang iwanan ang kanilang kahambugan, ang paglabanan ang ideyang pinili nilang paniwalaan, at isuko ang kanilang puso at kaluluwa sa kagustuhan ng Diyos na palaging mas mataas kaysa sa kanila. . . . Kapag natatanto ng kalalakihan at kababaihan na nalalagay na sila sa panganib, dapat na silang umatras, dahil maaari silang makatiyak na ang landas na tinahak nila noon ang higit na maglalayo sa kanila sa tamang landas na hindi palaging madaling balikan. Ang relihiyon ng puso, ang di-nagbabago at simpleng pakikipag-ugnayan sa Diyos na dapat nating panatilihin, ang siyang pinakaligtas na pananggalang ng mga Banal sa mga Huling Araw." (*Gospel Doctrine*, p. 9). . .

Mangyari pa, sa gayong pagninilay-nilay. . ., dama kong nais kong ibigay ang aking patotoo sa inyo sa pamamagitan ng naging karanasan ko. Apat na linggo pa lamang ang nakalilipas bandang madaling-araw ay nabigyan ako ng napakagandang panaginip. Sa panaginip na iyon ay tila kasama ako ng mga kapatid na tinatagubilinan ng Pangulo ng Simbahan, at habang may iba pang naroroon, tila ang lahat ng sinasabi niya'y para lang sa akin. . . . Napanaginipan ko uli iyon, ngayon—mas malinaw na panaginip na nakamamangha, dahil ito ang mensahe: "Kung nais mong matutuhang mahalin ang Diyos, kailangan mong matutuhang mahalin ang Kanyang mga anak at malugod sa paglilingkod sa Kanyang mga anak. Walang taong nagmamahal sa Diyos hangga't hindi siya nalulugod sa paglilingkod at hangga't hindi niya minamahal ang mga anak ng ating Ama sa Langit."

At tila pagkatapos maituro ng Pangulo ang araling iyon, na nakintal na mabuti sa aking isipan, sinabi niyang, "Mga kapatid, lumuhod tayo sa panalangin." At nagising ako matapos siyang manalangin, na may makalangit na damdamin na para sa aki'y noon ko lamang nadama, nag-iisip kung makapagpapatuloy ako hanggang sa maabot ko ang mataas na pamantayan ng pagkalugod sa paglilingkod at pagmamahal sa mga anak ng Panginoon na naikintal [sa aking isipan] ng panaginip na iyon.[16]

Salamat sa Diyos sa paghahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na nagpapatotoo sa aking kaluluwa na alam ko nang buong kaluluwa ko na buhay [ang Panginoon], na Siya ang Tagapagligtas ng daigdig. Alam kong [ang templo] ay banal na lugar kung saan Niya maihihiga ang Kanyang ulo dahil sa kabanalang naroon. Nawa kayo na nagpupunta dito ay magpunta nang may banal na puso, na may mga mata at isipan at puso na nakatuon sa Diyos upang madama ninyo ang Kanyang presensiya.[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Sa anong mga paraan naging "gabay at proteksiyon" sa inyo ang templo?
- Paano ninyo ihahambing ang makalupang kayamanan sa walang hanggang kayamanan na nakakamtan sa templo?
- Bakit mahalaga na makisali tayo nang madalas hangga't kaya natin sa pagsamba sa templo?
- Anong mga pagpapala ang dumating sa inyo bilang bunga ng paggawa ng gawain sa templo at ng kasaysayan ng mag-anak?
- Bakit kailangan tayong magpunta sa bahay ng Panginoon na may malilinis na kamay at dalisay na puso? Maliban sa pagiging karapat-dapat, anu-ano pa ang ibang mga paraan na makapaghahanda tayo sa pagdalo sa templo?
- Bakit ang pagkatutong mahalin at paglingkuran ang iba ay mahalagang paghahanda sa pakikibahagi sa mga pagpapala ng templo?

## Mga Tala

1. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 573.
2. Serbisyo sa paglalaan ng Templo sa Los Angeles California, Mar. 1956, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 159–61.
3. *The Teachings of Harold B. Lee*, 578.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, 582.
5. *The Teachings of Harold B. Lee*, 577–78.
6. *Ye Are the Light of the World* (1974), 210–11.
7. *Decisions for Successful Living* (1973), 118–19; idinagdag ang paggawa ng talata.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 570.
9. *The Teachings of Harold B. Lee*, 584.
10. *The Teachings of Harold B. Lee*, 585.
11. *The Teachings of Harold B. Lee*, 584.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 581.
13. *The Teachings of Harold B. Lee*, 581.
14. *The Teachings of Harold B. Lee*, 578–79.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 574.
16. Serbisyo sa paglaan ng Templo sa Los Angeles California, 161–63.
17. *The Teachings of Harold B. Lee*, 580.

# Ang Banal na Layunin ng Kasal

*Ano ang magagawa natin upang mapatatag ang mga walang hanggang kasal at maihanda ang mga kabataan na magpakasal sa templo?*

## Pambungad

Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee ang malaking kahalagahan ng pagpapakasal sa templo at pagtutulungan ng mga mag-asawa sa buong buhay nila upang mapatatag ang kanilang pagsasama:

"Ang kasal ay pagtatambalan. May nakapansin sa kuwento ng Biblia tungkol sa paglikha kung saan ang babae ay hindi hinubog mula sa bahagi ng ulo ng lalaki, na nagpapahiwatig na maaari siyang mamuno sa lalaki, ni hindi mula sa bahagi ng paa ng lalaki upang siya'y kanyang tapak-tapakan. Kinuha ang babae mula sa tagiliran ng lalaki tila upang bigyang-diin ang katotohanan na dapat palagi siya sa kanyang tabi bilang kabiyak at kasama. Sa altar ng kasal sumumpa kayo sa isa't isa na simula sa araw na iyon ay pagtutulungan ninyong lutasin ang mga problema sa buhay, gaya ng pagtutulungan ng mga hayop na may pamatok. Ang Apostol Pablo ay nagpayo tungkol sa pag-aasawa: 'Huwag kayong makipamatok ng kabilan.' (II Corinto 6:14.) Bagaman ang kanyang payo ay mas may kinalaman sa mga bagay na nauukol sa pagkakapantay ng relihiyon at mga espirituwal na hangarin, gayunman ang iminumungkahing larawan ng kanyang pangungusap ay di dapat ipagwalang-bahala. Tulad ng pamatok ng mga baka na may hatak-hatak sa daan, kung mag-alangan ang isa, maging tamad at batugan o magmaramot at magmatigas, ang hatak-hatak ay masisira. Sa gayunding dahilan kung kaya nasisira ang kasal ng mag-asawa kapag ang isa o kaya'y silang dalawa na bahagi ng kasal na iyon ay nabigong gampanan ang kanilang mga tungkulin sa isa't isa. . . .

"Ngunit ang higit na mahalaga pa kaysa 'pantay na pamatok' sa mga pisikal na bagay ay ang pantay na pamatok ninyo sa mga espirituwal na bagay. . . . Tiyak na ang alinmang tahanan at pamilya na binuo sa layuning itatag ito maging sa kawalang-hanggan at kung saan mainit ang pagtanggap sa mga bata bilang 'mana na mula sa Panginoon' [tingnan sa Mga Awit 127:3] ay may mas malaking pagkakataon na maligtas dahil sa kabanalan na bumubuo sa tahanan at pamilyang iyon."[1]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Bakit mahalaga sa ating kadakilaan ang kasal na walang hanggan?

Tingnan natin ang unang kasal na isinagawa matapos mabuo ang mundo. Si Adan, ang unang tao, ay nilikha at gayundin ang mga hayop at ibon at bawat nilalang na gumagalaw sa ibabaw ng lupa. Sa gayon ay makikita natin na nakatala ito: "At sinabi ng Panginoong Diyos, Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya." Matapos hubugin ng Panginoon si Eva, "ito'y dinala niya sa lalake. At sinabi ng lalake, Ito nga'y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman: siya'y tatawaging Babae, sapagka't sa Lalake siya kinuha. Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman." (Genesis 2:18, 22–24.). . . Sa pagtatapos ng kasalang iyon inutusan sila ng Panginoon na "magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin." (Genesis 1:28.)

Narito ang isang kasal na isinagawa ng Panginoon sa pagitan ng dalawang nilalang na walang-kamatayan, sapagkat noong wala pa ang kasalanan sa mundo ang kanilang mga katawan ay hindi nakapasailalim sa kamatayan. Ginawa niya silang isa, hindi lamang sa panahong ito, ni sa alinmang may-hangganang panahon; magiging isa sila sa mga panahon ng walang hanggan. . . . Ang kamatayan sa kanila ay hindi diborsiyo; pansamantalang paghihiwalay lamang ito. Ang pagkabuhay na mag-uli tungo sa kawalang-kamatayan ay nangangahulugan sa kanila ng muling pagsasama at walang hanggang buklod na di na kailanman makakalas. "Sapagkat kung paanong kay Adam ang lahat ay nanga-

mamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin." (I Corinto 15:22.)

Kung maingat ninyong nasundan ang paliwanag sa unang kasal na ito, handa na ninyong maunawaan ang paghahayag na ibinigay sa Simbahan sa ating henerasyon sa mga salitang ito:

"Kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae sa pamamagitan ng aking salita, na siyang aking batas, at sa pamamagitan ng bago at walang hanggang tipan, at ito ay ibinuklod sa kanila ng Banal na Espiritu ng pangako, sa pamamagitan niya na siyang hinirang, kung kanino ko itinakda ang kapangyarihang ito at ang mga susi ng pagkasaserdoteng ito. . ., ito ay magagawa sa kanila sa lahat ng bagay anuman ang ipataw sa kanila ng aking tagapaglingkod, sa panahon, at sa lahat ng kawalang-hanggan; at magkakaroon ng buong bisa kapag sila ay wala na sa daigdig at sila ay makararaan sa mga anghel, at sa mga diyos, na inilagay roon, tungo sa kanilang kadakilaan at kaluwalhatian sa lahat ng bagay, na ibinuklod sa kanilang mga ulo." (D at T 132:19.). . .

Ang kasal sa panahon at sa kawalang hanggan ay ang makipot na pasukan at makitid na landas (na binanggit sa mga banal na kasulatan) "na patungo sa kadakilaan at pagpapatuloy ng mga buhay, at kakaunti ang makasusumpong noon," ngunit "malapad ang pintuan, at maluwang ang daan na patungo sa mga kamatayan; at marami roon na nagsisipasok." (D at T 132:22, 25.) Kung mahihikayat kayo ni Satanas at ng kanyang mga kampon na dumaan sa maluwang na daan ng kasal ng daigdig na nagtatapos sa kamatayan, natalo niya kayo sa inyong oportunidad para sa pinakamataas na antas ng walang hanggang kaligayahan na matatamo lamang sa pamamagitan ng kasal at pag-unlad sa kawalang-hanggan. Dapat ay maliwanag na ngayon sa inyong kaisipan kung bakit ipinahayag ng Panginoon na upang makamtan ang pinakamataas na antas ng kaluwalhatiang Selestiyal, ang isang tao ay kailangang pumasok sa bago at walang hanggang tipan ng kasal. Kundi siya papasok dito, hindi niya makakamtan ito. (D at T 131:1–3.)[2]

Ang mga taong ginagawang karapat-dapat ang kanilang sarili at pumapasok sa bago at walang hanggang tipang ito ng kasal sa templo para sa panahon at lahat ng kawalang hanggan ay maglalatag ng unang batong panulok para sa walang hanggang tahanan

ng pamilya sa kahariang selestiyal na magtatagal sa habampanahon. Ang gantimpala nila ay ang magtamo ng "kaluwalhatiang idaragdag sa kanilang mga ulo magpakailanman at walang katapusan" (tingnan sa Abraham 3:26).[3]

---

## Ano ang magagawa ng mga mag-asawa upang mapatatag ang kanilang kasal sa templo sa buong buhay nila?

Kung magpapasiya ang [mga kabataan] mula sa sandali ng kanilang kasal, na simula sa oras na iyon ay lulutasin nila at gagawin ang lahat sa abot ng kanilang makakaya na paligayahin ang bawat isa sa mga bagay na tama, maging sa pagsasakripisyo ng kanilang sariling kasiyahan, ng kanilang sariling hilig, ng kanilang sariling hangarin, ang problema ng pakikibagay sa buhay may-asawa ay malulutas mismo, at ang tahanan nila ay magiging tunay na maligayang tahanan. Ang pundasyon ng dakilang pag-ibig ay dakilang pagsasakripisyo, at ang tahanan kung saan naipakikita sa araw-araw ang alituntunin ng pagsasakripisyo para sa kapakanan ng bawat isa ay ang tahanan kung saan nananahan ang dakilang pag-ibig.[4]

Marami pang kagalakan sa hinaharap at, oo, marami pang pagkabalisa kaysa inyong naranasan, kaya tandaan na ang pundasyon ng dakilang pag-ibig ay dakilang pagsasakripisyo at ang araw-araw na pagpupunyagi sa isa't isa na makapagpaligaya sa mga bagay na tama ang bubuo ng matatag na pundasyon para sa isang maligayang tahanan. Ang pagpupunyaging iyon para sa kapakanan ng bawat isa ay kailangang magmula sa kanilang dalawa at hindi sa isang panig lamang o makasarili. Kailangang makadama ang mag-asawa ng pantay na responsibilidad at obligasyon na turuan ang isa't isa. Ang dalawa sa mga bagay sa ngayon na nagbabanta sa kaligtasan ng makabagong tahanan ay ang hindi pagkakaroon ng mga asawang lalaki ng ganap na obligasyon sa pagsuporta sa pamilya, at ang pag-iwas ng mga asawang babae sa responsibilidad ng pamamalagi sa marubdob na gawain ng pag-aalaga ng isang pamilya at paggawa ng isang tahanan.[5]

Kaakibat ng kasal ang pinakamataas na kaligayahan ngunit gayunman kinapapalooban ito ng pinakamabigat na responsibilidad na maaaring kasangkutan ng lalaki at babae dito sa

mortalidad. Ang banal na simbuyo ng damdamin na nasa bawat tunay na lalaki at babae na nagtutulak sa pakikisama ng lalaki sa babae at ng babae sa lalaki ay binalak ng ating Manlilikha na maging banal na simbuyo ng damdamin para sa banal na layunin—hindi upang bigyang-kasiyahan lamang ang udyok ng katawan o pagnanasa ng laman sa walang-ingat na pakikipag-ugnayan, kundi upang ilaan bilang pahiwatig ng tunay na pag-ibig sa banal na kasal.[6]

Maraming ulit ko nang sinabi sa mga bagong mag-asawa sa altar ng kasal na: Huwag kailanman hayaang mahinto ang magigiliw na paglalambingan sa inyong buhay may-asawa. Hayaang maging kasing-sigla ng sikat ng araw ang inyong mga kaisipan. Gawing makabuluhan ang inyong mga salita at nagbibigay-inspirasyon at nakapagpapasigla ang inyong pagsasamahan, kung nais ninyong panatilihing buhay ang diwa ng pagmamahal sa buong panahon ng inyong pagsasama.[7]

Minsan, sa paglalakbay namin sa buong Simbahan, may mag-asawang lalapit sa amin at magtatanong, dahil sa di sila magkasundo sa kanilang pagsasama—sila na nakasal sa templo— kung makabubuting palayain nila ang isa't isa at maghanap ng higit na makakasundong kasama. Sa lahat ng gayon ay sinasabi naming, sa tuwing sasabihin ng mag-asawa na ikinasal sa templo na nagkakasawaan na sila, maliwanag na maaaring isa sa kanila o kapwa sila hindi tapat sa kanilang mga tipan sa templo. Ang sinumang mag-asawa na ikinasal sa templo na tapat sa kanilang mga tipan ay higit na mapapamahal sa isa't isa, at ang pag-ibig ay magkakaroon ng mas malalim na kahulugan sa gintuang anibersaryo ng kanilang kasal kaysa noong araw na ikasal sila sa bahay ng Panginoon. Huwag kayong magkakamali diyan.[8]

Ang mga nagpupunta sa altar ng kasal nang may pag-ibig sa kanilang puso, maaaring sabihin natin sa kanila na sa katunayan, kung magiging tapat sila sa mga tipan na ginawa nila sa templo, limampung taon makalipas ang kanilang kasal ay masasabi nila sa isa't isa na: "Maaaring di natin alam kung ano ang tunay na pag-ibig noong ikasal tayo, dahil higit ang pag-iisip natin sa isa't isa sa ngayon!" At gayon ang mangyayari kung susundin nila ang payo ng kanilang mga pinuno at susundin ang mga banal at sagradong tagubilin na ibinigay sa seremonya sa templo; magiging



Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee na "ang pundasyon ng dakilang pag-ibig ay dakilang pagsasakripisyo, at ang tahanan kung saan naipakikita sa araw-araw ang alituntunin ng pagsasakripisyo para sa kapakanan ng bawat isa ay ang tahanan kung saan nananahan ang dakilang pag-ibig."

higit na perpekto ang kanilang pagmamahalan tungo sa kabuuan ng pagmamahal sa kinaroroonan ng Panginoon mismo.[9]

Ang mga pagkakamali at kabiguan at kababawan ng pisikal na paghanga lamang ay walang halaga kung ihahambing sa kadalisayan ng mabuting pag-uugali na tumatagal at mas gumaganda sa paglipas ng mga taon. Kayo rin ay maaaring mabuhay sa pagkabighani sa inyong maligayang tahanan maging sa inyong pagtanda kung inyo lamang hahanapin ang dalisay na uri ng diyamante na nasa bawat isa sa inyo. Ang tanging kailangan ay ang pagpapakintab ng tagumpay at kabiguan, kahirapan at kaligayahan upang magdulot ng kinang at ningning na magliliwanag na mabuti maging sa pinakamadilim na gabi.[10]

## Anong payo ang ibinigay sa mga hindi pa nakakasal sa kawalang-hanggan?

Ang ilan sa inyo'y walang kasama ngayon sa inyong tahanan. Ang ilan sa inyo'y namatayan ng asawa o maaaring di pa kayo nakahahanap ng makakasama. Kabilang sa inyo ang pinakamagigiting na miyembro ng Simbahan—matatapat, magigiting, nagsisikap na ipamuhay ang mga kautusan ng Panginoon, upang itayo ang kaharian sa lupa, at paglingkuran ang inyong kapwa-tao.

Maraming inilalaan ang buhay para sa inyo. Maging malakas sa pagharap sa inyong mga hamon. Napakaraming paraan upang makatagpo ng kasiyahan, sa paglilingkod sa mga mahal ninyo, sa paggawa nang mabuti sa mga gawain ninyo sa trabaho o sa tahanan. Ang Simbahan ay nag-aalok ng maraming oportunidad upang matulungan ninyo ang mga kaluluwa, unang-una na kayo, upang matagpuan ang kagalakan ng buhay na walang hanggan.

Huwag hayaang ilayo kayo ng awa sa sarili o ng kawalan ng pag-asa sa landas na alam ninyong tama. Ituon ang inyong mga isipan sa pagtulong sa iba. Sa inyo ay may natatanging kahulugan ang mga salita ng Guro: "Ang nakasusumpong ng kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon." (Mateo 10:39.)[11]

Hinuhusgahan tayo ng Panginoon hindi lamang sa pamamagitan ng ating mga kilos kundi maging sa layunin ng ating mga puso. . . . Kung kaya, [ang kababaihan] na napagkaitan ng pag-

papala ng pagiging asawa o pagiging ina sa buhay na ito—na nagsasabi sa kanilang puso, kung magagawa ko lamang ay gagawin ko sana, o magbibigay ako kung mayroon lang sana ako, ngunit hindi ko magawa dahil wala naman ako—pagpapalain kayo ng Panginoon na tila ba nagawa ninyo, at bibigyang pagkakataon ng mundong darating ang mga naghangad sa kanilang puso ng mga matwid na pagpapala na hindi nila kasalanan na di nakamtan.[12]

Kayong mga maybahay na naghahangad na sana'y aktibo sa Simbahan ang inyong asawa, naghahangad na sana'y narito sila sa halip na magkimkim ng pait sa kanilang puso, nag-iisip kung ano ang dapat gawin upang balang-araw. . .ay makasama ninyo sila sa templo ng ating Diyos. At kayong mga asawang lalaki na naghahangad na sana'y kasama ninyo ang inyong kabiyak. Sinasabi namin sa inyo na kung mananatili kayong tapat, mamahalin ninyo ang inyong asawa, at palagi kayong mananalangin sa gabi at umaga, araw at gabi, ay darating ang kapangyarihan sa inyong mga miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na karapatan ninyong tamasahin, kayo na nangabinyagan at matatapat. Ang gayong kapangyarihan ay makapagdudulot sa inyo ng kakayahan na pawiin ang pakikipagsalungatan sa inyong mga kasama at mas ilapit sila sa pananampalataya.[13]

Ang ilan sa inyo'y magpapasiyang mag-asawa sa labas ng Simbahan na lihim na umaasang mapagbabalik-loob ang inyong kasama sa inyong pananaw sa relihiyon. Ang pagkakataon ninyong lumigaya sa inyong buhay may-asawa ay mas malaki kung gagawin ninyo ang pagpapabalik-loob bago magpakasal sa kanya.[14]

---

## Ano ang magagawa natin upang matulungan ang mga kabataan na maunawaan ang mga pagpapala ng kasal sa templo at maghanda para dito?

Ang bisa ng tahanan ng Banal sa mga Huling Araw ay nakasalalay sa paraan ng ginawang kasal para sa tahanang iyon. Ang kasal na para lamang dito at sa ngayon ay natural na magtuon lamang sa daigdig na ito. Ang kasal sa kawalang hanggan ay may kakaibang pananaw at saligan. . . .

. . .Mangyari pa, nalaman natin na ang pagpunta lamang sa templo nang walang angkop na paghahanda sa anumang paraan ay hindi nagdudulot ng mga pagpapalang hangad natin. Ang walang hanggang kasal ay nakasalalay sa kahustuhan ng isip at pananagutan na—kasama ng endowment at mga ordenansa—ay makapagbubukas sa mga pintuan ng langit upang dumaloy sa atin ang maraming pagpapala.

. . .Ang kasal sa templo ay hindi lamang lugar na pinagdarausan ng seremonya; ito'y buong oryentasyon sa buhay at pag-aasawa at tahanan. Ito ang kasukdulan ng pagbuo ng mga pag-uugali sa Simbahan, kalinisang-puri, at ng ating personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos—at marami pang iba. Kung kaya ang pangangaral ng tungkol sa kasal sa templo ay hindi sapat. Ang ating mga gabing pantahanan ng mag-anak, seminary, institute at pantulong na samahan ay kailangang maitatag tungo sa layuning ito—hindi sa pamamagitan lamang ng panghihikayat— kundi sa pagpapakita na ang mga pinaniniwalaan at pag-uugaling may kinalaman sa kasal sa templo ay yaong mga makapagdudulot ng uri ng buhay na tunay na ninanais ng bawat tao para sa kanilang sarili dito at sa kawalang-hanggan. Kapag nagawa nang wasto, maipakikita natin ang kaibahan ng "banal at ng karaniwan" [tingnan sa Ezekiel 44:23] upang ang makapangyarihang likas na katutubong ugali ng pagiging ina ay makita sa kabataang babae na nalilito sa kaibahan ng mga banal na katutubong ugali at ng landas ng paghahanap ng kasiyahan. Sa pamamagitan ng tunay na paghatol at pinagsamang pagsisikap, maipakikita natin sa kabataang lalaki na ang landas ng daigdig—gaano man kahali-halina at gaano man kaganda ito lumitaw—ay landas ito ng kalungkutan; ito ang landas na sa dakong huli'y bibigo sa kanyang matinding paghahangad sa sarili niyang tahanan at sa mga kagalakan ng pagiging ama.[15]

Bagaman hindi nalulutas ng kasal sa templo ang lahat ng problema sa buhay, gayunman, tiyak na sa lahat ng karapat-dapat na pumapasok dito, ito'y nagiging kanlungan ng kaligtasan at angkla ng kaluluwa kapag bumuhos nang matindi ang mga unos ng buhay. . . .

Marami akong karanasan, sa halos dalawampung taon, sa pagdalaw tuwing Sabado't Linggo sa ilan sa mga pinakamatagumpay na tahanan ng Simbahan, at sa paghahambing, halos linggo-linggo ay nasusulyapan ko ang ilan sa di-masasayang tahanan. Mula sa mga karanasang ito ay may naisip akong ilang tiyak na konklusyon: Una, ang pinakamaliligaya nating tahanan ay iyong may mga magulang na nakasal sa templo. Ikalawa, ang kasal sa templo ay lubos na matagumpay kapag ang mag-asawa ay pumasok sa mga sagradong ordenansa ng templo na malinis at dalisay ang katawan, isip, at puso. Ikatlo, ang kasal sa templo ay lubos na sagrado kapag ang bawat isa sa magkatuwang ay naturuang mabuti sa layunin ng banal na endowment at sa mga obligasyon ng mag-asawa matapos iyon, bilang pagsunod sa mga tagubiling natanggap sa templo. Ikaapat, ang magulang mismo na hindi pinahalagahang mabuti ang kanilang mga tipan sa templo, ay di ganong makaaasa sa kanilang mga anak dahil sa kanilang masamang halimbawa.

Sa panahong ito ay binaluktot na mabuti ng mga moda, pagkukunwari, at halina ng daigdig ang mga banal na konsepto ng tahanan at kasal, at maging ang mismong seremonya ng kasal. Pinagpala ang matalinong ina na nagpipinta ng buhay na larawan sa isipan ng kanyang anak na babae. Larawan ng sagradong tagpo sa napakaganda at makalangit na silid ng pagbubuklod kung saan ang isang maganda at batang magkasintahan ay magkahawak-kamay sa banal na altar, malayo sa mga makamundong bagay at kasama ang mga magulang at malalapit na kaibigan ng pamilya. Salamat sa Diyos sa inang iyon na ipinakikita sa kanyang anak na babae na dito, ang lugar sa lupa na pinakamalapit sa langit, ang puso ay nakikipag-ugnayan sa puso. Isang pagsasalo ng pagmamahalan na nagsisimula sa pagiging isa na kumakalaban sa malalaking pinsalang dulot ng kahirapan, dalamhati, o kabiguang gumagapi, at nagbibigay ng pinakamainam na pampasigla sa pinakamatataas na maaabot sa buhay![16]

Nawa'y ipahintulot ng Diyos na pagpalain ang mga tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw at dumating sa kanila ang kaligayahan dito at ang pundasyon para sa kadakilaan sa kahariang selestiyal sa daigdig na darating.[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang maaaring gawin ng mga mag-asawang ikinasal upang mapanatili araw-araw ang mataas na pagpapahalaga sa mga tipan ng kanilang walang hanggang kasal? Paano dapat makaapekto ang pagiging kasal sa kawalang-hanggan sa paraan ng pakikitungo nila sa isa't isa at sa kanilang mga anak?
- Paano natin maituturo ang kahalagahan ng walang hanggang kasal sa ating mga anak?
- Bakit ang "pundasyon ng dakilang pag-ibig ay dakilang pagsasakripisyo"? Paano napalalakas ng pagiging di-makasarili ang pagsasama ng mag-asawa?
- Ano ang maaaaring gawin ng mga taong ang kabiyak ay di-aktibo sa Simbahan upang mapalakas ng kanilang pagsasama? Paano mapupuno ng pagpapahiwatig ng maka-diyos na pagmamahal at sakripisyo ang buhay ng mga taong hindi kasal sa kasalukuyan?
- Ano ang ibig sabihin ng "makipamatok nang pantay" sa pag-aasawa?
- Paano "magiging higit na perpekto ang pagmamahalan [ng isang mag-asawa] tungo sa kabuuan ng pagmamahal sa kinaroroonan ng Panginoon"?

### *Mga Tala*

1. *Decisions for Successful Living* (1973), 174–75.
2. *Decisions for Successful Living*, 125–27; idinagdag ang paglikha ng talata.
3. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 169.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, 239–40.
5. *Ye Are the Light of the World* (1974), 339.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 236.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 254.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 249.
9. *The Teachings of Harold B. Lee*, 243.
10. *Decisions for Successful Living*, 177–78.
11. *Decisions for Successful Living*, 249.
12. *Ye Are the Light of the World*, 291–92.
13. Talumpati sa komperensiya ng Virginia Stake, ika-30 ng Hunyo, 1957, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
14. *Decisions for Successful Living*, 129.
15. "Special Challenges Facing the Church in Our Time," seminar ng mga kinatawan ng rehiyon, ika-3 ng Okt. 1968, 13–14.
16. "My Daughter Prepares for Marriage," *Relief Society Magazine*, Hunyo 1955, 349–51.
17. Sa Conference Report, Okt. 1948, 56.

# Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Tahanan

*Paano magagawa ng mga magulang na maging isang kanlungan at lugar ng paghahanda ang kanilang tahanan para sa buhay na walang hanggan?*

## Pambungad

Ito ang sinabi ni Pangulong Harold B. Lee tungkol sa kahalagahan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan:

"Sa pagbabasa natin mula sa mga isinulat ng mga naunang propeta, matutuklasan natin ang tila ipinahihiwatig na kasalanan na nagdulot ng kasamaan na siyang nagpatangis sa Diyos na lumalang sa sangkatauhan. Sa isang paghahayag sa kanyang matapat na propetang si Enoc, sinabi ng Diyos na ang mga labi ng kanyang mga anak ay walang pagmamahal, at kinapopootan nila ang kanilang sariling dugo, na ang ibig sabihin ay walang iba kundi ang kanilang mga anak.

"Sa kanyang sagot sa tanong ni Enoc kung bakit siya tumangis, sumagot ang Diyos na '. . .sa lahat ng gawa ng aking mga kamay ay walang naging kasingsama gaya sa iyong mga kapatid.'

"At dagdag pa Niya: '. . .masdan, ang kanilang mga kasalanan ay mapapataw sa ulo ng kanilang mga ama. . . .' (Moises 7:36–37.) Maliwanag na nagawa ng mga magulang ng salinlahing iyon ang malaking kasalanan ng pagkabigong sumunod sa utos na ibinigay sa lahat ng mga magulang mula sa panahon ni Adan hanggang sa atin mismong kapanahuhan. Nabigo sila sa pagtuturo ng mga doktrina ng kaligtasan sa kanilang mga anak.

"Binalaan tayo ng Panginoon na, kung ano ang nangyari noong kapanahunan ni Noe ay gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng Tao. Ipahintulot nawa ng Diyos na pakinggan ng mga taong ito ang tawag ng ating propetang-pinuno at turuan

ang kanilang mga anak tulad ng iniutos ng Panginoon at makaiwas sa kumakastigong kamay ng Makapangyarihang Diyos."[1]

Tatalakayin sa kabanatang ito ang mga dakilang responsibilidad na ibinigay sa mga magulang na ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak at ihanda sila na mamuhay nang matwid.

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Bakit ang tahanan ang pinakamahalagang lugar upang ituro ang ebanghelyo?

Ang ating mga tahanan ay hindi lamang dapat maging mga kanlungan kundi mga lugar din ng paghahanda kung saan maaaring magmula ang ating mga kabataan nang may pagtitiwalang makapamumuno at makahaharap sila sa magulong daigdig. Alam nating lahat na ang natututuhan sa tahanan ay kataka-takang gumigiit sa pagkatao; ang nakikita at nararanasan sa tahanan ay maaaring makatulong o makabagabag sa ating kabataan sa mga darating na panahon. Ang mga tahanan natin ay maaaring maging mga modelo sa buong sangkatauhan, ngunit kakailanganin nating dibdibin ang payo ng mga pinuno ng Simbahan tungkol sa paksang ito nang higit kaysa noon. Noon pa ma'y natatanging hamon na ito, at lalo pa ngayon dahil sa pangkalahatang kabulukan sa mga tahanan sa ating panahon. "Nadarama at nakikita" ng mga bata na ipinamumuhay ang ebanghelyo sa tahanan. Nakikita nila mismo ang kawastuhan at kapangyarihan nito; nakikita nila kung paano nito natutugunan ang mga pangangailangan ng indibiduwal.[2]

Paulit-ulit ang pagsasabing ang tahanan ang batayan ng matwid na pamumuhay. . . . Ang mga paghahayag ng Diyos at karunungan ng tao ay kapwa nagsasabi sa atin kung gaano kahalaga ang tahanan sa paghubog sa buong buhay na karanasan ng indibiduwal.[3]

Lalo ngayong nagiging malinaw na ang tahanan at pamilya ang mga susi sa kinabukasan ng Simbahan. Ang batang pinagkaitan ng pagmamahal, isang batang hindi nakaranas ng disiplina, trabaho, o responsibilidad, ay kadalasang sumusuko sa mga panghalili ni satanas sa kaligayahan–bawal na gamot, pag-eksperimento sa seks, at pagrerebelbe, maging ito man ay sa isip o pag-uugali. . . .

Walang mas mainam na lugar kaysa sa tahanan sa pagtuturo at pagkatuto tungkol sa kasal, pag-ibig, at seks dahil mapagsasama-sama nang maayos ang mga ito sa isang pinabanal na kasal sa templo. Walang mas mainam na lugar upang sagutin ang mga agam-agam sa ating kabataan kaysa sa lugar kung saan may pagmamahalan—sa tahanan. Mapalalaya ng pag-ibig ang ating mga kabataan at pakikinggan nila ang mga taong alam nilang mapagkakatiwalaan nila. . . .

Magagawa bang mahalin ng isang bata ang kanyang kapitbahay maliban na nadama niya mismo ang pagmamahal? Magagawa bang magtiwala ng isang kabataan kung siya'y hindi pinagkatiwalaan kailanman? Makikita ba ng isang batang lalaking hindi kailanman nagkaroon ng trabaho o responsibilidad ang kahalagahan ng mahahalagang katangiang ito sa pagbuo ng lipunan? Makakayanan ba ng isang batang babae na hindi naging bahagi ng matapat na talakayan ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanyang tahanan ang mga pamimintas ng daigdig at ang pambabatikos ng matatalino sa kanyang relihiyon?. . . Kung hindi naipamuhay ang isang alituntunin ng ebanghelyo, mas mahirap paniwalaan ang alituntuning iyon. . . .



Nagpayo si Pangulong Harold B. Lee na, "Turuan ang inyong mga pamilya sa inyong gabing pantahanan ng mag-anak; turuan silang sundin ang mga kautusan ng Diyos, sapagkat dito nakasalalay ang tanging kaligtasan natin sa panahong ito."

Sa panahong sinabi sa atin na magiging katulad na katulad ng kapanahunan ni Noe, kailangan nating tulungan ang ating mga anak na matutong gumawa ng mga tamang pagpili, na umunlad sa makatuwirang pagpapahalaga sa sarili, lalo na kung sila'y mapasasailalim sa tuwirang impluwensiya ng tahanan, kung saan nagagawang posible at makabuluhan ng pagmamahalan sa tahanan ang pagsisisi. Ang kapaligiran ng ating mga anak sa labas ng tahanan at ng Simbahan ay kadalasang maaaring maging hungkag, kung pag-uusapan ang mga pinahahalagahan, o dili kaya'y magtataglay ng mga ideyang salungat sa mga alituntunin ng ebanghelyo.[4]

Sa mga magulang sa tahanan at sa Simbahan ay may ibinigay na malaking responsibilidad na ituro ang mga katotohanan ng ebanghelyo upang maging matatag ang bawat kaluluwa. Kung wala ang gayong katatagan, ang tao ay magiging tulad ng "alon sa dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad," dinadala sa magkabi-kabila ng mga hangin ng aral na di-tiyak ang pinagmulan na magpapalito sa kanyang isipan hinggil sa bagay na mali sa paningin ng Diyos [tingnan sa Efeso 4:14; Santiago 1:6]. Tayo ang magiging pinaka-aral na tao sa balat ng lupa kung pakikinggan natin ang mga atas ng Panginoon.

Kung mapatatatag nang gayon ang ating mga kabataan, hindi sila mababagabag sa kanilang pananampalataya kapag may nakasagupa silang mga maling ideya sa pag-aaral na salungat sa mga katotohanan ng ebanghelyo. May armas silang panlaban sa mga makamandag na palaso ng paninirang-puri at pagpapaimbabaw.

Ang mga kabataang lalaki. . ., kung nagabayan sa kanilang pag-iisip sa pamamagitan ng "pinakabatayang katotohanan," ay hindi susuko sa di-inaasahang sandali ng kahinaan sa isang tukso na habambuhay na magiging batik sa kanilang pagkatao. . . .

Ang mga batang magkasintahan na malapit nang ikasal, kung nagagabayan ng mga kaisipang hatid ng katotohanan ng ebanghelyo, ay mapababanal ang kanilang sarili sa pagsunod sa batas ng selestiyal na kasal upang magkamit ng walang hanggang kaligayahan.[5]

Sinabi ng Panginoon na hindi binigyan ng kapangyarihan si Satanas na tuksuhin ang maliliit na bata, "hanggang sa sila ay magsimulang magkaroon ng pananagutan sa akin" (D at T

29:47). Sumunod ang napakahalagang pahayag na ito: "Upang kagila-gilalas na mga gawa ang hingin sa kamay ng kanilang mga ama" (D at T 29:48). Ngayon, ang ibig sabihin niya'y mga magulang. Bakit hindi pinahihintulutan ng Panginoon na tuksuhin ni Satanas ang maliliit na bata hangga't hindi sila sumasapit sa gulang ng pagkakaroon ng pananagutan? Ito'y upang bigyan ng gintuang pagkakataon ang mga magulang na itanim sa mga puso ng maliliit na bata ang mahahalagang bagay na kailangan nilang taglayin bago nila sapitin ang gulang ng pagkakaroon ng pananagutan, dahil kung hindi'y magiging huli na ang lahat para maitanim ng mga magulang ang mahahalagang bagay na iyon sa kanilang mga anak.[6]

Tayong mga ama, guro, ina, ay may malaking [tungkulin] sa pagpapatatag ng mga kaluluwa ng tao. Totoong hindi matutukso ni Satanas ang maliliit na bata bago sila sumapit sa gulang ng pagkakaroon ng pananagutan; ngunit ginagawa ni Satanas sa abot ng kanyang makakaya na gawin tayo, tayo na mga pinagkatiwalaang mangalaga at magturo sa kanila, na maging pabaya at walang-ingat. At sa gayo'y hayaang magkaroon sila ng mumunting gawi na maglalayo sa kanila, at magiging dahilan upang hindi sila maging karapat-dapat sa malaking responsibilidad na kailangan sa pakikipagtunggali kay Satanas, at mabigong protektahan ang kanilang sarili sa sandaling sumapit sila sa gulang ng pagkakaroon ng pananagutan.[7]

Kailangan nating ikintal sa isip ng bawat ama na siya'y papananagutin sa walang hanggang kapakanan ng kanyang pamilya; ibig sabihi'y pupunta siya sa Simbahan na kasama ang kanyang pamilya: ibig sabihi'y pupunta siya sa pulong sakramento na kasama ang kanyang pamilya; mangangahulugan iyan ng pagdaraos ng mga gabing pantahanan ng mag-anak upang panatilihing buo ang kanyang pamilya; mangangahulugan iyan ng paghahanda ng kanyang sarili upang dalhin sila sa templo, nang sa gayo'y maihanda ang mga hakbang na magbibigay-daan sa walang hanggang tahanan ng pamilya.[8]

O, kayong mga ina, kayong mga ama, sumasamo ako na manumbalik sa inyo ang lubos na pananagutan sa mahahalagang kaluluwang iyon. Kung hindi ninyo sila ihahanda sa pagdating ng

araw na ito, sino ang gagawa nito? Inihahanda ba ninyo sila upang makatayo sa Kanyang harapan sa araw ng pagparito [ng Panginoon] na gaya ng magnanakaw sa gabi? Kapag naroon na sila sa larangan ng digmaan, kapag nahaharap na sila sa panganib, at nahaharap sa tukso, ang pagmamahal ba ninyo bilang ina ay makararating sa kanila sa kabila ng libu-libong milyang iyon at pananatilihing matatag ang anak na lalaki o anak na babaing iyon?[9]

---

## Anu-anong alituntunin ng ebanghelyo ang dapat nating ituro sa mga anak?

Ang propetang Enos ay nagsulat tungkol sa mga turo ng kanyang ama. Sabi niya, "Ako, si Enos, na nakakikilala sa aking ama na siya ay isang makatarungang tao—sapagkat tinuruan niya ako. . .at gayundin sa pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon—at purihin ang pangalan ng aking Diyos dahil dito" (Enos 1:1). Pinag-isipan kong mabuti ang pangungusap na iyon, "Tinuruan ako ng aking ama sa pag-aalaga." Ano ang ibig sabihin niyon? Ang ibig sabihin ng pag-aalaga ay ang proseso ng moral na pagtuturo at disiplina. 'Tinuruan at dinisiplina ako ng aking ama sa moral na paraan." Ano ang ibig sabihin ng pagpapayo? Ibig sabihin nito'y magiliw na babala o mga paalala ng kaibigan. Purihin ang pangalan ng Diyos dahil sa mga ama at ina na nagtuturo sa pangangalaga at pagpapayo ng Panginoon![10]

Ang Panginoon mismo ay payak na nangusap tungkol sa paghahandang ito para sa kaligtasan ng kabataan mula sa mga mapanganib na patibong na sisira sa kanila. Nagbigay siya ng mahigpit na utos sa mga tahanan ng lupaing ito. Narito ang kanyang mga salita:

"At muli, yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion, o sa alinman sa kanyang mga istaka na naitatag, na hindi nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang. . . .

"At tuturuan din nila ang kanilang mga anak na manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon." [D at T 68:25, 28.][11]

Ang pinakamabisang sandata natin laban sa kasamaan ng daigdig sa ngayon, maging anuman ang mga ito, ay ang di-natitinag na patotoo sa Panginoon at Tagapagligtas, si Jesucristo. Turuan ang inyong maliliit na anak habang nakaluhod silang kasama ninyo at lalaki silang matatag. Maaaring maligaw sila, ngunit ang inyong pagmamahal at inyong pananampalataya ang magbabalik sa kanila.[12]

Dapat tandaan ng mga magulang na kailangan silang magsikap nang buong katapatan, upang matiyak na walang mga batugan, na ang mga anak ay hindi lalaki sa kasamaan, at sa halip ay maturuan na tapat na hangarin ang mga kayamanan ng kawalang-hanggan, upang ang kanilang mga mata ay hindi mapuno ng kasakiman (tingnan sa D at T 68:30–31). Iyan ngayon ang responsibilidad ng ama at ina. Ibinibigay ng Panginoon sa mga magulang ang pangunahing tungkulin ng pagtuturo sa mga pamilya.[13]

Dapat maituro sa bawat bata na siya'y anak ng mga banal na magulang at tungkulin ng bawat bata na matutong kumilos tulad ng isang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos upang sa sandali ng pangangailangan ay makapanalangin siya at maging karapat-dapat sa mga kabutihang-loob na dapat lamang tanggapin ng isang matapat na anak.

Dapat ituro sa bawat anak na ang kanyang katawan ay templo ng Diyos at kung gibain ng sinuman ang templo ng Diyos ay gigibain siya ng Diyos [tingnan sa I Corinto 3:16–17].

Dapat matutuhan ng bawat anak na ang sapat na pananampalataya tungo sa pagiging perpekto ay makakamtan lamang sa pamamagitan ng pagsasakripisyo. Maliban na matutuhan niyang isakripisyo ang kanyang mga hilig at hangarin ng laman bilang pagsunod sa mga batas ng Ebanghelyo, siya ay hindi magiging dalisay at banal sa harapan ng Panginoon.

Dapat maturuan ang bawat anak na igalang ang mga sagisag ng mga sagradong bagay at igalang ang awtoridad sa tahanan, sa Simbahan, at sa pamayanan.

Dapat ituro nang wasto sa bawat anak kung paano gamitin ang kanyang mga kamay at ulo at ipaunawa sa kanya na ang lahat ng simbuyo ng damdamin ay kaloob ng Diyos at magagampanan nito ang makalangit na layunin kung masusupil ito.

Dapat turuan ang bawat anak na gawing kapaki-pakinabang ang kanyang oras sa paglilibang at ang oras na ginugugol sa paglalaro ay dapat mayroong layunin o mithiin. Ito'y pagsasanay lamang sa bahaging kanyang gagampanan sa kanyang buhay kapag tumanda na siya.

Bawat anak ay dapat bigyan ng sapat na karanasan upang matutuhan na ang di-makasariling paglilingkod ay nagdudulot ng galak at ang gawaing ginagawa ng isang tao na walang kabayaran ang siyang nagdudulot ng lubos na kaligayahan.[14]

Dapat marinig ng ating mga anak, sa ating pribadong tahanan, ang mga patotoo ng kanilang mga magulang. Napakatalino ng ama o lolo na paminsan-minsa'y nagbibigay ng kanyang sariling patotoo sa bawat isa sa kanyang mga anak, nang sarilinan![15]

---

### Paano makatutulong ang mga gabing pantahanan ng mag-anak sa mga magulang upang matupad nila ang mga responsibilidad sa pagtuturo ng ebanghelyo?

Karagdagang diin hinggil sa pagtuturo ng mga magulang sa mga anak sa tahanan ang ibinibigay ng tinatawag nating programa sa gabing pantahanan ng mag-anak. Hindi na ito bago. . . . Sa huling liham na ibinigay ni Pangulong Brigham Young at ng kanyang mga Tagapayo sa Simbahan, hinikayat ang mga magulang na tipunin ang kanilang mga anak at madalas na ituro sa kanila ang ebanghelyo sa tahanan. Kung kaya't hinihimok na magkaroon ng gabing pantahanan ng mag-anak simula pa noong itayo ang Simbahan sa dispensasyong ito.[16]

Kung kaliligtaan nating idaos ang gabing pantahan ng maganak sa ating pamilya at mabibigo tayo sa responsibilidad nating ito, ano ang magiging hitsura ng langit kung mawawala sa atin ang ilan sa kanila nang dahil na rin sa sarili nating kapabayaan? Ang langit ay hindi magiging langit hangga't hindi natin nagagawa ang lahat sa abot ng ating makakaya na iligtas ang mga isinugo ng Panginoon sa ating lahi. Kung kaya, ang mga puso

ninyong mga ama at ina ay kailangang ibaling sa inyong mga anak sa ngayon, kung nasa inyo ang tunay na Espiritu ni Elijah, at huwag isipin na para lamang ito sa mga nasa kabilang buhay na. Hayaang bumaling ang inyong puso sa inyong mga anak, at turuan ang inyong mga anak; ngunit kailangan ninyong gawin ito habang bata pa sila't natuturuan. At kung napapabayaan ninyo ang gabing pantahanan ng mag-anak, napapabayaan din ninyo ang simulain ng misyon ni Elijah tulad din ng pagpapabaya ninyo sa gawaing pagsasaliksik ng talaangkanan.[17]

Palagi ba tayong nagpupunyagi sa sarili nating tahanan kasama ang ating mga anak at apo? Hinahanap ba natin ang sarili nating mga tupa na nanganganib na malayo sa pastol o sa kawan? Tinuturuan ba natin ang ating mga pamilya [sa] gabing pantahanan ng mag-anak? Nagdaraos ba tayo mismo ng mga gabing pantahanan ng mag-anak, o sinasabi nating, "Hindi naman angkop sa amin ang mga araling ito, at kami lang ni Inay, at para lang ito sa mga may maliliit na anak"?[18]

Ngayon nama'y tatanungin ko kayo. Kung alam ninyong may malala kayong karamdaman at may taning na ang buhay ninyo sa lupa at may pamilya kayo na may maliliit na anak na umaasa sa inyong payo, patnubay, pamumuno, ano ang gagawin ninyo upang ihanda sila sa inyong pagpanaw? Tumigil na ba kayo at itinanong sa inyong sarili ang ganyang uri ng nakalulungkot na tanong?

Hayaan ninyong basahin ko sa inyo. . .mula sa liham ng [isang ina]: "Noong unang sumapi ako sa Simbahan ay pinag-iisipan ko ang uri ng gusto kong maging tahanan balang-araw. Itinuon ko ang aking kaisipan sa tagpo na para sa aki'y pinakamaganda at nakasisiyang kalagayan na maaari kong makini-kinita. Ginagawa naming mag-asawa na makatotohanan ang tagpong iyon kapag sama-sama naming tinitipon ang aming mga anak at itinuturo sa kanila ang ebanghelyo. . . . Ang isang bagay na naging sorpresa at ikinasiya namin ay ang katotohanan na natutuhan ng aming mga anak, lahat sila, na kalugdan ang aming mga gabing pantahanan ng mag-anak. . . . Lalo kong naunawaan kung gaano kabilis lumaki ang aming mga anak at kung gaano kaikli ang panahon ng pagtuturo namin sa kanila bilang mga magulang. . . .

"Nagkaroon ako ng mabigat na karamdaman noong nakaraang taglagas. Sana'y hindi ito pagyayabang, ngunit sa kauna-unahang pagkakataon ay natanto ko kung gaano ako kahalaga sa aking mga anak. . . . Habang nakaratay ako't walang magawa upang asikasuhin ang alinman sa kanilang mga pangangailangan, batid na maliban na lamang kung mamagitan ang aking Ama sa Langit ang impluwensiya ko sa kanila sa buhay na ito'y papatapos na, naging tila kapana-panabik at mahalaga ang mga sandali sa mga linggo at buwan at taong darating.

"Marami akong nalaman noon sa kung paano gamitin ang oras, kung ipagkakaloob pa ito sa akin. Ang isa'y ang lumikha ng munting langit sa lupa, gugulin ang sandali sa gabi-gabing pagbabasa at pakikipag-usap sa mga bata. . . . Bukod sa iba pang bagay na kinawiwilihan nila, binasa ko sa kanila ang halos buong Aklat ni Mormon na pambata. . . . Alam kong makabuluhan ito sa kanila kapag naririnig ko ang walong-taong-gulang na anak kong lalaki na nagpapasalamat sa kanyang mga panalangin para sa mga propetang nag-ingat sa mga talaan, o kaya'y nagpapasalamat ang anak kong lalaki na limang-taong-gulang na ligtas na nakatakas si Nephi tungo sa ilang kasama ang matatapat noong tangkain siyang patayin nina Laman at Lemuel. Naging karanasan na namin na sa tuwing magkakaroon kami ng pagkakataon na tulungan ang aming mga anak na dagdagan ang kanilang pagmamahal at pang-unawa sa ebanghelyo at sa Ama na lumikha sa kanila, ang pagmamahal namin sa isa't isa'y nadaragdagan din at malaki ang nagiging impluwensiya nito sa pagkakaisa ng aming pamilya. Dahil dito, ang lingguhang gabing pantahanan ng mag-anak ang pinakamahalaga sa amin."[19]

Sa inyong mga tahanan, dalangin ko na sabihin din ninyo ang sinabi ni Josue noong una: "Sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon" (Josue 24:15). Turuan ang inyong mga pamilya sa gabing pantahanan ng maganak; turuan silang sundin ang mga kautusan ng Diyos, sapagkat dito nakasalalay ang tanging kaligtasan natin sa panahong ito. Kung gagawin nila iyan, ang mga kapangyarihan ng Makapangyarihan ay bababa sa kanila tulad ng mga hamog mula sa langit, at mapapasa kanila ang Espiritu Santo.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit napakahalaga ng tahanan sa paghubog sa "buong buhay na karanasan" ng ating mga anak? Bakit kailangang bigyan ng mataas na priyoridad ng mga magulang ang pagtuturo ng ebanghelyo sa kanilang mga anak mula sa kanilang pagkabata?
- Paano natin magagawang kanlungan ang ating mga tahanan laban sa kasamaan at kaguluhan ng mundo?
- Paano maituturo ng mga magulang sa kanilang mga anak ang mga alituntuning nasa Doktrina at mga Tipan 68:25–28? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na "matutuhan na ang di-makasariling paglilingkod ay nagdudulot ng galak"?
- Bakit mahalagang marinig ng mga anak ang mga patotoo ng kanilang mga magulang tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo?
- Sa anu-anong paraan naaangkop ang misyon ni Elijah sa pagpapalaki ng mga magulang sa kanilang mga anak?
- Bakit mahalagang magdaos ng regular na mga gabing pantahanan ng mag-anak? Paano ninyo nagawang matagumpay ang inyong mga gabing pantahanan ng mag-anak?

### *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Abr. 1965, 13; o *Improvement Era*, Hunyo 1965, 496.
2. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 297–98.
3. *The Teachings of Harold B. Lee*, 267.
4. *Ye Are the Light of the World* (1974), 64–66.
5. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 370–71.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 269.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 268.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 293.
9. *The Teachings of Harold B. Lee*, 276.
10. Talumpati sa ikatlong taunang komperensiya ng Primarya, ika-3 ng Abr. 1959, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 1–2.
11. *Decisions for Successful Living* (1973), 24–25.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 273.
13. *The Teachings of Harold B. Lee*, 277.
14. "For Every Child, His Spiritual and Cultural Heritage," *Children's Friend*, Ago. 1943, 373.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 279.
16. *The Teachings of Harold B. Lee*, 266–67.
17. *The Teachings of Harold B. Lee*, 280–81.
18. *The Teachings of Harold B. Lee*, 268.
19. Talumpati sa pulong ng pangkalahatang komperensiya ng pagtuturo sa tahanan, ika-8 ng Abr. 1966, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4.
20. *The Teachings of Harold B. Lee*, 273.

# Pag-ibig sa Tahanan

*Paano mapatatatag ng mga magulang ang bigkis ng pagmamahal sa pagitan nila at ng kanilang mga anak?*

## Pambungad

"Ang pamilya ang pinakamahalaga sa paghahanap natin ng kadakilaan sa kaharian ng ating Ama sa Langit," ang turo ni Pangulong Harold B. Lee.[1] Taglay ang mataas na layuning ito sa ating isipan, nagsalita siya nang madalas tungkol sa kahalagahan ng pagmamahal sa pagpapatatag ng mga ugnayan ng pamilya. Hinimok niya ang mga magulang at mga anak na isagawa ang diwa ng misyon ni Elijah sa mga nabubuhay na miyembro ng kanilang pamilya at ibaling ang kanilang mga puso tungo sa isa't isa nang may pagmamahal. Sabi niya:

"Ipinagunita sa inyo ang isang bagay na isinagawa lamang ninyo sa gawain sa templo—ang misyon ng propetang si Elijah kung saan sinabi ni Malakias, at inulit ito sa makabagong paghahayag: 'Masdan, ipahahayag ko sa inyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni Elijah, ang propeta, bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon. At kanyang itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama. Kung hindi magkagayon, ang buong mundo ay lubusang mawawasak sa kanyang pagparito.' (D at T 2:1–3.)

"Sa ngayon ay walang alinlangan na may maraming mahahalagang kahulugan ang banal na kasulatan. Maliban na mabaling ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga magulang at ang mga puso ng mga magulang ay mabaling sa kanilang mga anak sa panahong ito, sa mortalidad, ang mundo ay lubusang mawawasak sa Kanyang pagparito. Hindi kailanman nagkaroon ng panahon kung saan malaki ang kinailangan sa mga tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw at sa mundo sa pangkalahatan, mali-



Si Pangulong Harold B. Lee ay kilala sa kanyang payo sa mga magulang: "Ang pinakamahalagang gawain ng Panginoon na gagawin ninyo ay ang nasa loob mismo ng inyong mga tahanan."

ban sa ngayon. Ang karamihan sa mga problemang dinaranas ng mga kabataan sa ngayon ay dahil sa pagkawasak ng mga tahanan. Kailangang bumaling ang puso ng mga ama sa kanilang mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama, kung nais nating maligtas ang mundo at maihanda ang mga tao sa pagparito ng Panginoon."[2]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano tayo makahihikayat ng dagdag na pag-ibig at kaligayahan sa ating mga tahanan?

Nagkaroon ako ng pagkakataon na palagiang dumalaw, kasama ang iba pang Pangkalahatang Awtoridad, sa mga tahanan ng ating mga miyembro, at mula sa mga pagdalaw na ito'y nakapulot ako ng ilan. . .sa mga sangkap na bumubuo sa katatagan at kaligayahan sa tahanan. . . .

Nakita ko ang mga pamilyang ito na gumagalang sa isa't isa; ang ama sa ina, at pagmamahal ng ama sa kanya, at ng ina sa ama; di nag-aaway, kahit paano'y di nagtatalo sa harapan ng mga anak, pinag-uusapan ang mga di-pagkakaunawaan—nakakita ako ng gayong tahanan na may siyam na magagandang anak kung saan nagpatotoo ang mga anak sa katunayang hindi nila kailanman narinig na nag-away ang kanilang ama at ina. Ang bunga nito sa ngayon sa tahanan ng siyam ng mga anak na ito, kasunod ng panahong ito ng pagtuturo, at mabuting halimbawa ng mga magulang, ay mayroong siyam pang pamilya na higit na kaibig-ibig at matatag at masayang namumuhay nang sama-sama. . . .

Ang pananatili ng mga espirituwal na ugnayan, pagkakaroon ng mga pangmag-anak na panalangin, palagiang pagbibigay-pansin sa mga tungkulin sa Simbahan, lahat ng ito'y ilan sa mga bagay na nakatulong sa pagtatagumpay ng mga tahanang ito.[3]

Isang ama ang lumapit sa akin ilang taon na ang nakalilipas. Nagdalamhati siya sa katotohanang ang lahat ng miyembro ng kanyang pamilya—lahat ng kanyang anak—ay may problema sa kani-kanilang pamilya, ngayong may-asawa na sila. Buong kalungkutang sinabi niya sa akin, "Ano kaya ang diperensiya ng aking pamilya at lahat sila'y may problema? Wala ni isa sa kanila

ang masaya at kawili-wiling tahanan." Mangyari pa, hindi ko ito sinabi, ngunit nakita ko ang tahanan ng lalaking iyon nang ang mga batang iyon ay wala pang asawa, na nakapalibot sa mesa. Nakita ko ang kasakiman, pagtangging magsakripisyo para sa kapakanan ng bawat isa. Nakita ko ang pag-aagawan, pagsisigawan, pagmumurahan, pag-aawayan, at pagkakalampagan. Alam ko kung ano ang ipinakain sa kanila noong bata pa sila. Hindi nakagugulat na hindi sila nagkaroon ng masasayang tahanan.[4]

Ang kaligayahan ay nagmumula sa di-makasariling paglilingkod. At ang masasayang tahanan ay iyon lamang kung saan may pagsisikap sa araw-araw na gumawa ng mga sakripisyo para sa kaligayahan ng bawat isa.[5]

Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi isang bagay na nakakamtan ninyo sa pamamagitan lamang ng paghiling. Si Juan ang nagsabing, "Kung sinasabi ng sinoman, Ako'y umiibig sa Dios, at napopoot sa kaniyang kapatid, ay sinungaling; sapagka't ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid na kaniyang nakita, ay paanong makaiibig siya sa Dios na hindi niya nakita?" (1 Juan 4:20.) Hindi ninyo maaaring ibigin ang Diyos at kapagdaka'y kasuklaman ang inyong kapatid na palagi ninyong kasama. Ang sinumang lalaki na nag-aakalang siya'y magaling sa espirituwal samantalang magulo ang kanyang tahanan dahil sa kapabayaan at kabiguang pangalagaan ang kanyang maybahay at sarili niyang mga anak, ang lalaking iyon ay hindi patungo sa pagkakaroon ng pag-ibig sa Diyos.[6]

Huwag nating kalimutan ang matalinong payo ni Pablo nang sabihin niyang "papagtibayin" ang ating pagmamahal sa nakapaligid sa atin, lalo na sa mga labis ang kalumbayan (tingnan sa II Corinto 2:7–8). Halos gayundin ang sinabi ni Pedro sa 1 Pedro, sa unang kabanata, sa paghimok sa mga miyembro na hindi lamang magpakita ng "pagibig na hindi pakunwari" kundi "mangagibigan kayo ng buong ningas ng inyong puso sa isa't isa" (I Pedro 1:22). Sa kaharian ang ating kakayahang magmahal ay mahalaga dahil nabubuhay tayo sa panahon kung kailan "ang pagibig ng tao ay manlalamig" (D at T 45:27).[7]

Patatagin ang mga ugnayan ng inyong pamilya at asikasuhin ang inyong mga anak. . . . Tiyakin na ang tahanan ay gagawing matatag na lugar kung saan maaaring magpunta ang mga anak

para sa katatagang kailangan nila sa panahong ito ng kaguluhan at kaligaligan. Sa gayon ay lalaganap ang pag-ibig at madaragdagan ang inyong kagalakan.[8]

---

**Paano makapagpapakita ang mga ama at ina ng dagdag na pagmamahal sa kanilang mga anak?**

May karanasan ako na nagturo sa akin ng isang bagay bilang isang lolo. Gabi iyon ng sayawan [sa Simbahan] na ginanap sa istadyum, at ang dalawang pinakamatandang apo ko sa anak kong babae. . .ay nagbigay sa kanya ng problema, ayon sa kanya. Kaya sinabi kong, "Gusto mo bang isama ko ang mga anak mo sa sayawan sa istadyum?"

Sabi niya, "Oho, Itay. Naku, magiging masayang-masaya ako."

Wala akong alam sa pinasukan ko. . . . Nang magsimula na ang pagtatanghal, hindi ko alam na malaki pala ang kaibahan ng isang pitong-taong-gulang at isang limang-taong-gulang. Tuwang-tuwa ang pitong-taong-gulang sa pagtatanghal na iyon. Ngunit ang limang-taong-gulang ay mas mainipin pala. Maglilikot siya at tapos ay gustong lumabas at bumili ng hotdog at gustong bumili ng maiinom at gustong magpunta sa palikuran. Palagi siyang malikot. At heto ako't nakaupo sa harapan at katabi ng mga Pangkalahatang Awtoridad, at nangingiti sila sa panonood sa amin at habang hinahatak-hatak ko ang apo ko at sinisikap na patahimikin siya. Sa huli'y binalingan ako ng limang-taong-gulang na iyon at sinuntok ako sa pisngi ng maliit niyang kamao at sabi niya, "Lolo, huwag n'yo po akong itulak!" Alam n'yo, masakit iyon. Noong takipsilim na iyon, pakiramdam ko'y nakikita ko ang aking mga kapatid na natatawa nang bahagya nang makita nila ito. Ang una kong naisip ay ilabas siya at paluin; dapat lang sa kanya iyon. Ngunit, may nakita akong ginagawa ng kanyang ina. Nakita ko siya noong may sumpong ang batang ito at may kasabihan siyang, "Dapat mong mahalin ang mga anak mo kapag hindi sila kaibig-ibig." Kaya naisip kong susubukan ko iyon. Nabigo ako sa isang proseso.

Kaya kinuha ko siya at sinabi ko sa kanyang, "Apo ko, mahal ka ng Lolo. Gusto kong lumaki kang mabuting bata. Gusto ko lang

na malaman mong mahal kita, apo ko." [Napanatag] ang maliit niyang katawan na galit, at niyakap niya ako't hinalikan niya ako sa pisngi, at minahal niya ako. Nagapi ko siya dahil sa pagmamahal. At di-sinasadyang nagapi niya ako dahil din sa pagmamahal.[9]

Ang matagumpay na ina na may mga anak ay magsasabi sa inyong kailangang mahalin ang mga tinedyer at dapat na lalong pakamahalin kapag hindi sila kaibig-ibig. Isipin ninyo iyan, kayong mga ama at ina.[10]

Naaalala ko ang isang pangyayari sa sarili kong pamilya kung saan ang isa sa aking mga batang apo ay pinuna ng kanyang ama sa hindi niya pag-aayos sa kanyang silid, pagliligpit ng kanyang higaan, at marami pang iba. Matapos iyon ay sinabi niya na may damdamin ng pagsasaalang-alang na, "Eh, Itay, bakit ang nakikita n'yo lang ay ang mga bagay na dapat punahin at di kailanman nakikita ang mabubuting bagay na ginagawa ko?" Dahil dito'y nagisip na mabuti ang ama, at nang gabing iyon inilagay niya sa ilalim ng unan ng anak ang isang liham ng pagmamahal at pagunawa na sinasabi sa anak ang lahat ng bagay na hinahangaan niya sa kanya. Sa gayo'y nagsimulang pagalingin ang sugat na nalikha ng palagiang pamumuna na di nagbigay-pansin noon sa mabubuting bagay.[11]

Naaalaala ko pa ang isang karanasan ko noong ako'y bata pa. May mga baboy kami noon na naninira sa halamanan at nagdudulot ng malaking pinsala sa taniman. Pinapunta ako ni itay sa tindahan na dalawang milya ang layo upang bumili ng kagamitan para malagyan namin ng hikaw ang nguso ng mga baboy. Nahirapan kami sa pagsalikop sa mga ito at pagpapapasok sa kulungan, at habang nilalaro-laro ko ang kagamitang ito na ipinabili sa akin, sumobra ang diin ko dito at nasira ito. Tama lamang kung pinagalitan ako ni itay noon ding oras na iyon, matapos ang hirap at masayang ang salapi, subalit tumingin lamang siya sa akin, ngumiti, at nagsabing, "Anak, sa tingin ko'y di natin malalagyan ngayon ng hikaw sa nguso ang mga baboy. Pawalan mo ang mga ito at babalik tayo bukas at susubukan natin muli." Mahal na mahal ko ang tatay kong iyon, hindi niya ako pinagalitan sa munting pagkakamali ng isang musmos na disin sana'y naglayo sa aming dalawa.[12]

Maaaring disiplinahin ng isang ama ang kanyang anak, ngunit di niya dapat gawin ito nang may galit. Dapat siyang magpakita ng ibayong pagmamahal pagkatapos niyon, at baka ituring siyang kaaway ng taong kanyang pinagalitan (tingnan sa D at T 121:43). Huwag nawang itulot ng Panginoon na madama ng isang bata na kaaway niya ang kanyang ama o ina.[13]

Mga magulang, tandaan na ngayon ang inyong pagkakataon; maaaring makadama kayo ng pagkayamot sa araw-araw ninyong pakikitungo sa isang anak na matigas ang ulo, subalit kayo'y nasa pinakamaligaya at ginintuang mga taon ng inyong buhay. Habang pinatutulog ninyo sila sa gabi, maging mabait sana kayo sa kanila. Hayaang marinig nila ang magiliw na tinig sa kabila ng lahat ng galit at mga nakaririmarim na boses na maririnig nila habambuhay. Hayaang magkaroon sila ng kanlungan kung saan maaaring bumaling ang mga musmos na ito kapag nabigo na ang lahat. Tulungan nawa kayo ng Panginoon na gawin ang gayon.[14]

May isang doktor na lumapit sa akin. Siya'y siruhano sa utak. . . . Binigyan niya ng paragos (sled) ang [kanyang] munting anak bilang regalo sa Pasko ngunit wala namang niyebe. Ang unang bagsak ng niyebe ay dumating mga tatlumpung araw makaraan ang Pasko nang taong iyon. Sabi [ng doktor], habang nagmamadali siya patungong ospital, "Pag-uwi ko'y magpapadausdos tayo sa niyebe," at sumagot ang batang lalaki, "Hindi totoo 'yan Itay, wala ka namang panahon sa akin." Buong umaga siyang binagabag ng salitang ito ng anak dahil, totoo namang marami siyang oras na ginugol sa kanyang propesyon kaya't wala siyang panahon na dapat sana'y iukol niya sa kanyang maliliit na anak. Kaya ang maligalig niyang tanong ay, "Maaari mo bang sabihin sa akin sandali kung paano ko mababalanse ang aking buhay? Sa mabilis na pagsulong ngayon ng pag-oopera sa utak, malilimutan ko ang sarili ko at wala nang maiisip kundi ang basahin ang lahat ng bagong impormasyon tungkol sa aking propesyon." Habang nag-uusap kami, nasabi namin na may responsibilidad ang tao sa kanyang sarili, may responsibilidad siya sa kanyang pamilya, may responsibilidad siya sa Simbahan, at may responsibilidad siya sa kanyang propesyon; at upang maging balanse ang kanyang buhay kailangan

siyang humanap ng mga paraan upang makapaglingkod sa bawat aspetong iyon.[15]

Kung matindi ang pagmamahal ng isang ama sa kanyang mga anak, at mula sa pagkabata nila'y niyakap sila nang buong pagmamahal at ipinadama sa kanila ang kanyang pagmamahal, naniniwala ako na ang gayong samahan ay mas tatamis pa sa kanilang pagtanda. Pananatilihin silang malapit nito kapag kinailangan ng isang problema sa buhay ng anak ang nagpapayapang kamay ng isang ama na nakauunawa. Ang ina na sabik na naghihintay sa gabi sa pag-uwi ng kanyang anak na babae mula sa sayawan upang mahagkan siya ng anak at marinig niya ang mahalagang pagkukuwento na may kasabikan at tuwa ng isang dalagita, ay gagantimpalaang mabuti ng walang-maliw na pagmamahal ng anak. Ito ang magiging walang hanggang proteksiyon niya laban sa kasalanan dahil pinagkatiwalaan siya ng kanyang ina.

Ang mga magulang na masyadong abala o pagod na upang magambala pa ng kaguluhan ng mga musmos at pinatatabi ang mga ito o pinalalabas ng tahanan dahil sa takot na marumihan nila ang malinis na tahanan ang maaaring nagtutulak sa kanila, dahil na rin sa kalungkutan, tungo sa isang lipunan kung saan laganap ang kasalanan, krimen at kataksilan. Ano ang magiging pakinabang ng isang ama, na dapat sana'y karapat-dapat sa Kahariang Selestiyal, kung naligaw ang kanyang anak sa kasalanan dahil na rin sa kanyang kapabayaan? Ang lahat ng kasiya-siyang lipunan o samahan sa daigdig na tumutulong sa mga taong nangangailangan, maging ito ma'y ukol sa tao o relihiyon, ay di kailanman magiging kabayaran sa pagsisikap ng isang ina sa labas ng kanyang tahanan na iligtas ang sangkatauhan o isang mithiin, gaano man kabuti ito, kung ang kapalit naman nito'y ang pagkaligaw ng mga kaluluwa sa kanya mismong tahanan.[16]

Madalas kong ipayo, at muli kong uulitin sa inyong lahat na narito: *"Ang pinakamahalagang gawain ng Panginoon na gagawin ninyo ay ang nasa loob mismo ng inyong mga tahanan."* Hindi natin dapat kalimutan ito kailanman.[17]

**Ano ang maaaring maging impluwensiya ng pagmamahal ng magulang at pagtuturo ng ebanghelyo sa mga anak na naliligaw ng landas?**

May mag-asawang problemado na lumapit sa akin kamakalawa lamang. Ang panganay nilang anak na babae na labing-anim-na-taong-gulang ay nagdudulot ng maraming problema. Halos sumuko na sila. Binanggit ko ang sinabi ni Brother Marvin J. Ashton, na ang isang tahanan ay hindi bigo hangga't hindi ito sumusuko (tingnan sa Conference Report, Abril 1971, p. 15). Totoo iyan. Ang tahanan ay dapat patuloy na magmahal at makipagtulungan [sa kabataan], hanggang sa maitawid natin ang kabataan sa mapanganib na edad. Walang bigong tahanan maliban kung titigil ito sa pagtulong.[18]

Ang pinakadakilang pagpapamalas ng kapangyarihan ng Makapangyarihan na nakikita natin ngayon ay ang pagkatubos ng mga kaluluwa ng tao mula sa espirituwal na kadiliman tungo sa espirituwal na kaliwanagan. Narinig at nakita ko ang gayong himala kamakailan lamang nang ang isang lalaking ayaw magbago sa kanyang buhay, na ngayo'y halos nasa kalagitnaan na ang edad, ay nagsalita, ayon na rin sa kanyang kahilingan, sa burol ng kanyang matanda nang ina. Ang kanyang ama't ina, na masunurin sa bilin ng Panginoon, ay patuloy na nagturo sa kanilang mga anak, pati na sa lalaking ito, na buong lakas at walang-galang na tumutol sa kanila. Sa kabila ng pagtutol, patuloy na ginampanan ng ama ang pagiging matapat na ama; hindi lamang siya nagturo, kundi tuwing Linggo siya'y nag-ayuno at nanalangin, lalo na para sa suwail na anak na ito. Ipinakita sa ama sa isang panaginip, tila upang tiyakin sa kanya, ang kanyang suwail na anak na lumalakad sa makapal na hamog. Sa panaginip ay nakita niya ang anak na ito na lumakad palabas sa hamog tungo sa maliwanag na sikat ng araw, na nalinisan ng taos-pusong pagsisisi. Nakita namin ang anak na iyon na bagong tao na ngayon at tinatamasa ang ilan sa mga piling pagpapala ng Panginoon sa Simbahan dahil sa kanyang matatapat na magulang na hindi bumigo sa kanya.[19]

Ito ang nais ko ngayong sabihin sa inyong mga ina: Huwag sumuko sa [suwail] na anak na iyon; isang araw maaaring, tulad

ng Alibughang Anak, siya'y magbalik sa tahanang kanyang pinanggalingan, tulad ng barko sa unos na nagbabalik sa ligtas na daungan.[20]

Bilang kabataan ang isang tao'y maaaring humiwalay sa impluwensiya ng mabuting tahanan at maaari siyang maging di-maingat at suwail, ngunit kung ang mga turo ng mabuting ina sa kanyang kabataan ay makikintal sa kanyang puso, magbabalik siya dito para sa kaligtasan, tulad ng pagdaong ng barko kapag may unos.[21]

Huwag sumuko sa anak na iyon na nasa hindi mapagtiisang kalagayan ng [pagkamakasarili] na pinagdaraanan ng ilang tinedyer. Sumasamo ako sa inyo para sa kapakanan ng mga anak na iyon. Huwag sumuko sa isang anak na nasa imposibleng kalagayan ng pagsasarili at di-pagpansin sa pagdisiplina ng pamilya. Huwag kayong sumuko kapag kinakikitaan sila ng nakagigimbal na kawalan ng pananagutan. Ayaw ng mga taong alam-ang-lahat at makapamumuhay nang mag-isa ang anumang payo, na sa kanya'y pangangaral lamang ng isang makaluma na di-nakauunawa sa kabataan. . . .

May apo kaming lalaki na naging misyonero sa North British Mission. Hindi pa siya nagtatagal doon nang sumulat siya ng nakatutuwang liham kung saan sinabi niyang ang payo ng kanyang mga magulang ay bumabalik sa kanya ngayon nang buong linaw. Tulad ito ng isang aklat sa estante na labingsiyam na taon nang naroon at ngayon lang niya kinuha at sinimulang basahin sa kauna-unahang pagkakataon. Ganyan ang inyong anak na lalaki at babae. Maaaring sa tingin ninyo'y di sila nakikinig. Maaaring akala nila'y di sila nakikinig, ngunit isang araw maaaring hanapin nila ang inyong payo at halimbawa at isaalang-alang ang mga ito kapag kailangang-kailangan na nila.

May mga puwersang pumapasok sa eksena matapos magawa ng mga magulang ang lahat sa abot ng kanilang makakaya na turuan ang kanilang mga anak. Ang gayong puwersa ang nakaimpluwensiya sa nakababatang Alma, na, kasama ng mga anak ni Mosias, ay humayo upang sirain ang gawain ng kanilang mga dakilang ama. Isang anghel, kung natatandaan ninyo, ang isinugo,

at pinalugmok niya si Alma. Tila patay na nahandusay si Alma sa loob ng tatlong araw at gabi, at sinabi ng anghel:

"Masdan, napakinggan ng Panginoon ang mga panalangin ng kanyang mga tao, at gayon din ang mga panalangin ng kanyang tagapaglingkod na si Alma, na iyong ama; sapagkat nanalangin siya nang may labis na pananampalataya hinggil sa iyo na baka sakaling madala ka sa kaalaman ng katotohanan; anupa't dahil sa layuning ito ako ay naparito upang papaniwalain ka sa kapangyarihan at karapatan ng Diyos, upang ang mga panalangin ng kanyang mga tagapaglingkod ay matugon alinsunod sa kanilang pananampalataya." (Mosias 27:14.)[22]

Marahil walang ina o ama na di nagsabing, "Tulungan nawa ako ng Panginoon na mabuhay nang dalawampu't limang oras araw-araw upang mailaan ang aking buhay sa pagiging ina at pagiging ama nang sa gayo'y wala ni isa man sa aking mga anak ang makapagsabi na hindi ko ginawa ang lahat sa abot ng aking makakaya upang mahikayat silang umiwas sa masama." Ilan sa ating mga anak ang nananatiling matatag at tapat, subalit ang iba ay nagsisimulang maligaw ng landas, at minsa'y di natin nauunawaan kung bakit. Ngunit lahat tayo'y maaaring magpasiya na bilang mga magulang sa ngayon ay magiging malapit tayo sa ating mga anak, papayuhan natin sila, ibibigay sa kanila ang pundasyon ng mga pangunahing alituntunin ng banal na katotohanan.[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bilang mga magulang, ano ang nakatulong sa inyo upang patatagin ang pagmamahal sa pagitan ninyo at ng inyong mga anak? Paano mapagtutuunan ng pansin ng mga magulang ang mga natatanging pangangailangan ng bawat anak?
- Bakit dapat palaging magpakita ng paggalang sa isa't isa ang mga magulang maging sa publiko at sa loob ng kanilang tahanan?
- Paano mahihimok ng mga magulang ang pagiging di-makasarili at pagsasakripisyo para sa kabutihan ng iba sa kanilang tahanan?
- Bakit mahalagang mahalin ng mga magulang ang kanilang mga anak maging kapag hindi sila kaibig-ibig? Sa paanong mga

paraan maipakikita ng mga magulang ang pagsang-ayon sa mabubuting bagay na ginagawa ng kanilang mga anak?

- Paano mababalanse ng mga magulang ang mga hinihingi ng pamilya, simbahan, at trabaho?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Lee nang sabihin niyang, "Ang pinakamahalagang gawain ng Panginoon na gagawin ninyo ay ang nasa loob mismo ng inyong mga tahanan.?"
- Paano nakatutulong ang ebanghelyo sa mga magulang upang hindi maligaw ng landas ang kanilang mga anak? Bakit mahalagang malaman na matapos ang lahat ng ating magagawa, ang ating mga anak ay maaaring makagawa pa rin ng ilang maling pagpili? Anu-anong katiyakan ang ibinibigay ng ebanghelyo sa matatapat na magulang na patuloy na nagmamahal at nakikipagtulungan sa kanilang mga anak?

## *Mga Tala*

1. Lathala ng pahayagan para sa Mexico and Central America Area Conference 1972, 2.
2. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 281.
3. Sa Conference Report, Okt. 1948, 52, 55.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, 271.
5. *The Teachings of Harold B. Lee*, 296.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 296.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 606.
8. Sa Conference Report, Munich Germany Area Conference 1973, 112.
9. Talumpati sa pangkalahatang komperensiya ng Panlinggong Paaralan, ika-5 ng Okt. 1973, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 7–8.
10. *The Teachings of Harold B. Lee*, 296.
11. *The Teachings of Harold B. Lee*, 199.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 279–80.
13. *The Teachings of Harold B. Lee*, 279.
14. *The Teachings of Harold B. Lee*, 279.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 613–14.
16. *Decisions for Successful Living* (1973), 24.
17. *The Teachings of Harold B. Lee*, 280.
18. *The Teachings of Harold B. Lee*, 278.
19. *The Teachings of Harold B. Lee*, 278.
20. *The Teachings of Harold B. Lee*, 279.
21. *The Teachings of Harold B. Lee*, 287.
22. *Ye Are the Light of the World* (1974), 275–76.
23. *The Teachings of Harold B. Lee*, 276.

# Ang Mabuting Impluwensiya ng mga Ina

*Paano magagampanan ng mga ina ang sagrado nilang tungkulin na pagtuturo at pangangalaga sa kanilang mga anak?*

## Pambungad

Minsa'y nagkuwento si Pangulong Harold B. Lee tungkol sa isang ina na pinakikinang ang kanyang mga kagamitan sa kusina bilang paghahanda sa handaan nang gabing iyon. "Habang abala siya sa paghahanda, lumapit ang kanyang anak na lalaki na walong-taong-gulang na dala ang kanyang alkansiya at sinabi sa kanyang ina, 'Inay, paano po kayo nagbabayad ng ikapu?'

"Ayaw na ayaw niyang naaabala sa mga sandaling tulad nito, ngunit nagpunas siya ng kamay at naupo at inilabas nila mula sa alkansiya ang mga barya at pagkatapos ay ipinaliwanag kung paano siya magbabayad ng ikapu. Nang matapos siya'y nayakap siya ng anak at nagsabing, 'Salamat po Inay sa pagtulong n'yo sa 'kin; alam ko na ngayon kung paano magbayad ng ikapu.' "

May sinabi ang ina tungkol sa karanasang ito, isang bagay na "lubhang napakahalaga sa lahat. . .ng ina. 'Habambuhay akong may panahon sa pagpapakinang ng mga kasangkapan, ngunit baka ito lamang ang sandali na maituturo ko sa aking anak ang alituntunin ng ikapu.' "[1]

Itinuro ni Pangulong Lee na, "ang matagumpay na pagiging ina ngayon ay tumatagal sa paglipas ng mga taon at sa kawalang-hanggan."[2] Binigyang-diin niya na ang dakilang layunin ng ina "ay ang pagtatatag ng isang tahanan dito at pagtatatag ng pundasyon para sa isang tahanan sa kawalang-hanggan."[3]



Sa pamamagitan ng kanilang mapagmahal at walang-sawang pagsisikap, ginagawa ng matatapat na ina sa buong mundo ang lahat sa abot ng kanilang makakaya upang matiyak na ang kanilang inapo "ay magkakaroon ng mga pagkakataon upang mapaunlad ang kanilang sukdulang potensiyal."

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano magkakaroon ng mabuting impluwensiya ang mga ina sa kanilang mga anak?

Taglay ng babae sa kanyang sarili ang kapangyarihan ng paglikha kasama ang kanyang legal na asawa dito ayon sa batas, at kung mabubuklod sa selestiyal na kasal, maaari siyang magkaroon ng walang hanggang pag-unlad sa daigdig na darating. Ang babae ang tagapangasiwa sa kanyang sariling tahanan at halimbawa sa kanyang inapo sa mga susunod pa niyang henerasyon. Ang babae ay katuwang ng kanyang asawa at magagawa niyang higit na perpekto ang lalaki na di-mangyayari kung mag-isa lamang ito. Mapagpapala ng impluwensiya ng babae ang isang pamayanan o bansa batay sa maaabot na pag-unlad ng kanyang espirituwal na kapangyarihan sang-ayon sa mga kaloob sa langit na ipinagkaloob sa kanya ng kalikasan. . . . Sa paglipas ng mga taon, lumalawak ang kanyang mapagpayapa at nakapagpapadalisay na impluwensiya upang matiyak na magkakaroon ang kanyang mga

inapo ng mga pagkakataon upang maabot nila ang sukdulan ng kanilang likas na potensiyal sa espirituwal at pisikal.[4]

Ang mga ina ang lumilikha ng kapaligiran sa tahanan at malaki ang nagagawa upang maging matatag ang pundasyon ng kanilang mga anak, na magbibigay sa kanila ng lakas kapag nilisan na nila ang impluwensiya ng kanilang mga tahanan.[5]

Mga ina, mamalagi sa tahanan kung saan nagkikita-kita ang mga miyembro ng pamilya. Minsan noon, dumalo ako sa komperensiya ng istaka na idinadaos tuwing ikatlong buwan. . . . Ang sabi ko sa pangulo ng istaka,. . . "May mga ina ba rito, iyong may edad na, na malaki ang pamilya at nagkaroon ng kagalakan na makita ang bawat isa sa kanyang pamilya na makasal sa templo?"

Tumingin siya sa madla at sabi niya, "May isa, si Sister (tatawagin ko siyang Sister Jones), labing-isa ang miyembro ng kanyang pamilya, at lahat sila'y nakasal na sa templo.". . .

At habang nakatayo kami ng inang ito na puti na ang buhok sa tabi ng mikropono, sinabi kong, "Maaari ba ninyong ibahagi ang inyong karanasan, kung ano ang ginawa ninyo upang magawa ang gayon?"

At sumagot siya,. . . "Dalawa siguro ang maimumungkahi ko. Una sa lahat, habang lumalaki ang aming pamilya, lagi akong nasa tahanan kapag dumarating at umaalis ang aking mga anak. At pangalawa: anumang gawain ay sama-sama naming ginagawa bilang pamilya. Sama-sama kaming naglalaro, sama-sama kaming nananalangin, magkakasama kami sa lahat ng gawain. Wala na akong ibang maisip."

Sabi ko sa kanya, "Naibigay ninyo ngayon ang dalawang dakilang pangaral."[6]

Panatilihin ang ina ng inyong tahanan sa "mga sangandaan" ng tahanan. Malaki ang panganib ngayon na mawasak ang mga tahanan dahil sa pagkabighani sa mga pang-aakit sa mga ina na huwag na silang manatili sa tahanan habang parating at paalis sa tahanan ang mga miyembro ng pamilya. Ngayon, alam kong kailangan ng ilang ina na kumita ng salapi para sa kanilang pamilya. Ngunit maging sa ganitong katayuan, dapat mag-ingat ang mga pangulo ng Samahang Damayan at obispo upang di sila mabigo sa pagtulong sa ina ng maliliit na bata at tulungan siya,

hangga't maaari, sa pagpaplano sa uri ng trabaho o sa iskedyul. Lahat ng ito'y nakasalalay sa pakikitungo ng Samahang Damayan na nakikipagtulungan sa tahanan.[7]

Ngayo'y dama ko na nabibiktima ang mga babae ng bilis ng takbo ng makabagong pamumuhay. Nasa pagkakaroon nila ng damdamin ng isang ina at pagiging malapit sa kanilang mga anak ang pagkaramdam nila sa pangangailangan ng kanilang mga anak at pag-unawa sa unang palatandaan ng problema, ng panganib at pagkaligalig, na kung mababatid kaagad ay magliligtas sa kanila sa kapahamakan.[8]

Nabasa kong muli kamakalawa ang mga salita ng kapuri-puring ina ni Propetang Joseph noong gabing kunin niya ang mga lamina. Ganito ang isinulat niya:

"Noong gabi ng [ika-21 ng Setyembre] gabing-gabi na'y gising pa ako. . . . Lampas nang alas dose ng gabi nang matulog ako. Nagpunta sa akin si Joseph nang dakong alas dose at nagtanong kung mayroon akong kahon na may kandado at susi. Alam ko kaagad kung saan niya gagamitin ito, at dahil wala ako niyon ay nabahala ako at naisip kong napakahalaga niyon. Ngunit nang malaman ni Joseph ang aking pagkabalisa ay sinabi niyang, 'Huwag kayong mag-aalala, puwede naman kahit wala nito sa ngayon—pumanatag lang kayo—magiging maayos ang lahat.'

"Pagkataps nito ay dumaan sa silid ang asawa ni Joseph na suot ang kanyang bunete at damit na pambiyahe, at ilang sandali pa'y magkasama silang umalis, tangay ang kabayo at bagon ni G. Knight. *Magdamag akong nanalangin at sumamo sa Diyos, dahil di ako makatulog sanhi ng aking pagkabalisa. . . .*" [Lucy Mack Smith, *History of Joseph Smith*, inedit ni Preston Nibley (1958), 102].

Sinasabi ko sa inyong mga ina, na kung mayroon kayong mga anak na may halaga sa daigdig, ito'y di-hamak na mahalaga dahil sa katotohanang ang inyong mga anak ay may inang nakaluhod na dumadalangin sa gabi, nananalangin sa Diyos na ang kanyang anak na lalaki, o anak na babae ay huwag mabigo. Naaalala ko pa noong kapilyuhan ko noong tinedyer ako, na lumapit sa akin ang aking ina na may kutob at babala na di ko pinansin tulad ng ginagawa ng mga pilyong tinedyer. "Inay naman, di totoo 'yan,"

sabi ko. Pagkatapos, sa loob ng isang buwan ay nakaharap ko ang tukso na ibinabala ni inay. Hindi ako kailanman nagkaroon ng lakas ng loob na bumalik at sabihin sa kanya na talagang tama siya, gayunman nakaiwas ako dahil may nagbababala—ang aking ina.[9]

Isang pamilya na binubuo ng aking lola, aking ina, at dalawa o tatlo sa mga nakababatang anak ang nakaupo sa harap ng bukas na pinto, nanonood sa dakilang pagpapamalas ng mga likas na ingay habang rumaragasa ang isang bagyo malapit sa bundok na kinatitirikan ng aming tahanan. Ang kislap ng magkakasunod na kidlat na sinundan ng kagyat na malakas na tunog ng kulog ay nagpahiwatig na may tinamaan ang kidlat di-kalayuan.

Nakatayo ako sa may pintuan nang walang anu-ano'y bigla akong itinulak nang malakas ng aking ina kung kaya napahandusay ako na nakatalikod sa may pintuan. Noon ding sandaling iyon, isang matalim na kidlat ang dumaloy sa tsimenea ng kalan at lumabas sa nakabukas na pintuan at tumama at humati mula sa itaas hanggang sa ibaba ng malaking puno na nasa harapan mismo ng bahay. Kung nanatili ako sa bukana ng pintuan, hindi ko maisusulat ang kuwentong ito ngayon.

Hindi kailanman maipaliwanag ng aking ina ang kanyang napakabilis na desisyon. Ang alam ko lamang ay naligtas ang buhay ko dahil sa kanyang mabilis at dagliang pagkilos.

Makalipas ang mga taon, nang makita ko ang malalim na pilat sa malaking punong iyon sa lumang tahanan ng aming pamilya, ang tanging nasabi ng nagpapasalamat kong puso ay: Salamat sa Panginoon sa mahalagang kaloob na iyon na masaganang taglay ng aking sariling ina at ng marami pang matatapat na ina, at sa pamamagitan nito'y nagiging napakalapit ng langit sa oras ng pangangailangan.[10]

---

### Paano magagampanan ng mga ina ang kanilang tungkulin sa pagtuturo ng ebanghelyo sa kanilang mga anak?

Ang puso ng ina ang silid-aralan ng isang anak. Ang mga tagubiling natatanggap ng maliliit na anak mula sa kanilang ina, at ang mga pangaral ng magulang kasama ang banal at matatamis na alaala, ay hindi kailanman lubusang napapawi sa kaluluwa.

May nagsabi na ang pinakamainam na paaralan sa disiplina ay ang tahanan, dahil ang buhay ng pamilya ang sariling paraan ng Diyos sa pagtuturo sa mga anak, at ang ginagawa ng mga ina dito ang siyang bumubuo sa tahanan.[11]

Ano, kung gayon, ang ginagampanan ng ina sa dakilang paglilingkod sa kaharian? Ang una at pinakamahalaga niyang papel ay ang tandaang ituro ang ebanghelyo sa pamilya.[12]

[Nais kong tukuyin] ang kinalalagyan ng babae sa pagtuturo sa kanyang pamilya. . . . Sinabi ng Panginoon:

"Subalit masdan, sinasabi ko sa inyo, na ang maliliit na bata ay tinubos mula pa sa pagkakatatag ng daigdig sa pamamagitan ng aking Bugtong na Anak;

"Dahil dito, hindi sila magkakasala, sapagkat ang kapangyarihan ay hindi ibinigay kay Satanas upang tuksuhin ang maliliit na bata, hanggang sa sila ay magsimulang magkaroon ng pananagutan sa akin;

"Sapagkat ibinigay sa kanila maging ang kalooban ko, alinsunod sa sarili kong kagustuhan, upang kagila-gilalas na mga gawa ang hingin sa kamay ng kanilang mga ama." (D at T 29:46–48.)

. . .Ano ang mga dakilang bagay na hinihiling ng Diyos sa mga ama ng mga bata (na, sa pahiwatig, ang ibig sabihin ay mga ina rin) sa panahong ito bago magkaroon ng pananagutan sa harapan ng Panginoon ang maliliit na bata?. . . Hinihimok ang mga magulang na pabinyagan ang kanilang mga anak kapag sumapit na sila sa walong-taong-gulang at ituro sa kanila ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo. Ang kanilang mga anak ay bibinyagan para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan at pagkatapos ay tatanggapin ang pagpapatong ng kamay. Tuturuan din silang manalangin at lumakad nang matwid sa harapan ng Panginoon.

Maraming kinakailangang gawin ang mga ama at ina bago magkaroon ng kapangyarihan si Satanas na tuksukin ang maliliit na bata. Responsibilidad ng mga magulang na maglatag ng matatag na pundasyon sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga pamantayan ng Simbahan sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin.

"Sa mga kapatid na babae, ang ibig sabihin nito'y kailangang maging trabaho nila ang pagiging ina. Hindi nila dapat hayaan ang anumang bagay na mangibabaw kaysa sa gawaing ito.[13]

Kailan lamang ay nakita ko ang talumpating ibinigay ng isa sa aking mga anak na babae sa isang grupo ng mga ina at anak na babae. Ikinuwento niya ang naging karanasan niya sa kanyang panganay na anak na lalaki na nagsimulang magturo sa kanya ng mga responsibilidad na kailangan niyang taglayin bilang isang ina. Sabi niya, "Maraming taon na ang nakalilipas nang maliit pa ang panganay kong anak na lalaki ay natagpuan ko ang sarili ko sa kaalinsanganan ng gabi, matapos kumain ng hapunan, na balisa sa pagsisikap na tapusin ang pagpepreserba ng ilang prutas." Tiyak na nakikinita ninyong mga batang ina ang tagpong iyon. Lahat ng bagay noong araw na iyon ay humadlang sa paggawa ng proyektong iyon at gusto mo nang tapusin ito. Ngayo'y napatulog na ang sanggol at nakaalis sa oras ang iyong asawa papunta sa kanyang pulong, halos tapos na ang mga anak mong tatlo at apat na taong-gulang sa pagsusuot ng kanilang pajama at handa na ring matulog. Naisip mong, "Ngayon, aasikasuhin ko na ang prutas."

[Patuloy ng anak kong babae:] "Ito ang situwasyon ko noong gabing iyon habang sinisimulan kong talupan at alisan ng buto ang prutas, ay nagpunta sa kusina ang dalawa kong anak na lalaki at nagsabing handa na silang magdasal." Ngunit dahil ayaw maabala, sinabi niya kaagad sa kanyang mga anak, " 'Halina kayong dalawa at kayo na lang ang magdasal at itutuloy ni Inay ang paggawa sa prutas na ito.' Ang panganay na si David ay tumayo nang matuwid sa harapan ko at nagtanong, nang malumanay, 'Pero, Inay, alin po ang pinakamahalaga, ang dasal o ang prutas?' Hindi ko gaanong nauunawaan noon bilang isang batang ina at abalang maybahay na sa buhay ko sa hinaharap ay darating ang gayong mahihirap na kalagayan habang ginagampanan ko ang tungkulin bilang asawa at ina sa aking tahanan."

Iyan ang hamon sa inyong mga ina kapag nagpipilit ang inyong maliliit na anak na mamalagi kayo at tulungan sila sa paglaki. . . .

Mga ina, kapag nagsisimulang magtanong ang mga anak ninyo, kahit tungkol sa maseselang bagay sa buhay, huwag ninyo silang isantabi. Mag-ukol ng panahon na ipaliwanag sa mura nilang isipan, o habang lumalaki sila, sa mas matanda nilang isipan. Ang matagumpay na ina ay iyong hindi kailanman nagsasawa sa paglapit ng kanyang mga anak at pagbabahagi sa kanya ng kanilang kagalakan at kalungkutan.[14]

Dalangin ko na mapasainyo [mahal kong mga kapatid na babae] ang mga pagpapala ng Panginoon. Mas malakas ang inyong impluwensiya sa kapakanan ng Simbahang ito kaysa iniisip ninyo. Ang paraan ninyo ng pagganap sa inyong tungkulin bilang mga ina ang malaking batayan kung paano mapalalakad ang Simbahan. Na nawa'y tulungan kayo ng Panginoon na gawin ang gayon at magtayo ng matatag na pundasyon ng tahanan, ang aba kong dalangin. Iniiwan ko sa inyo ang aking abang patotoo na sa Simbahan ni Jesucristo matatagpuan ang mga turo at plano na makapagliligtas sa ating mga tahanan, at pinatototohanan ko iyan sa pangalan ng Panginoong Jesucristo.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Anu-anong sakripisyo ang ginagawa ng isang ina para sa kanyang mga anak? Anu-anong biyaya ang nagmumula sa gayong mga sakripisyo?
- Sa paanong paraan napagpapala ng "matagumpay na pagiging ina sa ngayon" ang mga darating na henerasyon sa kawalang-hanggan?
- Ano ang ibig sabihin ng manatili sa sangandaan ng tahanan? Bakit mahalagang nasa sangandaan ng buhay ng kanilang mga anak ang mga ina?
- Paano naililihis kung minsan ng panggagambala at mabilis na takbo ng buhay ang kababaihan sa kanilang mga sagradong layunin? Paano mababawasan ang mga panggagambalang ito?
- Ano ang itinuturo ng mga kuwento tungkol sa ina ni Joseph Smith at ina ni Pangulong Lee hinggil sa kung paano magiging mabuting impluwensiya ang mga magulang sa kanilang mga anak?

- Paano napagpala ng mga dalangin ng inyong ina ang inyong buhay? Paano napagpala ng inyong mga dalangin bilang ina ang inyong mga anak?
- Sa paanong mga paraan makatutulong ang mga asawang lalaki at ama sa mga ina upang magampanan nila ang kanilang mga tungkulin sa tahanan? Paano makatutulong ang mga pinuno ng pagkasaserdote at ng Samahang Damayan?
- Bakit kailangang bigyan ng mga ina ng mataas na priyoridad ang kanilang responsibilidad na ituro ang ebanghelyo sa pamilya? Paano ito magagawa ng mga ina?
- Sa anu-anong paraan maihahanda ng mga magulang ang kanilang mga anak na babae upang maging mabubuting ina?

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Mexico and Central America Area Conference 1972, 91.
2. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 288.
3. *Ye Are the Light of the World* (1974), 317–18.
4. *Ye Are the Light of the World*, 318–19.
5. *The Teachings of Harold B. Lee*, 289.
6. "Obligations of Membership in Relief Society," *Relief Society Magazine*, Ene. 1969, 10.
7. *Ye Are the Light of the World*, 279.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 288.
9. "The Influence and Responsibility of Women," *Relief Society Magazine*, Peb. 1964, 85.
10. *The Teachings of Harold B. Lee*, 290–91.
11. *The Teachings of Harold B. Lee*, 289.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 287.
13. *Ye Are the Light of the World*, 314–15.
14. Sa Conference Report, Mexico and Central America Area Conference 1972, 90–91; idinagdag ang paglikha ng talata.
15. Sa Conference Report, Mexico and Central America Area Conference, 1972, 91.

# Pagkakaisa na Iligtas ang mga Kaluluwa

*Paano nakatutulong ang mga alituntunin ng pag-uugnay-ugnay sa Simbahan sa pagtutulungan ng Simbahan at ng pamilya na iligtas ang mga kaluluwa?*

## Pambungad

Habang naglilingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, inatasan si Harold B. Lee ng Unang Panguluhan na pangasiwaan ang pagsisikap na ituon ang lahat ng programa ng Simbahan sa pinakalayunin ng ebanghelyo ni Jesucristo—"ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ang pagsisikap na ito'y tinawag na pag-uugnay-ugnay (correlation). Kabilang sa pag-uugnay-ugnay ang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pamilya at ng tahanan sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga pantulong na samahan, programa, at aktibidad sa Simbahan ay magpapatatag at magtataguyod sa pamilya. Kabilang din dito ang pagsasailalim sa lahat ng samahan at gawain ng Simbahan sa pamamahala ng pagkasaserdote. Noong mga 1960 maraming hakbang ang ginawa upang maisakatuparan ang mga layuning ito, kabilang ang muling pagbibigay-diin sa gabing pantahanan ng mag-anak at pagrerepaso ng kurikulum ng Simbahan upang matiyak na pinatatatag nito ang tahanan at pamilya. Patuloy hanggang ngayon ang pag-uugnay-ugnay sa Simbahan sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, habang sinusunod ang mga alituntuning inihayag ng Panginoon.

Itinuro ni Pangulong Lee: "Lahat ng ginagawa natin ay dapat gawin 'na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos.' [D at T 82:19.] At ano ang kaluwalhatian ng Diyos? Tulad ng ipinaliwanag ng Panginoon kay Moises, ito ay ang isakatuparan ang

kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao. . . . Sa lahat ng ating mga pagsisikap sa. . .programa ng pag-uugnay-ugnay ay isaisip natin sa tuwina ang pagmamasid na ito. Sa madaling salita, ang dalawa lamang nating layon sa pag-uugnay-ugnay ay ang panatilihing kumikilos ang pagkasaserdote tulad ng malinaw na pagkapaliwanag ng Panginoon, pati na ang angkop na pagkakaugnay dito ng mga pantulong na samahan. At pangalawa, gampanang mabuti ng mga magulang at ng pamilya ang kanilang mga tungkulin tulad ng ipinag-utos ng Panginoon. Kaya makikita natin na ang lahat ng ginagawa ay dapat gawin na taglay sa isipan ang isang tanong: isinusulong ba ng gawain na ito ang kaharian, nakatuon ba ang ating mata sa pangunahing layunin ng samahan ng Panginoon—ang iligtas ang mga kaluluwa at isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao?"[1]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano tumutulong ang Simbahan na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao"?

Nasa atin ang simbahan upang ihanda tayo sa pagiging karapat-dapat sa harapan ng Panginoon. Ano na nga ang sinabi ni Apostol Pablo—pinagkalooban niya ang mga iba na maging apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista—ibig sabihin, itinayo ang Simbahan—para saan? "Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo: Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao." [Tingnan sa Efeso 4:11–13.] Alam ng Panginoon na di tayo perpekto, at ibinigay niya sa atin ang Simbahan upang tulungan tayong maging gayon.[2]

Ang gawain ng Simbahan ay hindi lamang upang magtatag ng samahang panlipunan o magkaroon ng iba pang layunin maliban sa pagliligtas ng mga kaluluwa.[3]

Ang layunin [ng Simbahan ay] gawing perpekto ang buhay ng mga miyembro sa Simbahan. . . . Tuturuan [nito] ang mga miyembro ng Simbahan hinggil sa mga doktrina at turo nito, upang

maabot ng mga miyembro ang pagkakaisa ng pananampalataya at ang pagkakilala sa Anak ng Diyos hanggang sa pagiging perpekto ng tao. Ang kaalamang ito ay, sang-ayon mismo sa Guro, tulad ng ipinahayag Niya sa [di-malilimutang] panalangin sa Bagong Tipan, "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo" (Juan 17:3).[4]

Bakit dapat magmalasakit sa samahan?. . . Bumubuo tayo ng samahan upang magawa nang mas mabuti at mapadali ang gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng pagtutulungan sa gawain, sa pagpapakatawan sa responsibilidad. Inaayos at pinadadali at pinagbubuti pa ang gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng pagtanggap at pagganap ng tungkulin, na lumilikha ng mga pinuno mula sa mga miyembro. Tulad ito ng sinabi ng Guro nang ibigay Niya sa Kanyang mga dispulo ang isang atas—"Magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao"—na siyang sinasabi sa atin ngayon—"Kung susundin ninyo ang aking mga kautusan, gagawin ko kayong mga pinuno ng mga tao at pinuno sa gitna ng aking mga tao."[5]

Ang simbahan at kaharian ng Diyos ay pangkalahatang simbahan at hindi para lamang sa isang bansa o tao. Sinisikap natin sa tuwina na bigyan ang lahat ng Banal ng Kataas-taasan, saanman sila nakatira, ng pagkakataong lumaki at umunlad hanggang sa abot ng kanilang makakaya, upang magkaroon ng lakas at impluwensiya sa kabutihan sa mundo, at kamtan ang gantimpala ng katapatan.[6]

---

## Bakit mahalagang patatagin ang pamilya sa lahat ng ginagawa natin sa Simbahan?

Nasaan ang unang hanay ng depensa sa simbahang ito? Nasa Primarya ba? Nasa Panlinggong Paaralan ba? Hindi ito inihayag ng ating Ama sa Langit sa ganyang paraan. Basahin ninyo muli ang ika-animnapu't walong bahagi ng Doktrina at mga Tipan. Malalaman ninyo na inilagay ng Panginoon sa harapan ng mga pakikipagdigmaan laban sa mga kapangyarihang sisira sa mga de-

pensang ito ang tahanan, na siyang unang hanay ng depensa (tingnan sa D at T 68:25–32).[7]

Ang mga programa ng pagkasaserdote ay kumikilos sa pagtataguyod ng tahanan; malaki din ang naitutulong ng mga programa ng pantulong na samahan. Ang matalinong pamumuno ng [pagkasaserdote] ay makatutulong sa atin na gawin ang ating bahagi sa pagkakamit ng niyakap na layunin ng Diyos, "ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Sinasabi sa atin kapwa ng mga paghahayag ng Diyos at ng kaalaman ng tao kung gaano kahalaga ang tahanan sa paghubog ng buong buhay na karanasan ng indibiduwal. . . . Kung gayon, ang karamihan sa ginagawa natin bilang isang samahan ay balangkas na susuporta, sa hangarin nating itayo ang indibiduwal, at hindi natin dapat ipagkamali ang balangkas bilang kahalili ng kaluluwa.[8]

Ang tahanan ang pinakapangunahin at mahalaga sa lahat ng institusyon ng Diyos. Ang susi sa buong programa ng ating pag-uugnay-ugnay ay ibinigay sa atin nang ipahayag ng Unang Panguluhan ang isa sa pinakapangunahing alituntunin na ating pinagbabatayan: "Ang tahanan ang batayan ng matwid na pamumuhay, at walang ibang kasangkapan na maaaring humalili dito ni tumupad sa napakahalagang gawain nito. Ang pinakamainam na magagawa ng mga pantulong na samahan ay tulungan ang tahanan sa mga problema nito, nagbibigay ng natatanging tulong at sumasaklolo kapag kailangan ito."

Kapag inilagay iyan sa isipan, ang bawat aktibidad kung gayon sa Simbahan ay dapat planuhing mabuti upang patatagin—hindi bawasan—ang pagkilos ng maayos na tahanan. Kung mahina ang pamumuno ng magulang, dapat ibigay ng mga pagkasaserdoteng tagapagturo sa tahanan at pantulong na samahan ang kinakailangang patnubay. Ibig sabihin nito, ang bawat kaganapan na itinataguyod ng Simbahan ay kailangang planuhin na taglay ito sa isipan, na binibigyang-diin lalo na ang kahalagahan ng panghihimok sa bawat pamilya na matapat na idaos ang lingguhang gabing pantahanan. At himukin at tulungan ang mga ama na nagtataglay ng banal na pagkasaserdote sa pagganap sa kanilang tungkulin bilang mga puno ng kanilang sambahayan.[9]

Hindi hihilingin ng Diyos sa sinumang tao na isakripisyo ang kanyang pamilya upang gampanan ang iba pa niyang mga tungkulin sa kaharian. Ilang ulit ba naming sinikap na bigyang-diin na ang pinakamahalagang gawain ng Panginoon na gagawin ninyo bilang mga ama at asawa ay sa loob mismo ng inyong sariling tahanan? Ang pagiging ama ay tungkulin ng mga ama na kung saan ay di sila kailanman mahahalinhan.[10]

Habang iniisip ko ang ginagawa natin ngayon at ang posibleng epekto nito ay naisip ko ang mga salita ng Propetang Mikas, "Ngunit sa mga huling araw ay mangyayari, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, at matataas sa mga burol; at mga tao'y paroroon sa kaniya.

"At maraming bansa'y magsisiparoo't mangagsasabi, Magsiparito kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, at sa bahay ng Dios ni Jacob; at siya'y magtuturo sa atin ng kanyang mga daan, at tayo'y magsisilakad sa kaniyang mga landas. Sapagka't sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem." (Mikas 4:1–2.)

Sinasabi ko sa inyong mga ama at inang Banal sa mga Huling Araw na kung gagawin ninyo ang responsibilidad ng pagtuturo sa inyong mga anak sa tahanan—kung ihahanda ng mga korum ng pagkasaserdote ang mga ama, ng Samahang Damayan ang mga ina—darating ang araw na ang buong daigdig ay kakatok sa inyong pintuan at magsasabing, "Ituro ninyo sa amin ang daan upang matahak namin ang inyong landas."[11]

## Paano magtutulungan ang mga pantulong na samahan sa ilalim ng pamamahala ng pagkasaserdote sa pagpapatatag ng pamilya?

Kung sasabihin sa pangkalahatang paraan, ang ibig sabihin ng pag-uugnay-ugnay ay. . .ilagay ang pagkasaserdote ng Diyos ayon sa sinabi ng Panginoon na dapat kalagyan nito—sa sentro at kaibuturan ng Simbahan at kaharian ng Diyos—at tiyakin na ang mga tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may lugar din sa banal na plano ng pagliligtas ng mga kaluluwa.[12]

May naitatag ngayon sa Simbahan na mga pantulong na samahan na kaantabay ng mga samahan ng pagkasaserdote, o tulad

ng tinukoy sa Bagong Tipan, "mga pagtulong, mga pamamahala" bilang karagdagan sa pagkasaserdote [tingnan sa I Corinto 12:28]. Ginawa ni Pangulong Joseph F. Smith ang pahayag na ito tungkol sa mga samahang ito: "Nasa isip ko ang ating mga pantulong na samahan; ano ba ang mga ito? Pantulong sa mga pamantayang samahan ng Simbahan. Hindi nagsasarili ang mga ito. Gusto kong sabihin sa Mutual Improvement Associations ng Mga Kabataang Lalaki at Mga Dalaginding, at sa Samahang Damayan, at sa mga Primarya, at sa Panlinggong Paaralan, at klase sa Relihiyon, at sa lahat ng iba pang samahan sa Simbahan, na wala isa man sa kanila ang makatatayong mag-isa kung wala ang Pagkasaserdote ng Anak ng Diyos. Wala isa man sa kanila ang makaiiral nang kahit sandali sa harap ng Panginoon kapag lumayo sila sa tinig at sa payo ng mga nagtataglay ng Pagkasaserdote at namamahala sa kanila. Nakapailalim sila sa mga kapangyarihan at awtoridad ng Simbahan, at di sila makatatayong mag-isa kung wala ang mga ito; ni hindi sila magkakaroon ng anumang karapatan sa kanilang mga samahan kung wala ang Pagkasaserdote at ang Simbahan." [*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon (1939), 383.][13]

Sa dakila at makabagong paghahayag tungkol sa pamamahala sa Simbahan, nagtapos ang Panginoon sa ganitong pangungusap:

"Masdan, ito ang pamamaraan kung paano ang aking mga apostol, noong unang panahon, ay itinayo ang aking simbahan para sa akin.

"Samakatwid, ang bawat tao ay tumayo sa kanyang sariling katungkulan, at gumawa sa kanyang sariling tungkulin; at huwag sabihin ng ulo sa mga paa na hindi nito kailangan ang mga paa; sapagkat kung wala ang mga paa ay paano makatatayo ang katawan?

"Gayon din ang katawan ay kailangan ang bawat bahagi, upang ang lahat ay mapabanal na magkakasama, upang ang katawan ay mapanatiling ganap." (D at T 84:108–110.)

Kitang-kita, habang iniisip ninyo ang mga banal na kasulatang ito, na ibinigay ang mga ito upang bigyang-diin na kailangan ang mga palagian at patuloy na pagsangguni at pag-uugnay-ugnay ng iba't ibang dibisyon, ang mga korum ng pagkasaserdote at pan-

tulong na samahan at lahat ng iba pang yunit sa loob ng kaharian ng Diyos, sa apat na dahilan:

Una, na ang bawat samahan ay dapat magkaroon ng tiyak na gagawin, at hindi nito dapat panghimasukan ang iba, na tila ba sinasabi ng mata sa kamay na, "Hindi kita kinakailangan."

Pangalawa, na ang bawat dibisyon ay magkapareho ang halaga sa gawain ng kaligtasan, tulad ng kahalagahan ng bawat bahagi ng katawang pisikal sa buong pagkatao.

Pangatlo, upang ang lahat ay mapabanal o maturuan na magkakasama; at

Pang-apat, upang mapanatiling perpekto ang sistema, o sa madaling salita, upang sa balangkas ng plano ng Panginoon sa pagsasaayos ng kaligtasan ng kanyang mga anak, ang Simbahan ay makaganap tulad ng katawan ng tao na perpektong isinaayos, kasama ang pagkilos ng bawat miyembro batay sa nilayon dito.[14]

Minsan, noong mga nakaraan, binalikan natin ang paggawa ng mga bagay na tila nagbibigay-diin sa ating pananagutan sa mga programa sa halip na sa mga miyembro ng Simbahan. Hinihimok namin ang lahat ng kasangkot. . .na sundin ang pangunahing atas batay sa layunin ng lahat ng ito: "ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Sa tuwina, kung nais natin ng sukatan ng pagiging karapat-dapat ng programang ito o ng programang iyon: itinataguyod ba nito ang pag-unlad ng indibiduwal tungo sa layuning iyon na buhay na walang hanggan sa kinaroroonan ng Ama? Kung hindi, at wala itong kinalaman sa pag-unlad ng indibiduwal tungo sa layuning iyon na buhay na walang hanggan, hindi ito dapat himukin sa Simbahan.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit mahalaga na sa lahat ng ginagawa natin sa Simbahan ay alalahanin natin ang pinakalayunin ng Simbahan—"ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao"? (Moises 1:39).

- Paano tayo tinutulungan ng Simbahan na gawing perpekto ang ating buhay? Paano tayo nito natutulungan sa "paglaki at pag-unlad hanggang sa abot ng ating makakaya"?
- Bakit ang tahanan ang pinakapangunahin at pinakamahalaga sa lahat ng institusyon ng Diyos? Ano ang maaari nating gawin sa ating mga responsibilidad sa Simbahan upang patatagin ang pamilya?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Lee nang sabihin niyang ang pagkasaserdote ang "sentro at kaibuturan ng Simbahan"? Paano nakatutulong sa atin ang payo na ibinigay sa D at T 84:108–10 sa pag-unawa kung paano dapat magtulungan ang pagkasaserdote at mga pantulong na samahan ng Simbahan?
- Paano "kumikilos sa pagtataguyod sa tahanan" ang mga programa ng pagkasaserdote at ng mga pantulong na samahan? Paano nasuportahan ng mga programang ito ang inyong tahanan?
- Sa ating mga pagsisikap na makapaglingkod sa Simbahan, bakit kailangan tayong maging maingat na hindi maging mas mahalaga ang mga programa kaysa sa mga tao? Paano natin magagawa ito?

## *Mga Tala*

1. Talumpating ibinigay sa pangkalahatang komperensiya ng Panlinggong Paaralan, ika-2 ng Okt. 1970, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 7.
2. Talumpating ibinigay sa Brigham Young University, ika-3 ng Okt. 1950, Harold B. Lee Library Archives, Brigham Young University, 9–10.
3. Talumpating ibinigay noong itatag ang Virginia Stake, ika-30 ng Hunyo 1957, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 587.
5. *The Teachings of Harold B. Lee*, 565.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 385.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 262.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 267.
9. *The Teachings of Harold B. Lee*, 559.
10. *The Teachings of Harold B. Lee*, 292–93.
11. Sa Conference Report, Okt. 1964, 87; o *Improvement Era*, Dis. 1964, 1081.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 563.
13. Talumpati sa Mutual Improvement Association, 1948, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 3.
14. Sa Conference Report, Okt. 1961, 77–78.
15. Talumpating ibinigay sa seminar ng mga kinatawan ng rehiyon, ika-4–5 ng Abr. 1973, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[10]

# Pagbabahagi ng Ebanghelyo

*Paano natin magagampanan ang responsibilidad na ibinigay sa atin ng Diyos na ibahagi ang ebanghelyo sa iba?*

## Pambungad

Paminsan-minsan si Elder Gordon B. Hinckley, ng Korum ng Labindalawa, at ang kanyang asawang si Marjorie ay naglalakbay na kasama nina Pangulo at Sister Harold B. Lee. "Sumama kami sa dalawang magkahiwalay na okasyon kina Pangulo at Sister Lee sa England, Germany, Austria, Italy, Greece, at sa Banal na Lupain, kung saan nakipagkita kami sa mga misyonero, miyembro, kabataan at sundalo," sabi ni Sister Hinckley. "Wala na marahil na mas magigiliw, mas magagalang, at mas mababait na kasama sa paglalakbay."

"Nasa England kami isang araw ng Linggo. Abala kami nang araw na iyon: dalawang sesyon ng komperensiya at isang fireside sa gabi. Nang makabalik kami sa hotel dakong alas 9:30, pagod na pagod at gutom na kami. Nagpunta kami sa kainan ng hotel para may makain kahit kaunti. Tapos na ang maghapon—makapagpapahinga na kami. Kahit paano iyon ang nasa isip ko. Kasunod niyo'y nakita ko na lamang ang serbidora na hawak ang lapis upang isulat ang aming order na pagkain. Tiningnan siya ni Pangulong Lee at nagsabing, 'Anong simbahan ang kinabibilangan mo?' Hindi pa tapos ang araw para sa kanya. Sinimulan niya ang pagtuturo. Bago matapos kumain nalaman niya ang lahat tungkol sa babaing ito. Patay na ang kanyang asawa at nalulungkot at natatakot siya. Nangako siyang makikipagkita sa mga misyonero at mag-aaral pa. Napakagandang makita na isinasagawa ng pangulo ng Simbahan ang ipinangaral niya nang araw na iyon. Nang malaman ng serbidora (na marahil ay tatlumpu't limang taong-gulang) na ang lalaking kausap niya'y ang pangulo,

ang propeta, tagakita, at tagahayag ng Simbahan ni Jesucristo, hindi siya makapaniwala na makikihalubilo ang gayong tao sa taong tulad niya. Naantig siya nang labis."[1]

Tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo, sinabi ni Pangulong Lee na, "Nawa'y [matanto] natin na responsibilidad ito na ibinigay ng Panginoon sa kanyang Simbahan sa bawat dispensasyon,. . . upang ituro ang ebanghelyo sa lahat ng nilalang nang sa gayo'y walang maidahilan ang bawat isa sa araw ng paghuhukom, at lahat ay matubos mula sa Pagkahulog at maibalik sa kinaroroonan ng Panginoon.[2]

## Mga Turo ni Harold B. Lee


### Bakit mahalagang ibahagi natin ang ebanghelyo sa iba?

Iniingatan natin ang ating patotoo sa pamamagitan ng pamumuhay, pananalangin at pagiging aktibo sa simbahan at sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. Doon pa lamang mapapasaatin ang gumagabay na Espiritu, isa sa pinakamahalagang pag-aari na maaaring makamtan ng miyembro ng simbahan.

Sa pamamagitan ng patotoong ito, responsibilidad nating lahat na malaman ang ating tungkulin na magbigay patotoo sa banal na misyon ng Panginoon sa tuwing magkakaroon tayo ng pagkakataon. Kung gagawin natin, maraming pagkakataon upang ituro ang ebanghelyo, araw-araw at oras-oras, saan man tayo naroon. Kung nabuhay tayo para dito, kung naghanda tayo para dito at hangad natin ito, ipagkakaloob sa atin ng gumagabay na Espiritu ang kakayahan na magturo. Tandaan, ang mga salita ay salita lamang, sa pagtuturo ng ebanghelyo, maliban kung lakip nito ang Espiritu ng Panginoon. . . .

Responsibilidad natin ang ihatid sa daigdig ang mensahe ng katotohanan, ang ipakita sa daigdig na sa mga turo lamang ng ebanghelyo ni Jesucristo matatagpuan ang mga kalutasan sa bawat problema na dinaranas ng sangkatauhan.[3]

Dapat nating tanggapin ang bawat pagkakataon na ihatid ang kaalaman ng ebanghelyo sa iba—sa kasama nating mga di-aktibong miyembro ng Simbahan, sa ating mga kaibigang di-



Si Elder Harold B. Lee bilang misyonero sa Western States Mission. Naglingkod siya mula Nobyembre 1920 hanggang Disyembre 1922.

miyembro na nasa kolehiyo, serbisyo-militar, at negosyo, sa ating mga kapitbahay at kaibigan.

Ibinigay ng Panginoon ang paghahayag na ito sa Propeta: "Sapagkat marami pa sa mundo sa lahat ng pangkat, grupo, at sekta, na binubulag ng pandaraya ng mga tao, kung saan sila ay naghihintay upang manlinlang, at na napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan." (D at T 123:12.)[4]

Wala nang tinig na mas mainit ang pagtanggap sa matatapat ang puso kaysa sa tinig ng tunay na sugo na nangangaral ng ebanghelyo ni Jesucristo.[5]

Magugunita ninyong sinabi sa atin [ni Elder Charles A. Callis] na minsa'y nagpunta siya sa Montana upang dalawin ang isang taong nagmisyon noon sa Ireland. Matapos ang paghahanap sa taong ito, na matandang-matanda na ngayon, nagpakilala siya at nagsabing, "Kayo ba ang misyonerong naglingkod sa Ireland maraming taon na ang nakalilipas?" At sumagot ang lalaki ng oo. "Kung gayon," sabi niya, "kayo ang lalaki na noong magpaalam sa misyon ay nagsabing sa wari ninyo'y bigo kayo sa loob ng tatlong taon ng paglagi doon dahil isang gusgusing batang taga Ireland lang ang inyong nabinyagan? Sinabi n'yo ho ba 'yon?" "Oo, natatandaan kong sinabi ko nga iyon." Sabi ni Brother Callis, "Kung gayon, gusto ko hong magpakilala. Ako si Charles A. Callis ng Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ako ang gusgusing batang taga Ireland na nabinyagan ninyo noong misyonero pa kayo sa Ireland." Isang kaluluwa na naging apostol ng Simbahan at Kaharian ng Diyos.[6]

Walang sinumang tao na nag-aabot ng kamay upang tulungan ang iba na di nakatatanggap sa kanyang sarili ng karapatan na maligtas dahil sa kanyang kahandaang tumulong sa iba. Ngayon, tandaan na tayong lahat ay anak ng ating Ama, miyembro man tayo o hindi ng Simbahan sa kasalukuyan. Dapat nating higit na pagmalasakitan ang iba pang anak ng ating Ama. Mahal din Niya sila tulad ng mga kasalukuyang miyembro ng Simbahan. Kung ang sinuman sa atin ay magsikap na dalhin ang iba sa kawan, sabi ng Panginoon siya'y nagdudulot ng kaligtasan sa kanyang sariling kaluluwa [tingnan sa D at T 4:4].[7]

## Bakit mahalaga sa pagbabahagi ng ebanghelyo ang kahandaang magsakripisyo?

Ang pinakabuod ng tinatawag nating Kristiyanismo ay matatagpuan sa tala ng manunulat ng ebanghelyo ni Juan kung saan binanggit niya ang patotoo ng Guro tungkol sa kanya mismong banal na misyon bilang Tagapagligtas ng daigdig. Narito ang kanyang mga salita:

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16.)

Sa gayon nasaad ang pinakamataas na paglilingkod na magagawa natin sa buhay sa mundo, ang kahandaang isakripisyo ang ating sarili para sa kapakanan ng iba. Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith ang kinalalagyan ng sakripisyo at paglilingkod sa nakapagpapabanal na prosesong ito ng buhay:

"Ang relihiyon na hindi nangangailangan ng sakripisyo ng lahat ng bagay ay hindi kailanman magkakaroon ng kapangyarihang sapat upang magkaroon ng pananampalataya na kailangan tungo sa buhay at kaligtasan. . . .

"Sa pamamagitan ng sakripisyong ito, at tanging ito lamang, inordena ng Diyos na dapat magtamasa ng buhay na walang hanggan ang tao." [*Lectures on Faith* (1985), 69.]

Kung magagawa lamang natin sa ating sarili at sa ating buhay ang alituntuning iyon kung saan maaari nating mahawakan ang mahalagang kaloob, tayo'y magiging tunay na matalino. Si Haring Benjamin ang siyang nagturo sa kanyang mga tao sa kanyang pangwakas na talumpati:

". . .kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos." (Mosias 2:17.). . .

Ang pagbibigay, kung gayon, ay pahiwatig ng pagmamahal ng isang tao, at kapag tunay na ibinigay ng isang tao ang kanyang sarili, ito ay katibayan ng namamalaging pagmamahal sa taong iyon na handang magbigay. . . .

Mahal na mahal ni Propetang Joseph Smith ang katotohanang inihayag sa kanya kung kaya handa niyang isakripisyo ang lahat ng ari-arian niya sa daigdig, maging ang kanyang buhay, na ginagawa ang lahat sa layuning maibigay niya ang patotoong iyon at marinig iyon ng mga bansa ng mundo. . . .

Dumalaw ako sa isang istaka ilang buwan na ang nakalilipas at nahilingan akong kapanayamin ang ilang kabinataan na posibleng maging mga misyonero. Sinabihan ako ng pangulo ng istaka na isa sa mga binata, matapos ang matagal na paglagi sa hospital, ang gumaling mula sa matinding pagkatulala na sanhi ng digmaan noong nasa serbisyo-militar pa siya. Nang harapin ko ang binatang ito para kapanayamin, tinanong ko siya, "Bakit gusto mong magmisyon?"

Naupo siya't nag-isip nang ilang saglit, at pagkatapos ay sumagot, "Noong pumasok ako sa serbisyo-militar, iyon ang unang pagkakataon na nalayo ako sa aking tahanan. Nakita kong kakaiba ang kalagayan. Kabi-kabila ang nakita kong tukso at paanyaya sa kasalanan. Kinailangan ko ng lakas upang mapaglabanan ang kasalanan, at dumulog ako sa aking Ama sa Langit at dumalangin sa kanya nang may pananampalataya na bigyan ako ng lakas na



Sa buong daigdig, ang mga kabataang lalaki at kabataang babae, sa di-makasariling paraan ay "tumatayo bilang mga saksi sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar tungkol sa banal na responsibilidad ng Simbahan na ituro ang ebanghelyo."

paglabanan ang masama. Dininig ng Diyos ang dalangin ko at binigyan ako ng lakas. Nang matapos ang pagsasanay at palapit na kami sa digmaan, narinig namin ang tunog ng mga baril na nagbabadya ng mensahe ng kamatayan na palaging dumarating. Natakot ako, at nanginig ang buong katawan ko. Dumalangin ako sa Diyos na bigyan ako ng tapang, at binigyan niya ako ng tapang, at nagkaroon ako ng kapayapaan na hindi ko kailanman naramdaman noon. . . . Naatasan akong maglingkod bilang *advance scout* na ang ibig sabihi'y mauuna ako sa puwersa ng mga mandirigma at minsa'y halos napaliligiran ng kalaban. Alam ko noon na isa lamang ang kapangyarihan sa mundo na makapagliligtas sa akin, at dumalangin ako sa kapangyarihang iyon na pangalagaan ako, na iligtas ang buhay ko, at dininig ng Diyos ang aking dalangin at ibinalik ako sa aking pulutong."

Pagkatapos ay sinabi niya sa akin: "Brother Lee, nasa akin ang lahat ng bagay na dapat kong pasalamatan. Sapat na marahil ang kaunting magagawa ko upang humayo ngayon bilang kinatawan ni Jesucristo, upang ituro sa sangkatauhan ang mga pinagpalang bagay na ito na natanggap ko sa aking tahanan noong bata pa ako."

Nang marinig ko ang pagpapamalas ng pananampalataya mula sa binatang iyon, inihambing ko ito sa mga naringgan kong nagsabing inaakala nila na sa pagpunta sa misyon ay magkakaroon sila ng kasanayan, makikita nila ang daigdig, magkakaroon sila ng mahalagang karanasan na magiging kapaki-pakinabang sa kanila mismo. . . .

Ang makasariling paghahangad ng personal na kapakinabangan ay hindi dumarating mula sa mga turo ng katotohanan kundi sa halip ay nagmumula ito sa mga turo niya na kaaway ng katotohanan. . . .

Ang taong naghahangad ng pansariling kapakinabangan ay hindi kailanman magiging masaya, dahil laging umiiwas sa kanya ang hinahangad niya sa buhay at palaging kukutyain ang kanyang mga pagtatangkang magkamit at makagapi. Ang taong naglilingkod nang walang kasakiman ay ang taong maligaya.[8]

Nasasaksihan natin sa gawaing misyonero ang kahanga-hangang tanawin ng mga kabataang lalaki at babae [na huma-

hayo]. . .sa lahat ng panig ng mundo, upang sa kanilang di-makasariling paglilingkod ay makatayo sila bilang mga saksi sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar tungkol sa banal na responsibilidad ng Simbahan na ituro ang ebanghelyo.[9]

---

## Paano natin maituturo ang ebanghelyo nang may kapangyarihan at awtoridad?

Si Alma. . .at ang mga anak ni Mosias ay nagmisyon at nakagawa sila ng dakilang paglilingkod bilang misyonero. . . . Nakita ni Alma ang kanyang mga kapatid, ang mga anak ni Mosias, na naglalakbay patungo sa lupain ng Zarahemla.

"Ngayon ang mga anak na ito ni Mosias ay kasama ni Alma sa panahong unang nagpakita ang anghel sa kanya; kaya nga, si Alma ay labis na nagalak na makita ang kanyang mga kapatid; at ang nakaragdag pa sa kanyang kagalakan, sila ay kanya pa ring mga kapatid sa Panginoon; oo, at sila ay naging malakas sa kaalaman ng katotohanan; sapagkat sila'y mga lalaking may malinaw na pang-unawa at sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos.

"Subalit hindi lamang ito; itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at kapag sila ay nagturo, sila ay nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos." [Alma 17:2–3.]

Ngayon, [nauunawaan] ba ninyo ang pormula kung paano kayo makapagtuturo nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos? Maging malakas sa kaalaman ng katotohanan, maging kalalakihang may malinaw na pang-unawa, saliksikin nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman natin ang mga salita ng Diyos. At hindi lamang ito. Kailangan nating manalangin, at kailangan nating mag-ayuno, at kailangan nating taglayin ang diwa ng propesiya; at kapag nagawa na natin ang lahat ng ito, makapagtuturo na tayo nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos.[10]

Sinabi. . .ng Panginoon: "At binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian," at idinagdag

na, "Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo" (D at T 88:77–78). Sinikap kong bigyang-kahulugan ang mga salitang "masigasig" at "biyaya." Ang masigasig, sang-ayon sa diksyunaryo, ay "matiyagang nagmamasid, nagsasagawa nang may maingat na pagpansin," na kabaligtaran ng katamaran, o kawalang-ingat, o pagwawalang-bahala. . . .

. . .Naniniwala ako na ang kahulugan ng "biyaya" ay ipinahiwatig sa ikaapat na bahagi ng Doktrina at mga Tipan kung saan nangako ang Panginoon sa mga taong buong-siglang makikilahok sa gawaing misyonero: ". . .at narito, siya na humahawak sa kanyang panggapas nang buo niyang lakas, siya rin ay nag-iimbak nang hindi siya masawi, kundi nagdadala ng kaligtasan sa kanyang kaluluwa." [D at T 4:4.] Ang nagliligtas na "biyaya" ng kapangyarihan ng pagbabayad-sala ng Panginoon ay para sa nagbibigay at gayundin sa mga tatanggap ng mga nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo.[11]

Ngayon, sa huli, ang bagay na ito na para sa akin ay tila kasinghalaga o higit na mahalaga kaysa sa iba pa:

"At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo." [D at T 42:14.]

Ngayo'y maibibigay na namin sa inyo ang mga kagamitan sa planong ito ng misyonero para sa paglalahad at pag-aaral ng ebanghelyo; narito nang lahat. Ngunit maliban na masigasig na manalangin ang misyonero, hindi niya kailanman makakamtan ang Espiritu, na siyang paraan upang maituro niya ang ebanghelyo. Ito ang ibig sabihin ni Nephi [nang kanyang] sabihing:

"At ngayon ako, si Nephi, ay hindi maisusulat ang lahat ng bagay na itinuro sa aking mga tao; ni ako ay hindi magaling sa pagsusulat, na tulad sa pagsasalita; sapagkat kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao." (2 Nephi 33:1.)

. . .Kapag nasa inyo ang Espiritu at nakikinig kayo at ginagabayan at napupukaw kayo nito sa pamamagitan ng diwa ng pagkakilala, na karapatang tamasahin ng bawat isa sa inyo na tinawag na maglingkod sa Kanya, sa gayon ay malalaman ninyo

at magagabayan kayo at ang inyong salita ay sasamahan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at kung wala ito walang sinumang magiging epektibong guro ng ebanghelyo ni Jesucristo.[12]

---

**Bakit mahalagang bahagi ng pagbabahagi ng ebanghelyo ang pamumuhay ng ebanghelyo?**

Ang pinakamainam na paraan sa daigdig upang maging interesado ang mga tao sa ebanghelyo ay ang ipamuhay ang mga huwaran at pamantayan na inaasahan natin sa mga nagsasabing miyembro sila ng Simbahan. Iyan ang unang bagay na umaakit sa isang dayuhan. Paano tayo, na nagsasabing mga miyembro, kikilos bilang mga miyembro ng Simbahan?. . .

. . .Walang lalaki o babae ang makapagtuturo ng ebanghelyo kung hindi niya ito ipinamumuhay. Ang unang hakbang upang gawing karapat-dapat ang inyong sarili na maging misyonero ay ipamuhay ang mga alituntuning itinuturo ninyo. Sa palagay ba ninyo'y magiging napakagaling na guro ng pagsisisi ang isang makasalanan? Sa palagay ba ninyo'y magiging epektibo ang sinuman sa pagtuturo sa iba na panatilihing banal ang araw ng Sabbath kung hindi niya mismo ginagawang banal ang araw ng Sabbath? Sa palagay ba ninyo'y maituturo ninyo ang alinman sa iba pang alituntunin ng ebanghelyo kung hindi sapat ang paniniwala ninyo dito upang ikintal ito sa inyong sariling buhay?[13]

[Sinabi] ni Jesus: "Samakatwid, itaas ninyo ang inyong ilawan upang ito ay magliwanag sa sanlibutan. Masdan, ako ang ilaw na inyong itataas—yaong kung alin ay nakita ninyong aking ginawa. Masdan, nakita ninyo na ako ay nanalangin sa Ama, at lahat kayo ay nakasaksi." (3 Nephi 18:24.) Ang trabaho nati'y "itaas" (o ipakita) sa daigdig ang ginawa ni Jesus para sa tao: ang pagbabayad-sala, ang ipinakita Niyang halimbawa, at ang mga turong ibinigay Niya sa atin mismo at sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, noong sinauna at ngayon. Pinayuhan din tayo ng Guro na: "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mat. 5:16.). . .

Sa lahat ng mga kalagayan sa pamumuno kung saan hangad nating pagbutihin ang pag-uugali ng tao, mahirap tantiyahin ang

bisa ng halimbawa—maging ito ma'y kapalooban ng mga magulang na kapwa nagpapakita at nagsasabi sa kanilang mga anak tungkol sa kahalagahan ng kasal sa templo o kaya'y isang nakauwi nang misyonero na naging halimbawa ng bungang dulot ng mga pagbabago at pagkahusto sa kaalaman sa ebanghelyo.[14]

"Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok." [Tingnan sa Mateo 5:14.] Ano ang ibig sabihin nito?

. . .Ang sinumang Banal sa mga Huling Araw na aktibo sa Simbahan, nasa serbisyo-militar, na aktibo sa lipunan, o nasa pagnenegosyo ay itinuturing hindi lamang bilang indibiduwal, kundi bilang Simbahan sa ngayon. May nagsabing: "Mag-ingat kung paano ka kumilos, dahil baka ikaw lamang ang tanging halimbawa ng Simbahan na makikita ng ibang tao." Binalaan tayo ng Panginoon dito na kailangang maging mas mataas ang pamantayan ng pamumuhay sa Simbahan kaysa sa pamantayan ng pamumuhay sa daigdig.[15]

Nasa Seoul, Korea ako kamakailan [1954], at isa sa pinakamabuting tauhan natin sa bansang iyon ay ang isang lalaking nagngangalang Dr. Ho Jik Kim. Siya'y. . .tagapayo sa pamahalaan ng Korea. Pinuno siya ng isa sa mga institusyon ng edukasyon doon, at napalilibutan siya ngayon ng tatlumpu't apat na mga binyagan, karamihan sa kanila'y may mataas na pinag-aralan. Kinausap namin siya sa loob ng mga dalawang oras, sa pagsisikap na itatag ang pundasyon na maaaring magpasimula sa mga gawaing misynero sa lupain ng Korea. Ikinuwento niya sa amin ang kanyang pagbabalik-loob. "Ang bagay na nakaakit sa akin sa simbahan," paliwanag niya, "ay nang anyayahan ako sa tahanan ng dalawang kalalakihang Banal sa mga Huling Araw na mga guro ng Cornell University. . . . Ang bagay na hinangaan ko ay ang uri ng kanilang buhay sa tahanan. Hindi pa ako nakapasok sa tahanan kung saan napakalambing ng ugnayan ng mag-asawa, at ng ama at ina at mga anak. Nakita kong nanalangin silang pamilya. Labis akong humanga kung kaya nagsimula akong magtanong tungkol sa kanilang relihiyon. At isang gabi matapos akong mag-aral sa loob ng mahabang panahon at nakumbinsing kanais-nais ang mapabilang sa gayong samahan, nalaman kong dapat muna akong

magkaroon ng patotoo. Lumuhod ako at nanalangin nang halos magdamag at nakatanggap ako ng patotoo tungkol sa kabanalan ng gawaing ito." Ngunit tandaan na nagsimula ang lahat ng ito dahil sa napakabuting halimbawa ng isang pamilya na namuhay nang naaayon sa uri ng buhay sa tahanan na inaasahan ng ebanghelyo sa tunay na mga Banal sa mga Huling Araw.[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang ilan sa mga pagkakataon natin na magturo ng ebanghelyo sa "araw-araw. . .saanman tayo naroon"? Anu-ano ang ilan sa katangian ng mga matagumpay na nagbabahagi ng ebanghelyo sa iba?
- Anong mga aral ang matututuhan natin mula sa karanasan ni Pangulong Lee sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa restawran ng isang hotel?
- Anong mga pagpapala ang dumating sa inyong buhay dahil hinangad ninyong ibahagi ang ebanghelyo sa iba?
- Anong mga sakripisyo ang hinihiling na gawin natin upang maibahagi ang ebanghelyo? Ano ang dapat nating ikilos sa paggawa ng gayong mga sakripisyo? Ano ang hinangaan ninyo sa pag-uugali ng binatang nagbalik mula sa digmaan at nagpunta sa misyon?
- Ano ang matututuhan natin mula sa Alma 17:2–3 tungkol sa kung paano ibahagi ang ebanghelyo nang may kapangyarihan at awtoridad?
- Bakit mahalaga ang pagsama ng Espiritu Santo upang tayo'y maging mga epektibong misyonero? Ano ang maaari nating gawin upang mapasaatin pa nang higit ang patnubay ng Espiritu habang ibinabahagi natin ang ebanghelyo?
- Paano natin mapaglalabanan ang ating pag-aatubili at takot sa pagbabahagi ng ebanghelyo?
- Bakit gayon kabisang kasangkapan sa pagtuturo ang ating halimbawa ng matwid na pamumuhay?

## *Mga Tala*


1. *Glimpses into the Life and Heart of Marjorie Pay Hinckley*, inedit ni Virginia H. Pearce (1999), 21–22.
2. Sa Conference Report, Abr. 1961, 35.
3. "Directs Church; Led by the Spirit," *Church News*, ika-15 ng Hulyo, 1972, 4.
4. *Ye Are the Light of the World* (1974), 24–25.
5. Sa Conference Report, Abr. 1961, 34.
6. " 'Wherefore, Now Let Every Man Learn His Duty, and to Act in the Office in Which He Is Appointed in All Diligence,' " talumpati sa pulong ng General Priesthood Board, ika-6 ng Nob. 1968, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 10.
7. Talumpati sa sesyon ng misyonero sa komperensiya ng istaka sa Brigham Young University, ika-19 ng Okt. 1957, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 3.
8. Sa Conference Report. Abr. 1947, 47–50.
9. Sa Conference Report, Abr. 1951, 33.
10. Talumpati sa mga guro ng institute ng relihiyon, ika-3 ng Peb. 1962, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 7- -8.
11. Sa Conference Report, Abr. 1961, 34–35.
12. Talumpati sa sesyon ng misyonero sa komperensiya ng istaka sa Brigham Young University, 5–6.
13. Talumpati sa sesyon ng misyonero sa komperensiya ng istaka sa Brigham Young University, 2–5.
14. " 'Therefore Hold Up Your Light That It May Shine unto the World,' " talumpati sa seminar ng mga kinatawan ng rehiyon, ika-1 ng Okt. 1969, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 3.
15. *Ye Are the Light of the World*, 12–13.
16. *By Their Fruits Shall Ye Know Them*, Brigham Young University Speeches of the Year (ika-12 ng Okt. 1954), 5.

# Pagbibigay sa Paraan ng Panginoon

*Paano tayo magagabayan at mapagpapala ng mga alituntuning inihayag ng Panginoon para sa temporal na kapakanan ng Kanyang mga Banal?*

## Pambungad

Habang naglilingkod bilang pangulo ng istaka noong panahon ng Matinding Kahirapan ng mga 1930, bumuo si Harold B. Lee ng samahan sa kanyang istaka upang maibsan ang nakaaawang kalagayan ng maraming miyembro. Sa huli'y nagunita pa niya: "Nagtalu-talo kami tungkol sa gawaing pangkapakanan. Kakaunti ang mga programa ng pamahalaan ukol sa trabaho; kakaunti ang salapi ng Simbahan. . . . At heto kami kasama ang 4,800 sa 7,300 mga tao [sa istaka] na lubusan o kahit paano'y umaasa sa tulong. Isa lamang ang maaari naming gawin, at iyon ay isagawa ang programa ng Panginoon batay sa nakasaad sa mga paghahayag."

Noong 1935, ipinatawag si Pangulong Lee sa tanggapan ng Unang Panguluhan at inatasang pamunuan ang pagsisikap na tulungan ang mga nangangailangan sa buong Simbahan, gamit ang kanyang naging karanasan sa kanyang istaka. Ito ang sinabi ni Pangulong Lee tungkol sa karanasang ito:

"Dahil sa munti naming pagsisikap kung kaya ipinatawag ako ng Unang Panguluhan sa kanilang tanggapan. Alam nilang mayroon kaming kaunting karanasan. . . . Sinabi nilang pamunuan ko ang kilos pangkapakanan upang mabago ang pagtanggap ng tulong mula sa pamahalaan at direktang tulong, at tumulong na ilagay ang Simbahan sa katayuan kung saan mapangangalagaan nito ang mga miyembrong nangangailangan.




Ang kamalig ng obispo para sa mga Istaka ng Pioneer at Salt Lake, Lungsod ng Salt Lake, Utah, 1933. Si Harold B. Lee ang pangulo ng Pioneer Stake noong panahong iyon.

"Kinaumagahan ay nagbiyahe ako (simula pa lamang ng tagsibol) sa gawing unahan ng City Creek Canyon na tinatawag noon na Rotary Park; at doon, habang nag-iisa, inalay ko ang isa sa pinakamapagpakumbabang dalangin sa aking buhay.

"Naroon ako, isang binata sa edad kong mga tatlumpu. Limitado ang mga naging karanasan ko. Isinilang ako sa isang maliit na bayan sa Idaho. Halos di pa ako nakalabas sa mga hangganan ng estado ng Utah at Idaho. At ang ilagay ako sa isang posisyon kung saan kailangan kong tulungan ang lahat ng miyembro ng Simbahan, sa buong daigdig, ay isa sa kagulagulantang na pagdidili-dili na di ko maubos maisip. Paano ko ito magagawa sa limitado kong pang-unawa?

"Habang nakaluhod ako, ang samo ko'y, 'Ano pong uri ng samahan ang dapat itatag upang maisakatuparan ang iniatas ng Panguluhan?' At dumating sa akin nang maluwalhating umagang iyon ang isa sa pinakamakalangit na pagkaunawa sa kapangyarihan ng pagkasaserdote ng Diyos. Tila may nagsasabi sa aking, 'Hindi kailangan ang bagong samahan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong ito. Ang tanging kailangan ay gamitin ang pagkasaserdote ng Diyos. Wala na kayong dapat pang ihalili.'

"Sa pamamagitan ng pang-unawang iyon, samakatwid, at sa simpleng paggamit sa kapangyarihan ng pagkasaserdote, mabilis na naisulong ang programang pangkapakanan at nalampasan ang mga hadlang na tila imposible noon. Hanggang sa ngayon tumatayo itong bantayog sa kapangyarihan ng pagkasaserdote, at ang katulad nito'y nakini-kinita ko lamang noong mga panahong iyon na aking nabanggit."[1]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Anu-ano ang pangunahing alituntunin sa gawaing pangkapakanan ng Simbahan?

Sa ika-104 na Bahagi ng Doktrina at mga Tipan,. . . naipaliwanag natin nang malinaw sa ilang salita ang Programang Pangkapakanan batay sa aking nalalaman. Ngayon pakinggan ang sabi ng Panginoon:

"Ako, ang Panginoon, ay pinalawak ang kalangitan, at ginawa ang lupa, gawa ng aking kamay; at lahat ng bagay rito ay akin. At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal."

. . .Narinig ba ninyo ang sinabi ng Panginoon?

"Layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin. Subalit ito ay talagang kinakailangang magawa sa aking sariling pamamaraan.". . .

"At masdan ito ang aking pamamaraan na ako, ang Panginoon, ay nag-utos na maglaan para sa aking mga banal."

Ngayon, tingnan ninyo ang kahalagahan ng isang pangungusap na ito:

"Upang ang mga maralita ay dakilain, sa gayon yaong mayayaman ay ibababa."

Iyan ngayon ang plano. . . . Nagpatuloy ang Panginoon sa pagsasabing:

"Sapagkat ang lupa ay sagana, at may sapat at matitira; oo, aking inihanda ang lahat ng bagay, at ibinigay sa mga anak ng tao na maging mga kinatawan ng kanilang sarili. Samakatwid, kung sinuman ang kukuha sa kasaganaan na aking ginawa, at hindi nagkakaloob ng kanyang bahagi, alinsunod sa batas ng aking ebanghelyo, sa mga maralita at nangangailangan, siya, kasama ng masasama, ay magtataas ng kanyang mga mata sa impiyerno dahil sa paghihirap." [D at T 104:14–18.]

. . .Ngayon, ano ang ibig niyang sabihin sa pariralang ito? Ang Kanyang pamamaraan ay, "upang ang mga maralita ay dakilain, sa gayon yaong mayayaman ay ibababa.". . .

Ang "dakilain" sa wika ng diksyunaryo, at ang pakahulugan na natitiyak kong nais iparating ng Panginoon ay: "Itaas nang may pagmamalaki at kagalakan sa tagumpay." Ganyan natin dapat itaas ang mga maralita, "nang may pagmamalaki at kagalakan sa tagumpay," at paano natin gagawin ito? Sa pagpapababa sa mayayaman.

Ngayon, huwag ninyong ipagkamali ang salitang "mayaman." Hindi iyan palaging nangangahulugan ng isang taong may maraming salapi. Maaaring walang salapi ang taong iyon, ngunit mayaman naman siya sa kakayahan. Maaaring mayaman siya sa

paghatol. Maaaring mayaman siya sa mabubuting halimbawa. Maaaring mayaman siya sa paniniwalang magiging mabuti ang lahat, at sa marami pang katangian na kailangan. At kapag sama-samang nagkaisa ang indibiduwal na mga miyembro ng korum ng Pagkasaserdote, karaniwa'y nakikita natin ang lahat ng kakaibang katangian na kailangan upang itaas ang mga nangangailangan at naliligalig nang may pagmamalaki at kagalakan sa tagumpay sa nagawa. Wala nang iba pang mas perpektong pagsasagawa ng plano ng Panginoon kaysa diyan.

Ngayon, tandaan din ninyo ito, na maraming ulit nang sinabi ng Panginoon sa atin na ang layunin ng lahat ng kanyang gawain ay espirituwal. Naaalala ba ninyo ang sinabi niya sa ika-29 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan?

"Dahil dito, katotohanang sinasabi ko sa inyo na ang lahat ng bagay sa akin ay espirituwal, at hindi kailanman ako nagbigay ng batas sa inyo na temporal; ni kanino mang tao, ni sa mga anak ng tao; ni kay Adan, na inyong ama, na aking nilikha" (Doktrina at mga Tipan 29:34).

. . .Ang lahat ba ng inyong ginagawa ay nakatuon sa kaluwalhatian ng indibiduwal na iyon, ang pagtatagumpay sa huli ng kanyang espirituwal na katauhan sa kanyang pisikal na katauhan? Ang buong layunin ng Panginoon sa buhay ay tulungan at gabayan tayo upang sa huling sandali ng ating buhay ay maihanda tayo para sa selestiyal na mana. Hindi ba't iyon nga 'yon? Maibibigay ba ninyo ang bawat basket ng pagkain na inyong ibibigay, magagawa ba ninyo ang bawat paglilingkod na inyong gagawin na taglay sa isipan ang dakilang layuning ito? Ito ba ang paraan ng paggawa nito upang matulungan ang aking kapatid na makamtan at mapanghawakan nang mas mainam ang kanyang selestiyal na mana? Iyan ang layuning itinakda ng Panginoon.[2]

Malaki ang kahalagahan ng programang pangkapakanan sa gawain ng Panginoon. Kailangan nating asikasuhin ang mga pangangailangan ng [mga tao] at ipatikim sa kanila ang uri ng kaligtasan na makakamtan nila nang hindi sila kailangang mamatay bago natin maiangat ang kanilang kaisipan sa mas mataas na antas. Dito nakasalalay ang layunin ng programang pangkapakanan ng Panginoon na inilagay Niya sa Kanyang Simbahan sa

bawat dispensasyon simula pa noong una. Hindi ito nagsimula noong 1936 lamang. Nagsimula ito noong umpisahang pangalagaan ng Panginoon ang Kanyang mga tao sa mundong ito.[3]

Kapag nawasak ang tahanan dahil sa mga pangangailangan sa pagkain at masisilungan at damit at panggatong,. . . ang unang dapat nating gawin ay ipadama na ligtas sila, na nasa ayos ang mga materyal na bagay, bago natin simulang iangat ang pamilya sa antas na maituturo natin sa kanila ang pananampalataya. Iyan ang simula, ngunit kung hindi natin alam ang layunin ng ating ginagawa hinggil sa pagkakaroon ng pananampalataya, ang pagbibigay ng materyal na tulong ay nabibigo. Ngayon, kailangan nating maunawaan na, kung sisikapin lamang nating palakasin ang pananampalataya nang hindi muna binubusog ang kanilang mga tiyan at tinitiyak na nadaramitan sila nang maayos at may maayos na tirahan at hindi giniginaw, marahil mabibigo tayo sa pagpapalakas ng pananampalataya.[4]

Madalas naming ulitin ang pahayag na ibinigay sa atin ni Pangulong [Heber J.] Grant nang pasimulan ang programang ito sa [pangkapakanan]. Ito ang kanyang mga salita. . .:

"Ang ating pangunahing layunin ay magtayo, sa abot ng ating makakaya, ng sistema kung saan mapapawi ang sumpa ng katamaran, mawawala ang kasamaan ng paglilimos, at minsan pang makintal sa ating mga tao ang pagtayo sa sariling paa, kasipagan, katipiran, at paggalang sa sarili. Ang layunin ng Simbahan ay tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang sarili. Ang trabaho ay dapat muling bigyan ng halaga bilang namamayaning alituntunin sa buhay ng mga miyembro sa ating Simbahan." [Sa Conference Report, Okt. 1936, 3.]

Naglakbay ako sa buong Simbahan sa kahilingan ng Unang Panguluhan. Kasama ko si Elder Melvin J. Ballard noong bago pa lamang ang programang pangkapakanan upang talakayin sa lokal na mga pinuno ng Simbahan ang mga detalyeng kailangan sa pagsisimula nito. Mayroon siyang tatlong paboritong talata sa mga banal na kasulatan na madalas niyang banggitin sa mga tao. Ang isang pahayag na madalas niyang banggitin ay ito: "Kailangan nating asikasuhin ang ating mga tao, dahil sinabi ng Panginoon na ang lahat ng ito'y dapat gawin upang: '. . .ang sim-

bahan ay makatayong malaya sa ibabaw ng lahat ng iba pang mga nilalang sa ilalim ng selestiyal na daigdig.' " (D at T 78:14.)

. . .[Binanggit din Niya] mula sa ikasandaan at labinlimang bahagi ng Doktrina at mga Tipan: "Katotohanang sinasabi ko sa inyong lahat: Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa," [at itinuro niya na] ito ang araw ng pagpapamalas ng kapangyarihan ng Panginoon sa kapakinabangan ng kanyang mga tao. [D at T 115:5.] At muli sa pagbanggit sa ikasandaan at apat na bahagi:

"Samakatwid, kung sinuman ang kukuha sa kasaganaan na aking ginawa, at hindi nagkakaloob ng kanyang bahagi, alinsunod sa batas ng aking ebanghelyo, sa mga maralita at nangangailangan, siya, kasama ng masasama, ay magtataas ng kanyang mga mata sa impiyerno, dahil sa paghihirap." [D at T 104:18.]

Binasa ko sa inyo ngayon ang mga pagbanggit na ito upang ipaaalala sa inyo ang mga batong pundasyon kung saan itinatag ang gawaing pangkapakanan ng Simbahan.[5]

---

## Ano ang maaaring gamiting mapagkukunan upang malutas ang problemang pangkapakanan ng indibiduwal?

Anu-ano ang mapagkukunan ng Simbahan, o maaari ninyong tawagin ang mga ito na ari-arian, upang malutas ang problemang pangkapakanan ng indibiduwal? Paano ninyo sisimulang lutasin ito? Halimbawang itanong ko ito sa inyo ngayon. Halimbawa ngayong gabi'y may natanggap na tawag ang isang ama ng isang pamilya samantalang nasa trabaho siya, hatid ang masamang balita na ang kanyang maliit na anak na lalaki ay nabundol ng isang kotse at isinugod sa ospital, at masama ang kalagayan. Napakaliit lamang ng kinikita ng pamilyang ito, halos sapat lamang upang tustusan ang pamilya sa pagkain at mga pangangailangan. Ngayo'y biglang naharap ang pamilya sa bayarin sa doktor at sa ospital—paano kaya ninyo lulutasin ito?

Natatakot ako na baka kung itatanong ko iyan sa inyo at ipasasagot ito sa inyo ngayon, karamihan sa inyo'y magsasabing: "Mangyari pa, gagamitin namin ang pondo ng handog mula sa ayuno." At hindi iyan ang paraan ng pagsisimula ng Programang

Pangkapakanan, at diyan tayo nagkakamali. Una sa lahat, magsisimula tayo sa indibiduwal mismo. Hindi tayo aalis sa puntong iyon hangga't hindi natin natutulungan ang indibiduwal na gawin ang lahat sa abot ng kanyang makakaya na lutasin ang kanyang sariling problema. Ngayon, maaari tayong itulak ng ating damdamin at pagkamahahabagin sa ibang konklusyon, ngunit iyan pa rin ang una sa lahat, at pagkatapos ay tutungo naman tayo sa malalapit na kamag-anak ng pamilyang iyon. Nawawala ang pagkakaisa ng pamilya, nawawala ang kalakasan na nagmumula sa pagkakaisa ng pamilya, kapag hindi tayo nagbigay ng pagkakataon at tumulong na magkaroon ng paraan upang makatulong ang malalapit na kamag-anak ng pamilyang iyon, na labis na nababahala.

Sa gayon, ang susunod nating hakbang ay humingi ng tulong sa kamalig para sa mga dagliang pangangailangan. Sa tahanang tulad ng aking inilarawan, gusto kong makita ninyo ang inam ng pagbibigay sa pamilyang iyon ng kasuotan, pagkain, mahihigan at panggatong na kakailanganin nila sa loob ng ilang buwan upang di na magastos pa ang salapi na mamarapatin nilang ipambayad sa biglaang gastusin sa ospital, sa halip na kumuha lamang sa mga handog mula sa ayuno at iabot sa kanila ang salapi mismo. . . .

Ngayon, kapag di pa sapat ang mula sa kamalig, ang susunod na gagawin, siyempre, ay irekomenda sa obispo ang paggamit ng pondo ng handog mula sa ayuno, na, ayon sa itinuro sa kanya, ay gagamitin muna mula sa ibinigay niya at ng kanyang mga pinuno. Dahil dito, kailangan nating bigyang-pansin ang paglikom ng handog mula sa ayuno at ang pagdaragdag ng mga handog mula sa ayuno, at pagtuturo ng batas ng pag-aayuno, na isa sa pinakamahalagang bahagi ng Planong Pangkapakanan. . . .

Ngayon, kasunod niyan, dadako na tayo sa pagsasaayos ng iba't ibang aspeto ng ating mga problema. Dito malaki ang gagampanang papel ng Samahang Damayan at ng mga korum ng Pagkasaserdote. Ano ngayon ang bahagi ng Samahang Damayan sa programa ng pagsasaayos? Mangyari pa, ang unang gagawin, sa pagdalaw ninyo sa tahanan ng nababagabag na pamilya, ay gawin ang hinihingi ng obispo, alamin ang mga kalagayan ng tahanan. . . .

Pupunta kayo doon para suriin, alamin ang mga kalagayan, at umorder mula sa kamalig, kung kailangang gawin iyan, at iulat sa inyong obispo ang mga kailangan ng pamilya para sa kanyang pahintulot at pagkuha mula sa kamalig, o mula sa mga pondong hawak niya, kung kailangan iyon. Ang pangalawang gagawin ninyo ay tiyakin na napag-aralan ang mga problema sa pamamahala ng tahanan, at makagawa ng mga direksiyon na makatutulong sa paglutas ng mga problemang naroon. Kailangang handa kayong tugunan ang mga biglaang pangangailangan, pagkakasakit, pagkamatay, at iba pang uri ng ganitong kondisyon sa tahanan, na mangangailangan ng pagdamay ng kapatid na babae na dapat ipadama ng Samahang Damayan. Pagkatapos, kailangan din na palagi ninyong palalakasin ang tiwala sa sarili ng mga tao sa bahaging ito ng programa. Kayo ang dapat na tumutulong, kayo ang dapat nagpapanatag sa situwasyon sa pamilya kapag may biglaang pangangailangan.[6]

Ngayon ang panahon para alamin ng mga miyembro ng pagkasaserdote ang kanilang pangkat ng korum. Dapat kilalanin ng bawat korum ang kanilang mga miyembro at ang mga kailangan nila at hanapin ang mga nakabaon sa utang at sa magiliw na paraan ay magmungkahi kung paano sila makaaahon sa pagkakautang. Higit kailanman ay kailangan ng tao ang isang kaibigan kapag siya'y naharap sa malaking problemang tulad nito. Ngayon ang panahon upang bigyan sila ng tatag ng loob na tumanaw sa hinaharap at magkaroon ng lakas na patuloy na sumulong. Hindi lamang natin dapat turuan ang mga tao na umahon sa pagkakautang kundi dapat din natin silang turuan na umiwas sa pangungutang.[7]

Umaasa kaming gagawin ng indibiduwal ang lahat upang tulungan ang kanyang sarli, maging ito ma'y biglaang pangangailangan ng isang pamilya o ng buong pamayanan, na gagawin ng mga kamag-anak ang lahat upang tumulong. Pagkatapos nito'y doon lamang kikilos ang Simbahan sa pamamagitan ng mga kalakal mula sa kamalig at mga handog mula sa ayuno upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan na hindi kayang tustusan ng mga kalakal mula sa kamalig, at sa huli, ang Samahang Damayan at mga korum ng pagkasaserdote ay tutulong sa pagsasaayos.[8]

## Paano makaaasa sa sariling kakayahan ang ating sambahayan?

Upang matustusan ng indibiduwal o ng pamayanan ang sarili nitong pangangailangan, ang sumusunod na limang hakbang ay dapat gawin:

Una: Kailangang walang katamaran sa Simbahan.

Ikalawa: Kailangan nating matutuhan ang aral ng sariling pagsasakripisyo.

Ikatlo: Kailangan nating mapagbuti ang sining ng pamumuhay at sama-samang paggawa.

Ikaapat: Kailangan nating pairalin ang kapatiran sa ating mga korum ng pagkasaserdote.

Ikalima: Kailangan nating magkaroon ng lakas-ng-loob na sagupain ang mga hamon ng pang-araw-araw na mga problema sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap hanggang sa maabot ng sukdulang mapagkukunan ng tao o pamayanan bago tawagin ang iba upang tulungan tayo sa paglutas.[9]

Laging tandaan na ang programang pangkapakanan ng Simbahan ay kailangang magsimula sa inyo mismo. Kailangan itong magsimula sa bawat miyembro ng Simbahan. Kailangan nating magtipid at mag-impok. . . . Kailangan ninyong kumilos para sa inyong sarili at makilahok bago maging aktibo sa inyong sariling sambahayan ang programang pangkapakanan. . . .

Patuloy. . .na tiyaking may pagkain sa inyong mga tahanan; at payuhan ang inyong mga kapitbahay at kaibigan na gayundin ang gawin, sapagkat nagkaroon [ng] pangitain ang isang tao at nalaman na kakailanganin ito, at kakailanganin ito sa hinaharap, at ito ang nakapagligtas sa ating mga tao noon.

Ngayon, huwag tayong maging hangal at akalain na dahil maayos ang mga bagay sa ngayon ay hindi magkakaroon ng problema sa hinaharap. Sinabi sa atin ng Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag ang ilang bagay na mangyayari, at nabubuhay tayo sa panahon kung kailan ang katuparan ng mga propesiyang iyon ay narito na. Nagugulantang tayo, bagamat walang nangyayari sa ngayon na hindi nakinita ng mga propeta. . . .

Tulungan nawa tayo ng Diyos na panatilihing maayos ang ating mga bahay at ituon ang ating mata sa mga namumuno sa Simbahang ito at sundin ang kanilang iniuutos, at hindi tayo maliligaw.[10]

Bigyan ninyo ako ng mga tao na "magtatrabahong mabuti" upang makaiwas sa mga gapos ng pagkakautang, at sama-samang gagawa sa di-makasariling paglilingkod upang makamtan ang isang dakilang layunin, at ibibigay ko sa inyo ang mga tao na nakamtan ang pinakadakilang posibleng kaligtasan sa daigdig ng mga tao at mga materyal na bagay.[11]

Ang mga kapahamakan ay nangyayari sa lahat ng dako. Ang isa sa pinakamatitinding kapahamakan [isang lindol] ay naganap sa San Fernando [California] Valley. Naligalig kami sa paglipas ng mga araw at wala kaming komunikasyon dahil nasira ang mga telepono, at walang paraan upang makabalita kung ano na ang nangyayari sa ating mga tao; kaya nakipag-ugnayan kami sa ating [pinuno ng pagkasaserdote] na nakatira sa labas ng lugar na nayanig ng lindol at nagtanong kung maaari niya kaming balitaan. At dumating ang balita, "Ligtas kaming lahat. Ginamit namin ang imbak na pagkain na aming naitabi. Nakapag-imbak din kami ng tubig." Ang dumadaloy na tubig ay di-maaaring inumin, at nabalisa ang mga tao at nalagay sa panganib dahil sa maruming tubig; ngunit ang mga taong nakinig ay nakapag-imbak ng tubig gayundin ng pagkain at iba pang bagay na tumutustos sa kanilang pangangailangan matapos ang lindol. At bagamat hindi naman lahat sa kanila ay may pagkain at walang tubig, ang mga nakinig at naghanda ay hindi natakot, at nagsama-sama sila sa kahanga-hangang paraan upang matulungan ang bawat isa.[12]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Sang-ayon sa paliwanag ni Pangulong Lee, ano ang paraan ng Panginoon sa pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan? (Tingnan sa D at T 104:14–18.)
- Ano ang ilang mapagkukunan natin na maaari nating ibahagi sa mga nangangailangan?

- Bakit kailangang nakatuon ang ating pagpupunyaging maglingkod sa mga maralita at nangangailangan sa pagtulong sa kanilang maghanda para sa buhay na walang hanggan? Paano natin magagawa ito?
- Bakit dapat gawin ng indibiduwal at ng mga pamilya ang lahat sa abot ng kanilang makakaya upang matulungan ang kanilang sarili? Anu-anong pagpapala ang dumarating sa mga pamilya na tumutulong sa kanilang sarili sa mga oras ng pangangailangan? Ano ang papel na ginagampanan ng mga korum ng pagkasaserdote at Samahang Damayan sa pagtulong sa mga nangangailangan?
- Ano ang ibig sabihin ng pag-asa sa sariling kakayahan? Anu-anong hakbang ang dapat nating gawin upang higit na maka-asa sa ating sariling kakayahan?
- Bakit napakahalaga ng kakayahan at kahandaang magtrabaho sa pag-asa sa sariling kakayahan? Paano natin matuturuang magtrabaho ang ating mga anak?
- Anu-anong pagpapala ang dumarating sa atin kapag nakikinig tayo sa payo ng ating mga pinuno na bayaran ang ating mga pagkakautang at maging matipid sa pangangasiwa ng ating salapi?

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1972, 123–24; o *Ensign*, Ene. 1973, 104.
2. "The Place of Relief Society in the Welfare Plan," *Relief Society Magazine*, Dis. 1946, 814–15.
3. "Let Others Assist You," talumpati sa pulong pangkapakanan, ika-4 ng Abr. 1959, salansan ng Historical Library, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 22.
4. "Place of Mothers in the Plan of Teaching the Gospel in the Home," *Relief Society Magazine*, Ene. 1965, 12.
5. Sa Conference Report, Abr. 1946, 69–70.
6. "The Place of Relief Society in the Welfare Plan," 812–13.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 315.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 306.
9. "What Is the Church Welfare Plan?" *Instructor*, Hulyo 1946, 316.
10. "Follow the Light," talumpati sa pulong pangkapakanan sa agrikultura, Abr. 1969, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4–5.
11. *Decisions for Successful Living* (1974), 202.
12. "Listen and Obey," talumpati sa pulong pangkapakanan sa agrikultura, ika-3 ng Abr. 1971, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4–5.

# Mag-ukol ng Panahon Upang Maging Banal

*Paano ang gagawin natin sa araw-araw upang espirituwal na mapakain ang ating sarili?*

## Pambungad

Madalas na ituro ni Pangulong Harold B. Lee ang kahalagahan ng espirituwal na pangangalaga sa ating sarili. Sinabi niya na ang katawan natin ay maihahambing sa mga kutang tanggulan (fortress) na kailangang palaging tustusan ng pangangailangan upang manatili itong malakas sa sandaling sumalakay ang kalaban.

"Ang mga kalaban ng inyong sariling 'kutang tanggulan' ay kapwa pisikal at espirituwal," paliwanag niya. Maaaring kabilang dito ang "di-inaasahang kalungkutan, kahihiyan ng pamilya, dagok sa inyong pananalapi, [kataksikan] ng isang itinuturing na kaibigan, o lihim na paglabag sa mga batas ng Diyos." Kapag nagaganap ang ganito sa ating buhay, kailangan natin ng "karagdagang panustos mula sa ating espirituwal na pinagkukunan. . . . Kung wala na kayong kaugnayan sa Simbahan dahil sa kapabayaan at nabawasan ang inyong pananampalataya sa Diyos, kung hindi ninyo naunawaan sa pamamagitan ng pag-aaral at pagkatuto ang paraan ng kapatawaran ng inyong kasalanan, o hindi ninyo nakamtan sa pamamagitan ng panalangin ang pang-unawa sa katiyakan ng gantimpala sa mga sakripisyo at pagdurusa, kung gayon ay nawalay kayo sa espirituwal na patnubay at ang lakas na kailangan ng inyong kaluluwa ay naubos na. . . . Ang inyong kutang tanggulan ay tiyak nang mabibihag ng mga puwersa ni Satanas. Sa gayo'y tulad kayo ng taong mangmang na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan, at nang dumating ang mga unos

ay kakila-kilabot ang pagbagsak nito. [Tingnan sa Mateo 7:24–27.]

"Kung kaya sumasamo ako sa inyo. . .na mamuhay nang maayos sa araw-araw upang makatanggap kayo mula sa bukal ng liwanag [ng] sapat na pangangalaga at lakas sa araw-araw na pangangailangan. Mag-ukol ng panahon upang maging banal sa bawat araw ng inyong buhay."[1]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano natin mapangangalagaan ang espiritu?

Sa loob ng bawat isa sa inyo ay may nananahan na espiritu na kamukhang-kamukha ng kabuuan ng inyong katawang pisikal. Upang mapanatili ang lakas at lusog ng inyong katawang pisikal, kailangan itong bigyan ng pagkain at inumin tuwi-tuwina. Ang bawat pangunahing selula ng inyong katawan ay kailangang konektado sa ugat upang mapanatili ang mahahalagang proseso ng buhay. Ang di pagpapanatili ng mga koneksiyong ito sa ugat o di pagtustos ng kailangang pagkain ay nagdudulot ng panghihina, pagtigil sa pag-unlad, karamdaman at sa huli'y kamatayan ng katawang pisikal.

Ang inyong katawang espirituwal ay nangangailangan ng pagkain sa tuwi-tuwina upang matiyak na malusog at malakas ito. Hindi matutugunan ng pagkain ng mundo ang pangangailangang ito. Ang pagkaing makatutugon sa inyong mga espirituwal na pangangailangan ay dapat magmula sa mga espirituwal na mapagkukunan. Ang mga alituntunin ng walang hanggang katotohanan, na nakapaloob sa ebanghelyo, at ang angkop na ehersisyo sa pamamagitan ng pakikisali sa mga espirituwal na gawain ay kailangan upang mabigyang-kasiyahan ang espiritu. Ang mahahalagang proseso ng espiritu ay pinananatili din sa pamamagitan lamang ng matalinong koneksiyon sa mga espirituwal na bukal ng katotohanan. Ang espirituwal na karamdaman at kamatayan, na nangangahulugan ng pagkawalay sa espirituwal na liwanag, ang tiyak na kasunod ng pagkawala ng inyong koneksiyon sa espirituwal na sentrong ugat, ang Simbahan ni Jesucristo.[2]



Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee: "Mamuhay nang maayos sa araw-araw upang makatanggap kayo mula sa bukal ng liwanag [ng] sapat na pangangalaga at lakas sa araw-araw na pangangailangan. Mag-ukol ng panahon upang maging banal sa bawat araw ng inyong buhay."

Napagbubuti natin ang ating espiritu sa pamamagitan ng pagsasanay. . . . Kailangan nating sanayin ang ating espiritu nang may pag-iingat tulad ng pagsasanay natin sa ating katawang pisikal, upang ganap tayong umunlad. Kailangan ng ating espiritu ang ehersisyo araw-araw sa pamamagitan ng panalangin, sa paggawa nang mabuti araw-araw, sa pagbabahagi sa iba. Kailangan nating pakainin ang ating espiritu araw-araw sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw, ng [gabing pantahanan ng mag-anak], ng pagdalo sa mga pulong, ng pagtanggap ng sakramento. Kailangan nating iwasan ang masasamang epekto na dumarating sa ating buhay kapag nalalabag natin ang isa sa mga utos ng Diyos. Ito'y parang lason sa ating katawang espirituwal. . . .

Ang mga pagsusuri sa ating espiritu ay dumarating kapag nakakaharap natin ang mga espirituwal na doktor ng Diyos—ang ating mga obispo, ating mga pangulo ng istaka, at paminsan-minsan ang mga Pangkalahatang Awtoridad sa mga panayam na palaging isinasagawa sa layuning tumulong sa paghahanda sa atin para sa espirituwal na pagsulong. Kailangan minsan, bilang resulta ng mga panayam na ito, na may isagawang ilang malalaking operasyon sa ating espiritu.[3]

Ang lahat ng labag sa kalooban ng Diyos ay tulad din ng lason sa inyong buhay espirituwal at kailangang talikuran tulad ng pagiwas ninyo sa mga may tatak na lason sa mga lagayan ninyo ng gamot sa tahanan.[4]

Sinisikap ng taong matwid na pagbutihin ang kanyang sarili dahil alam niyang kailangan niyang pagsisihan araw-araw ang kanyang mga pagkakamali o kapabayaan. Hindi siya gaanong nababagabag sa kung ano ang makukuha niya kundi higit sa kung gaano ang maibibigay niya sa iba, dahil alam niyang tanging sa landas na iyon niya matatagpuan ang tunay na kaligayahan. Sinisikap niyang gawin ang pinakamabuti sa araw-araw upang sa pagtatapos ng gabi ay mapatunayan niya sa kanyang kaluluwa at sa kanyang Diyos na lahat ng ginawa niya sa araw na iyon ay ginawa niya sa abot ng kanyang makakaya.[5]

**Paano napapangangalagaan ang espiritu ng pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath?**

Ang Linggo ay hindi lamang araw ng pamamahinga mula sa mga karaniwang pang-araw-araw na gawain. Hindi ito dapat ituring lamang na araw ng pagiging batugan at katamaran o kaya'y para sa kasiyahan at pagpapalayaw sa sarili. Ito'y araw ng piging para sa ating katawang espirituwal. Ang lugar sa espirituwal na piging ay sa bahay ng pagsamba. Dito'y matatagpuan ninyo ang pakikipagkapatiran sa mga taong tulad ninyo'y naghahangad din ng espirituwal na pagkain. Sama-sama kayong aawit at mag-uukol ng panalangin sa Kataas-taasan, at tatanggap ng banal na sakramento bilang paggunita sa inyong mga tungkulin bilang anak ng Diyos dito sa mortalidad at sa pag-alaala sa pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at upang muling mangako ng inyong katapatan sa kanyang pangalan. . . .

Maging sa tahanan man o sa simbahan, ang inyong kaisipan at kilos ay dapat palaging naaayon sa diwa at layunin ng Sabbath. Ang mga lugar ng libangan at aliwan, bagamat sa mga tamang pagkakataon ay nakatutugon sa pangangailangan, ay hindi naaayon sa espirituwal na pag-unlad. Ang gayong mga lugar ay hindi magpapanatili sa inyong "walang-bahid-dungis mula sa sanlibutan" at sa halip ay ipagkakait nito sa inyo ang "kabuuan ng mundo" na ipinangako sa mga sumusunod sa batas ng Sabbath. [Tingnan sa D at T 59:9, 16.] Kayo na naging ugali na ang paglabag sa Sabbath, sa kabiguan ninyong "panatilihin itong banal," ay nawawalan ng kaluluwang puno ng kagalakan bilang kapalit ng kaunting kasiyahan. Masyado ninyong binibigyang-pansin ang inyong mga pisikal na hangarin bilang kapalit ng inyong espirituwal na kalusugan. Ipinakikita kaagad ng mga lumalabag sa Sabbath ang mga palatandaan ng paghina ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapabaya sa kanilang araw-araw na panalangin ng mag-anak, sa paghahanap ng kamalian, sa hindi pagbabayad ng kanilang mga ikapu at mga handog. Ang gayong tao na nagsisimula nang magdilim ang isipan dahil sa espirituwal na pagkagutom ay nagsisimula na ring magkaroon ng mga pag-aalinlangan at takot na siyang dahilan ng kanyang pagiging di-karapat-dapat sa espiri-

tuwal na pagkatuto o pagsulong sa kabutihan. Ito ang mga palatandaan ng espirituwal na panghihina at espirituwal na karamdaman na magagamot lamang ng wastong pagpapakain sa espiritu.

Nawa'y huwag nating hangarin na bilang karagdagan sa ating mga gawain sa pagsamba sa Araw ng Panginoon ay mabawasan din ang nakayayamot na gawain sa tahanan, at sa labas ng tahanan lamang gawin ang mahahalagang gawain. Gawin itong araw na may panalangin at taimtim na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng iba pang mabubuting aklat. Habang napupuno ng kagalakan sa Sabbath, sumulat ng liham sa inyong kasintahan o sa mahal sa buhay o kaibigan na nasa malayo na maaaring nangangailangan ng inyong espirituwal na kalakasan. Gawing lugar ng pag-aawitan at pagtugtog ng magagandang musika na naaayon sa diwa ng araw na iyon ang inyong mga tahanan. Sa pagtatapos ng gabi habang nagtitipon kayong pamilya o kasama ang mga kaibigan, talakayin ang mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo at tapusin ito sa pamamagitan ng panalangin ng mag-anak. Napag-alaman ko batay sa aking karanasan na ang paramdam ng konsiyensiya sa matapat na miyembro ng Simbahan ang pinakaligtas na palatandaan ng kung ano ang labag sa diwa ng pagsamba sa Araw ng Sabbath.

. . .Ngunit huwag ninyong akalain na ang mahigpit na pagtupad sa batas ng Sabbath lamang ay sapat na upang panatilihing malusog ang inyong espiritu. Ang bawat araw ng linggo ay kailangang magbigay ng pagkain sa inyong espiritu. Ang mga lihim at pangmag-anak na panalangin, ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagmamahalan sa inyong tahanan at ang araw-araw na di-makasariling paglilingkod sa iba ay tulad ng tinapay na mula sa langit na magpapakain sa inyong kaluluwa. Ang pagdaraos ng lingguhang Gabing Pantahanan ng Mag-anak ay isa pang malakas na puwersa sa kabutihan sa tahanan. . . .

Kung kaya sumasamo ako sa inyo na huwag ipagkait sa inyong espiritu ang mahalagang kalakasan na iyon sa pamamagitan ng paglabag sa Araw ng Sabbath, sa halip ay taos-puso ko kayong hinihimok na mamuhay nang karapat-dapat sa bawat araw upang makatanggap kayo mula sa bukal ng liwanag, ng sapat na pangangalaga at kalakasan sa araw-araw na pangangailangan.[6]

**Paano tayo espirituwal na nabibiyayaan ng pag-aayuno at pagbabayad ng handog mula sa ayuno?**

Tinanong ko ang sarili ko, "Ano ang batas ng pag-aayuno?" at nakita kong ipinaliwanag ito ni Pangulong Joseph F. Smith sa mga salitang ito na sa palagay ko ay binigyan ng higit na napakainam na pakahulugan:

"Samakatwid ay tungkulin ng bawat Banal sa mga Huling Araw na ibigay sa kanyang obispo, sa araw ng ayuno, ang pagkain na kakainin sana niya at ng kanyang pamilya sa araw na iyon, upang maibigay ito sa mga maralita para sa kanilang kapakinabangan at pagpapala; o kaya, bilang kapalit ng pagkain, ang halagang katumbas nito, o, kung mayaman naman ang tao, ang bukas-palad na donasyon, sa salapi, ay dapat itabi at ilaan sa mga maralita." [*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon (1939), 243.]

Matapos iyon ay tinanong ko ang aking sarili, "Ano ang mga pagpapalang ipinangako sa atin ng Panginoon dahil sa pag-aayuno at pagbabayad ng handog mula sa ayuno?" Ibinigay sa akin ni Pangulong [Heber J.] Grant sa isang pahiwatig na nakatala, ang mga sagot na ito: una, ang pinansiyal na pagpapala at kasunod nito, ang espirituwal. Ito ang sabi niya, hinggil sa pinansiyal na pagpapala:

"Hayaan ninyong ipangako ko sa inyo ngayong araw na ito na kung mula sa araw na ito ang mga Banal sa mga Huling Araw ay buong katapatan at may-kaalamang susundin ang buwanang pag-aayuno at babayaran sa kamay ng kanilang mga obispo ang totoong halaga na gagastusin sana nila sa pagkain ng dalawang kainan na kanilang ipinagpaliban. . .ay mapapasaatin ang lahat ng salaping kailangan upang mapangalagaan ang lahat ng tamad at mga maralita." [*Gospel Standards*, tinipon ni G. Homer Durham (1941), 123.]

Ito naman ang sabi niya hinggil sa mga espirituwal na pagpapala:

"Ang bawat nabubuhay na kaluluwa sa mga Banal sa mga Huling araw na nag-aayuno sa loob ng dalawang kainan minsan sa isang buwan ay magkakaroon ng espirituwal na pakinabang at magkakaroon ng pananampalataya sa ebanghelyo ng

Panginoong Jesucristo—espirituwal na makikinabang sa kagila-gilalas na paraan." [*Gospel Standards*, 123.]

Habang binabasa ko ang pahayag na iyon, naalala ko ang sinabi ng Propetang Isaias hinggil sa mga pagpapalang darating sa taong mag-aayuno at magbabahagi ng tinapay sa nagugutom. . . . Narito ang apat na kagila-gilalas na mga espirituwal na pangako na ginawa ng Panginoon sa mga mag-aayuno at magbabahagi ng kanilang tinapay sa mga nagugutom; batay sa nakasulat sa Isaias, ang unang pangako:

"Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod."

Pagkatapos ay nangako ang Panginoon:

"Kung magkagayo'y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako."

At muling nangako ang Panginoon:

"At kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat."

At sa huli, ang pangakong ito:

"At papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat." [Isaias 58:8–11.]

Ang mga pagpapalang iyon na isinalin sa mga kaganapan at problema ng buhay ay maliwanag na inilalarawan sa isang pangyayaring isinalaysay ng isa sa ating mga pangulo sa misyon sa mga Pangkalahatang Awtoridad ilang taon na ang nakalilipas. Samantalang nabubuhay kaming balisa noong mga panahong iyon ng digmaan, ikinuwento ng amang ito ang pangyayari:

Araw ng ayuno noon. Maaga siyang gumising, ginawa ang mga trabaho sa bukid, at nag-uukol na siya ngayon ng ilang minuto,

sa kanyang bukirin bago sumapit ang oras ng pagpunta sa maagang pulong ng Pagkasaserdote. . . .

Nang umagang iyon habang naglalakad siya sa bukid, hindi nakatuon ang kanyang isipan sa kanyang dalawang anak na lalaki na nasa digmaan, ngunit, walang anu-ano, may nagpatigil sa kanya habang naglalakad siya sa bukid. May nadama siyang napakasamang impresyon, na may masamang nangyayari sa isa sa mga anak na lalaki. Bumalik siya sa bahay. Sabi niya, "Hindi lamang ako lumakad, tumakbo pa ako, at tinawag ko ang aking pamilya sa sala, at sinabi sa kanila, 'Ngayon, ayaw kong ang sinuman sa aking pamilya ay kakain ng kahit isang subo sa araw na ito, gusto kong mag-ayuno kayo, at gusto kong manalangin kayo, at gusto kong lumuhod kayo dito na kasama ko at manalangin tayong mag-anak. Nagkaroon kasi ako ng impresyon na may masamang nangyayari sa isa sa mga anak ko na nasa digmaan.' "

Kaya nagtipon sila at umusal ng kanilang pang-umagang panalangin. Nag-ayuno sila, at hindi tumigil sa kanilang pag-aayuno, sa halip ay nagpatuloy sila sa pag-aayuno pagkatapos ng araw na iyon. Lumipas ang sampung araw ng pagkabalisa, pagkatapos ay dumating, sa pamamagitan ng Red Cross, ang balita na kinaumagahan (at nang matantiya nila ang kaibahan sa oras, iyon din mismo ang sandaling nakatanggap ng impresyon ang ama), ang kanyang anak na lalaki pati na ang kasamahan nito'y nahulog sa "patibong" at ang katawan ng kanyang kasama ay talagang sumambulat, at ang batang ito'y lubhang nasalanta at nalagay sa bingit ng kamatayan.

Pag-aayuno at panalangin—"Kung magkagayo'y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako."[7]

---

## Paano tayo higit na inilalapit sa Panginoon ng pagmumuni-muni?

Sabi ni Pangulong [David O.] McKay, "Hindi tayo nag-uukol ng sapat na oras sa pagmumuni-muni." Gumigising ako nang maaga. . ., mga alas singko, habang malinaw pa at nakapahinga ang

utak ko at espiritu. Pagkatapos ako ay nagmumuni-muni. Mas magiging malapit kayo sa Panginoon kapag natuto kayong magmuni-muni. Hayaan ninyong maturuan ng Espiritu ang inyong espiritu.[8]

Hindi malilimutan ng Labindalawa ang payo ni Pangulong David O. McKay sa aming pulong ng kapulungan isang umaga nang binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pag-uukol ng oras sa pagmumuni-mini upang manatili tayong naaayon sa espiritu. . . . "Mahalagang tumugon sa mga bulong ng Espiritu at alam natin na kapag dumating ang mga bulong na ito, ito'y kaloob at ating pribilehiyo na dapat nating tanggapin. Dumarating ang mga ito kapag nakapahinga tayo at hindi nagagambala ng mga tipanan."

Matapos iyon ay isinalaysay ng Pangulo ang isang karanasan sa buhay ni Bishop John Wells, dating miyembro ng Namumunong Obispado. Ang isang anak na lalaki ni Bishop Wells ay napatay sa Emigration Canyon sa riles ng tren. . . . Nasagasaan ng tren ang kanyang anak. Hindi mapanatag si Sister Wells. Nagdalamhati siya sa loob ng tatlong araw bago ang libing, walang natanggap na kaaliwan sa libing, at tila mabigat ang iniisip. Isang araw matapos ang libing, habang nakahiga siya sa kanyang kama na nagpapahinga, at nagdadalamhati pa rin, sinabi niyang nagpakita sa kanya ang kanyang anak at nagsabing, "Inay, huwag kayong magdalamhati. Huwag kayong umiyak. Nasa maayos po akong kalagayan." Sinabi niya sa ina na hindi nito nauunawaan kung paano naganap ang sakuna. Ipinaliwanag niya na nagbigay siya ng hudyat sa inhinyero na magpatuloy at pagkatapos tulad ng dati ay sinikap niyang abutin ang hawakan ng tren, ngunit nang tangkain niyang gawin iyon ay naipit ang kanyang paa sa isang kahoy at hindi niya nagawang abutin ang hawakan at ang kanyang katawan ay pumasok sa ilalim ng tren. Malinaw na aksidente iyon. Sinabi niya na noong sandaling malaman niya na nasa ibang kapaligiran siya ay sinubukan niyang hanapin ang kanyang ama ngunit hindi niya makausap ito. Masyadong abala ang kanyang ama sa mga gawain sa opisina kung kaya hindi siya makatugon sa kanyang tawag; kung kaya nagpunta siya sa kanyang ina at si-

nabi niya sa ina na, "Sabihin n'yo po sa Itay na nasa maayos akong kalagayan. Ayaw ko na pong mamighati pa kayo."

Pagkatapos ay sinabi ni Pangulong McKay na ang punto niya ay mas madali nating madama ang mga bagay na iyon kapag nagpapahinga tayo sa isang pribadong silid. Sa pagkakaalam niya ang pinakamaiinam na kaisipan ay dumarating pagkagising niya sa umaga habang nagpapahinga at iniisip niya ang mga gagawin sa maghapon. Doon dumarating nang malinaw ang mga impresyon na tila nakaririnig siya ng tinig at ang mga impresyong iyon ay tama. Kapag nababagabag tayo sa isang bagay at balisa ang ating pakiramdam, ang mga impresyong iyon ay hindi dumarating. Kung namumuhay tayo sa paraan na hindi magulo ang ating isipan at malinis ang ating konsiyensiya at maganda ang pakiramdam natin sa isa't isa, ang pagkilos ng espiritu ng Panginoon sa ating espiritu ay katulad lamang ng pagdampot natin sa telepono; ngunit kapag dumating ang mga ito, tandaan ninyo ito, kailangang malakas ang ating loob upang gawin ang mungkahing hakbang. . . .

Sana ay matandaan ninyo iyan—gayundin ang gawin ninyo. Mag-ukol ng oras sa pagmumuni-muni. Maraming ulit kayong makasasagupa ng mga problema, na ang mga kalutasan ay malalaman sa espirituwal na paraan.[9]

Huwag maging masyadong abala na wala na kayong panahon para magmuni-muni. Mag-ukol ng panahon. Ang pinakamahalagang patotoo ay di nakikita ng mga mata, kundi sa pamamagitan ng patotoo sa kalooban. Maaaring mas malapit si Cristo kaysa sa batid natin. "Ako ay nasa gitna ninyo, at hindi ninyo ako nakikita. Ang Espiritu Santo ang nagbibigay ng tiyak na patotoo. Ang aking mga mata ay nakatuon sa inyo. Ang araw ay malapit nang dumating at malalaman ninyo na ako nga." [Tingnan sa D at T 38:7–8.][10]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit kailangan tayong mag-ukol ng panahon na pangalagaan ang ating espiritu? Ano ang maaari nating gawin sa bawat araw upang maragdagan ang ating espirituwalidad?
- Ano ang maaaring humadlang sa ating pagpupunyaging pangalagaan ang ating espiritu?
- Paano natin magagawa ang ating tahanan na lugar kung saan pinangangalagaan ang espirituwalidad ng bawat miyembro ng pamilya?
- Sa anu-anong paraan nakatulong sa inyong espirituwal na pag-unlad ang paggalang sa araw ng Sabbath? Anu-anong gawain sa Sabbath ang nakatutulong sa inyo at sa inyong pamilya sa pagpapanatili ng diwa ng pagsamba sa buong maghapon? Kapag nilalabag natin ang Sabbath, bakit tayo "nawawalan ng kaluluwang puno ng kagalakan bilang kapalit ng kaunting kasiyahan"?
- Anu-anong pagpapala ang dumarating sa mga nag-aayuno? (Tingnan sa Isaias 58:8–11.) Paano ninyo nakitang natupad ang mga pagpapalang ito?
- Ano ang natutuhan natin mula sa kuwento ni Bishop John Wells tungkol sa kahalagahan ng pag-uukol ng panahon sa pagmumuni-muni sa mga espirituwal na bagay? Sa anu-anong paraan ninyo naiangkop ang pagmumuni-muni sa mga espirituwal na bagay sa inyong buhay?

### *Mga Tala*

1. *Decisions for Successful Living* (1973), 149–50.
2. *Decisions for Successful Living*, 145.
3. "Learning the Gospel by Living It," talumpati sa ika-52 taunang kumperensiya ng Primarya, ika-3 ng Abr. 1958, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 5–7.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 264.
5. *Stand Ye in Holy Places*, (1974), 333.
6. *Decisions for Successful Living*, 146–50.
7. "Fast Offerings and the Welfare Plan," *Relief Society Magazine*, Dis. 1952, 799–801.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 130.
9. "With Love Unfeigned," talumpati sa seminar ng mga kinatawan ng rehiyon, ika-3 Abr. 1969, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 5–6.
10. Talumpati sa pulong ng mga manggagawa sa Templo sa Provo, ika-9 ng Hulyo, 1972, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 10.

# Pamumuhay sa Batas ng Kalinisang-Puri

*Ano ang maaari nating gawin upang mapangalagaan ang kalinisang-puri ng ating sarili at ng ating pamilya?*

## Pambungad

"Kung nais ninyong mapasainyo ang mga pagpapala ng Espiritu ng Panginoon, kailangan ninyong panatilihin ang inyong katawan, ang templo ng Diyos, na malinis at dalisay," sabi ni Pangulong Harold B. Lee.[1]

Ginamit niya ang isang liham ng pamimighati mula sa isang lalaking lumabag sa batas ng kalinisang-puri upang ilarawan ang kahalagahan ng payong ito: "Noong tinatamasa ko pa ang Espiritu ng Panginoon at ipinamumuhay ang ebanghelyo, ang mga pahina ng banal na kasulatan ay nabubuksan sa akin nang may bagong pang-unawa at ang kahulugan ng mga pahina ng banal na kasulatan ay bigla na lamang dumarating sa aking kaluluwa. Ngunit mula noong mahatulang itiwalag, hindi ko na maunawaan ang binabasa ko; may alinlangan na ako kapag binabasa ko ang mga talata na noo'y inakala kong nauunawaan kong mabuti. Nasisiyahan ako noon sa pagsasagawa ng mga ordenansa ng ebanghelyo para sa aking mga anak, na basbasan ang aking mga anak, binyagan sila, pagtibayin sila, mangasiwa sa kanila kapag sila ay may sakit. Ngayo'y naroon lamang ako sa isang tabi at sinasaksihan ang ibang tao na nagsasagawa ng mga ordenansang iyon. Dati'y nasisiyahan ako sa pagpunta sa templo, ngunit ngayo'y nakasara ang mga pintuan ng templo sa akin. Dati'y nagrereklamo ako nang kaunti tungkol sa mga kontribusyon na hinihiling ng Simbahan, sa pagbabayad ng ikapu, pagbabayad ng mga handog mula sa ayuno, pagbibigay ng kontribusyon doon at dito. Ngayon bilang natiwalag na miyem-

bro, hindi ako pinahihintulutang magbayad ng ikapu; nakasara na ngayon ang mga kalangitan sa akin dahil hindi ako makapagbayad ng ikapu. Hindi na ako kailanman sa buong buhay ko muling magrereklamo sa mga kahilingan ng Simbahan na magsakripisyo ng aking kabuhayan. Napakabait ng mga anak ko sa akin, ngunit alam kong sa kaibuturan ng kanilang kaluluwa, ikinahihiya nila ang ama na ang pangalan ay kanilang taglay."[2]

Sabi ni Pangulong Lee, "Ang lalaki o babae na ang mata ay nakatuon sa walang hanggang layunin ng buhay na walang hanggan, ay tunay na mayaman, dahil ang kanyang buong kaluluwa ay nasisindihan ng apoy na ipinagkakaloob sa tao na napanatiling karapat-dapat ang kanyang buhay."[3]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Bakit mahalagang sundin ang batas ng kalinisang-puri?

Upang mapagsama ang lalaki at babae sa sagradong ugnayan na ito ng kasal, kung saan inihahanda ang mga katawang lupa bilang tabernakulo para sa mga espiritung mula sa langit, inilagay ng Panginoon sa kaibuturan ng bawat binata at dalaga ang hangaring makasama ang isa't isa. Ang mga ito'y sagrado at banal na simbuyo ng damdamin ngunit tunay na napakalakas. Upang hindi maging mababa ang tingin sa buhay o kaya'y maabuso ang mga prosesong ito ng buhay para lamang bigyang-kasiyahan ang mga pita ng tao, inilagay ng Diyos sa kategoriya ng mabibigat na krimen na ibinabala sa atin sa Sampung Utos ang, una, pagpatay, at ikalawa lamang dito, ang seksuwal na kahalayan. "Huwag kang papatay! Huwag kang mangangalunya!" (Tingnan sa Exodo 20:13–14.). . . Pinapayuhan kayo ng Simbahan na maging mayumi sa inyong pananamit at kilos at iwasan ang masasamang kaisipan na mag-uudyok sa inyong mga labi na magsalita ng kahalayan at upang maging masama at masagwa ang inyong paguugali. Upang makamtan ang buong kaligayahan sa banal na kasal, ang mga bukal ng buhay ay kailangang panatilihing dalisay.[4]

Maging banal. Isa ito sa mga pinakadakilang kautusan.

"Punuin din ang iyong sisidlan ng pag-ibig para sa lahat ng tao, at sa sambahayan ng pananampalataya, at puspusin ng ka-

banalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at ang doktrina ng pagkasaserdote ay magpapadadalisay sa iyong kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit.

"Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan; at ang iyong pamamahala ay magiging walang hanggang pamamahala, at sa walang sapilitang pamamaraan ito ay dadaloy sa iyo magpakailanman at walang katapusan." (D at T 121:45–46.)

Ngunit hindi kailanman tayo magkakaroon sa mundong ito ng kapangyarihan, ng lakas, ng pagsama ng Espiritu Santo maliban na natutuhan nating maging banal sa isip, sa pag-uugali, at sa ating kilos.[5]

Isuot ninyo ang baluti ng kabutihan. Huwag magpatukso sa sandali ng kahinaan. Pangalagaan ang moog na iyan ng kadalisayan. Ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo, kung pananatilihin ninyo itong malinis at dalisay.[6]

Ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri nang higit na perpekto kaysa ginawa ninyo noon, sa pamamagitan ng pag-iisip ng mga dalisay na kaisipan. Tandaan ang sinabi ng Guro, "Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso" (Mateo 5:27–28). Ngayon, kailangang maging dalisay ang ating mga kaisipan. Paglabanan ang anumang nakaugalian ninyo na maaaring humantong sa mga imoral na gawa, at iwasan ang imoralidad na maaaring sumira sa inyong buhay.[7]

---

## Anu-ano ang ibubunga ng paglabag sa batas ng kalinisang-puri?

Hindi kailanman nagkaroon noon ng gayong hamon sa doktrina ng kabutihan at kadalisayan at kalinisang-puri. Ang mga pamantayan ng kagandahang-asal ay iginuguho ng mga kapangyarihan ng kasamaan. Wala nang mas mahalaga pa tayong magagawa maliban sa ituro nang may kapangyarihan, sa paggabay ng

Espiritu ng Panginoon, hanggang sa abot ng ating makakaya at himukin ang ating mga tao sa daigdig na mamuhay nang malapit sa Panginoon sa oras na ito ng matinding tukso.[8]

Ang pinakamalaking banta ngayon ni Satanas ay sirain ang pamilya, at kutyain ang batas ng kalinisang-puri at ang kabanalan ng tipan ng kasal.[9]

Isa sa aming komperensiya ng istaka ang nagtapos sa pamamagitan ng isang kawili-wiling mensahe kamakailan lamang. . . . Nang tumayo ang pangulo ng istaka upang tapusin na ang komperensiya, tumingala siya sa balkonahe na puno ng mga kabataan at nagsabing, "May gusto akong sabihin sa inyong mga kabataan na nariyan sa balkonahe. Marahil habang ako ang pangulo ng inyong istaka, bawat isa sa inyo'y lalapit sa akin para sa panayam—tulad ng pagsulong sa pagkasaserdote, o para sa ilang katungkulan kung saan kayo tinawag, o para sa mga rekomendasyon sa templo—at kabilang sa maraming bagay ay ang mapanuring tanong na itatanong ko sa inyo. Malinis ba ang inyong puri? Kung matapat kayong makasasagot nang, 'Opo, Pangulo, malinis ang aking puri,' magiging masaya kayo. Kung ang isasagot ninyo'y, 'Hindi po,' kayo'y magiging malungkot; at kung magsisinungaling kayo sa akin, mapupuno ng kapaitan ang inyong kaluluwa habang kayo'y nabubuhay.". . .

Balang-araw makakaharap [natin] ang ating Manlilikha at tulad ng sabi ni Moroni—at medyo matinding salita ito—sabi niya, "Inaakala ba ninyo na magiging maligaya kayo na manahanan kasama ang Banal ng Israel habang ang inyong mga kaluluwa ay ginigiyagis ng kabatiran ng inyong pagkakasala?" Sabi niya, "Mas magiging masaya kayo na mamuhay sa piling ng mga isinumpang kaluluwa sa impiyerno kaysa sa kinaroroonan ng Banal ng Israel habang marumi kayo." [Tingnan sa Mormon 9:3–4.][10]

Kapag nilalabag natin ang mga kautusan, sinasaktan natin ang ating sarili at ang ibang tao. Ang pagkakamali ay kadalasang nagbubunga ng kalungkutan, poot, o paglayo, kundi tayo magsisisi. Sa katunayan, nababawasan ang ating pagpapahalaga sa sarili; pinabababa natin ang papel na ating ginagampanan bilang mga anak ng Diyos; maaaring sikapin nating takasan ang katotohanan ng kung sino tayo talaga!

Kapag nagkakasala tayo nababawasan ang ating pagiging epektibong miyembro ng pamilya ng sangkatauhan. . . Maaaring masira natin ang iba; maaari pa tayong gumanti sa pamilya ng sangkatauhan sa baluktot na paraan na siyang magiging kabiguan natin, at sa gayon ang paghihirap ng tao ay nadaragdagan. Ang karumihan ng puri ng mga magulang ay makapagdudulot ng magkakarugtong na reaksiyon na maaaring lumaganap sa mga henerasyon, bagaman maaaring maiba ang uri ng galit at poot ng mga bigong anak. Ang kawalan ng pagmamahalan sa tahanan ay lumilikha ng mga reaksiyon na nakaaapekto sa ating lahat; malaki ang kabayaran ng sangkatauhan sa ganitong uri ng kabiguan. Ano ang higit na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng pamilya ng sangkatauhan maliban sa pagiging malinis natin, upang magkaroon ng pagmamahalan sa tahanan—sa katunayan, upang masunod ang bawat kautusan?[11]

Walang sinumang lalaki o babae na may mataas na katungkulan sa simbahan ngunit hindi nakaaabot sa mga pamantayang inaasahang ipamuhay niya ang hindi makatatangay ng maraming tao na nagtiwala sa kanya. Nasugatan niya ang kanilang konsiyensiya; natangay niya pababa ang mga mas mahihina sa pananampalataya at binibilang ng marami ang araw ng kawalan nila ng pagmamahal sa simbahang ito kapag ang isang sinaligan nila ay hindi nakaabot sa pamantayan na inaasahan nilang mapananatili ng taong iyon.[12]

Nabigyang-diin ko na ang kasamaan ng kasalanan; na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan at sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, kayo na mga nagkasala ay matatagpuan ang kapatawaran at landas tungo sa kagalakan sa buhay na ito at kabuuan ng buhay sa kabila sa pamamagitan ng tunay na pagsisisi.[13]

---

**Ano ang responsibilidad ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote na may kaugnayan sa batas ng kalinisang-puri?**

Mga kapatid, kailangan tayong magpasiya muli na susundin natin ang batas ng kalinisang-puri: at kung nakagawa man tayo ng mga kamalian, simulan natin ngayon na ituwid ang mga pagkakamaling ito. Lumakad tayo palapit sa liwanag; at sumasamo

ako sa inyo, mga kapatid, huwag ninyong abusuhin ang kahanga-hangang pagkakataon na nasa inyo bilang kalalakihan. Kayo na maaaring maging katuwang ng Manlilikha sa paglalang ng mga kaluluwa ng tao ay, sa pamamagitan ng isang uri ng pakikipag-ugnayan na labag sa batas, maaaring magdudulot lamang ng kahihiyan at wawasakin ang puso ng inyong asawa at mga anak. Mga kapatid, sumasamo kami sa inyo na panatilihing malinis ang inyong pagkatao, at lumakad sa landas ng katotohanan at kabutihan, at sa gayon ay makamtan ang papuri ng Ama sa Langit sa inyo na kanyang mga anak.[14]

Nais kong bigyang-babala ang malaking pangkat na ito ng pagkasaserdote laban sa malaking kasalanan ng Sodoma at Gumora, na tinaguriang kasalanan na pumapangalawa lamang sa mabigat na kasalanan ng pagpatay. Ang tinutukoy ko ay ang kasalanan ng pangangalunya, na, tulad ng alam ninyo, ay siyang ipinangalan ng Guro nang banggitin Niya ang di-pinahihintulutang seksuwal na kasalanan ng pakikiapid gayundin ng pangangalunya. Bukod pa rito, ang kasing-bigat na kasalanan ng homoseksuwalidad, na tila lumalaganap dahil sa pagtanggap ng lipunan ng Babilonia sa daigdig, na hindi dapat kapalooban ng mga miyembro ng Simbahan.

Bagama't nasa mundo tayo, hindi tayo kailangang maging makamundo. Ang anumang pagtatangka ng mga paaralan o bahay-aliwan upang iwagayway ang mga seksuwal na kasalanan, na wala namang ginawa kundi ang pukawin ang pag-eeksperimento, ay kailangang [kalabanin] ng pagkasaserdote ng simbahang ito nang buong-lakas at walang-tigil, habang gamit ang lahat ng paraan na naaayon sa batas.[15]

Kapag itinuring ng isang anak ng Diyos, lalo na ng nagtataglay ng pagkasaserdote at aktibo noon pa man sa Simbahan, na laruan lamang ang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos na kapangyarihan sa paglikha o kaya'y itinuring ang kanyang kaugnayan sa kanyang kasintahan bilang pagbibigay kasiyahan lamang sa kanyang pagnanasa sa laman, siya ay naglalaro ng laro ni Satanas. Alam ni Satanas na ang gayong pag-uugali ay tiyak na paraan ng pagsira sa kapinuhan na kailangan sa pagtanggap ng pagsama ng Espiritu ng Panginoon.[16]

## Paano matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak upang maunawaan at maipamuhay ang batas ng kalinisang-puri?

Ang pinakamabisang pagtuturo sa simbahan ngayon ay ginagawa sa pamilya kung saan ang responsibilidad ng ama at ina sa tahanan ay ituro ang pangunahing alituntunin sa kanilang mga anak habang maliliit pa ang mga ito: ang pananampalataya, pagsisisi, pananalig sa Tagapagligtas, ang mga sinaunang alituntunin ng kalinisang-puri, kabanalan, dangal, at iba pa. Ang pinakamalakas na puwersang hahatak sa mga bata upang malayo sa mga bagay na ito ng mundo ay ang takot na mawala sila sa kinalalagyan sa samahan ng walang hanggang pamilya. Kung naturuan sila mula sa kanilang pagkabata na mahalin ang pamilya at igalang ang tahanan, magdadalawang-isip sila bago nila naising gawin ang bagay na habampanahong hahadlang sa kanilang pagiging kabilang sa walang hanggang tahanan ng pamilya. Sa atin, ang kasal, pagkakaroon ng mga anak, kalinisang-puri, at kabanalan ay ilan sa pinakamahahalagang katotohanan na nasa atin—ang pinakamahahalagang bagay.[17]

Tiniyak ba natin na sa pag-unlad ng munting kaluluwang ipinagkatiwala sa atin, na hindi natin siya kailanman iniwan nang hindi ginagamit ang kahustuhan natin sa gulang upang turuan siya "kung paano" kumilos batay sa ating karanasan. Itinatag ba natin, sa kanyang paglaki, ang pundasyon at balangkas ng matibay, matagumpay, at maligayang buhay, o ipinaubaya natin ang lahat sa kawalang-katiyakan ng pagbabakasali, at umasang kahit paano'y pangangalagaan siya ng Maykapal habang nagkakaroon siya ng mga karanasan?

Marahil maikikintal ng karanasan sa tunay na buhay ang kaisipan na sinisikap kong simulan. . . . Isang batang piloto na magisang lumilipad sa ibabaw ng paliparan sa palagiang pagsasanay. . .ang biglang sumigaw, gamit ang radyo, sa opisyal na nasa control tower: "Wala akong makita! Nabulag ako." Kung nataranta rin ang nasa control tower, tiyak na napahamak ang batang piloto at ang mamahaling eroplano; ngunit, sa kabutihang-palad, ang opisyal sa control tower ay may malawak na karanasan na nakababatid na sa ilang pangyayari ay maaaring pansamanta-

lang mabulag ang isang bagito sa ilalim ng matinding tensiyon. Mahinahong kinausap ng opisyal ang kabataang naroon sa itaas, sa pagbibigay direksiyon sa proseso ng dahan-dahang pagbaba nang paikot habang nag-uutos ng pagdadala ng mga kagamitang kailangan sa biglaang pangangailangan, sakaling magkaroon ng aksidente. Matapos ang makapigil-hiningang sandali na tila walang katapusan sa lahat ng nanonood, nailapag ng nabulag na piloto ang mga gulong ng kanyang eroplano sa paliparan at napahinto niya ito. Mabilis na isinugod ng mga tauhan ng ambulansiya ang binatilyo sa ospital ng base-militar para gamutin.

Ano kaya ang nangyari kung nabigla ang opisyal na nasa control tower o kaya'y umiwas sa kanyang tungkulin, o kaya'y wala itong alam sa gayong uri ng biglaang pangyayari? Ang sagot ay gayundin ang mangyayari sa isang kabataan kung wala siyang matalinong tagapayo na may karanasan, kapag naharap siya sa nakabibiglang krisis na hindi niya sanay sagupain. Sa kapwa pangyayari, mapipinsala ang buhay, kundi man ito mawasak, at mawawalan ng pagkakataon na abutin ang pinakamataas na mararating. . . .

Marinig nawa ng lahat ng ina ang pagdaing at katanungan ng isang minamahal at magiliw na batang babae na, sa sandaling tila abot-kamay na ang kanyang pangarap noong bata pa siya na makasal sa templo, ay nakalabag sa batas ng kalinisang-puri at ngayo'y. . .patuloy na inuusig ng kanyang budhi. Ang kanyang mga tanong ay: "Paano ko malalaman na nasa panganib ako? Bakit wala akong lakas na lumaban?" Gaya ng nabulag na piloto, bulag din siyang lumilipad, ngunit sa kasamaang-palad, walang tauhan sa control tower na gagabay sa kanya upang makalapag nang ligtas sa krisis na kanyang kinakaharap. Dapat sana'y naibulalas niya ang kanyang problema sa isang matalinong ina!

Naging labis bang abala ang ina sa kanyang gawain sa Simbahan o sa tahanan o sa pakikihalubilo o mga samahan kung kaya hindi nagkaroon ng samahan na siya sanang mag-aanyaya sa kanyang anak na babae na magbahagi ng mga lihim hinggil sa gayong sagradong bagay? Marahil ito'y isang ina na kontento nang maturuan ang kanyang anak sa mga kurso ng akademiya ukol sa

maseselang paksa, na kadalasan ay humihimok lamang sa mga estudyante na mag-ekspirimento. Marahil di niya batid na sa kanyang sala mismo dumarating sa araw-araw, sa pamamagitan ng radyo, magasin, at telebisyon ang pangit, ngunit mga balatkayong ideya ng pag-ibig at buhay, at kasal na, kadalasan, ay napagkakamalian ng mga kabataan na landas tungo sa kaligayahan.[18]

Kayong mga ina, manatiling malapit sa inyong mga anak na babae. Habang bata pa sila, huwag ninyong hayaang sabihin sa kanila ng sinuman ang tungkol sa mga tinatawag na katotohanang ukol sa kapangyarihang lumikha ng tao. Sa sandaling magsimulang magtanong ang inyong maliliit na anak, ang mga bata tungkol sa mumunting bagay na may intimasiya, maupo kayo at kausapin sila tungkol sa mga bagay ayon sa abot ng kanilang pang-unawa. Pagkatapos ay sasabihin nilang, "Sige po, Inay, salamat po." At ilang panahon pa kapag tinedyer na sila, magtatanong sila muli, ngayo'y medyo mas malalim na. Sa gayo'y magsisimula na silang makipagtipanan, at saan sila lalapit para humingi ng payo? Kung nagawa ninyo ang inyong tungkulin, lalapit sila't magtatanong sa Ina kung ano ang payo niya doon at dito, at sa gabi ng kanyang kasal, hihingi siya ng payo mula sa kanyang ina, hindi sa kababaihang nasa lansangan.

At kayong mga ama, maging barkada ng inyong mga anak na lalaki. Huwag kailanman isantabi ang inyong anak kapag nais niyang hingin ang payo ninyo tungkol sa mga bagay na nais niyang ikuwento sa kanya ng isang ama. Nariyan ang kaligtasan sa tahanan. Nariyan ang kaligtasan ng inyong kabataan. Huwag ninyong ipagkait sa kanila ang kaligtasang iyon, kayong mga ama at ina.[19]

Ang isa sa mga bagay na dapat nating gawin sa pagtuturo sa ating kabataan ay ikondisyon sila kung paano nila haharapin ang tuksong dumarating sa sandaling hindi inaasahan. . . .

Ang may pangunahing responsibilidad ay ang ama ng batang lalaki. Hindi ibig sabihin nito na dapat gumising ang ama isang umaga at tawagin ang kanyang anak na lalaki sa kanyang tabi at sa loob ng labinlimang minuto ay sabihin sa kanya ang lahat ng katotohanan ng buhay. Hindi iyan ang kailangan ng bata. Kailangan niya ang isang ama na sasagot kapag nais niyang mag-

tanong tungkol sa maseselang bagay. Sabik siyang malaman; nais niyang malaman ang mga bagay.

Kung ang kanyang ama ay magiging prangka at matapat, at sasabihin sa kanya sa abot ng kanyang pang-unawa habang siya'y lumalaki, ang amang iyon ang babalikan ng anak para hingan ng payo sa mga darating na taon. Ang ama ay magiging angkla sa kaluluwa ng batang iyon, habang kumukuha ang ama mula sa kanyang aklat ng karanasan ng mga aral na maaari niyang ibigay sa kanyang anak upang tulungan siyang makapaghanda laban sa posibilidad ng pagkahulog sa patibong sa sandaling hindi inaasahan.[20]

Sana'y maikintal ko sa inyong isipan ngayon, kayo na araw-araw ay kailangang lumakad sa umuugoy na tulay [na nasa ibabaw ng] kamunduhan at kasalanan na dumadaloy na tulad ng maalong sapa sa ilalim ninyo. Sana kapag may kirot ng pag-aalinlangan at takot na dahilan ng paglayo ninyo sa panalangin at pananampalataya at pagmamahal, nawa'y marinig ninyo ang aking tinig na tila tumatawag sa inyo mula sa malayo sa tulay ng buhay, "Manampalataya—ito ang daan—dahil mas nakikita ko ang nasa unahan kaysa sa inyo." Nawa'y itulot ng Diyos na madama ninyo ngayon ang pagmamahal na dumadaloy mula sa aking kaluluwa tungo sa inyong kaluluwa, at mabatid ang matinding awa ko sa bawat isa sa inyo habang kinakaharap ninyo ang mga problema ngayon. Ngayon na ang panahon na ang bawat isa sa inyo'y kailangang tumayo sa sarili ninyong paa. Ngayon na ang panahon na walang sinumang lalaki at babae na makatatagal sa hiram na liwanag. Bawat isa'y kailangang magabayan ng liwanag na nagmumula sa kanyang sarili. Kung wala kayo nito, hindi kayo makatatagal.[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Bakit kailangan tayong mag-isip ng mabubuting kaisipan upang maipamuhay natin ang batas ng kalinisang-puri?
- Anong mga pagpapala ang dumarating sa mga malinis ang puri at banal?

- Bakit ang kawalan ng kalinisang-puri ang landas tungo sa kapahamakan, kapwa sa pisikal at espirituwal? Paanong sagisag ng "pagtakas sa katotohanan ng kung sino tayo talaga" ang kawalan ng kalinisang-puri?
- Ano ang responsibilidad ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote sa pangangalaga nila sa kanilang sarili at sa mga mahal nila sa buhay mula sa mga panganib ng kawalan ng kalinisang-puri?
- Ano ang dapat ituro ng mga ama at ina sa kanilang mga anak tungkol sa seksuwal na kalinisan? Ano ang maaaring gawin ng mga magulang upang makatiyak na magkakaroon ng sapat na tiwala ang kanilang mga anak upang ibahagi sa kanila ang mga bagay na may kinalaman sa intimasiya?
- Anong mga impluwensiya sa daigdig sa ngayon ang makababawas sa ating kakayahang paglabanan ang mga tukso sa pagiging mahalay? Bakit lalong angkop ang payong "walang lalaki at babae na makatatagal sa pamamagitan ng hiram na liwanag" sa pagsunod sa batas ng kalinisang-puri sa daigdig sa ngayon?

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Mexico and Central America Area Conference 1972, 103.
2. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 105.
3. *By Their Fruits Shall Ye Know Them*, Brigham Young University Speeches of the Year (ika-12 ng Okt. 1954), 8.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, 213–14.
5. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 215.
6. *The Teachings of Harold B. Lee*, 215.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 608.
8. *The Teachings of Harold B. Lee*, 85.
9. *The Teachings of Harold B. Lee*, 227.
10. Talumpati sa pangkat ng mga estudyante at pinuno ng mga estudyante sa Ricks College, ika-3 ng Marso 1962, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 19–20.
11. *The Teachings of Harold B. Lee*, 226–27.
12. *The Teachings of Harold B. Lee*, 504.
13. *Decisions for Successful Living* (1973), 219.
14. *The Teachings of Harold B. Lee*, 218.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 232.
16. *The Teachings of Harold B. Lee*, 224.
17. Panayam kay Tom Petit para sa NBC, ika-4 ng Mayo 1973, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 22–23.
18. "My Daughter Prepares for Marriage," *Relief Society Magazine*, Hunyo 1955, 348–49.
19. *The Teachings of Harold B. Lee*, 227–28.
20. *The Teachings of Harold B. Lee*, 228.
21. "Fortifying Oneself against the Vices of the World," talumpating baccalaureate na ibinigay sa Ricks College, ika-6 ng Mayo 1970, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 18–19.

# Pagsisikap na Maging Perpekto

*Paano natin sisikaping tuparin ang kautusang "Kayo nga'y mangagpakasakdal"?*

## Pambungad

Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee ang kahalagahan ng sumusunod na halimbawa ng Tagapagligtas habang nagsisikap tayong maging perpekto:

"Naniniwala ako na hindi lamang bilang paghahambing ang inisip ng Guro nang sabihin niyang, 'Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.' [Mateo 5:48.]. . . Sa akala ba ninyo'y nagmumungkahi lamang ang Tagapagligtas ng mithiing di naman pala kayang abutin at sa gayo'y kukutyain tayo sa pagsisikap na mamuhay upang makamtan ang pagiging perpekto? Imposible para sa atin sa mortalidad na marating ang kalagayang iyon ng pagiging perpekto na binanggit ng Guro, subalit sa buhay na ito natin inilalatag ang pundasyon na pagbabatayan ng kawalang hanggan. Samakatuwid, kailangan nating tiyakin na ang ating pundasyon ay batay sa katotohanan, kabutihan at pananampalataya. Upang marating natin ang mithiing iyon kailangan nating tuparin ang mga kautusan ng Diyos at maging tapat hanggang sa huling sandali ng buhay natin dito, at magpatuloy sa kabilang buhay sa kabutihan at kaalaman hanggang sa maging katulad tayo ng ating Ama sa Langit. . . .

". . .Itinuro [ni Apostol Pablo] ang landas na pinagmumulan ng pagiging perpekto. Sa pagsasalita tungkol kay Jesus, sinabi niya, 'Bagama't siya'y Anak, gayon may natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis; at nang siya'y mapaging sakdal, ay siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan ng lahat na mga nagsisitalima sa kaniya.' (Mga Hebreo 5:8–9.). . .

". . .Kung gayo'y huwag palampasin ang bawat araw nang hindi natin natututuhan mula sa dakilang aklat ng aralin na siyang buhay ni Cristo, ang kanyang landas tungo sa perpektong buhay at lumakad tayo doon patungo sa ating walang hanggang mithiin."[1]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano nakatutulong sa atin sa pagiging perpekto ang pagkaunawa sa bagay na wala sa atin?

[May] tatlong mahahalagang bagay na kailangan upang mabigyang-inspirasyon ang isang tao na mamuhay nang tulad ni Cristo—o, sa mas wastong salita ayon sa wika ng mga banal na kasulatan, mamuhay nang mas perpekto tulad ng pamumuhay ng Guro. Ang unang mahalagang bagay na aking babanggitin upang maging karapat-dapat ay: Kailangang mapukaw sa taong tuturuan o mamumuhay nang perpekto ang kabatiran sa kanyang mga pangangailangan.

Ang mayamang lalaking pinuno ay hindi kinailangang turuan ng pagsisisi na bunga ng pagpatay o kaya'y ng kaisipang pumatay. Hindi na siya kailangang turuan pa kung paano pagsisisihan ang pangangalunya, o pagnanakaw, pagsisinungaling, pandaraya, o pagkabigong igalang ang kanyang ina. Lahat ng ito sabi niya ay nasunod niya mula pa sa pagkabata; ngunit ang tanong ay, "Ano pa ang kulang sa akin?" [Tingnan sa Mateo 19:16–22.]

Napag-alaman lahat ng Guro, sa pamamagitan ng Kanyang matalas na pakiramdam at kapangyarihan ng isang Dakilang Guro, ang kalagayan ng lalaki: Ang kailangan niya at kakulangan ay ang mapaglabanan ang kanyang pagpapahalaga sa mga bagay ng mundo, ang tendensiya na magtiwala siya sa kayamanan. Pagkatapos ay ipinayo ni Jesus ang mabisang kalutasan: "Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka, ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin." (Mateo 19:21.)

Sa mahimalang pagbabalik-loob ni Apostol Pablo, nang pisikal siyang mabulag ng liwanag habang nasa daan patungong

Damasco. . ., narinig niya ang isang tinig na nagsabi sa kanya: "Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig?" [Mga Gawa 9:4.] At mula sa kaibuturan ng kanyang abang kaluluwa ay dumating ang katanungan na laging itinatanong ng taong nakadarama na kailangan niya ang isang bagay: *Panginoon, ano po ang ipagagawa mo sa akin? [Mga Gawa 9:6.]. . .

Ikinuwento ni Enos na apo ni Lehi, ang pakikipagtunggali niya sa Diyos, bago siya nakatanggap ng kapatawaran ng kanyang mga kasalanan. Hindi sinabi sa atin kung ano ang mga kasalanan niya, ngunit makikitang malaya niyang ikinumpisal ang mga ito. At pagkatapos ay sinabi niya, "At ang aking kaluluwa ay nagutom. . . ." [Enos 1:4.] Nakita ninyo, ang kabatiran at damdaming iyon ng malaking pangangailangan, at ang pagsusuri ng kaluluwa, ang nagpakita sa kanya ng kanyang pangkukulang at pangangailangan.

Ang katangiang ito ng pagkadama sa pangangailangan ng isang tao ay ipinahiwatig sa dakilang Pangaral sa Bundok nang sabihin ng Guro na, "Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob: sapagka't kanila ang kaharian ng langit." (Mateo 5:3.) Mangyari pa ang ibig sabihin ng mapagpakumbabang-loob ay ang mga taong may espirituwal na pangangailangan, na nadaramang nanghihina sila sa espirituwal kung kaya naghahangad sila ng malaking tulong. . . .

Bawat isa sa atin, kung nais nating marating ang pagiging perpekto, ay kailangang itanong ito minsan sa ating sarili, "Ano pa ang kulang sa akin?" kung nais na nating simulan ang pag-akyat tungo sa landas ng pagiging perpekto. . . .

---

## Paano tayo natutulungang maging perpekto ng pagkapanganak na muli?

Ang pangalawang mahalagang bagay sa pagiging perpekto na babanggitin ko'y matatagpuan sa pakikipag-uusap ng Guro kay Nicodemo. Nadama Niya habang papalapit sa Kanya si Nicodemo na naghahangad ito ng kasagutan sa itinanong na ng marami sa Kanya: "Ano ang kailangan kong gawin upang maligtas?" At sumagot ang Guro, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita

ng kaharian ng Dios." Pagkatapos ay sinabi ni Nicodemo, "Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na?. . ." Sumagot si Jesus, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya, makapapasok sa kaharian ng Dios." (Juan 3:3–5.)

Ang tao'y kailangang "maipanganak na muli" upang marating niya ang pagiging perpekto, upang makita o makapasok siya sa kaharian ng Diyos. At paano ipanganganak muli ang isang tao? Iyan din ang tanong ni Enos. At natatandaan ba ninyo ang simpleng sagot: "Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo, na hindi mo pa kailanman narinig o nakita. At maraming taon ang lilipas bago niya ipakikita ang kanyang sarili sa laman; samakatwid humayo ka, ang iyong pananampalataya ang nagpagaling sa iyo." [Enos 1:8.]

Nakaupo kami sa opisina ni Brother Marion G. Romney isang araw nang pumasok ang isang binata. Naghahanda na siya sa pagpunta sa misyon, at kinapanayam na siya at ipinagtapat niya ang ilang kasalanan ng kanyang kabataan. Ngunit sinabi niya sa amin, "Hindi ako nasisiyahan sa pag-amin ko lamang. Paano ko malalaman na napatawad na ako?" Sa madaling salita, "Paano ko malalaman na naipanganak na akong muli?" Nadama niyang hindi siya makapagmimisyon sa kanyang katayuan sa kasalukuyan.

Habang nag-uusap kami, sinabi ni Brother Romney: "Anak, naaalaala mo pa ba ang sinabi ni Haring Benjamin? Nangangaral siya noon sa mga naantig ang puso dahil sa kanilang makamundong kalagayan, na mababa pa kaysa alabok ng lupa. At lahat sila'y sumigaw nang may iisang tinig, na nagsasabing: 'O maawa, at gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran ng aming mga kasalanan, at ang aming mga puso ay maging dalisay; sapagkat kami ay naniniwala kay Jesucristo, na Anak ng Diyos, na siyang lumikha ng langit at lupa, at lahat ng bagay; na siyang bababa sa mga anak ng tao. At ito ay nangyari na, na matapos na kanilang sabihin ang mga salitang ito, ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanila, at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng katahimikan ng budhi dahil sa labis na pananampalataya nila kay Jesucristo. . . .' " (Mosias 4:2–3.)

Sinabi sa kanya ni Brother Romney, "Anak, maghintay ka at manalangin hanggang sa magkaroon ka ng katahimikan ng budhi dahil sa iyong pananampalataya sa pagbabayad-sala ni Jesucristo, at malalaman mo na napatawad na ang iyong mga kasalanan." Maliban doon, tulad ng ipinaliwanag ni Elder Romney, ang ating kaluluwa ay maghihirap, at magpapagala-gala tayo sa dilim hanggang sa maipanganak tayong muli. . . .

Hindi kayo maaaring mamuhay nang tulad ni Cristo. . .kundi kayo ipanganganak na muli. Hindi kailanman magiging maligaya ang isang tao sa kinaroroonan ng Banal ng Israel kung wala ang paglilinis at pagdadalisay na ito. . . .

---

## Paano tayo lubos na natutulungan na maging perpekto ng pamumuhay nang naaayon sa mga kautusan?

At sa huli ang pangatlong kailangan: ang tulungan ang nag-aaral na malaman ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo. Ang espirituwal na katiyakang kailangan sa kaligtasan ay dapat pagsikapan muna ng indibiduwal sa abot ng kanyang makakaya. Ang biyaya, o ang libreng regalo ng kapangyarihan ng pagbabayad-sala ng Panginoon, ay kailangan munang kakitaan ng personal na pagsisikap. Sa pag-uulit sa sinabi ni Nephi, "naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa." [2 Nephi 25:23.]. . .

. . .Ngayon, [ito] ang isa sa mga kailangan kung mamumuhay kayo nang perpekto. Kailangang "magpasiya" ang tao na ipamumuhay niya ang mga kautusan.

Sinagot ng Guro ang tanong ng mga Judio kung paano sila makatitiyak na ang Kanyang misyon ay mula sa Diyos o kung Siya'y isa lamang tao na tulad rin nila. Sabi Niya: "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili." (Juan 7:17.)

Ang saksi ng katotohanan ay hindi kailanman darating sa taong marumi ang tabernakulo. Ang Espiritu ng Panginoon at karumihan ay hindi makapananahanan nang sabay sa isang tao. "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo

ay walang pangako." (D at T 82:10.) ". . . Maliban sa kayo ay sumunod sa aking batas hindi ninyo matatamo ang kaluwalhatiang ito." (D at T 132:21.) Paulit-ulit ang katotohanang iyan sa mga banal na kasulatan.

Sa isang banda ang lahat ng alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ay mga paanyaya lamang sa pagkatuto ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga itinuturo nito. Hindi malalaman ng sinumang tao ang alituntunin ng ikapu hangga't hindi siya nagbabayad ng ikapu. Walang makaaalam sa alituntunin ng Salita ng Karunungan hangga't hindi niya sinusunod ang Salita ng Karunungan. Hindi paniniwalaan ng mga bata o matatanda ang ikapu, ang Salita ng Karunungan, pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath, o panalangin kung makikinig lamang sa taong nagsasalita tungkol sa mga alituntuning ito. Natututuhan natin ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pamumuhay ayon dito. . . .

Hayaan ninyong bilang buod ay sabihin kong: Hindi natin talaga malalaman ang anumang turo ng ebanghelyo hangga't hindi natin nararanasan ang mga pagpapalang nagmumula sa pamumuhay ng bawat alituntunin. May nagsabing, "ang mga turo mismo hinggil sa moralidad ay pahapyaw lamang ang bisa sa espiritu maliban na pagtibayin ito ng mga gawa." Ang pinakamahalaga sa lahat ng kautusan ng ebanghelyo, sa iyo at sa akin, ay ang kautusan na sa sandaling ito'y nangangailangan ng pagsusuri ng kaluluwa ng bawat isa sa atin upang sumunod. Kailangang alamin ng bawat isa sa atin ang kani-kanyang mga pangangailangan at magsimula ngayon na paglabanan ito, sapagkat tanging kapag napaglabanan natin ito tayo mapagkakalooban ng lugar sa kaharian ng ating Ama.[2]

---

## Paanong ang Lubos na Pagpapala "ang konstitusyon para sa perpektong buhay"?

Marahil ay nais ninyong malaman ang "mga hakbang" kung paano maisusunod ng isang tao ang kanyang buhay sa kabuuan na magpapagindapat sa kanya bilang mamamayan o "banal" sa kaharian ng Diyos. Ang pinakamainam na sagot ay matatagpuan sa pag-aaral ng buhay ni Jesus sa mga banal na kasulatan. . . . Si



Sa Sermon sa Bundok, ibinigay sa atin ng Tagapagligtas ang "konstitusyon para sa perpektong pamumuhay."

Cristo ay pumarito sa mundo hindi lamang upang gawin ang pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sangkatauhan kundi upang ipakita sa mundo ang halimbawa ng pamantayan ng pagiging perpekto ng batas ng Diyos at ng pagsunod sa Ama. Sa kanyang Sermon sa Bundok ay ibinigay sa atin ng Guro ang isang tila paghahayag ng kanyang sariling pagkatao, na perpekto,. . .at sa paggawa ng gayon ay binigyan tayo ng huwaran para sa ating sarling buhay. . . .

Sa walang kapantay na Sermon sa Bundok, binigyan tayo ni Jesus ng walong natatanging paraan kung paano tayo makatatanggap ng. . .kagalakan. Bawat isa sa kanyang pahayag ay nagsisimula sa salitang "Mapapalad.". . . Ang mga pahayag na ito ng Guro ay kilala sa literatura ng daigdig ng Kristiyano bilang Lubos na Pagpapala. . . . Sa katunayan ay taglay ng mga ito ang konstitusyon para sa perpektong buhay.

Tingnan natin ang mga ito sandali. Apat sa mga ito ang may kinalaman sa ating sarili, sa personal nating pamumuhay, kung

nais nating maging perpekto at matagpuan ang pagpapalang dulot ng kagalakan ng kalooban.

Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob.

Mapapalad ang nangahahapis.

Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran.

Mapapalad ang mga may malinis na puso. [Tingnan sa Mateo 5:3–4, 6, 8.]

*Pagpapakumbabang-loob*

Ang pagpapakumbabang-loob ay ang pagkadama na kayo mismo ay espirituwal na nangangailangan, laging umaasa sa Panginoon para sa inyong kasuotan, sa inyong pagkain at hangin na nilalanghap, sa inyong kalusugan, inyong buhay; batid na walang araw na lilipas nang walang taimtim na panalangin ng pasasalamat, para sa patnubay at kapatawaran at sapat na kalakasan para sa mga pangangailangan sa bawat araw. Kung mababatid ng kabataan ang kanyang espirituwal na pangangailangan, kapag nasa mapanganib na lugar kung saan ang buhay niya mismo ay nanganganib, siya'y makalalapit sa bukal ng katotohanan at mabibigyang-inspirasyon ng Espiritu ng Panginoon sa sandali ng pinakamalaking pagsubok sa kanyang buhay. Tunay na nakalulungkot para sa isang tao, na dahil sa yaman o natutuhan o makamundong paninindigan, ang isipin na kaya niyang magisa ang espirituwal na pangangailangang ito. [Ang pagpapakumbabang-loob] ang kabaligtaran ng kapalaluan o kayabangan. . . . Kung sa inyong kapakumbabaan ay madama ninyo ang inyong espirituwal na pangangailangan, kayo ay handa na para ampunin sa "Simbahan ng Panganay, at maging hinirang ng Diyos." [Tingnan sa D at T 76:54; 84:34.]

*Mahapis*

Upang mahapis, tulad ng ituturo dito ng aral ng Guro, kailangang ipakita ng isang tao ang "pagkalumbay na ikapagsisisi" at makamtan ng taong nagsisi ang kapatawaran ng mga kasalanan at hindi na balikan pa ang mga gawain na dahilan ng kanyang pagkahapis. [Tingnan sa II Corinto 7:10.] Ito ay upang makita, tulad ni Apostol Pablo, ang "[kagalakan] sa ating mga kapigha-

tian. . .: nalalamang ang kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan; at ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang pagpapatunay, ng pagasa." (Mga Taga Roma 5:3–4.) Dapat kayo ay "nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan." Dapat ay handa kayong makidalamhati sa mga nagdadalamhati at aliwin ang mga nangangailangan ng aliw. (Mosias 18:8–9.) Kapag ang isang ina ay nagdadalamhati sa kalungkutan para sa pagbabalik ng kanyang suwail na anak na babae, kayo sa pamamagitan ng awa ay dapat bawalan ang sinuman na maghanap ng kamalian. . . . Ang pakikidalamhati sa matatanda, sa balo at sa ulila ang dapat umakay sa inyo sa pagbibigay ng tulong na kailangan nila. Ibig sabihin, dapat kayong maging tulad ng publikano at hindi ng Fariseo. "Dios, ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan." [Tingnan sa Lucas 18:10–13.] Ang gantimpala ninyo sa paggawa [nito] ay ang pagpapala ng kaaliwan sa inyong sariling kaluluwa sa pamamagitan ng kapatawaran ng inyong sariling mga kasalanan.

*Magutom at mauhaw*

Naranasan na ba ninyong magutom o mauhaw at maging ang kapirasong panis na tinapay o kahit sipsip lang ng maligamgam na tubig upang mapawi ang pagkagutom at pagkauhaw ay tila pinakamahalaga na sa lahat ng ari-arian? Kung naranasan na ninyo ang gayong pagkagutom ay masisimulan ninyong maunawaan ang ibig sabihin ng Guro na dapat tayong magutom at mauhaw sa katuwiran. Ang pagkagutom at pagkauhaw na iyon ang umaakay sa mga malayo sa tahanan na hangarin ang pakikipagkapatiran ng mga banal sa mga serbisyo ng sakramento at nanghihimok ng pagsamba sa Araw ng Panginoon saanman tayo naroon. Iyon ang nanghihikayat ng taimtim na panalangin at umaakay sa ating mga paa papunta sa mga banal na templo at nagsasabing maging mapitagan tayo doon. Ang taong nagpapanatiling banal sa Araw ng Sabbath ay mapupuspos ng walang katapusang kagalakan na dapat na higit na mithiin kaysa sa panandaliang kasiyahan na nagmumula sa mga gawaing salungat sa kautusan ng Diyos. Kung kayo'y magtatanong nang may "matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan. . .sa inyo, sa

pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo," at sa pamamagitan ng kapangyarihan nito, "malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay." (Moroni 10:4–5.). . .

*Maging malinis ang puso*

Kung nais ninyong makita ang Diyos, kailangan ninyong maging malinis. . . . Ang ilan sa mga kasamahan ni Jesus ay nakita lamang siya bilang anak ni Jose na karpintero. Inakala ng iba na siya ay manginginom ng alak o lasenggo dahil sa kanyang mga salita. Ang iba pa'y nag-akalang sinasapian siya ng mga demonyo. Tanging ang mabubuti ang nakakita sa kanya bilang Anak ng Diyos. Tanging kapag malinis ang inyong puso ninyo makikita ang Diyos, at sa mas mababang antas ay makikita ninyo ang "Diyos" o ang kabutihan sa tao at mamahalin siya dahil sa kabutihan na nakikita ninyo sa kanya. Tandaan ninyong mabuti ang taong pumupuna at kumukutya sa tao ng Diyos o sa hinirang na mga pinuno ng Panginoon sa kanyang Simbahan. Ang gayong tao ay nagsasalita nang may maruming puso.

Ngunit upang makapasok sa Kaharian ng Langit hindi lamang tayo dapat maging mabuti kundi kailangan nating gumawa ng kabutihan sa mundo at maging mabuti sa isang bagay. Kaya kung araw-araw kayong lalakad tungo sa layunin ng pagiging perpekto at kabuuan ng buhay, dapat maituro sa inyo ang natitirang apat na "artikulo" sa Konstitusyon ng Guro para sa perpektong buhay. Ang mga lubos na pagpapalang ito ay may kaugnayan sa pakikitungo ng tao sa iba:

Mapapalad ang maaamo.

Mapapalad ang mga mahahabagin.

Mapapalad ang mga mapagpayapa.

Mapapalad ang mga pinaguusig. [Tingnan sa Mateo 5:5, 7, 9–10.]

*Maging maamo*

Ang ibig sabihin ng taong maamo ay taong hindi madaling magalit o mainis at mapagtiis kapag dumanas ng pinsala o pagkabagot. Ang kaamuan ay hindi kasing-kahulugan ng kahinaan. Ang maamong tao ang matatag, ang malakas, ang taong may lubos na pagpipigil sa sarili. Siya ang taong may lakas ng loob mula sa kan-

yang paniniwala, sa kabila ng pamimilit ng barkada o ng samahan. Sa kontrobersiya, ang kanyang paghatol ang huling pasiya sa isang bagay at ang kanyang mahinahong payo ang sumusugpo sa karahasan ng mga mandurumog. Hindi matayog ang kanyang kaisipan; hindi siya mapagmayabang. "Siyang makupad sa pagkagalit ay maigi kay sa makapangyarihan." (Mga Kawikaan 16:32.) Siya'y likas na pinuno at pinili ng hukbong sandatahan at hukbong pandagat, ng negosyo at simbahan upang mamuno kung saan susunod ang ibang tao. Siya ang "asin" ng lupa at mamanahin nila ito.

*Maging mahabagin*

Ang ating kaligtasan ay nakasalalay sa habag na ipinakikita natin sa iba. Ang malulupit at walang-habag mapapait na pananalita, o mga walang kawawaang kilos ng kalupitan sa tao o hayop, bagama't tila pagganti lamang, ay hindi nagpapagindapat sa nagpasimuno sa paghingi niya ng awa kapag nangailangan na siya ng habag sa araw ng paghatol sa harapan ng makalupa at makalangit na hukuman. Mayroon bang sinumang hindi nasaktan ng paninirang-puri ng isang tao na inakala niyang kaibigan niya? Naalaala ba ninyo ang pakikibaka ninyo upang maiwasan ang paghihiganti? Mapapalad kayong lahat na mahabagin dahil makatatanggap kayo ng pagkahabag!

*Maging mapagpayapa*

Ang mga tagapamayapa ay tatawaging mga anak ng Diyos. Ang mga pinagmumulan ng gulo, ang kumakalaban sa batas at kaayusan, ang pinuno ng mandurumog, ang lumalabag sa batas ay nauudyukan ng masamang layunin at kung hindi sila titigil ay makikilala sila bilang mga anak ni Satanas sa halip na sa Diyos. Lumayo kayo sa nagiging sanhi ng mga pag-aalinlangan sa pamamagitan ng pagwawalang-bahala sa mga sagradong bagay dahil hindi kapayapaan ang hangad niya kundi ang palaganapin ang kalituhan. Ang taong iyon ay palaaway o mahilig makipagtalo, at ang pakikipagtalo ay para sa ibang kadahilanan sa halip na palitawin ang katotohanan, ay lumalabag sa pangunahing alituntunin na inilatag ng Guro na mahalaga sa pagkakaroon ng masaganang buhay. "At sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kina-

lulugdan" ang awit ng anghel na nagbalita sa pagsilang ng Prinsipe ng Kapayapaan. [Tingnan sa Lucas 2:14.]. . .

*Magbata ng pag-uusig nang dahil sa katuwiran*

Ang usigin nang dahil sa katuwiran sa layunin na kung saan ang katotohanan at kabutihan at karangalan ay nalalagay sa panganib ay katangiang tulad ng sa Diyos. Palaging mayroong mga martir sa bawat dakilang layunin. Ang malaking pinsala na maaaring magmula sa pag-uusig ay hindi mula sa pag-uusig mismo kundi mula sa posibleng ibunga nito sa taong pinag-uusig na sa gayong paraan ay maaaring mahadlangan sa kanilang sigasig para sa kabutihan ng kanilang layunin. Karamihan sa pag-uusig na iyon ay mula sa kakulangan ng pang-unawa, dahil ang tao ay malamang na sumalungat sa hindi nila nauunawaan. Ang ilan ay nagmumula sa mga taong masama ang layunin. Ngunit saan man ito manggaling, ang pag-uusig ay tila pangkalahatan laban sa mga gumagawa nang mabuti kung kaya binalaan tayo ng Guro na, "Sa aba ninyo, pagka ang lahat ng mga tao ay mangagsalita ng magaling tungkol sa inyo! Sapagkat sa gayon ding paraan ang ginawa ng kanilang mga magulang sa mga bulaang propeta." (Lucas 6:26.)

. . .Tandaan ang babalang iyon kapag kayo'y sinusutsutan at nililibak dahil tumanggi kayong ibaba ang inyong pamantayan sa hindi paggamit ng alkohol, tabako, tsaa, o kape, katapatan at moralidad upang matanggap ang papuri ng mga tao. Kung manindigan kayong mabuti para sa tama sa kabila ng panlilibak ng mga tao o maging ng pisikal na karahasan, kayo'y puputungan ng korona ng pagpapala ng walang hanggang kagalakan. Posible bang sa ating panahon ang ilan sa mga banal o maging ang mga apostol, tulad noong sinauna, ay muling hilingang ibuwis ang kanilang buhay sa pagtatanggol ng katotohanan? Kung darating ang pagkakataong iyan itutulot ng Diyos na sila'y hindi mabibigo!

Unti-unti habang may panalangin nating pinagninilay-nilayan ang lahat ng turong ito, magagawa natin ang maituturing ng ilan na kagila-gilalas na pagkatuklas na sa kabila ng lahat, ang sukatan ng Diyos sa ating kahalagahan sa kanyang kaharian ay hindi ang mataas na katungkulan natin sa kalipunan ng mga tao ni sa kanyang Simbahan, ni ang mga karangalan na ating napanalu-

nan, kundi sa halip ang ating naging pamumuhay at ang kabutihang ating nagawa, batay sa "Konstitusyon para sa Perpektong Pamumuhay" na inihayag sa buhay ng Anak ng Diyos.

Nawa'y gawin ninyong Konstitusyon ng inyong sariling buhay ang mga Lubos na Pagpapala at sa gayon ay tanggapin ang pagpapalang ipinangako sa mga ito.[3]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Paano tayo matututo araw-araw mula sa "dakilang aklat ng aral" ng buhay ni Cristo?
- Habang sinisikap nating maging katulad ni Cristo, bakit mahalagang madalas nating tanungin ang ating sarili kung ano pa ang kulang sa atin?
- Anu-anong karanasan ang nakatulong sa inyo upang maunawaan na matututuhan natin ang mga aral ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pamumuhay ng mga ito?
- Kapag natanto nating nakaasa tayo sa Panginoon sa lahat ng mga pagpapala sa ating buhay, paano maaapektuhan ang ating pag-uugali at kilos?
- Ano ang ilan sa mga kahulugan ng pahayag na, "Mapapalad ang nangahahapis"?
- Paano pinaparam ng pagmamahal sa mga makamundong bagay ang ating pagkagutom at pagkauhaw sa mga espirituwal na bagay?
- Paano nakatutulong sa atin ang kalinisan ng puso upang makita ang kabutihan ng iba?
- Paano tayo tinutulungang maging malakas ng kababaang-loob?
- Sa paanong mga paraan tayo makapagpapakita ng habag sa iba sa ating pang-araw-araw na buhay?

### *Mga Tala*

1. *Decisions for Successful Living* (1973), 40–41, 44.
2. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 208–16.
3. *Decisions for Successful Living*, 55–62.

# Kapayapaan ay Mapasainyong Kaluluwa

*Bakit kailangan ang paghihirap upang maisakatuparan ang mga walang hanggang layunin ng Panginoon?*

## Pambungad

"Ang lahat ng nabubuhay sa mundong ito ay susubukan sa pamamagitan ng paghihirap," sabi ni Harold B. Lee.[1] Walang dayuhan sa paghihirap, namatay ang asawa ni Harold B. Lee na si Fern Tanner Lee, at ang kanyang anak na babaing si Maurine Lee Wilkins noong mga 1960. Nagkaroon din siya ng matinding problema sa kalusugan noong siya'y Pangkalahatang Awtoridad. Inamin niya sa pangkalahatang komperensiya noong 1967: "Kinailangan kong sumailalim sa ilang pagsubok, ilang matitinding pagsubok, sa harap ng Panginoon, na sa palagay ko'y upang mapatunayan kung handa akong sumailalim sa lahat ng bagay na inaakala ng Panginoon na nararapat ibigay sa akin, tulad din ng pagpapasailalim ng isang bata sa kanyang ama." [Tingnan sa Mosias 3:19.][2]

Ngunit nag-alok si Pangulong Lee ng kaaliwan sa gitna ng kalungkutan: "Ang taong may pagtitiwalang umaasam sa walang hanggang gantimpala sa kanyang pagsisikap sa mortalidad ay palaging aalalayan sa kanyang mabibigat na pagsubok. Kapag nabigo siya sa pag-ibig, hindi siya magpapakamatay. Kapag namatay ang mga mahal sa buhay, hindi siya nawawalan ng pag-asa; kapag natalo siya sa pinakaaasam na paligsahan, hindi siya sumusuko; kapag nasira ng digmaan at kapahamakan ang kanyang kinabukasan, hindi siya labis na nalulumbay. Namumuhay siya nang mas mataas kaysa kanyang daigdig at hindi kailanman nawawalan ng pag-asa sa layon niyang kaligtasan."[3]

"Ang landas tungo sa [kadakilaan] ay baku-bako at matarik.. Marami ang natitisod at nadadapa, at dahil sa kahinaan ng loob ay di na tumatayo pa upang muling magsimula. Nalalambungan ng mga puwersa ng kasamaan ang landas sa pamamagitan ng makapal na hamog na humahadlang, na kadalasang nagsisikap na iliko tayo sa mga nakaliligaw na landas. Subalit sa kabila ng lahat ng paglalakbay na ito," ang pagtiyak ni Pangulong Lee, "ay may nakapagpapayapang katiyakan na kung pipiliin natin ang tama, mapapasaatin ang tagumpay, at ang pagkakamit nito ang huhubog at bubuo at lilikha sa atin sa uri ng taong karapat-dapat na tanggapin sa kinaroroonan ng Diyos. Ano bang tagumpay ang hihigit pa kaysa makamtan ang lahat ng mayroon ang Diyos?"[4]

## Mga Turo ni Harold B. Lee

### Paano tayo tinutulungan ng paghihirap na maging higit na katulad ng Diyos?

May nakapagpapadalisay na proseso na nagmumula sa pagdurusa, sa palagay ko, na hindi natin mararanasan sa ibang paraan maliban sa pagdurusa. . . . Nagiging mas malapit tayo sa Kanya na nag-alay ng Kanyang buhay upang ang tao ay maging gayon nga. Nadarama natin ang ugnayang-pampamilya na di natin nadama noon. . . . Nagdusa Siya nang higit sa maaari nating maisip. Subalit sa ating naging pagdurusa, kahit paano tila ang epekto nito ay ilapit pa tayo sa banal na bagay, tumutulong sa pagdadalisay ng ating kaluluwa, at tumutulong sa pag-aalis ng mga bagay na hindi kanais-nais sa paningin ng Panginoon.[5]

Sinabi ni Isaias: "Ngunit ngayon, O Panginoon, ikaw ay aming Ama; kami ang malagkit na putik, at ikaw ay magpapalayok sa amin; at kaming lahat ay gawa ng iyong kamay." (Isaias 64:8.)

Maraming ulit ko nang nabasa ang talatang iyan ngunit natanggap ko lamang ang buong kahulugan nito noong ako ay nasa Mexico ilang taon na ang nakalilipas, sa Telacapaca, kung saan hinuhubog ng mga tao ang luwad sa iba't ibang uri ng palayok. Nakita ko sila doon na kumukuha ng luwad na hinahalo sa magaspang at sinaunang pamamaraan, habang ang tagahulma ay nakalusong sa putik upang maihalo itong mabuti. Pagkatapos ay inilalagay ito sa hulmahan ng magpapalayok at sinisimulan ng

magpapalayok ang mabutinting na paggawa ng palayok, na kanyang ibebenta sa palengke. Habang nanonood kami, paminsan-minsa'y nakita namin, dahil sa ilang depekto sa paghahalo, na kailangang paghiwa-hiwalayin ang luwad at ibalik ito upang mahalo muli, at minsan ang proseso ay kailangang ulitin nang ilang beses bago mahalong mabuti ang putik.

Habang nasa isip iyan ay nagsimula kong makita ang kahulugan ng banal na kasulatang ito. Oo, tayo rin ay kailangang subukan sa pamamagitan ng kahirapan, ng karamdaman, ng kamatayan ng mga mahal sa buhay, ng tukso, minsan ng pagkakanulo ng itinuturing na mga kaibigan, ng katanyagan at kayamanan, ng katiwasayan at luho, ng mga maling ideya ng edukasyon, at ng pambobola ng daigdig. Isang ama, na nagpapaliwanag nito sa kanyang anak, ang nagsabi:

"At upang maisagawa ang kanyang mga walang hanggang layunin sa kahihinatnan ng tao, matapos na kanyang malikha ang ating mga unang magulang, at ang mga hayop sa parang at ang mga ibon sa himpapawid, at sa lalong maliwanag, lahat ng bagay na nilikha, ay talagang kinakailangan na may isang pagsalungat; maging ang ipinagbabawal na bungang-kahoy na kasalungat ng punungkahoy ng buhay; ang isa ay matamis at ang isa ay mapait." [2 Nephi 2:15.]

Si Propetang Joseph Smith ang nagsabi, sa pagsasalita ukol sa prosesong ito ng pagpapadalisay, na siya'y tulad ng isang malaki at magaspang na bato na gumugulong sa gilid ng bundok, at ang tanging pagpapakintab na natanggap niya ay nang makiskis sa ibang bagay ang ilang magagaspang na sulok, kung saan natanggal ang mga sulok na iyon. Ngunit, sabi niya, "Sa gayon ako magiging. . .makintab na hawakan sa sisidlan ng Makapangyarihan," [*History of the Church*, 5:401.]

Samakatwid, kailangan tayong mapadalisay; kailangan tayong subukan upang mapatunayan ang lakas at kapangyarihan na nasa atin.[6]

Sa patnubay ng pananampalatayang itinuro ng salita ng Diyos, nakikita natin ang buhay bilang isang malaking proseso ng pagsasanay ng kaluluwa. Sa palaging nakasubaybay na tingin ng mapagmahal na Ama, natututo tayo sa "mga bagay na ating

dinaranas," nagkakaroon tayo ng lakas sa paggapi sa mga balakid, at nadaraig natin ang takot sa pagtatagumpay sa mga lugar kung saan nagtatago ang panganib [tingnan sa Mga Hebreo 5:8]. Sa pamamagitan ng pananampalataya, tulad ng itinuturo ng salita ng Diyos, nauunawaan natin na ang anumang naibigay sa buhay ay tungo sa mataas na pamantayan ni Jesus—"Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal" (Mateo 5:48)—ay para sa ating ikabubuti at walang-hanggang kapakanan kahit na magkaroon sa paghubog na iyon ng matinding pagdisiplina ng napakatalinong Diyos, "Sapagkat pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig, at hinahampas ang bawa't tinatanggap na anak." (Mga Hebreo 12:6.)

Sa pag-aaral at pagsasanay na iyan para sa pakikipagpaligsahan sa mga kapangyarihan ng kadiliman at sa espirituwal na kasamaan, maaaring "sa magkabikabila ay nangagigipit [tayo], gayon ma'y hindi nanganghihinagpis; nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pag-asa; Pinag-uusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi nangasisira." (II Mga Taga Corinto 4:8–9.)[7]

Nakikita ng isang taong may patotoo sa layunin ng buhay ang mga hadlang at pagsubok sa buhay bilang mga oportunidad sa pagkakaroon ng karanasang kailangan para sa gawain sa kawalang-hanggan. . . .

Kung nahaharap sa kamatayan, ang gayong tao ay hindi matatakot kung ang kanyang paa ay "may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan," [Efeso 6:15] at ang mga nawawalan ng mahal sa buhay ay magkakaroon ng pananampalatayang tulad ng kay Moroni, ang kapitan ng hukbo, na nagsabing, "Sapagkat pinahihintulutan ng Panginoon na mapatay ang mabubuti upang ang kanyang katarungan at kahatulan ay sumapit sa masasama; kaya nga hindi ninyo dapat na akalain na ang mabubuti ay itinakwil dahil sa napatay sila; subalit masdan, papasok sila sa kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos." (Alma 60:13.)[8]

Pakinggan ang aral ng Guro sa paglilinang ng tao—"Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawat sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga" (tingnan sa Juan 15:2). . . .

Bihira, kung mayroon man, ang tunay na dakilang kaluluwa na hindi sinubukan sa pamamagitan ng mga luha, at paghihirap—na sa wari'y pinungusan mismo ng kamay ng punong hardinero. Sa paggamit ng kutsilyo at karit ang sanga ay matatabasan at mahuhubog ayon sa disenyo ng makapangyarihang Diyos, upang mamunga ito nang husto.

Kailangang pagtiisan ng bawat isa sa inyo ang mga pagsubok, at kahirapan, at sakit at panghihina ng kalooban. Kung matatandaan ninyo, kapag may lungkot at dusa, kayo ay maaaliw kung matututuhan ninyo ang aral na ito: "Sapagkat pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig, at hinahampas ang bawa't tinatanggap na anak" (Mga Hebreo 12:6.)—at muli: "Anak ko, huwag mong hamakin ang parusa ng Panginoon; ni mayamot man sa kaniyang saway: Sapagka't sinasaway ng Panginon ang kaniyang iniibig: gaya ng ama sa anak na kaniyang kinaluluguran" (Mga Kawikaan 3:11–12).[9]

Nag-aalala si Propetang Joseph [Smith]. . .dahil sa mga kilos ng karahasan laban sa mga Banal at natatandaan ba ninyo na sa gitna ng kanyang mga problema ay napabulalas siya na, "O Diyos, gaano ba katagal bago makita ng inyong mga mata at marinig ng inyong tainga ang kaawa-awang daing ng mga Banal at ipaghiganti ang kanilang mga kaapihan sa ulo ng kanilang mga kaaway?" [Tingnan sa D at T 121:1–6.] At para bagang kinalong ng Guro ang nahintakutang bata at nagsabing:

"Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang;

"At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong mga kaaway." (D at T 121:7, 8)

Pagkatapos ay nakagugulat ang kanyang sinabi:

". . .alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti." (D at T 122:7)

. . .Tapos ay sinabi ng Guro:

"Ang Anak ng Tao ay nagpakababa-baba sa kanilang lahat. Ikaw ba'y nakahihigit sa kanya?



Habang nahaharap si Propetang Joseph Smith sa malaking paghihirap sa Liberty Jail, nakatanggap siya ng mga nakaaaliw na paghahayag na naging mga bahagi 121 at 122 ng Doktrina at mga Tipan.

"Samakatwid, maging matatag sa iyong landas. . . . Huwag katakutan ang nagagawa ng tao, sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan." (D at T 122:8, 9)

Dumating sa buhay ko na kinailangan kong gawin iyan sa aking sarili. Dinanas itong lahat ng Anak ng Tao.[10]

Ang layunin kung bakit narito tayo ay maliwanag na sinabi sa paghahayag ng Panginoon kay Moises. Sabi niya, "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao." [Moises 1:39.] Ang ibig sabihin ng "buhay na walang hanggan ng tao" ay makabalik sa kinaroroonan ng Diyos Ama at ng Kanyang anak upang mamuhay sa kawalang-hanggan na kasama Nila. Ngayon, hindi Niya sinabing layunin Niya na ang lahat ng Kanyang anak ay mabuhay nang masagana dito sa lupa, na mayaman at matiwasay at hindi sila dapat dumanas ng sakit at dusa. Hindi Niya sinabi iyan. Dahil minsan, tulad ng sabi ni Isaias, mula sa palumpong ng mga tinik ay umuusbong ang magandang puno ng abeto [tingnan sa Isaias 55:13]. . . . Ang tila kasawiang-palad sa ngayon ay maaaring, kapag nakita na natin ang buong larawan mula sa simula hanggang wakas, ayon sa karunungan ng ating Ama, isa pala sa

mga dakilang pagpapala sa halip na malungkot na katapusan na tulad ng ating inaasahan.[11]

---

## Paano tayo magkakaroon ng lakas at kapayapaan ng kalooban kapag may problema tayo?

Ang bawat kaluluwang lumalakad sa lupa, ikaw at ako, lahat tayo—mayaman man o mahirap, mabuti man o masama, bata o matanda—bawat isa sa atin ay susubukan sa pamamagitan ng mga unos ng paghihirap, ng hangin na kung saan ay dapat nating ipagsanggalang ang ating sarili. At ang tanging hindi mangabibigo ay ang mga taong nagtayo ng kanilang bahay sa ibabaw ng bato. At ano ang bato? Ito ang bato ng pagsunod sa mga alituntunin at aral ng ebanghelyo ni Jesucristo tulad ng itinuro ng Guro.[12]

Hindi ako hihingi ng paumanhin. . .sa paghiling sa inyo ngayong umaga, na maniwalang tulad ko sa mga batayang konsepto ng tunay na relihiyon—ang pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesucristo bilang Tagapagligtas ng daigdig. Sa pangalan Niya ay naganap ang mga himala at nagaganap sa ngayon at tanging sa lubos na pagtanggap sa mga katotohanang ito tayo matatag na makatatayo kapag dumaluhong na ang mga unos sa ating buhay.

Kung gayo'y inaanyayahan ko kayo na magpakumbaba. . .at may panalangin sa pusong sikaping paniwalaan ang lahat ng itinuro sa atin ng mga banal na propeta tungkol sa ebanghelyo na mula sa mga Banal na Kasulatan mula pa sa simula.[13]

Kung kaya ang pinakamahalaga sa buhay na ito ay hindi ang nangyayari sa inyo, kundi ang mahalaga ay kung paano ninyo tanggapin ito. Iyan ang mahalaga. Sa pagtatapos ng Sermon sa Bundok, naaalala ninyo, nagbigay ang Guro ng isang talinghaga. Sabi Niya:

"Kaya't ang bawat dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato:

"At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak: sapagka't natatayo sa ibabaw ng bato. . . ." [Mateo 7:24–25.]

Ano ang nais niyang ituro? Sinisikap Niyang sabihin na ang mga dagok ng paghihirap, ang mga pagbaha ng kasawiang-palad, ang mga kahirapan, ay hahampas sa bahay ng bawat tao sa mundong ito; at ang mga hindi babagsak—kapag nalugi ang banko, kapag namatay ang mahal sa buhay, sa anupamang sakuna—ang tanging magbibigkis sa atin sa kabila ng lahat ng unos at panggigipit na ito ng buhay ay ang pagkakakatatag natin sa mga bato sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. . . .

Matiyagang hintayin ang Panginoon sa panahon ng pag-uusig at matinding kahirapan. Sabi ng Panginoon,

"Katotohanang sinasabi ko sa inyo aking mga kaibigan, huwag matakot, maaliw sa inyong mga puso; oo, magsaya kailanpaman, at sa lahat ng bagay ay magbigay-pasasalamat;

"Matiyagang naghihintay sa Panginoon, sapagkat ang inyong mga panalangin ay nakarating sa tainga ng Panginoon ng Sabaoth, at natatala sa tatak na ito at testamento—ang Panginoon ay sumumpa at nag-utos na ang mga ito ay ipagkakaloob." (D at T 98:1–2)[14]

Ano ang maaari nating sabihin sa mga naghahangad ng kapayapaan ng kalooban upang mapawi ang kanilang takot, maaliw ang pusong nasasaktan, magdulot ng pang-unawa, lampasan ng tingin ang mga hamon ngayon at asamin ang bungang dulot ng pag-asa at mga pangarap sa kabilang daigdig?. . .

Sinabi ng Guro kung ano ang pinagmumulan ng kapayapaan sa dakong huli nang sabihin niya sa kanyang mga disipulo, "Ang kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanlibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." (Juan 14:27.)[15]

"Sundin ang mga kautusan ng Diyos," dahil narito ang landas na nagdudulot ng kapayapaan sa kalooban na binanggit ng Guro nang magpaalam Siya sa Kanyang mga disipulo: "Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: ngunit laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan." (Juan 16:33.) Nawa mahanap ng bawat isa sa inyo, sa gitna ng lahat ng kaguluhang nakapalibot sa inyo, ang makalangit na katiyakan mula sa Guro na nagmamahal sa ating lahat, na pumapawi

sa lahat ng takot kapag, tulad ng Guro, nagapi ninyo ang mga bagay ng mundo.[16]

Saan ba matatagpuan ang kaligtasan sa daigdig sa ngayon? Ang kaligtasan ay hindi nakakamtan sa pamamagitan ng mga tangke at baril at mga eroplano at bomba atomika. Isa lamang ang ligtas na lugar at iyan ay sa sakop ng kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos na ibinibigay niya sa mga sumusunod sa kanyang mga kautusan at nakikinig sa kanyang tinig, habang nagsasalita siya sa pamamagitan ng mga daluyan na inordena niya para sa layuning iyon. . . .

Sumainyo nawa ang kapayapaan, hindi ang kapayapaang nagmumula sa paggawa ng batas sa loob ng kongreso, kundi ang kapayapaang nagmumula sa paraang sinabi ng Guro, sa paggapi sa lahat ng bagay ng daigdig. Nawa ay matulungan tayo ng Diyos na maunawaan ang gayon at nawa'y malaman ninyo na alam ko nang may katiyakan at walang pag-aalinlangan na ang gawaing ito ang kanyang gawain, na ginagabayan at pinapatnubayan niya tayo ngayon, tulad ng ginawa niya sa bawat dispensasyon ng ebanghelyo.[17]

Ngayon, tulad ng naipropesiya, ang buong daigdig ay tila nagkakagulo at ang puso ng mga tao ay nagsisipanlupaypay. Tunay na kailangan nating asahang mamuhay nang may kapayapaan ng kalooban na nagmumula sa pagsasagawa ng ebanghelyo ni Jesucristo sa daigdig ng kaguluhan at kalamidad. Ang pagkabigo sa puso ng tao ay maaaring dumating kahit paano nang dahil sa kawalan ng pag-asa at ang malaking bahagi nito'y mangyayari kapag ang pag-ibig ng tao ay manlalamig. Kailangang gamitin ngayon ang kapangyarihan ng pagkasaserdote na nasa atin at kailangan din nating ibigin ang ating mga kaaway at panatilihing matino ang ating pag-iisip tulad ng ipinayo ni Apostol Pablo kay Timoteo. [Tingnan sa II Timoteo 1:7.] Kung hindi, di tayo maituturing na mabisa. Kaunting katiyakan lamang ang ating matatanggap. Sa gayon ay hindi na kakailanganin pang ibuyo tayo ng kalaban na labagin ang mga kautusan o kaya'y tumalikod sa katotohanan. Sinayang lang pala natin ang ating lakas.[18]

Isang negosyanteng taga Atlanta, Georgia, na nakilala ko. . .ang nagsikap na aliwin ako dahil sa matinding kawalan sa

aking buhay; kinausap niya ako nang sarilinan at sinabi sa akin, "Ngayon, may gusto akong sabihin sa iyo. Mas matanda ako kaysa sa iyo. Tatlumpu't apat na taon na ang nakalilipas nang tumunog ang telepono ko sa banko kung saan ako ang pangulo. Ang mensahe ay malubhang nasugatan ang aking asawa sa isang aksidente. Kaagad kong nasabi, 'Hindi hahayaan ng Diyos na may mangyari sa aking kabiyak—kahanga-hanga siya, lubos na kaibig-ibig, napakaganda.' Ngunit sa loob ng isang oras ay dumating ang balitang patay na siya. At doon sumigaw ang puso ko, 'Gusto ko nang mamatay; ayaw ko nang mabuhay; gusto kong marinig ang tinig niya.' Ngunit hindi ako namatay, at hindi ko narinig ang tinig niya. At pagkatapos ay naupo ako para mag-isip-isip. Ano ang maaaring ibig sabihin ng gayong kalungkutan at ng gayong trahedya na sumusubaybay sa landas nating lahat? At dumating sa akin ang kaisipan na ito ang pinakamatinding pagsubok na kailangang harapin sa buhay ng tao. At kung malalampasan mo ito, wala nang iba pang pagsubok na hindi mo malalampasan."

Kahit paano, habang nakasakay ako sa eroplano at pauwi na nang gabing iyon, mayroong kapayapaan, at sa unang pagkakataon nagsimula kong iwanan ang mga anino ng nakaraan. At dumating sa akin ang sinabi ni Apostol Pablo tungkol sa Guro. "Bagama't siya'y Anak" ibig sabihin ang Anak ng Diyos—gayon may natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis; at nang siya'y mapaging sakdal, ay siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan ng lahat na mga nagsisitalima sa kaniya" (Mga Hebreo 5:8–9). Ngayon, kung iisipin ninyo iyan, na sa pamamagitan ng nagpapadalisay na proseso ng paghihiwalay, ng kalungkutan, ng kasawiang-palad, inaakala kong darating ang dapat mangyari bago tayo maging handa sa pagharap sa ilan pa sa ibang pagsubok ng buhay.[19]

Tinawag tayo sa mahihirap na gawain sa mahirap na panahon, ngunit para sa bawat isa sa atin ito'y maaaring panahon ng maraming karanasan, ng pagkatuto sa maraming bagay, ng malaking kasiyahan ng kalooban. Dahil ang maraming hamon na dulot ng digmaan, urbanisasyon, halu-halong doktrina, at pagkasira ng tahanan ay tiyak na nagbibigay sa atin ng makabagong katumbas ng pagtawid sa kapatagan, pagtitiis sa di-pagkakauna-

waan, pagtatayo ng kaharian sa buong daigdig sa gitna ng paghihirap. Dalangin ko na magampanan natin ang ating bahagi sa paglalakbay, at makasama, at manguna, sa karaban ng Simbahan habang papasok ito sa huling piling hantungan—ang Kanyang kinaroroonan.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang pinagmumulan ng ating kaligtasan at kapayapaan sa panahon ng paghihirap? Ano ang nakapagpalakas at nakapagbigay ng kapayapaan sa inyo sa panahon ng mga pagsubok sa inyong buhay?
- Bakit sumasailalim ang bawat isa—kapwa ang mabuti at masama—sa mga pagsubok at paghihirap?
- Sa anu-anong paraan pagpapala sa ating buhay ang paghihirap? Sa anu-anong paraan tayo matutulungan ng mga pagsubok na maging mas matatag at higit na makapaglingkod sa Panginoon?
- Bakit kailangan tayong magtiwala sa "makapangyarihang disenyo" ng ating Ama sa Langit? Ano ang ibig sabihin ng maging tulad ng luwad sa mga kamay ng Panginoon?
- Ano ang ibig sabihin ng matiyagang hintayin ang Panginoon sa panahon ng pagsubok? Ano ang natutuhan ninyo nang gawin ninyo ito?
- Sa paanong paraan tayo pinagkakalooban ng Diyos ng kapayapaan upang itaguyod tayo sa mga sandali ng paghihirap?

### *Mga Tala*

1. Talumpating ibinigay sa Brigham Young University Freedom Festival, ika-1 ng Hulyo 1962, Harold B. Lee, Library Archives, Brigham Young University, 6.
2. Sa Conference Report, Okt. 1967, 98; o *Improvement Era*, Ene. 1968, 26.
3. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 171.
4. *The Teachings of Harold B. Lee*, 69–70.
5. *The Teachings of Harold B. Lee*, 187–88.
6. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 114–15.
7. *Stand Ye in Holy Places*, 399.
8. Sa Conference Report, Okt. 1942, 72–73.
9. *The Teachings of Harold B. Lee*, 191.
10. *Education for Eternity*, talumpating ibinigay sa Salt Lake Institute of Religion "Lectures in Theology: Last Message Series," ika-15 ng Ene. 1971, salansan ng Historical Library, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 6.

11. Talumpating ibinigay sa libing ni Mabel Hale Forsey, ika-24 ng Okt. 1960, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 6.
12. Talumpating ibinigay sa debosyonal sa Brigham Young University, ika-15 ng Nob. 1949, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 10.
13. " 'I Dare You to Believe': Elder Lee Urges USAC Graduates Seek Spiritual Facts," *Deseret News*, ika-6 ng Hunyo 1953, bahagi ng Church News, 4.
14. *Education for Eternity*, 7–8.
15. "To Ease the Aching Heart," *Ensign*, Abr. 1973, 2.
16 "A Message to Members in the Service," *Church News*, ika-2 ng Dis. 1972, 3.
17. Sa Conference Report, Okt. 1973, 169, 171; o *Ensign*, Ene. 1974, 128–29.
18. Talumpati sa seminar ng mga kinatawang pangrehiyon, ika-3 ng Abr. 1970, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4.
19. *The Teachings of Harold B. Lee*, 54.
20. *The Teachings of Harold B. Lee*, 408.

# Ang Pagkabuhay na Mag-uli, Isang Angkla sa Kaluluwa

*Paano tayo pinalalakas sa ating mga pagsubok sa lupa ng patotoo tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo at ng ating pagkabuhay na mag-uli sa hinaharap?*

## Pambungad

Si Pangulong Harold B. Lee ay may malakas na patotoo hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, na lalo pang lumakas matapos na siya'y tawagin sa Korum ng Labindalawang Apostol noong Abril 1941. Paggunita niya: "Lumapit sa akin ang isa sa Labindalawa at nagsabing, 'Gusto naming ikaw ang magsalita sa serbisyo sa gabi ng Linggo. Para iyon sa Linggo ng Pagkabuhay. Bilang naordenang apostol, ikaw ay magiging natatanging saksi ng misyon at pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.' Iyon, sa palagay ko, ang nakakagulat sa lahat, ang pinakamatinding pagmumuni-muni ng lahat ng nangyari.

"Nagkandado ako sa isa sa mga silid ng Gusaling Tanggapan ng Simbahan at kinuha ko ang Biblia. Nagbasa ako sa apat na Ebanghelyo, lalo na ang mga banal na kasulatan na may kinalaman sa pagkamatay, pagpapako sa krus, at pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon, at habang nagbabasa ako, bigla kong nadama na may nangyayaring kakaiba. Hindi lamang isang kuwento ang binabasa ko, dahil naging tila totoo ang mga pangyayaring binabasa ko na para bang nararanasan ko mismo ang mga iyon. Gabi ng Linggo nang ibigay ko ang aking abang mensahe at nagsabing, 'At ako, na isa sa pinakaaba sa mga apostol dito sa lupa ngayon, ay nagpapatotoo sa inyo na alam ko nang buong puso ko na si Jesus ang Tagapagligtas ng daigdig at siya'y nabuhay at namatay at nabuhay na mag-uli para sa atin.'

"Nalaman ko dahil sa kakaibang uri ng patotoo na dumating sa akin noong nakaraang linggo. Pagkatapos ay may nagtanong, 'Paano mo nalaman? Nakita mo ba?' Masasabi kong mas malakas kaysa paningin ng tao ang patotoo na nagmumula sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa ating espiritu na si Jesus ang Cristo, ang Tagapagligtas ng daigdig."[1]

## Mga Turo ni Harold B. Lee


### Paanong ang katunayan ng pagkabuhay na mag-uli ay "pangakong nakapagpapasaya"?

"Datapuwa't nang unang araw ng sanglinggo, pagkaumagang-umaga, ay nagsiparoon sila sa libingan. . . . Nasumpungan nilang naigulong na ang bato mula sa libingan. At sila'y nagsipasok, at hindi nila nangasumpungan ang bangkay ng Panginoong Jesus. At nangyari, na samantalang sila'y nangatitilihan dahil dito, narito, tumayo sa tabi nila ang dalawang lalake na nakasisilaw ang mga damit! At nang sila'y nangatatakot at nangakatungo ang kanilang mga mukha sa lupa ay sinabi nila sa kanila, Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Huwag kayong mangatakot; sapagka't nalalaman ko na inyong hinahanap si Jesus na ipinako sa krus.

"Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya. Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang dakong kinalagyan ng Panginoon.

"At magsiyaon kayong madali, at sa kaniyang mga alagad ay sabihin ninyo, Siya'y nagbangon sa mga patay; at narito, siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea; doon makikita ninyo siya: narito, nasabi ko na sa inyo." [Tingnan sa Lucas 24:1–7; Mateo 28:5–7; Marcos 16:5–7.]

Sa gayong paraan itinala ng mga manunulat ng ebanghelyo nina Mateo, Marcos, at Lucas ang pinakadakilang pangyayari sa kasaysayan ng daigdig, ang literal na pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesucristo, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan. Ipinakita sa kagila-gilalas na paraan ang pinakadakila sa lahat ng banal na kapangyarihan ng nagkatawang-tao na Anak ng Diyos.



Nagpakita ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas kay Maria sa libingan. Sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu Santo, makatatanggap ang bawat isa sa atin ng nakaaaliw na katiyakan na ang Tagapagligtas ay nagbangon muli mula sa mga patay at nakalag ang tali ng kamatayan para sa buong sangkatauhan.

Sinabi niya sa nagdadalamhating si Marta, noong mamatay ang kanyang kapatid na si Lazaro: "Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya." (Juan 11:25.)

Sa mga Judio na nagbabalak pumatay, ang Kanyang pahayag tungkol sa Kanyang banal na kapangyarihan ay higit na malinaw at makahulugan. "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dumarating ang panahon, at ngayon nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Dios; at ang mangakarinig ay mangabubuhay.

"Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili;

"At. . .ng kapamahalaang makahatol, sapagka't siya'y Anak ng [Diyos]." [Juan 5:25–27.]

Kasunod na kasunod ng Kanyang sariling pagkabuhay na maguli, dumating ang katibayan ng ikalawang kakaibang kapangyarihan na ibangon mula sa patay, hindi lamang ang Kanyang sarili, kundi ang iba pa "na bagama't patay, ay naniwala sa Kanya." Ginawa ni Mateo ang simple at tuwirang tala na ito ng mahimalang pagkabuhay na mag-uli ng matatapat, mula sa mortal na kamatayan, "At nangabuksan ang mga libingan; at maraming katawan ng mga banal na nangakatulog ay nangagbangon, At paglabas sa mga libingan pagkatapos na siya'y mabuhay na maguli ay nagsipasok sila sa bayang banal at nangapakita sa marami." [Mateo 27:52–53.]

Ni hindi rin dito nagtatapos ang mga nakatutubos na kapangyarihan ng tanyag na Anak ng Diyos na ito. Sa paglipas ng mga panahon, sa bawat dispensasyon, ay dumarating ang nakapagpapasayang pangako: "Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin," (I Corinto 15:22), ". . .ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol." (Juan 5:29.) Mabilis na lumilipas ang panahon tungo sa kumpletong katuparan ng Kanyang banal na misyon.

Kung ang buong kahulugan ng makapigil-hiningang pangyayaring ito ay mauunawaan sa panahong ito kung kailan, tulad ng naipropesiya ng mga propeta: Naghahanda ang masasama upang patayin ang masasama; at "takot ang mananaig sa bawat tao" (D at T 63:33), ang pang-unawang ito ang papawi sa maraming takot at pagkabahala na dinaranas ng mga tao at bansa. Tunay na kung "mangatakot kayo sa Dios, igalang ninyo ang hari" [tingnan sa 1 Pedro 2:17] ay makakamtan natin ang maluwalhating pangako ng Guro: "Yayamang sinisikap ninyong alisan ang inyong sarili ng mga inggit at takot, . . .inyo Akong makikita" [tingnan sa D at T 67:10].[2]

Ang layunin ng buhay ay isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan [tingnan sa Moises 1:39]. Ngayon, ang ibig sabihin ng kawalang-kamatayan ay magkaroon sa dakong huli ng katawan na hindi na daranas pa ng mga sakit ng mortalidad, hindi na sasailalim pa sa isa pang mortal na kamatayan, at hindi na mababago pa ng maling akala o palagay, lahat ng mga bagay na ito noong una ay mapaparam.[3]

---

**Paano tayo itinataguyod ng kaalaman ng pagkabuhay na mag-uli sa mga panahon ng pagdurusa o kamatayan?**

Nakadama na ba kayo ng espirituwal na pagkawasak na dulot ng di-mapawing pagdadalamhati?

Hayaan ninyong dalhin ko kayo sa isang sagradong tagpo na nagpapakita sa isang taong tila binawian na ng lahat ng nasa kanya at nagpapadama sa inyo ng kanyang lakas sa makasaysayang sandali! Nakasiksik sa paanan ng krus ang isang tahimik na katauhan ng isang magandang ina na nasa kalagitnaan ng kanyang edad na may balabal na bahagyang nakabalot sa kanyang ulo at balikat. Buong kalupitang pinahirapan sa krus sa gawing uluhan niya ang kanyang panganay na anak na lalaki. Bahagya lamang mauunawaan ng tao ang tindi ng paghihirap ni Maria na may pusong-ina. Tunay na kaharap niya ngayon ang malungkot na ibinabadya ng matandang si Simeon nang basbasan niya ang anak na ito noong sanggol pa lamang, "Siya ang pinakatandang tudlaan ng pagsalangsang; Oo, at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling puso." [Tingnan sa Lucas 2:34–35.]

Ano ang nagtaguyod sa kanya sa malungkot niyang karanasan? Alam niya ang katotohanan ng pag-iral pagkatapos ng mortal na buhay na ito. Hindi nga ba't nakipag-usap siya sa isang anghel na sugo ng Diyos? Walang alinlangang narinig niya ang huling naitalang panalangin ng kanyang anak bago ang pagkakanulo sa Kanya ayon na rin sa isinulat ni Juan: "At ngayon, Ama," ang dalangin niya, "luwalhatiin mo ako sa iyo rin ng kaluwalhatiang aking tinamo sa iyo bago ang sanglibutan ay naging gayon." (Juan 17:5.) Narinig ng banal na inang ito, habang nakayuko, ang Kanyang huling panalangin na ibinulong ng mga pinahirapang labi mula sa krus: "Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu," (Lucas 23:46). Ito ang nagbigay-inspirasyon sa kanyang pagpapaubaya at patotoo ng katiyakan na muli Siyang makakapiling at ang Diyos na kanyang Ama sa Langit. Hindi lumalayo ang langit sa tao, na sa matinding kalungkutan, ay buong pagtitiwalang umaasam sa maluwalhating araw ng pagkabuhay na mag-uli.[4]

Mayroon bang anumang katiyakan ng pagsasamang muli at katuparan ng ating mga pangarap sa susunod na buhay? Iyan ang samo ng paghihinagpis ng isang ina habang inihihimlay niya sa libingan ang sanggol na anak. Gayundin ang bulong at kadalasa'y di-marinig na tanong ng maysakit at matanda kapag mabilis na lumilipas ang buhay ng isang tao. Malaking kalakasan at kapanatagan ang dumarating sa kanya sa alinman sa mga kalagayang ito, na nakaririnig sa maluwalhating pangako ng Panginoon:

"Ang iyong mga patay ay mangabubuhay; ang aking patay na katawan ay babangon. Magsigising at magsiawit, kayong nagsisitahan sa alabok: sapagka't ang iyong hamog ay gaya ng hamog ng mga damo, at iluluwa ng lupa ang mga patay." (Isaias 26:19.)

Ang mabigat na parusa ng kamatayan ay nagiging mas magaan, ang makapal na lambong ng kalungkutan ay nahahawi at ang malalalim na sugat ay napapawi habang iniaangat tayo ng pananampalataya sa kabila ng matinding pagsubok at pighati sa mortal na buhay at nagbibigay ng pananaw sa mga mas maliliwanag na araw at higit na masayang pag-asam. Tulad ng inihayag, kapag "papahirin [ng Diyos] ang bawat luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan, o ng pananambi-

tan man, o ng hirap pa man; ang mga bagay nang una ay naparam na" (Apoc. 21:4) sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Sa gayong pananampalataya at pang-unawa kayo na maaaring tawagin na maghinagpis ay makaaawit tulad ng nasusulat, "Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan. Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo?" (I Cor. 15:54–55.)[5]

Malalaman din ninyo na buhay ang inyong Manunubos, tulad ni Job sa gitna ng mga tukso sa kanya na "itakwil mo ang Dios, at mamatay ka," [tingnan sa Job 2:9; 19:25] at malalaman ninyo na mabubuksan din ninyo ang pintuan at maaanyayahan Siyang "hahapong kasalo [ninyo]." [Tingnan sa Apocalipsis 3:20.] Makikita din ninyo ang inyong sarili balang-araw bilang mga nabuhay na mag-uling nilalang na umaangkin ng pagiging kamag-anak Niya na nag-alay ng Kanyang buhay upang ang mga gantimpala sa mga mortal na tao sa pagsisikap at karanasan sa lupa ang maging mga bunga ng buhay na walang hanggan bagaman ayon sa sukatan ng pamantayan ng tao ang mga pagsisikap sa buhay ng isang tao ay tila nabigo.[6]

---

### Paano nakapagpapatatag sa ating kaluluwa ang pagkaunawa sa pagkabuhay na mag-uli?

Tingnan natin ang halimbawa ni Pedro, [na]. . .makaitlong ulit na nagtatwa sa Guro noong gabi ng pagkakanulo. Ihambing ang natatakot na Pedro sa katapangang ipinakita niya ilang sandali pagkatapos niyon sa harapan ng mga bulag na tagasunod ng relihiyon na kamakailan lamang ay hiningi ang kamatayan ni Jesus. Sinabi niyang sila'y mga mamamatay-tao at tinawag silang magsisi, siya ay nabilanggo, at sa huli ay walang-takot na hinarap ang kanyang sariling kamatayan.

Ano ang nagpabago sa kanya? Siya'y naging personal na saksi sa pagbabagong naganap sa nabugbog at nasaktang katawan na ibinaba mula sa krus, na katawang nabuhay na mag-uli at niluwalhati. Ang payak at simpleng sagot ay nagbago ang pagkatao ni Pedro dahil alam niya ang kapangyarihan ng nabuhay na mag-uling Panginoon. Hindi na siya mag-iisa pa sa dalampasigan ng

Galilea, o sa kulungan, o sa kamatayan. Malalapit na sa kanya ang kanyang Panginoon.[7]

Alam ko. . .ang ibig sabihin ng makadama ng nakasisirang pagkawasak na dulot ng kalungkutan sa pagkawala ng mahal sa buhay. Sa buhay ko, tinawag ako at sinikap kong aliwin ang mga nagdadalamhati, ngunit nang sandaling ako na mismo ang bumibigkas sa mga salitang aking sinasabi sa iba, noon ko lamang nakita ang isang bagay na hindi maipaliwanag ng mga salita, na kailangang madama o maranasan sa kaibuturan ng kaluluwa bago makapagbigay ng tunay na kaaliwan ang isang tao. Kailangan mong makita ang bahagi ng iyong sarili na nakabaon sa hukay. Kailangan mong makitang mamatay ang isang mahal sa buhay at pagkatapos ay tanungin ang iyong sarili—Pinaniniwalaan mo ba ang itinuturo mo sa iba? Nakatitiyak ka ba na talagang buhay ang Diyos? Naniniwala ka ba sa Pagbabayad-sala ng Panginoon at Guro—na binuksan Niya ang mga pintuan sa pagkabuhay na mag-uli sa mas maluwalhating buhay? Minsan kapag mag-isa tayong nakatayo sa kawalan, doon kailangang maging malalim ang ating patotoo upang hindi tayo mawasak at bumagsak sa tabi ng daan.

Tulad ng sinabi ng asawa ni Job, "Ba't di mo itakwil ang Dios at mamatay ka." [Tingnan sa Job 2:9.] Ngunit sa karingalan ng pagdurusa ni Job, nagbigay siya ng pahiwatig sa isang bagay na sa palagay ko'y hindi kumpleto ang serbisyo sa paglilibing kung hindi ito uulitin. Sabi niya, "Talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan; at pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, gayon ma'y makikita ko ang Dios sa aking laman: Siyang makikita ko ng sarili, at mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba; ang aking puso ay natutunaw sa loob ko." [Job 19:25–27.] Kayong mga tao sa ngayon, kung alam ninyong matatag ang inyong kaluluwa sa banal na patotoong iyon na Siya'y buhay at sa huling araw Siya ay tatayo sa ibabaw ng mundong ito at makikita ninyo Siya nang harap-harapan—kung alam ninyo iyan, ano man ang panganib at responsibilidad at mga kasawiang-palad na dumating—kung itatayo ninyo ang inyong bahay sa ibabaw ng bato, hindi kayo mag-aalangan. Oo, daranasin ninyo ang nakasisindak na karanasan ng

kalungkutan sa pagkamatay ng mahal sa buhay, ngunit hindi kayo mag-aalangan; sa huli'y malalampasan ninyo ito nang may higit na pananampalataya kaysa taglay ninyo noon.[8]

Kapag nagiging mas masalimuot ang kalagayan ng ating buhay at ng daigdig, mas kailangan nating panatilihing malinaw ang mga layunin at alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Hindi tungkulin ng relihiyon na sagutin ang lahat ng tanong tungkol sa pamamahala ng Diyos sa kagandahang-asal ng sansinukob, kundi sa halip ay magbigay ng lakas ng loob, sa pamamagitan ng pananampalataya, na patuloy na harapin ang mga tanong na hindi niya mahanapan ng kasagutan sa kanyang kasalukuyang kalagayan.[9]

Ngayon sa paggunita sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo at pagtatagumpay Niya laban sa pisikal at espirituwal na kamatayan, inaanyayahan ko ang matatapat ang puso sa lahat ng dako na may pagpapakumbaba na magbangon at labanan ang kanilang mga takot at pagkasiphayo at magalak tulad ng apostol sa mga Gentil "Salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Cor. 15:57.)[10]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Ano ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli"? (Juan 11:25). Ano ang nadarama ninyo kapag naiisip ninyo ang tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas?
- Paano nakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay ang pagkaunawa sa katunayan ng pagkabuhay na mag-uli?
- Paano tayo itinataguyod ng patotoo tungkol sa pagkabuhay na mag-uli kapag namatay ang isa nating mahal sa buhay? Sa alinalin pang kalagayan nagdudulot ng kapanatagan sa atin ang patotoo hinggil sa pagkabuhay na mag-uli at paano tayo nito natutulungang mapaglabanan ang takot?
- Ano ang maaari nating gawin upang magkaroon ng higit na pang-unawa at patotoo hinggil sa pagkabuhay na mag-uli?

## *Mga Tala*


1. *Ye Are the Light of the World* (1974), 26–27.
2. Pagsasahimpapawid ng CBS "Church of the Air", sa Conference Report, Abr. 1958, 133–34.
3. *The Teachings of Harold B. Lee,* inedit ni Clyde J. Williams (1996), 30.
4. Pagsasahimpapawid ng CBS "Church of the Air," 134–35.
5. *Decisions for Successful Living* (1973), 179–80.
6. Sa Conference Report, Abr. 1958, 136.
7. *The Teachings of Harold B. Lee*, 63.
8. Talumpating ibinigay sa libing ni David H. Cannon, ika-29 ng Ene. 1968, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 5–6.
9. Sa Conference Report, Okt. 1963, 108; o *Improvement Era*, Dis. 1963, 1103.
10. Sa Conference Report, Abr. 1958, 136.

# Ligtas na Nakauwi sa Wakas

*Nasa ligtas ba tayong landas patungo sa ating walang hanggang tahanan at buhay sa piling ng Ama?*

## Pambungad

Sa kabuuan ng kanyang ministeryo, binigyang-diin ni Harold B. Lee ang turong ito: "Ang bagay na pinagsisikapan natin ay ang panatilihin ang ating sarili at mamuhay nang nararapat upang balang-araw ay makabalik tayo sa Diyos na nagbigay sa atin ng buhay—pabalik sa piling ng walang hanggang Ama sa Langit."[1]

Paggunita pa niya: "May nabasa ako kamakailan na isang lathalain na isinulat ng isang tanyag na manunulat sa pahayagan na nagpaliwanag kung paano siya nakipag-ayos para sa makabuluhang pag-uusap sa ilang tao na nais niyang makapanayam. Nagtanong siya ng tulad nito: 'Maaari ba ninyong sabihin sa akin ang nais ninyong maisulat sa inyong lapida?' Iniulat niya na marami ang sumasagot ng tulad ng 'magsaya ka,' 'nagpunta sa isa pang pulong,' at marami pang iba. Pagkatapos ay tinanong ang manunulat kung ano ang nais niyang maisulat sa kanyang lapida. Tahimik at buong-puso siyang sumagot, 'Ligtas na nakauwi, sa wakas.'

"Kapag nakintal na sa ating isipan ang buong kahalagahan ng pangungusap na ito, maaari din nating itanong sa ating sarili, 'Pagkatapos ng lahat, ano nga ba ang kabuluhan ng buhay, at ano ang aasahan natin sa kabilang buhay, kung naniniwala tayo, tulad ngayon, sa kabilang buhay?' Halos lahat, ano man ang kanyang pananampalataya, ay umaasam sa buhay sa hinaharap na maaaring ilarawan sa iba't ibang paraan. Kung tama ang palagay ko, kung gayon, nanaisin nating lahat na maisulat sa ating mga lapida, bilang pahimakas ng ginawa natin sa buhay, na tayo'y 'ligtas na nakauwi, sa wakas.' "[2]

# Mga Turo ni Harold B. Lee

## Ano ang layunin ng ating mortal na buhay?

Ano ang layunin ng buhay. . .? Ang tanging sagot ay matatagpuan sa isang banal na kasulatan na naghahayag sa layunin ng Diyos sa pagbibigay ng buhay sa lahat, at ang layuning iyon ay ipinaliwanag sa isang paghahayag sa propetang si Moises: "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao." [Moises 1:39.] Kung ang isang tao ay hihinga sandali sa mortal na buhay at pagkatapos ay babawian na ng buhay, o kaya'y mabuhay siya na kasing tanda ng punongkahoy, ang layunin ng ating Ama ay naisakatuparan na rin kung ang pag-uusapan ay ang pagkakaroon ng kawalang-kamatayan. At ang tinatawag na buhay na walang hanggan ay ang mamuhay ang isang tao upang, sa pamamagitan ng kanyang pamumuhay, siya'y maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos Ama at ng Anak.[3]

Ang tao sa daigdig ng mga espiritu ay anak ng Maykapal. Ang mundo ay nilikha at binuo upang maging tirahan ng mga espiritung isinilang sa langit sa mga mortal na katawan nang sa gayo'y "[subukin] sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos." [Tingnan sa Abraham 3:25.] Ang layunin ng Diyos sa paggawa ng gayon ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan" o, sa madaling salita, bilang bunga ng matagumpay na mortal na buhay, ibalik ang bawat kaluluwa sa piling ng "Diyos na sa kanila ay nagbigay-buhay." Sa pamamagitan ng nabuhay na mag-uling katawan na hindi na sasailalim sa kamatayan at sa gayo'y naging perpekto, mamumuhay sila nang walang hanggan sa piling ng Panginoon na ating Guro at Ama nating lahat.[4]

Isinalaysay ni [Pangulong George F. Richards] ang kuwento tungkol sa isang binata na matindi ang paghahangad na makapag-aral. Hindi siya mapag-aral ng kanyang mga magulang sa kolehiyo, kung kaya nagpunta siya sa kolehiyo sa lungsod, at matapos ang masigasig na pagtatanong nakakita siya ng lugar [kung saan] siya makapangungupahan. Sa huli ay binigyan siya

ng trabaho ng isa sa mga propesor sa kolehiyo. Pinagsibak siya ng kahoy para maipambayad sa kanyang matrikula. Ang iba naman, nang malaman ang kanyang tagumpay bilang tagasibak ng kahoy, ay kinuha siya upang magsibak din ng kahoy para sa kanila. Di nagtagal ay natuklasan niyang wala na siyang panahon para pumasok sa kolehiyo, at nasiyahan na siya sa kanyang tagumpay bilang tagasibak ng kahoy.

Isinasagisag nito ang kalagayan ng marami sa atin. Naparito tayo sa mundo dahil sa isang partikular na layunin—ang isakatuparan ang ating sariling kaligtasan, o sa madaling salita, maghanda para sa darating na buhay, na walang katapusan. Tila nalilimutan ng ilan sa atin ang layunin natin noon, at nasisiyahan na sa ating paghahanap ng kayamanan at katanyagan na ibinibigay ng buhay, sa madaling salita, nasisiyahan na lamang sa "pagsisibak ng kahoy."[5]

Nawa tayo na may patototo [kay Jesus]. . .ay buong-pusong manawagan sa ating Ama: "[Panginoon,] salitain sa [akin] ang dapat [kong] gawin." [Mga Gawa 9:6.]

At kung mananalangin tayo nang buong katapatan at may pananampalataya, babalik sa atin mula sa mga banal na kasulatan ang sagot sa mapanalanging pagtatanong na iyon. Ang sagot ay paulit-ulit na dumarating, tuwi-tuwina, na ang lahat ng ating ginagawa ay dapat gawin "na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos." [D at T 82:19.] Ano ang kaluwalhatian ng Diyos? Sinabi ng Panginoon kay Moises na:

". . .ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao." (Mahalagang Perlas, Moises 1:39.)

Taglay ang layuning iyan, na tinitiyak na ang bawat kilos sa ating buhay, ang bawat pagpapasiyang ating ginagawa ay naaayon sa pag-unlad ng buhay na magpapahintulot sa ating makapasok sa kinaroroonan ng Panginoon na ating Ama sa Langit, at ang pagkakamit ng gayon ay pagkakamit ng buhay na walang hanggan, gaano pa nga bang karunungan ang matatagpuan sa maraming bagay ng buhay.[6]

Mula sa mga banal na kasulatan, mula sa mga isinulat ng mga inspiradong pinuno ng Simbahan, at mula sa mga sekular na ko-

mentaryo, ang buhay na walang hanggan ay maaaring ipakahulugan bilang buhay sa piling ng mga walang-hanggang Nilalang, ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Upang paikliin ang kahulugang iyon, maaari nating sabihin na ang buhay na walang hanggan ay ang buhay ng Diyos. . . .

Ang makamtan sa dakong huli ang selestiyal na kahusayang ito ang siyang dapat patuloy na hangarin ng lahat ng mortal na nilalang.[7]

### Handa na ba tayong humarap sa hukumang-luklukan ng Diyos?

Bawat isa sa inyo. . .ay kailangang humarap sa "hukumang-luklukan ng Banal ng Israel. . .at kailangang hatulan alinsunod sa banal na paghuhukom ng Diyos." (2 Nephi 9:15.) At sang-ayon sa pangitain ni Juan, "At nangabuksan ang mga aklat; at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa." (Apoc. 20:12.) Ang "mga aklat" na binanggit ay tumutukoy sa "mga talaang [ng inyong mga gawa] iningatan sa lupa. . . . Ang aklat na siyang aklat ng buhay ang talaang iningatan sa langit." (D at T 128:7.) Kayong mga namuhay nang matwid at namatay nang hindi nagiging alipin ng kasalanan, o tunay na nakapagsisi ng inyong mga kasalanan, ay



Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee na ang ating mga pagsisikap sa mortalidad ay dapat nakatuon sa "pamumuhay nang buong kasaganaan dito at. . .paghahanda para sa selestiyal na daigdig."

makapapasok sa "kapahingahan ng Panginoon," kung aling kapahingahan "ay kaganapan ng kaluwalhatian ng Panginoon." [Tingnan sa D at T 84:24.][8]

Sinabihan tayo mula sa mga inspiradong panulat na "ang ating mga salita ang hahatol sa atin (o magpapadakila sa atin), . . .[ang] ating mga gawa ang hahatol sa atin (o mag-aangat sa atin). . .[tingnan sa Alma 12:14], kapag dinala na tayo sa harapan ng Dakilang Hukom nating lahat, nawa'y upang tumanggap ng mga papuri ng Guro: "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin." [Mateo 25:21.] Salungat sa karaniwang konsepto ng mga tagasunod ng relihiyon, na ang Apostol Pedro ang tanod sa pintuan tungo sa buhay pagkatapos nito, sinabihan tayo na "ang Banal ng Israel ang tanod sa pasukan; at wala siyang inuupahang tagapaglingkod doon." (2 Nephi 9:41.)[9]

Ang pinakamatinding impiyerno na maaaring danasin ng isang tao ay ang pag-aapoy ng konsiyensiya ng isang tao. Sinasabi ng mga banal na kasulatan na hahatulan siya ng kanyang konsiyensiya, magkakaroon siya ng malinaw na alaala ng kanyang buong buhay (tingnan sa Alma 12:14; 11:43). Matatandaan ninyo na sa mga banal na kasulatan ay binabanggit ang tungkol sa aklat ng buhay ng Cordero, na talaan ng buhay ng tao na iningatan sa langit. . . . Ang tao ay hahatulan batay sa mga talaan na naglalaman ng kanilang buhay. (Tingnan sa D at T 128:6–7.) Ngayon, kapag di natin nakamtan ang pinakamataas na antas ng kaluwalhatian at nabatid na ang nawala sa atin, magkakaroon ng pag-aapoy ng konsiyensiya na mas matindi pa kaysa anumang uri ng pisikal na apoy na sa palagay ko'y daranasin ng tao.[10]

Sa pagdaraan natin sa mga pintuan ng kamatayan. . .sasabihin Niya sa atin, "Tinaglay ninyo ang aking pangalan. Ano ang ginawa ninyo sa aking pangalan? Nagdulot ba kayo ng kahihiyan sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, bilang miyembro ng aking simbahan?" Isipin ninyo ang pagsimangot, isipin ang pag-iling ng Kanyang ulo at pagtalikod at paglakad palayo. . . . Ngunit isipin naman na kapag nakita natin Siya ay may maliwanag na ngiti sa Kanyang mukha. Yayakapin Niya tayo at sasabihin sa ating, "Anak ko, naging matapat ka sa mundo. Napanatili mo ang pananampalataya. Natapos mo ang iyong gawain. Mayroong koronang inihanda para sa isang tulad mo sa aking kaharian." [Tingnan sa

II Timoteo 4:7–8.] Wala akong maisip na iba pang lubos na kaligayahan sa buong mundo na hihigit pa sa gayong uri ng pagtanggap sa piling ng Makapangyarihan, sa daigdig na darating.[11]

**Paano tayo naghahanda sa pagharap sa Panginoon?**

Binigyan tayo ng Panginoon ng ilan pang araw o ilan pang buwan o ilan pang taon sa paglipas ng panahon—hindi mahalaga kung gaano katagal—dahil sa pagbibigay-sulit sa Makapangyarihan, ang bawat araw ng paghahanda ay mahalaga. Sinabi ng isang propeta, "Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos; oo, masdan, ang araw ng buhay na ito ang araw para sa mga tao na gampanan ang kanilang mga gawain. . . . Sapagkat masdan, kung inyong ipagpapaliban ang araw ng inyong pagsisisi magpahanggang sa kamatayan, . . .[ang] diyablo ay may buong kapangyarihan sa inyo." (Alma 34:32, 35.)[12]

Kailangan nating tandaan na hindi gaanong malaki ang pagkakaiba kung maaga man tayong mamatay o kaya'y sa kalagitnaan ng buhay, ang pinakamahalaga ay hindi ang kailan tayo mamamatay, kundi ang kung gaano tayo kahanda kapag tayo'y namatay. Ito ang araw ng paghahanda para sa mga tao upang maghandang humarap sa kanilang Diyos. Tunay na dakila at maawain Siya sa pagbibigay sa atin ng panahon ng pagsubok kung saan dapat ginagawang perpekto ng tao ang kanyang sarili.[13]

Ngayon ang araw para simulan nating suriin ang ating kaluluwa. Natuklasan na ba ninyo kung alin ang pinakamahalaga sa lahat ng mga kautusan sa inyo ngayon?. . . Sisimulan ba ninyong sundin ito ngayon? O maghihintay kayo hanggang sa mahuli na ang lahat? Sabi ng batang lalaki, "Kapag malaki na ako, doon ko gagawin ang ganito at ganyan." At ano iyon? Kapag binata na siya,. . . sasabihin niyang, "Kapag nag-asawa na ako, gagawin ko ang ganito at ganyan." At kapag nakapag-asawa na siya, magbabago nang lahat, at "Kapag nagretiro na ako." At matapos siyang magretiro, may malamig na hanging iihip sa kanya at bigla ay huli na nang malaman niyang nawala nang lahat sa kanya. At huli na ang lahat. Bagama't sa buong buhay niya ay nasa kanya ang lahat ng pagkakataon. Hindi nga lamang niya sinamantala ito. Ngayon,

ito ang araw para magsimula tayong gumawa ng hakbang, bago mahuli ang lahat.[14]

[Naalaala ko] ang isang kuwentong nangyari sa mga Isla ng Hawaii noong nakaraang tag-init tungkol sa isang batang babae na nagsama ng kaibigan sa kanyang tahanan. Naglalaro sila habang ginugugol ng lola sa tahanan ang kanyang oras sa pagbabasa ng Biblia. Sa tuwing pupunta ang kapitbahay na batang babae, ang lola ay nagbabasa ng Biblia, at sinabi niya sa huli, sa maliit na apo, "Bakit gumugugol ng maraming oras ang lola mo sa pagbabasa ng Biblia?" At sumagot ang maliit na apo, "Kasi, naghahabol si Lola para sa huling pagsusulit."

Mangyari pa, hindi din naman siya mali. At palagay ko mas makabubuti kung iisipin nating lahat ang kahalagahan ng paghahabol para sa huling pagsusulit.[15]

Gaano katagal ninyo ipinagpaliban ang araw ng pagsisisi para inyong sariling mga pagkakamali? Ang kahatulang matatanggap natin ay sa harap ng Matwid na Hukom na magsasaalang-alang sa ating mga kakayahan at limitasyon, sa ating mga oportunidad at ating mga kapansanan. Ang taong nagkakasala at nagsisisi at pagkatapos ay pinupuspos ang kanyang buhay nang may layuning pagsisikap ay hindi gaanong mawawalan sa araw na iyon ng matwid na kahatulan. Di tulad ng taong bagama't hindi nagkakasala nang mabigat, ay nabibigong tunay sa hindi paggawa ng bagay na kaya niya at may pagkakataong gumawa ngunit ayaw niyang gawin iyon.[16]

Habang nakaupo tayo ngayon, na pinag-iisipang mabuti ang ating buhay, at halimbawang may mangyari sa paglisan natin sa kongregasyong ito, at tumigil ang ating buhay. Mayroon bang hindi pa natapos na gawain na kailangan pa ninyong gawin bago dumating ang sandaling iyon sa inyo?. . . May mga pagkakamali ba kayong dapat ituwid bago dumating ang sandaling iyon? May mga kamag-anak ba kayo sa kabila na naghihintay sa inyo na ipagkakapuri ninyong makilala kung gagawin ninyo ang ilang bagay na di-natapos na kailangan ninyong gawin ngayon? Handa ba kayong makaharap ang mga kamag-anak doon sa kabila, matapos gawin ang lahat sa abot ng inyong makakaya para sa kanilang kaligayahan sa hinaharap? May mga kasalanan ba kayong

dapat pagsisihan bago kayo magbalik sa Kanya na nagbigay sa inyo ng buhay?[17]

Dito at ngayon sa mortalidad, bawat isa sa atin ay nagkakaroon ng pagkakataong piliin ang uri ng mga batas na gugustuhin nating sundin. Ipinamumuhay at sinusunod na natin ngayon ang mga selestiyal na batas na magpapahintulot sa ating maging mga kandidato para sa selestiyal na kaluwalhatian, o kaya naman ay ipinamumuhay natin ang mga terestriyal na batas na magpapahintulot sa ating maging mga kandidato para sa terestriyal na kaluwalhatian, o telestiyal na batas. Ang lugar na ating kalalagyan sa mga daigdig na walang hanggan ay mababatay sa pagsunod natin sa mga batas ng iba't ibang kahariang ito habang narito tayo sa mortalidad sa mundong ito.[18]

Paano kayo maghahanda sa pagharap sa Panginoon?. . . Sinabi ng Panginoon, "Samakatwid, pabanalin ang inyong sarili upang ang inyong mga isipan ay matuon sa Diyos, at darating ang mga araw na inyo siyang makikita; sapagkat kanyang aalisin ang tabing ng kanyang mukha sa inyo, at iyon ay sa kanyang sariling panahon, at sa kanyang sariling pamamaraan, at alinsunod sa kanyang sariling kalooban." (D at T 88:68.) Narito ang pormula na ibinigay niya sa atin sa isang paghahayag. . ., "Katotohanan, ganito ang wika ng Panginoon: Ito ay mangyayari na ang bawat kaluluwa na tatalikod sa kanyang mga kasalanan at lalapit sa akin, at mananawagan sa aking pangalan, at susunod sa aking tinig, at susunod sa aking mga kautusan, ay makikita ang aking mukha at malalaman na ako na nga." [D at T 93:1.][19]

---

**Ano ang gantimpala sa taong namumuhay "nang karapat-dapat sa patotoo na buhay ang Diyos at si Jesus ang Cristo"?**

Ang langit, tulad ng karaniwang naiisip natin dito, ay ang tahanan ng mabubuti, matapos nilang lisanin ang buhay sa mundong ito, at ang lugar kung saan nakatira ang Diyos at si Cristo. Ito ang sinabi ni Apostol Pablo tungkol sa masayang kalagayan na ito, "Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya" (I Corinto 2:9).[20]

Ang tagumpay ay maraming bagay sa maraming tao, ngunit sa bawat anak ng Diyos ito ang pagmamana sa dakong huli ng kanyang kinaroroonan at doo'y maging maginhawa sa piling niya.[21]

Isa lang naman ang layunin kung pag-uusapan ang gawain ng ating Ama, at ito ay sa wakas, kapag natapos na natin ang ating gawain dito sa mundo, maging ito ma'y sandali o matagal na panahon, ay mapagtagumpayan din natin ang daigdig at magkaroon ng karapatan sa lugar na tinatawag na Kahariang Selestiyal.[22]

Ang taong namumuhay. . .nang karapat-dapat sa patotoo na buhay ang Diyos at si Jesus ang Cristo, at handang lumapit sa Kanya at palaging nagtatanong upang malaman kung inaprubahan ang kanyang landas, ay ang taong namumuhay nang may lubos na kasaganaan dito at naghahanda para sa kahariang selestiyal, na ibig sabihi'y mamuhay nang walang hanggan sa piling ng kanyang Ama sa Langit.[23]

Hayaan ninyong paalalahanan ko kayo na pag-isipang mabuti ang kahanga-hangang pangako ng Panginoon sa lahat ng matatapat:

"At kung ang inyong mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, ang inyong buong katawan ay mapupuno ng liwanag, at walang magiging kadiliman sa inyo; at yaong katawan na puno ng liwanag ay nakauunawa sa lahat ng bagay." (D at T 88:67.)

Na ang bawat isa na naghahangad ng gayon ay magkaroon sa kanyang sarili ng di-natitinag na patotoo na maglalagay sa kanyang mga paa sa tiyak na landas na tiyak na patungo sa maluwalhating layunin ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ang siyang aba kong dalangin.[24]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Talakayan

- Sa paanong paraan tayo katulad kung minsan ng binatang nagsisibak ng kahoy?
- Ano ang makatutulong sa atin upang araw-araw na maituon ang pansin natin sa layuning makabalik nang ligtas sa ating Ama sa Langit?

- Sa anu-anong paraan ninyo pinipili sa ngayon ang lugar na inyong kalalagyan sa mga daigdig na walang hanggan? Ano ang mga ibubunga ng pagpapaliban ng inyong paghahanda na makaharap sa hukumang-luklukan ng Diyos?
- Ano ang maaari nating gawin sa isa pang araw na mula sa Diyos?
- Ano ang ibig sabihin ng mamuhay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos? (Tingnan sa D at T 88:67–68.)
- Ano ang ibig sabihin sa inyo ng taglayin sa inyong sarili ang pangalan ng Panginoong Jesucristo? Ano ang maaari nating gawin upang igalang ang Kanyang pangalan?
- Ano ang naituro sa inyo ng inyong pag-aaral ng mga turo ni Pangulong Harold B. Lee tungkol sa kung paano makababalik nang ligtas sa inyong Diyos?

## *Mga Tala*


1. *Be Loyal to the Royal within You*, Brigham Young University Speeches of the Year (ika–20 ng Okt. 1957), 10–11.
2. *Ye Are the Light of the World*, (1974), 261–62.
3. Talumpating ibinigay sa libing ni Aldridge N. Evans, ika-7 ng Ene. 1950, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 4.
4. "The Sixth Commandment: Thou Shalt Not Kill," sa *The Ten Commandments Today* (1955), 87.
5. "Elder Lee Recalls Counsel Given by Pres. Richards to Family, Associates," *Deseret News*, ika-16 ng Ago. 1950, bahagi ng Simbahan, 2, 4.
6. Sa Conference Report, Okt. 1946, 145.
7. "Eternal Life," *Instructor*, Okt. 1966, 378.
8. *Decisions for Successful Living* (1973), 186–87.
9. "The Greatest Need in the World Today," talumpating baccalaureate sa Utah State University, ika-5 ng Hunyo 1970, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 6.
10. *The Teachings of Harold B. Lee*, inedit ni Clyde J. Williams (1996), 67.
11. Talumpating ibinigay sa komperensiya ng Detroit Stake, Ago. 1958, Harold B. Lee Library Archives, Brigham Young University, 6–7.
12. Talumpating ibinigay sa libing ni Irene Tolman Hammond, ika-18 ng Marso 1968, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 5.
13. Talumpating ibinigay sa libing ni William G. Sears, ika-13 ng Marso 1943, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 14.
14. Talumpating ibinigay sa samahan at pinuno ng mga estudyante sa Ricks College, ika-13 ng Marso 1962, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 20–21.
15. *The Teachings of Harold B. Lee*, 65–66.
16. *The Teachings of Harold B. Lee*, 67–68.
17. Talumpating ibinigay sa komperensiya ng Detroit Stake, 4–5.
18. Sa Conference Report, Abr. 1947, 46.
19. "Preparing to Meet the Lord," *Improvement Era*, Peb. 1965, 124.
20. *The Teachings of Harold B. Lee*, 77.
21. *Decisions for Successful Living*, 2.
22. Talumpating ibinigay sa libing ni Aldridge N. Evans, 8.
23. *The Teachings of Harold B. Lee*, 614.
24. *Stand Ye in Holy Places* (1974), 319.

# Listahan ng mga Ipinintang Larawan

Pahina 2: *Tinatawag ni Cristo sina Pedro at Andres*, ni Harry Anderson.

Pahina 18: *Si Cristo Kasama ng mga Bata*, ni Del Parson.

Pahina 23: *Jesucristo*, ni C. Bosseron Chambers. © Barnard Fine Art, Manchester Center, Vermont 05255.

Pahina 57: *Nagdarasal si Enos*, ni Robert T. Barrett.

Pahina 64: *Nagpakita ang Diyos sa Gabing Pangitain sa Batang Propetang si Samuel*, ni Harry Anderson.

Pahina 83: *Kapatid na Joseph*, ni David Lindsley. © 1997 David Lindsley.

Pahina 87: *Unang Pangitain ni Joseph Smith*, ni Greg Olsen. © Greg K. Olsen.

Pahina 110: *Si Cristo sa Templo*, ni Heinrich Hofmann. Retrato © C. Harrison Conroy.

Pahina 234: *Ang Sermon sa Bundok*, ni Carl Bloch. The National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hillerød.

Pahina 246: *Si Joseph Smith sa Liberty Jail*, ni Greg Olsen. © Greg K. Olsen.

Pahina 255: *Sabi ni Jesus sa Kanya, "Maria,"* ni William Whitaker.

Pahina 266: *Ang Huling Paghuhukom*, ni John Scott.

**A**

Adan
- Pagkahulog ni, 22–27, 130
- walang hanggang kasal ni, 130–32

Aklat ni Mormon
- inilabas ni Joseph Smith, 88–90
- pag-aaral nagdaragdag ng espirituwalidad, 73–75

Ama, mga
- kahalagahan ng kanilang gawain, 174–76
- may pananagutan sa walang hanggang kapakanan ng pamilya, 144
- matuwid na paggamit ng pagkasaserdote, 109–15
- pagpapakita ng pagmamahal sa mga bata, 151–58
- pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan, 140–50
- pagtuturo tungkol sa kalinisang-puri, 223–26
- *Tingnan din sa* Bata, mga; Pamilya; Tahanan; Ina, mga; Kabataan

Ama sa Langit. *Tingnan sa* Diyos Ama

Anak ng Diyos, mga, 12–14, 264–66

Apollo 13 sasakyang pangkalawakan, 1–4, 8

Apostol
- awtoridad ng, 96–97
- Harold B. Lee tinawag bilang, xx

Araw ng Sabbath, nangangalaga sa espiritu, 209–10

Asawang babae, mga. *Tingnan sa* Kasal, walang hanggan

Asawang lalaki, mga. *Tingnan sa* Kasal, walang hanggan

Awa, 29–30, 41

**B**

Banal na kasulatan, mga
- gamitin sa pagtuturo ng ebanghelyo, 76–77
- kailangan ang pag-aaral, 70–73, 76–79
- mga pagpapalang dulot ng pag-aaral ng Aklat ni Mormon, 73–75
- naturuan si Harold B. Lee mula sa, 70
- pag-aaral ng, sa gawaing misyonero, 187–89
- pagiging espirituwal, 70–75, 79–80
- pamantayan ng katotohanan, 76–77

Bata, mga
- ano ang dapat ituro sa, 145–47
- hindi maaaring tuksuhin bago sumapit sa edad ng pagkakaroon ng pananagutan, 144, 167–70
- pagdisiplina nang may pagmamaha, 153–58
- pagmamahal sa suwail, 159–61
- pagpapakita ng dagdag na pagmamahal sa, 151–58
- pagtuturo sa mga gabing pantahanan ng mag-anak, 147–49
- pagtuturo sa tahanan, 140–50

pagtuturo ng ina ng ebanghelyo sa, 167–70
*Tingnan din sa* Ama, mga; Tahanan; Ina, mga
Buhay bago ang buhay na ito
mga espiritung anak ng Diyos, 12–15
mga katalinuhan sa, 12–14
paunang pag-oordena sa, 15–17
Buhay na walang hanggan
ang mga kilos sa araw-araw humahantong sa, 9–10, 268–70
ginawang posible ng Pagbabayad-sala, 25–30
inihahanda tayo ng Simbahan sa, 173–74
kailangan ang walang hanggang kasal sa, 19–21, 130–32
kahulugan ng, 19–21
layunin ng mortal na buhay, 263–66
pagtatagumpay sa paghihirap tumutulong sa atin upang makamtan ang, 241–47
patotoo kailangan para sa, 270–71
plano ng kaligtasan patungo sa, 1–11
walang simula o katapusan, 12

**C**

Callis, Charles A.
nanalangin sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa Diyos, 62
pagbabalik-loob ni, 183

**D**

Dispensasyon
kahulugan ng, 87–90
ng kaganapan ng mga panahon, 87–90
Diyos Ama
Ama ng ating mga espiritu, 4–5, 12–15, 264
pananalangin sa, 62–67
Diyos, mga anak ng, 12–15, 264–65
Diyos, mga, potensiyal na maaari nating marating, 19–21

**E**

Ebanghelyo,
ituro nang may kapangyarihan at karapatan, 187–89
ituro sa tahanan, 140–50
nagbibigay ng kalutasan sa lahat ng suliranin, 173–74
Ebanghelyo, pagbabahagi. *Tingnan sa* Gawaing misyonero
Elijah, Espiritu ni, sa ating mga tahanan, 148, 151
Endowment, templo, 118–21, 125
Espiritu, Banal. *Tingnan sa* Espiritu Santo
Espiritu, mga
ang Diyos ang Ama ng lahat, 12–15, 264
ay kawangis ng katawang pisikal, 14–15
pangangalaga sa, 209–215
Espiritu ni Elijah sa ating mga tahanan, 148, 151
Espiritu Santo
kailangan upang maituro ang ebanghelyo, 187–91
kamatayang espirituwal napagtagumpayan sa pamamagitan ng tulong ng, 38–40
kasamaan sanhi ng pagkawala ng, 218–19
naghahayag ng patotoo, 45–48.
paghahayag sa pamamagitan ng, 59–62
pagpapala ng pagkakaroon ng kaloob ng, 38–40

Espirituwalidad
kailangan upang makatanggap ng mga sagot sa mga panalangin, 66–68
nagkakaroon sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 70–75, 79–80
nagkakaroon sa pamamagitan ng pag-aayuno, 211–13
nagkakaroon sa pamamagitan ng pag-mumuni-muni, 213–15
nagkakaroon sa pamamagitan ng pag-sunod sa Sabbath, 209–10
pangangalaga sa ating espirituwal, 205–08
Eva
Pagkahulog ni, 22–27, 130
walang hanggang kasal ni, 130–31

**G**

Gabing pantahanan ng mag-anak, pag-tuturo sa mga anak sa, 147–49
Gabing pantahanan, pagtuturo sa mga anak sa, mga, 147–49
Gawaing misyonero
kahalagahan ng, 180–83
kailangan ang halimbawa para sa, 189–91
kailangan ang sakripisyo para sa, 184–86
karanasan ng nakauwing sundalo, 184–86
layunin ng pagpapanumbalik ng ebanghelyo, 88–90
pagtuturo nang may kapangyarihan at awtoridad, 187–90
papel na ginagampanan ng Aklat ni Mormon sa, 73–75
papel na ginagampanan ng Espiritu sa, 187–89
Gawaing pangkapakanan
kailangan ang pag-asa sa sariling ka-kayahan sa, 198–203
mga batayang alituntunin ng, 195–99
nangunguna si Harold B. Lee, xix–xx, 193–95
pag-iimbak ng pagkain, 202–03
pagsisimula ng, xvi–xvii, 193–95
papel na ginagampanan ng mga ko-rum ng pagkasaserdote at ng Samahang Damayan, 200–01
papel na ginagampanan ng mga ka-malig, 200–01
responsibilidad ng indibiduwal at ng pamilya, 199–203
Gawaing pangkasaysayan ng mag-anak ginagawa sa mga templo, 121–23
Gawaing pangtalaangkanan, 121–23

**H**

Habag, 238
Halimbawa, kailangan sa gawaing mis-yonero, 189–91
Handog mula sa ayuno, mga
gamit ng, 199–201
pagpapala ng pagbibigay, 211–13
Hinckley, Gordon B., buod ng buhay ni Pangulong Lee, xiii–xxiv
Hiwaga ng kabanalan inihayag sa mga templo, mga, 118–21
Ho Jik Kim, Dr., pagbabalik-loob ni, 190
Homoseksuwalidad, 221–22

**I**

Imoralidad. *Tingnan sa* Kalinisang-puri
Impiyerno, pag-aapoy ng konsiyensiya, 267–68
Ina, mga
ina ng Propetang Joseph Smith, 166
kababaihan na hindi magkaroon ng mga anak, 135–36

mga panalangin para sa mga anak, 159–61, 166–67
pagpapakita ng pagmamahal sa mga anak, 151–58
pagtuturo tungkol sa kalinisang-puri, 223–26
pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan, 140–50, 167–70
sa mga sangandaan ng tahanan, 165–66
tagalikha ng kapaligiran sa tahanan, 165–66
*Tingnan din sa* Bata, mga; Pamilya; Ama, mga; Tahanan; Kabataan
Isinilang na muli, kailangan, 230–32

**J**

Jesucristo
Hukom, 266–70
Manlilikha, 4–5
nagdudulot ng kapayapaan sa panahon ng paghihirap, 247–51
pagbabahagi ng patotoo tungkol kay, 180–88
pagbibinyag ni, 37
pagdadalamhati ng Kanyang ina, 257–58
pagtanggap ng patotoo hinggil kay, 45–48
Pagkabuhay na Mag-uli ni, 253–61
pagtuturo sa mga bata na magkaroon ng patotoo kay, 145–47
pananampalataya kay, 32–34
pinuno ng Simbahan, 94
tinutulungan tayo ng paghihirap na maging katulad ni, 241–47
*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala
Joseph Smith. *Tingnan sa* Smith, Joseph

**K**

Kababaang-loob, 235, 237–38
Kababaihan
na hindi pa nakakasal sa walang hanggan, 135–36
*Tingnan din sa* Ina, mga
Kabanalan, pag-uukol ng oras upang magkaroon ng, 205–15
Kabataan
paghahanda para sa kasal na walang hanggan, 136–38
pagtuturo sa tahanan, 140–50
pagtuturo tungkol sa kalinisang-puri, 223–26
suwail, huwag sumuko kailanman sa, 159–61
Kadakilaan. *Tingnan sa* Buhay na Walang Hanggan
Kadalisayan
kailangan upang makatanggap ng patotoo, 48–52
ng isipan, 218–19
*Tingnan din sa* Kalinisang-puri
Kagandahang-asal. *Tingnan sa* Kalinisang-puri
Kaisipan, kadalisayan ng, 218–19
Kaligtasan, plano ng. *Tingnan sa* Plano ng kaligtasan
Kalinisang-puri
mga bunga ng paglabag sa batas ng, 217, 219–21
mahalagang sundin ang batas ng, 218–19
pagtuturo sa kabataan tungkol sa, 223–26
responsibilidad ng nagtataglay ng pagkasaserdote sa, 221–22
Kamalig ng Obispo, mga, 199–201

Kamatayan, espirituwal. *Tingnan sa* Kamatayang espirituwal

Kamatayan, pisikal

kaalaman tungkol sa pagkabuhay na mag-uli nagdudulot ng kapayapaan, 257–61

matatag sa pagkamatay ng mahal sa buhay, 28–29, 241, 250–51, 257–61

Kamatayang espirituwal

dahil sa kawalan ng pananampalataya sa mga buhay na propeta, 101–2

kahulugan ng, 25–26

tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na mapaglabanan, 38–40

Kapatawaran, 230–32. *Tingnan din sa* Pagsisisi

Kapayapaan

ang kaalaman tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ay nagbibigay sa atin ng, 257–61

sa panahon ng paghihirap, 241–51

Kapulungan sa langit, 4–5, 13–15

Kasal sa templo. *Tingnan sa* Kasal, walang hanggan

Kasal, walang hanggan

kailangan para sa buhay na walang hanggan, 19–20, 130–31

mga pagpapala ng, 130–38

paghahanda sa mga kabataan para sa, 136–38

pagpapatatag habambuhay, 132–35

pagtatambalan sa, 129–30,

payo sa mga wala pang, 135–36

seksuwal na relasyon sa, 133, 218

Kasawiang-palad. *Tingnan sa* Paghihirap

Katalinuhan sa buhay bago pa ang buhay na ito, mga, 12–15

Katawan, tulad ng ating mga espiritu, 14–15

Katotohanan, ang mga banal na kasulatan ang pamantayan ng, 76–77

Kautusan, mga. *Tingnan sa* Pagsunod, kailangan ang

Kawalang-kamatayan

ginawang posible ng Pagbabayad-sala, 24–28

kahulugan ng, 19

Kayumian, 218

**L**

Lee, Fern Lucinda Tanner, xviii, xxiii, 241

Lee, Freda Joan Jensen, xxiii

Lee, Harold B.

ibinahagi ang ebanghelyo sa serbidora, 180

iniligtas ng ginawang hakbang ng ina, 166–67

karanasan noong bata pa na nakarinig ng tinig ng babala, 56

karanasan noong bata pa sa mga baboy, 156

kasama ang apong lalaki sa sayawan, 155–56

kasal ni, xviii, xxiii

mga pagsisikap sa pangkapakanan ni, xix–xx, 193–95

misyon ni, xviii

mga magulang ni, xiii–xiv

naturuan mula sa mga banal na kasulatan, 70

Pangulo ng Simbahan, xxiv, 92

pagsisikap sa pag-uugnay-ugnay ni, xxiii, 172

pagkamatay ni, xxiii

pagsilang ni, xiv

pangulo ng istaka, xix

sinubok sa pamamagitan ng paghihirap, 241, 245–47, 249–51

tinawag bilang Apostol, xx

Lee, Helen, xviii
Lee, Maurine, xviii, xxiii, 241
Lubos na Pagpapala, mga, konstitusyon para sa perpektong buhay, 233–40
Luwad ng magpapalayok, mga mortal tulad ng, 242–43

**M**

Magulang, mga
ano ang ituturo sa mga anak, 145–47
pagdisiplina sa mga anak nang may pagmamahal, 153–58
pagmamahal sa mga suwail na anak, 159–61
pagpapakita ng dagdag na pagmamahal sa mga anak, 151–58
pagtuturo ng ebanghelyo sa mga anak, 140–50, 167–69
pagtuturo sa mga gabing pantahanan ng mag-anak, 147–49
pagtuturo sa mga kabataan tungkol sa kalinisang-puri, 223–26
*Tingnan din sa* Bata, mga; Ama, mga; Ina, mga
Malinis ang puso, 237
Mapagpakumbabang-loob, 229–30, 235
Maralita at mga nangangailangan, paraan ng Panginoon sa pangangalaga sa, 195–99
Maria, ina ni Jesus, 257
Milenyo, inihahanda tayo ng pagpapanumbalik ng ebanghelyo para sa, 89–90
Misteryo. *Tingnan sa* Hiwaga
Misyon, inordena sa atin noon pa, mga, 15–17
Moralidad. *Tingnan sa* Kalinisang-puri
Mortalidad
layunin ng, 4–5, 264–66
panahon ng paghahanda, 268–70

**N**

Namimighati. *Tingnan sa* Nangahahapis
Nangahahapis, mapapalad ang mga, 235–36
Nangangailangan, paraan ng Panginoon sa pangangalaga sa mga, 195–99

**O**

Obispo, mga
mga panayam sa rekomendasyon sa templo, 124–25
pangkalahatang hukom sa Israel, 34–36

**P**

Pagkasaserdoteng Aaron
layunin ng, 107
*Tingnan din sa* Pagkasaserdote
Pakikiapid. *Tingnan sa* Kalinisang-puri
Paghihirap
kapayapaan sa oras ng, 247–51
nagtataguyod ang patotoo tungkol sa pagkabuhay na mag-uli sa oras ng, 257–58
nagtataguyod ang patotoo sa, 52–54
pag-uusig nang dahil sa katuwiran, 239
sinubukan si Joseph Smith sa pamamagitan ng, 245–47
tinutulungan tayong maging katulad ng Diyos, 241–47
Pagpili
ginagampanan ng, sa Pagkahulog, 24–25
kailangan para sa plano ng kaligtasan, 5, 15–17
sa pagtupad sa ating mga misyon sa lupa, 15–17
Pagbabayad-sala
kaalaman ng, nagtataguyod sa atin sa paghihirap, 253–61

naging posible ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng, 25–30
nag-aalok ng kapatawaran, 230–32
napagtagumpayan ang Pagkahulog sa pamamagitan ng, 22–27
mahalaga sa plano ng kaligtasan, 5–7
*Tingnan din sa* Awa; Pagkabuhay na Mag-uli
Pantulong na Samahan, mga
kumikilos sa ilalim ng pamamahala ng pagkasaserdote, 176–78
nagpapalakas sa mga pamilya, 175–78
Pagbibinyag
kailangan upang makapasok sa kaharian ng Diyos, 7, 37–38
para sa mga patay, 121–22
tipan ng, 37–38
Pagpapatibay, 38–40
Pagbabalik-loob
personal na, 48–49
sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon, 73–75
*Tingnan din sa* Gawaing Misyonero; Patotoo
Pag-uugnay-ugnay
kahulugan ng, 173, 176
mga responsibilidad ni Harold B. Lee sa, 172–73
Patay, gawain sa templo para sa, 121–22
Pagkakautang, 201–02
Pagdisiplina ng mga anak, 153–58
Panaginip
kailangan upang mapaglingkuran ang iba, 126
paghahayag natatanggap sa pamamagitan ng, 60–61
Pagtitiis hanggang sa wakas, 40–42
Pananampalataya
kailangan upang mapagtiisan ang paghihirap, 247–51
kay Jesucristo, 7, 27–30
pagkakaroon ng, 33–34
panalangin ng, 62–65
pundasyon ng alituntunin ng ebanghelyo, 7, 33–34
Pagkahulog nina Adan at Eva, 22–27, 130
Pamilya
dapat patatagin ng Simbahan, 174–75
pagpapakita ng dagdag na pagmamahal sa, 151–58
*Tingnan din sa* Bata, mga; Ama, mga; Tahanan; Ina, mga; Kabataan
Pag-aayuno
at panalangin, 64–65
karanasan ng pamilya sa anak na sundalo, 212–13
mga pagpapala ng, 211–13
Pag-iimbak ng pagkain, 202–03
Paunang Ordenasyon sa buhay bago pa ang buhay na ito, 15–16
Pagkagutom at pagkauhaw sa kabutihan, 236–37
Paghuhukom, huling, 266–70
Pamumuno, pagkasaserdote, 104–15
Pag-ibig
dapat magpakita ang mga nagtataglay ng pagkasaserdote ng, 107–15
pagkakaroon sa tahanan, 151–58
pagkakaroon sa kasal, 132–35
para sa mga suwail na anak, 159–61
Pagganap na mabuti sa mga tungkulin ng pagkasaserdote, 107–15
Pagmumuni-muni
kahalagahan ng, 213–15
karanasan ng anak na lalaki ni Bishop John Wells, 214–15
Pagkasaserdoteng Melquisedec
mga layunin ng, 106
*Tingnan din sa* Pagkasaserdote

Paglilingkod bilang misyonero ni Harold B. Lee, xviii
Pagsunod, kailangan ang
sa buhay na walang hanggan, 28–30, 40–42, 268–71
sa kapayapaan sa sandali ng paghihirap, 247–51
sa mga unang alituntunin at ordenansa, 7
sa pagiging banal, 40–42
sa pagiging perpekto, 228, 232–33
sa pagtanggap ng mga sagot sa panalangin, 66–69
sa pagtanggap ng patotoo, 48–51, 233
sa patotoo hinggil sa mga alituntunin ng ebanghelyo, 232–33
Pagsalungat. *Tingnan sa* Paghihirap
Pagiging perpekto
kautusan na magkamit, 228
mga Lubos na Pagpapala gabay sa, 233–40
pagsisikap para sa, 228–40
tinutulungan tayo ng Simbahan na makamit, 173–74
Pag-uusig, magbata ng, nang dahil sa katuwiran, 239
Pedro at ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas, 259–61
Piloto
itinakdang landas ng mga bituin, 117
karanasan ng nabulag na, 223–24
nilakbay na landas tinandaan sa dagat, 101
Plano ng kaligtasan
humahantong sa buhay na walang hanggan, 1–11
mga batayang alituntunin ng, 5–7
mga layunin ng, 4–5, 264–66, 268–70
tanging landas tungo sa kapayapaan, 9–10
Panalangin
kailangan ang pagsunod upang makatanggap ng mga sagot sa, 66–68
ng pananampalataya, 62
ng mga ina para sa mga anak, 166
paano manalangin, 62–68
pagtanggap ng paghahayag sa pamamagitan ng, 62–68
Pangulo ng Simbahan
inordenan si Harold B. Lee bilang, xxiv
kahalagahan ng pagsunod sa, 99–102
paano hinirang, 96–98
tumatanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan, 94–96, 99–102
*Tingnan din sa* Propeta, mga
Pagkasaserdote
ang mga nagtataglay ay mga kinatawan ng Panginoon, 109–15
ang mga nagtataglay ay kailangang matwid, 111–13
kahulugan ng, 106–07
mga korum, papel na ginagampanan sa gawaing pangkapakanan, 200–01
namamahala sa mga pantulong na samahan, 176–78
paano gagamitin nang matwid, 107–13
parusa sa di-matwid na paggamit, 107
responsibilidad ng mga nagtataglay sa kalinisang-puri, 221–22
responsibilidad ng mga pinuno, 114–15
Propeta, mga
kahalagahan ng pagsunod, 99–102
pagsunod sa buhay na, 92–102
paano hinirang at inihanda, 85–86, 96–98
*Tingnan din sa* Pangulo ng Simbahan; Smith, Joseph

Pagsisisi
humahantong sa kapatawaran, 231–32,
kailangan araw-araw, 34–36
kailangan sa kaligtasan, 7, 268–70
katahimikan ng budhi dumarating matapos ang, 231–32
kalungkutan dahil sa kasalanan kailangan, 235–36
pag-amin kailangan para sa, 34–36
pangunahing batas, 7
Pagkabuhay na mag-uli
kaalaman tungkol sa, nagtataguyod sa atin sa panahon ng paghihirap, 257–61
katunayan ng, 253–57
ni Jesucristo, 253–61
patotoo ni Harold B. Lee tungkol sa, 253
*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala
Paghahayag
ang patotoo ay, 45–48
binalaan si Harold B. Lee ng malinaw na tinig, 56
mga uri ng, 58
mga bagay, natatanggap sa, 59–60
natatanggap sa mga templo, 118–21
natatanggap sa pamamagitan ng panalangin, 62–68
patotoo ay, 45–48
sa gawaing pangkasaysayan ng mag-anak, 123
sa pamamagitan ng pagmumuni-muni, 213–15
sa pamamagitan ng Pangulo ng Simbahan, 94–96, 99–102
Pagpapadalisay, kailangan ang pagsunod para sa, 40–42
Pagbubuklod. *Tingnan sa* Kasal, walang hanggan
Pag-asa sa sariling kakayahan, 198–203
Paglilingkod
ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote, 107–15
paghahanda sa gawain sa templo, 126–27
pagtuturo sa mga bata tungkol sa, 146–47
sa kasal, 132–35
Pangulo ng istaka, naglingkod si Harold B. Lee bilang, 193
Pamantayan ng katotohanan, ang mga banal na kasulatan ay, 76–77
Pamantayang aklat, mga. *Tingnan sa* Banal na kasulatan, mga
Pag-iimbak ng pagkain, 202–03
Paghalili sa Panguluhan ng Simbahan, 96–98
Pagdurusa. *Tingnan sa* Paghihirap
Pagtuturo
ebanghelyo nang may kapangyarihan at awtoridad, 187–91
gamitin ang mga banal na kasulatan sa, 77–79
mga gabing pantahanan ng mag-anak, 147–49
mga alituntunin ng ebanghelyo na ituturo sa mga bata, 145–47
responsibilidad ng mga magulang na ituro ang ebanghelyo, 140–50, 167–70
tahanan pinakamahalagang lugar sa pagtuturo, 141–45
Patotoo
angkla sa kaluluwa, 52–54
humahantong sa buhay na walang hanggan, 270–71
kahulugan ng, 45–48
ni Joseph Smith ay mahalaga, 82–84
nadaragdagan sa pagsunod, 48–52, 232–33

nadaragdagan sa pag-aaral ng banal na kasulatan, 70–76, 79–80
pagtanggap, 48–51
pagbabahagi sa iba, 180–89
pagpapalakas, 51–52
pagtuturo sa mga bata na magkaroon, 145–46
Pagpapamalas ng Maykapal, mga, 58
Pagsubok, mga. *Tingnan sa* Paghihirap
Pagiging karapat-dapat
kailangan para sa gawain sa templo, 124–27
*Tingnan din sa* Pagsunod

**S**

Sakripisyo
kahalagahan ng, 184–86
kailangan sa kasal na walang hanggan, 132–35
Samahang Damayan, papel na ginagampanan sa gawaing pangkapakanan, 200–01
Sangandaan ng tahanan, mga ina sa, mga, 165–66
Sasakyang pangkalawakan, Apollo 1–4, 8
Seksuwal na relasyon sa kasal, 132–33, 218
*Tingnan din sa* Kalinisang-puri
Sermon sa Bundok, mga Lubos na Pagpapala, 233–40
Simbahan
lahat ng mga gawain ay dapat magpatatag sa mga pamilya, 174–76
mga layunin ng, 173–74
Smith, Joseph
inihanda para sa kanyang katungkulan, 85–86
isinakripisyo ang lahat, 184
kailangang may patotoo tungkol, 82–85
lumitaw ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ni, 88–89
mga dakilang bagay naitatag sa pamamagitan ng, 86–90
mga panalangin ng ina para, 166
sinubukan sa pamamagitan ng paghihirap, 44–47
tulad ni Jose noong una, 86
Unang Pangitain ni, 86–87
Sundalo
gustong magmisyon, 186–87
nag-ayuno ang pamilya para sa isang, 212–13
Suwail na anak, pagmamahal sa mga, 159–61

**T**

Tagapagligtas sa Bundok ng Sion, mga, 121–23
Tagapagpayapa, 238–39
Tagasibak ng kahoy, kuwento tungkol sa, 264–66
Tahanan
impluwensiya ng mga ina sa, 163–70
kaligayahan sa, 136–38
pinakamahalagang lugar sa upang maituro ang ebanghelyo, 141–45
pinakamahalagang gawain ay ginagawa sa loob ng, 158
pinakamahalaga sa lahat ng institusyon ng Diyos, 174–75
pagpapakita ng dagdag na pagmamahal sa, 151–158
pagtuturo ng ebanghelyo sa, 140–50
tulong ng mga programa ng pagkasaserdote at pantulong na samahan, 174–78
*Tingnan din sa* Pamilya

Templo, mga
endowment, 118–21, 125
gawain para sa mga patay sa, 121–23
mga pagpapalang natatanggap sa, 117–21
paghahanda upang maglingkod sa, 124–27
paghahayag natanggap sa, 118–21
Templo sa Cardston Alberta, 125
Templo sa Manti Utah, 114
Templo sa Salt Lake, 104
Templo sa Cardston Alberta, tulang nakasulat sa, 125
Templo sa Manti, nakita sa gitna ng isang unos, 114
Templo sa Salt Lake, konstelasyon ng bituin sa, 104
Trabaho
kailangan ang, 198–99, 121–23
pagtuturo ng kahalagahan ng, 146

**U**

Unang Pangitain, 86–87

**W**

Walang-asawang nasa hustong gulang, nagkakaroon ng kagalakan sa paglilingkod sa iba, 135–36
Walang hanggang kasal. *Tingnan sa* Kasal, walang hanggan
Wells, Bishop John, karanasan sa namatay na anak na lalaki, 213–15

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02358 92893 5
35892 893